

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2019

1890 - 1896: Ang Diskurso ng Lahi at Rasismo ng Kolonyalismo at ang Suliranin ng Pambansang Pagkakaisa sa Anino ng Kahapon ni Francisco Laksamana

Christoffer Mitch C. Cerda

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Anthropology Commons](#), and the [History Commons](#)



TALAS



INTERDISIPLINARYONG JOURNAL SA EDUKASYONG PANGKULTURA

TOMO 4 | National Commission for Culture and the Arts

ISSN 2545-9368



**INTERDISIPLINARYONG JOURNAL
SA EDUKASYONG PANGKULTURA**

TOMO 4

TALAS: AN INTERDISCIPLINARY JOURNAL IN CULTURAL EDUCATION 2019, VOLUME 4

Karapatang-ari © 2019 ng National Commission for Culture and the Arts and Philippine Cultural Education Program

Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng aklat sa alinmang paraan – grapiko, elektroniko, o mekanikal – nang walang pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari.

Ang Talas: An Interdisciplinary Journal in Cultural Education ay taunang inililimbag

T U N G K O L S A D I S E N Y O N G P A B A L A T

"Hear Me"

Hango sa: Jan van Eyck's "Vera Icon" (1439) Mixed Media

Artist: Wilfredo Offemaria Jr.

Larawan ni: Aaron Jacob Cabugsa

Inilathala at ipinamamahagi ng

NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS

Room 5D 633 General Luna Street, Intramuros Manila Tel: (02) 8527-2192 loc. 529

Email: pcep.secretariat@gmail.com

BARASOAIN KALINANGAN FOUNDATION INC.

1 New Hope Subdivision Bulihan, City of Malolos, Bulacan 3000

Ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining ang pangkalahatang ahensiya para sa paggawa ng patakaran, pag-uugnayan, at paggagawad ng tulong tungo sa pag-iingat, pagpapaunlad, at pagpapalaganap ng mga sining at kultura ng Filipinas. Pangunahing tungkulin ng NCCA na magbalangkas ng mga patakaran na magpapaunlad ng sining at kultura sa bansa. Nagdudulot ito ng mga grant at tangkilik bilang tagapangasiwa ng National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).

LUPON NG EDITOR

| | |
|---|--|
| Punong Editor: | Joseph "Sonny" Cristobal, Ph.D. |
| Editor ng Isyu: | Joseph Salazar, Ph. D. |
| Kolektibong Editorial: | Jovy M. Peregrino, Ph.D. Carole Diamante, Ed.D, DBA Ferdinand Lopez Richard Philip A. Gonzalo |
| Tagapamahalang Editor: | Alpha Ruiz |
| Tagadisenyo ng Pabalat at Journal: | Ken Mercado |
| Sekretaryat ng PCEP: | Joseph "Sonny" Cristobal, Ph. D. <i>Director</i> |
| | Jennifer Barberan <i>Information and Documentation Officer</i> |
| | Agnes Villareal <i>Administrative Officer</i> |
| | Alpha Ruiz <i>Program Officer</i> |
| | Jonna Requiastas <i>Project Assistant</i> |
| Barasoain Kalinangan Foundation Inc. (BKFI): | Hermينيا Laudencia Consolacion Gamboa Estelita Dela Cruz <i>Project Staff</i> |

Ang *Talas Journal* ay isang refereed journal na dumaraan sa double-blind na proseso ng pag-referee. Ang mga artikulo ay sinuri ng mga editor at referee. May karapatan ang mga editor na tanggapin o hindi ang mga materyal na isinumite sa journal.

NILALAMAN

- 8** Paunang Salita
Joseph “Sonny” Cristobal, Ph.D.
- 10** Ang 'New Normal' sa Konteksto ng Kultura
Joseph T. Salazar
- 14** MULA KAPATAGAN PATUNGONG ILANG
Pag-unawa sa Paninirahan ng mga Milinaryang
Adbentista sa mga Kabundukan
Palmo R. Iya, Ph.D.
- 59** ANG HUWARANG PROTAGONISTA
Pagbasa sa Hangga't Alat at Dagat (1989/2007)
Chuckberry J. Pascual
- 83** IMAGES OF CHILDHOOD IN INDIA:
A Glimpse of the Disadvantaged Child in
Ber Sarai, New Delhi
Carlota B. Francisco
- 126** PAGPAPALA O SUMPALA:
Mga Tinig at Pag-unawa ng Damdaming
Katutubo Patungkol sa Edukasyon Hatid ng
Simbahan sa Hilagang Luzon
Earl Alan C. Cura at Eric B. Zerrudo
- 153** 1890 - 1896:
Ang Diskurso ng Lahi at Rasismo ng
Kolonyalismo at ang Suliranin ng Pambansang
Pagkakaisa sa Anino ng Kahapon ni
Francisco Laksamana
Christopher Mitch C. Cerda

- 190** OF MALLS AND THE POLITICAL
REORGANIZATION OF METRO MANILA
Joseph T. Salazar, Ph.D.
- 209** ANG ESTETIKA NG DAYALOGO SA
ADBOKASIYANG PANDULA NG PETA ARTS
ZONE PROJECT
Fredyl B. Hernandez
- 244** TATLONG TULA
Memento | Bitin | Ang Himala ng Paghihiwalay
Paolo Miguel G. Tiausas
- 249** TATLONG TULA
Safe House | Kolateral | Rotonda
Mirick Paala
- 261** DAMA DE NOCHE
Mga Tula
Ben Aguilar
- 267** AYON
M.J. Cagumbay Tumamac
- 273** ASUPRE AT IBANG MGA TULA
Allan Popa
- 279** ANG MGA KONTRIBUTOR

PAUNANG SALITA

Lubos kong ikinagagalak ang paglunsad ng *Talas* bilang pagpapatuloy ng mga plano ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Ang mga proyektong katulad nito ay nananatiling mahalagang testamento ng aming patuloy na pagkalinga at paghahanda upang ihatid ang edukasyong kultural ng NCCA para sa Filipino.

Sa kalagitnaan ng pagsasakatuparan ng tinatawag naming PCEP 2018-2023 Plan, nais naming pasalamatan ang mga ahensya—kapwa sa pamahalaan at mga institusyong pribado, mga organisasyon, mga mananaliksik, guro at mag-aaral na patuloy na tumatangkilik sa aming trabaho at tumutulong di lamang sa disseminasyon nito kundi lalo sa pagsasagawa ng trabaho upang mapanatili at mapatatag ang ating kabihasan at kultura. Bagamat malayo pang makamit ng bansa ang mga tunguhing nakapalibot sa pagkamit ng panlipunang kaunlaran at kaayusang panlahat, nagsimula nang tanggapin ng edukasyon ang kultura hindi lamang bilang magagandang pangganyak at pagbibigay lamang ng aliw, kundi bilang mga aktibong puwersa din na maaaring maging kasangkapan sa paglikha ng di-pagkapatay-pantay at kawalan ng katarungan.

Bagay itong sinasalamin ng mga akdang napili para sa edisyong ito. Kanilang sinusuri ang mga kongkretong obheto ng ating kultura hindi lamang bilang mga kasangkapang naghahatid ng ligaya, kundi bilang mga bagay na nagrerepresenta at nakapaloob sa mga proseso, sistema at paraan ng pagtatalaga ng isang anyo ng pamumuhay na laging nangangailangan ng ibayong pagsusuri at pagpapahalaga. Mula sa mga simpleng akdang pampanitikan hanggang sa naging kasaysayan ng institusyonalisasyon ng relihiyon, ang ating kultura ay isang mayamang bukal ng kahulugan, katwiran at pulitikal na tagisang naghihintay na maunawaan at mabigyan ng kritikal na pagtataya.

Labis akong nagpapasalamat sa mga manunulat at mga editor na patuloy na ipinagkakatiwala ang kanilang trabaho at panahon sa NCCA at sa PCEP. Lagi po ninyong tandaan na ang aming tanggapan at mga proyekto gaya ng *Talas Journal* ay laging nakaantabay para bigyan ng lugar ang inyong mga agam-agam at kaisipan upang gawing higit na progresibo ang ating kultura at ang ating bayan.

Joseph “Sonny” Cristobal, Ph.D.

Direktor

Philippine Cultural Education Program

ANG 'NEW NORMAL' SA KONTEKSTO NG KULTURA

Sa edisyong ito ng *Talas*, inilalatag ang mga artikulong inuunat ang mga hangganan ng araling pangkultura na hindi takot umakap sa mga paraan at pamamaraan ng iba't ibang disiplina. Simula nang lumitaw ito noong Dekada 50 sa Britanya, naging mahalagang lunan ang araling pangkultura na nagtanghal sa mga usapin ng lahi at etnisidad, uring panlipunan, wika, kasarian at seksuwalidad bilang mahahalagang salik sa produksyon ng kolektibong kaalaman. Sa isang panahon na sinisikil ng labis na positibismo at pagkiling sa mga diumano'y obhetibong mga dulog at oryentasyon ng pag-aaral at pananaliksik, naging mahalagang lunsaran ang araling pangkultura upang akapin ang kaibahan at bigyan ng tinig ang mga pangkat panlipunan na hindi nakikita kung paano isisilid ang sarili sa mga usapin at sensibilidad na nagdodomina sa mga lipunang dapat ay kabahagi sila.

Para sa atin sa Pilipinas na nakiki-saling-pusa sa iba't ibang sentro ng kaalaman at mga proseso ng globalisasyon, napakahalagang kasangkapan ng araling pangkultura upang bigyan ng pagkakataon ang sariling pagdanas at sariling kaalaman na makilahok sa mahahalagang usapin ng ating panahon. Sa kabila ng potensyal na ito, patuloy na binabansot ang larangang ito sa Pilipinas, bagay na labis na nagpamalalas ng sarili sa mga diskursong pampubliko nitong panahon ng pandemya. Kung sa social media na mapupulsihan ang diskursong pampubliko, tila hindi pa rin nakakalampas ang karamihan sa mga binaryong presuposisyon ng kaalamang tradisyunal. Ikinakanlong pa rin ang dahilan at katuturan sa tama at mali, sa pagkampi at paglaban, sa pagsunod o pagsuway, straight o gay, at—katulad ng sa kaso ni Jennifer Laude—ng pagiging operada o hindi.

Bagamat nakolekta ang karamihan sa mga artikulong ito bago ang pandemya, kanila pa ring ipinamamalas ang iba't ibang posibilidad ng pagsuri sa kultura. Sa “Mula Kapatagan Patungong Ilang: Pag-Unawa sa Paninirahan ng mga Milinaryang Adbentista sa mga Kabundukan” tinatalakay ni Palmo R. Iya ang pagsasalugar at pagsasapanahon ng pagsasagawa ng relihiyon. Naging mahalagang tagatukoy ang bundok ng mga gawi na umaalpas sa mga tradisyunal at kolonyal na gamit ng relihiyon at ipinamamalas ang isang taktika ng pag-angkin sa kalikasan bilang isang panibagong paraan ng pagtatag sa bayan, taliwas sa lohika ng mga sentro at naglalakihang siyudad. Nagtataya naman ng bagong kasaysayan ng representasyon ng bakla si Chuckberry Pascual sa artikulong “Ang Huwarang Protagonista: Pagbasa sa *Hangga't Alat ang Dagat* (1989/2007).” Sa pamamagitan ng pagtalakay sa nobelang *Hangga't Alat ang Dagat* ni Joey Arrogante, pinupunan ni Pascual ang tradisyon ng pagkakakilanlang umuugat sa mga konstruksyon ng kasariang kolonyal bilang estratehiya ng pagsulong sa kasalukuyang orden.

Sa tatlong sumusunod na artikulo makikita ang isang tematikong pagsipat sa mga interaksyon ng taga-loob at taga-labas. Sa “Images of Childhood in India: A Glimpse of the Disadvantaged Child in Ber Sarai, New Delhi” binubuksan ni Carlota B. Francisco ang posibilidad na suriin ang iba subalit pamilyar na naratibo ng mga kabataang nasa laylayan ng isang siyudad sa India gamit ang etnograpiyang biswal. Lumalantad ang perspektibong Filipina na tumatanaw sa isang realidad sa ibang bansa ngunit napagtatagpo sa pamamagitan ng pagkilatis sa pagtatagpo ng kolonyalismo at globalisasyon. Sa artikulo nina Earl Alan C. Cura at Eric B. Zerrudo na pinamagatang “Pagpapala o Sumpa: Mga Tinig at Pag-unawa ng Damdaming Katutubo Patungkol sa Edukasyong Hatid ng Simbahan sa Hilagang Luzon,” sinusuri ang posibilidad na tingnan ang edukasyong kolonyal at relihiyoso bilang isang apropiyasyong katutubo. Taliwas sa mga namamayaning naratibo ng dominasyon tuwing nagtatagpo ang mananakop at ang sinasakop, pinakikintal dito ang ahensya ng huli upang itaguyod ang kanilang kapangyarihan. At sa “1890-1896: Ang Diskurso ng Lahi at Rasismo ng Kolonyalismo at ang Suliranin ng Pambansang Pagkakaisa sa *Anino ng Kabapón* ni Francisco Laksamana” ni Christoffer Mitch C. Cerda, nanunumbalik ang mga tradisyunal na diskurso laban sa karanasan ng kolonisasyon at ang mga tendensiyang lumilitaw kapag sinisipat ang mga realidad na ito ng ibang henerasyong nagmimistulang tagalabas na walang pagpapahalaga sa historisasyon at naratibisasyon ng panahon.

Ang huling dalawang artikulo ay testamento sa mga pagtatanghal ng kultura. Sa aking “Of Malls and the Political Reorganization of Metro Manila,” minamasid ang spektakulo ng huwad na paglagong ekonomiko bilang isang pagpapaganda sa naratibo ng kapitalismo. Ngunit hindi lahat ng spektakulo ay mapanlinlang. Sa “Ang Estetika ng Dayalogo sa Adbokasiyang Pandula ng PETA ARTS Zone Project” ni Fredyl B. Hernandez, makikita ang maingat at planadong konstruksyon ng mga dula upang gawing behikulo ng pagsasalaysay ng adbokasiya ng karapatang pambata na nilulunod ng mga pagpapahalagang umiinog sa pagdidisiplina. Sa pamamagitan ng paghimay sa mga proseso ng produksyon at pagtatanghal, ipinamamalas ni Hernandez ang isang prosesong kultural na sumusuway sa mga nakagawiang proseso ng estadong nalulong sa mga militaristikong uri ng disiplina.

Sinusundan ang mga artikulo ng limang maiikling koleksyon ng mga malikhaing akda na nangungusap din tungkol sa potensyal ng kultura. Sa *Tatlong Tula* ni Paolo Miguel G. Tiausas makikita ang mga ugnayang pinanghahawakan ng alaala. Subalit ang proseso ng paglikha sa mga alaalang ito ay tumitiwalag sa alab ng damdamin at nagpaparamdam sa “simoy na lamang ng mantika/tambutso, at alimuom sa lumang kalsada/na ngayon larawan na lang sa telebisyon.” Kung paano nagiging signipikasyon ang mga naturang kasangkapan ng alaala at nostalgia ay isang mainam na lunsaran ng kapangyarihan ng kultura na maaaring punan ng mambabasa sa iba’t ibang paraan. Gayon din ang proyekto sa mga tula ni Mirick Paala. Dito nga lang, hindi alaala ang paksa, kundi ang imaheng biswal. Ang dating tayutay na nagkanlong sa salita ay unti-unting sumisilid sa lohika mula sa dating tagamasid patungo sa kung paano iphihiwatig ang nakikita.

Ipinamamalas naman ng koleksyong *Dama de Noche at Iba Pang Tula* ni Ben Aguilar ang isang paglalarong-wika kung saan ipinadadama ang mga ilang na puwang gaya ng “likod mga niyog at kawayan” at ang “pagitan ng hintuturo’t hinlalaki,” o kaya ang interseksyong minamanmanan ng isang stoplight, at ang pinuputakteng dama de noche. Nakatanghod ang mga tula sa pag-angat ng karaniwan bilang sariling kaganapan. Sa koleksyong *Ayon* ni M.J. Cagumbay Tumamac, masisilayan ang pagkuwento sa mga espasyo ng katimugan nang may aktibong transpormasyon ng mga dating Iba (*Other*) sa isang kaakuhang may kongkretong tinig. Naging sentro ang mga dating gilid, at nililikha itong mga espasyong ito bilang lunan na hinuhulma ng kapital sa mga paraang humihiling na bigyan sila ng konteksto at kasaysayan. Lunan din ang tematikong

konsepto na nagtatahi sa koleksyong *Asupre at Ibang Tula* ni Allan Popa. Mula sa asupreng ginagamit na pampataba ng lupa upang siguraduhin ang pagusbong ng bagong buhay hanggang sa pag-alay ng kolektibong dasal para sa trahedyang sa Marawi, ipinaglilimi ng mga tula ni Popa ang pagsala-salabid ng panahon upang kathain ang lugar sa alaala. Gaya nito, taglay ng mga tula ang mga bagong inobasyon sa signipikasyon na tumatakas sa parehong hulma ng tradisyong nangangaral at sa sentimyentong melodramatiko.

Sa kabuuan, makikita sa mga akda ang pagbuo ng kritikal na sensibilidad tungo sa kultura hindi bilang mga obheto na lamang o mga bagay na itinatanghal bilang sining, kundi ang kritikal na imahinasyon ng mga likhang-tao na ginagamit upang ibsan ang monotono ng pagkakaraniwan. Kahit malayo na ang mundo ng mga akdang nasa koleksyong ito sa 'new normal' ng mundong nakaranas ng pandemya, isinusulong ng mga ito ang isang kritikal na pusisyon laban sa normalisasyon ng pamumuhay, ng mga nananaig na kultura, ng lumang 'normal' na nakaambag sa pagdala sa atin sa puntong ito na sinisikil at sinusubukan tayo kapwa ng pandemya at ng isang lapastangang pamunuan.

Joseph T. Salazar

MULA KAPATAGAN PATUNGONG ILANG

Pag-unawa sa
Paninirahan ng mga
Milinaryang Adbentista
sa mga Kabundukan

PALMO R. IYA, PHD

*Faculty, Social Sciences Department
College of Liberal Arts and Communication,
De La Salle University-Dasmariñas*

ABSTRAK

Noong 1990s, ang Iglesyang *Seventh-day Adventist* (SDA) ay isa sa mga samahang panrelihiyon na nagsagawa ng paghahanda sa pamamagitan ng madibdibang pag-aaral sa mga tagna ng Bibliya hinggil sa katapusan ng panahon at Ikalawang Pagbabalik ni Kristo. Naniwala ang ilan sa mga SDA na magwawakas na ang sanlibutan at darating na ang pinaniniwalaang “Kristo” sa taong 2000. Humiwalay ang ilang SDA na ito sa *madre iglesia* at naging isang kilusang milinaryan na nakilala sa tawag na Kilusang Propetikong Adbentista (KPA). Ibinenta ang kanilang mga ari-arian, nilisan ang mga trabaho, at lumikas patungong kabundukan upang doon ay maghintay sa inaasahang pagwawakas ng mundo at Ikalawang Pagdating ni Kristo. Layunin ng pag-aaral na mailahad at maunawaan ang mga salik kung bakit lumipat ng tirahan ang mga kasapi ng KPA mula sa kapatagan patungong kabundukan. Upang maisakatuparan ang mga layunin, nakipamuhay sa tatlong maliliit na pamayanan ng KPA ang mananaliksik at kinapanayam ang pinuno nito na si Bro. Jonathan Urita.¹ Lumabas sa pag-aaral na ang paninirahan ng KPA sa kabundukan ay tugon upang maging lubos ang kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos. Sa KPA, ang kabundukan ay siyang “bagong mundo at pamayanan ng mga mananampalataya” na dito ay matatagpuan at mararanasan diumano ang kabanalan at kaginhawaan sa/ng buhay. Samakatuwid, hindi nalalayo ang ganitong paniniwala ng KPA sa umiral na kamalayan ng mga kilusang milinaryang Filipino na nagturing sa kabundukan bilang sagradong lugar at nang lumao’y naging banal na tirahan at pamayanan ng mga deboto.

Panandang Salita: kapatagan, kabundukan, milinaryan, *Seventh-day Adventist* (SDA), Kilusang Propetikong Adbentista (KPA)

Panimula

Kasama sa mga kilusang dumadaloy sa agos ng kasaysayang Filipino ang mga samahang “milinaryan” o “milenaryo”² na may malalim na pagka-ugat sa ating nakaraan. Galing ang salitang milinaryan/milenaryo sa *millenium* na nagmula naman sa dalawang salitang Latin na *mille* (ibig sabihin ay isang libo) at *annum*—na ibig sabihin ay taon. Sa Hudyo-Kristiyanong tradisyon, ang *millenium* o isang libong taon ay naglalarawan ng isang perpektong panahon ng kapayapaan at katuwiran. Sa mga Kristiyano, ito ang panahon ng pagbabalik sa buhay-paraiso—isang paninirahan sa lipunang batbat ng kapayapaan, kasaganaan, at pagkakapantay-pantay na ang naghahari ay ang kinikilalang “Kristo” kasama ng mga banal na nagtagumpay sa lupa pagkatapos nilang madaig ang puwersa ng kasamaan (Saint Clair 1992, 8-9).

Ayon kay Norman Cohn (1957, 4), litaw sa kamalayan ng mga milinaryan na ang kasalukuyan ay pinaghaharian ng malulupit at masasamang puwersang lubhang nagpapahirap sa mga tao lalong-lalo na ang mga nasa ibaba. Kaya naman binibigyang sigla ng mga kilusang ito ang prinsipyo ng kaligtasan na tatamuhin ng mga “tapat” at “api” dito sa lupa mapa-Kristiyano man sila o hindi. Ang darating na pagliligtas ang siyang magbabago sa buhay ng mga tao sa lupa at inaasahang malapit na ito at magiging biglaan. Pangungunahan o gagampanan ito ng mga taong itinuturing na nagtataglay ng kakayanang supernatural.

Kaakibat ng prinsipyo ng kaligtasan, kapayapaan, at katuwiran, katuruan din ng mga milinaryan ang tungkol sa napipintong pagdating ng inaasahang kaguluhan, pagkagunaw at katapusan ng sanlibutan na inaasahang magaganap sa kanilang panahon. Ngunit bago dumating ang mga pangyayaring ito, nagsasagawa sila ng taimtimang paghahandang ispirituwal—malimit ay pagdadalisay ng kanilang kalooban, marubdob na mga panalangin o di kaya’y mga rituwal ng pagsasakripisyo hindi lang para makabilang sa maliligtas kundi magsilbing proteksiyon o panangga sa kanilang mga kaaway sa paniniwalang sa pamamagitan ng mga praktis na ito, ang Diyos na nalulugod sa kanilang mga ginawa ay ipagsasanggalang sila (Saint Clair 1992, 9-11).

Ang mga nagiging pinuno ng mga kilusang ito ay madalas karismatiko at inaaring may kakaibang kapangyarihan. Binabansagan silang mga “mesiyas,” “dios,” “sugo” o kaya’y “propeta.” Sa puntong ito, masasabi na ang mga milinaryan

ay may pagka-apokaliptiko, mesiyaniko, at propetiko. Sa kabilang banda, maaari rin silang maging kilusang repormista o di kaya'y mapanghimagsik sapagkat naghahain sila ng mga pagbabago at nagpapahayag ng kanilang di-pagsang-ayon sa umiiral na sistema. Handa silang mag-alsa at lumaban kung sa palagay nila'y nagiging inutil ang kasalukuyang kaayusang panlipunan. Bagama't nakatingin sa unahan, madalas ang bisyong panghinaharap ng mga milinaryan ay naglalaman ng re-interpretasyon at pagbabalik ng mga katutubo/sinaunang kultura o kaya'y pinagsamang katutubo-dayuhang kultura bilang alternatibong solusyon sa kasalukuyang suliranin ng lipunan (McAndrew 1987, 54).

Para kay Anthony F. C. Wallace (1956, 264-281), ang mga kilusang milinaryan kasama ng iba pang kilusang nabubuo sa mga lipunan gaya ng *nativistic movement*, *reform movement*, *cargo cult*, *religious revival*, *messianic movement*, *utopian community*, *sect formation*, *mass movement*, *social movement*, *revolution* at *charismatic movement* ay mga uri lamang ng tinatawag niyang mga kilusang *revitalization*. Layunin diumano ng mga kilusang *revitalization* na makalikha ng higit na kalugud-lugod na kultura dahil sa pagkabigo ng umiiral na kulturang matugunan ang maraming katanungan o suliranin ng mga tao. Gayunpaman, binigyang linaw ni Eric J. Hobsbawm ang pagkakakilanlan ng tunay na milinaryang kilusan sa iba pang kilusang panlipunan. Aniya:

The pure millenarian movement operates quite differently, whether because of the inexperience of its members or the narrowness of their horizons, or because of the effect of millenarian ideologies and preconceptions. Its followers are not makers of revolution. They expect it to make itself, by divine revelation, by an announcement from on high, by a miracle – they expect it to happen somehow. The part of the people before the change is to gather together; to prepare itself, to watch the signs of the coming doom, to listen to the prophets who predict the coming of the great day, and perhaps to undertake certain ritual measures against the moment of decision and change, or to purify themselves, shedding the dross of the bad world of the present so as to be able to enter the world in shining purity. (Hobsbawm 1959, 58-59)

Sa pag-aaral ni Michael Saint Clair (1992, 18), malimit na ang mga kilusang milinaryan ay binubuo diumano ng mga pesanteng magsasaka, manggagawa at mahihirap na dumanas ng pang-aapi. Nagiging instrumento ng mga taong ito sa ibaba ang pagsali nila sa kilusan upang magkaroon ng lakas na malabanan o maibsan ang kaapihan at kasalatang nararanasan. Subalit sa kabila ng mga kahirapan, positibo ang mga milinaryan na magkakaroon ng malaking transpormasyon sa lipunan sa pagsapit ng takdang panahon, maaaring ito ay sa pagdating ng bagong milenyo o panibagong panahon. Marami sa hanay ng mga taong ito ang naniniwalang nabubuhay na sila sa katapusan ng panahon

at anumang oras ay malalapas na nila ang milenyal na pag-asa. Sa mga tunay na milinaryan, kapag hindi naganap ang inaasahang kaligtasan at pagbabago, ang Diyos diumano ay may nais pang ipabatid sa kanila na nagiging daan sa pagbubuo ng mga bagong hanay na doktrina at paliwanag (Hobsbawm 1959, 63).

Kung gayon, ang milenyal na pag-asa ay magpapatuloy habang hindi pa nararanasan ng mga tao ang ideyal na lipunang kanilang pinapangarap. At yamang patuloy ang pag-iral ng mga relihiyon lalo't higit ang mga nakapundar sa Hudyo-Kristiyanong paniniwala na nagtuturo ng regalo ng buhay na walang hanggan, ng buhay na mapayapa, masagana at pantay-pantay na kalagayan sa langit o sa paraiso, ang milinaryanismong ideolohiya kailanman ay hindi mawawala (Saint Clair 1992, 18).

Ang milinaryanismo sa Filipinas ay inukit ng isang kolonyal na pananakop na nagdulot ng kalupitan, paninikil, at kawalan ng dangal ng mga katutubong Filipino. Bago pa man dumating ang mga mananakop na kanluranin, may mataas na antas na ng kabihasan ang mga pangunahing pamayanan sa kapuluan. May maunlad na pamumuhay, may aktibong pakikipag-ugnayan sa mga karatig lugar maging sa ibang bansa sa Silangan, may organisado nang pamahalaan at mga uring panlipunan. Higit sa lahat, may sistema na ng relihiyon na may namumuno at may dependido nang mga elementong espirital na itinatangi at sinasamba.³ Ang lahat ng ito ay nagbigay daan sa mga pamayanang mataas ang pagtingin sa kanilang sarili at kinapapalooban.

Ayon kay John Leddy Phelan (1967, 72), bago ang pananakop ng mga Espanyol, walang malinaw na dibisyon sa pagitan ng banal at di-banal ang mga Filipino. Ang mga paniniwala't tradisyon ng paganong relihiyon ay makikita sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Isa sa mga layunin ng mga misyonerong Espanyol ay ang makabuo ng isang pamayanang Katoliko kung saan ipapalaganap ang mga aral at diwa ng simbahan sa lahat ng aspekto ng buhay ng mga nahikayat sa Katolikong pananampalataya. Nais ng mga misyonerong ito na pagyamanin ang mga kaugalian at tradisyon ng simbahan upang magsilbing pang-araw-araw na gabay sa mga parokyano. Gayumpaman, sa kabila ng lahat, naging matagumpay lamang sila sa mga *cabecera* kung saan palaging nakakapagsimba ang mga tao, ngunit hindi sa kanayunan/kabundukan na ang mga tao'y abala sa pagsasaka. Hindi rin naging matagumpay ang mga layunin ng mga misyonero sa kanayunan/kabundukan dahil na rin sa kakulangan ng mga pari kontra sa

maraming populasyon ng mga katutubo at ang layo nito sa siyudad o pueblo. Ang tanging pagkakataon ng mga katutubong magbubukid na makasali at makarinig ng doktrinang Kristiyano ay sa tuwing sasapit ang Mahal na Araw, pagdiriwang sa *Copus Christi*, at kapistahang bayan (1967, 73).

Tinurolo din ni Delfo Cortina Canceran (1993, 2) na ang esensiya ng gawaing misyonero ng mga prayleng regular sa kapuluan ay upang maikalat ang ebanghelyong Kristiyano at mahikayat ang mga paganong katutubo sa dala nilang bagong pananampalataya. Binubuo ang panghihikayat at kumbersiyon sa mga katutubo ng pagtuturo ng katekismo at mga pundamental na katuruang Kristiyano na ginamitan ng patakaran sa wika ng mga Espanyol sa pamamagitan ng pagsasalin ng *Doctrina Cristiana* sa wikang Tagalog, ng semyotika ng krus, ng mga tratado, at iba pang wika at simbolo. Ngunit sa kabila ng pagsisikap ng mga prayleng misyonerong ipaunawa ang mga katuruan ng Simbahang Katoliko, hindi ganap na naunawaan ng mga katutubo ang mga ito sapagkat bago pa man dumating ang mga Espanyol, may itinuturing nang sistema ng relihiyon ang mga katutubong Filipino. Kung tinanggap man nila ang Katolisismo, tinanggap nila ito hindi ayon sa pananaw ng mga Espanyol bagkus ayon sa pagkaunawa nila sa Katolisismo batay sa kanilang sariling pananampalataya at kultura.

Hindi lamang ito, nawalan ng kontrol sa paghubog ng anyo at direksiyon ng Katolisismo sa Filipinas ang mga misyonerong Espanyol dahil sa paghadlang ng mga ito sa pagpapari ng mga indiyos na sana ay naging katugunan sa suliranin ng kakulangan ng mga pari sa mga parokya (Phelan 1967, 84-87). Yamang kulang ang mga pari at walang sapat na kaalaman sa doktrinang Kristiyano ang mga katutubo, nagkaroon diumano ng dalawang uri ng katolisismo sa bansa: 1. ang katolisismo ng mga prayle, at 2. ang *Folk Catholicism* ng mga katutubong Filipino (1967, 88). Ang *Folk Catholicism* ay magkahalong paniniwalang Katoliko/Kristiyano (kanluranin) at katutubo (anituismo, animismo, Bathalismo). Ito ang makabuluhang pagsasabuhay ng pananampalataya ng mga katutubo kaysa pagsasabuhay sa mga doktrinang naglalahad ng tunay na kaalaman ng Kristiyanismo. Makikita ito sa pagsamba ng mga katutubo sa mga idolo o imahen, pagka-mapamahiin, pagkahilig sa anting-anting o pagmamadyik, at madalang na pagtanggap sa sakramento. Samakatuwid, ito ay ang pagsakatutubo at pagsasakonteksto ng mga Filipino sa Katoliko/Kristiyanong paniniwala.⁴ Lumalabas lamang na bagaman nasakop ng mga Espanyol ang mga sinaunang Filipino at naitatag nila ang relihiyong Kristiyanismo/Katolisismo sa kapuluan, ang sinaunang sistema ng paniniwala at mga rituwal nila ay hindi

tuluyang nawala kungdi nagpatuloy pa nga o kung hindi man ay nagsanib sa kanluraning kultura.

Bulto-bulto na ang mga ginawang pag-aaral sa mga kilusang milinaryan sa Filipinas. Nariyan halimbawa ang mga pag-aaral nina Reynaldo C. Iletto (1989) sa *Cofradia de San Jose* ni Apolinario de la Cruz o “Hermano Puli” kasama na ang *Santa Iglesia* ni Felipe Salvador alyas “Papa Ipe,” David R. Sturtevant (1976) sa *Guardia de Honor* ni Julian Baltasar alyas “Apo Laqui,” Daniel C. Talde (1999) sa mga kilusang *Dios-Dios* sa Samar at Leyte, Leslie E. Bauzon (1998) sa iba’t ibang kilusang milinaryan sa Negros noong 1857-1927, Milagros C. Guerrero (1967) sa *Colorum* ni Pedro Calosa ng Pangasinan, at Motoe T. Wada (1992) sa *Kilusang Sakdal* ni Benigno Ramos. Idagdag pa rito ang mga pag-aaral sa mga kontemporaryong milinaryang kilusan nina Prospero R. Covar (1961) sa *Iglesia Watawat ng Labi*, Ma. Crisanta Nelmidia-Flores (2000) sa *Crusaders of the Divine Church*, David R. Sturtevant (1969) sa *Lapiang Malaya*, Aurelio S. Agcaoili (2000) sa *King of Kings*, at Myfel Joseph D. Paluga (2000) sa sekta ng *Moncado Alpha and Omega*.

Ang mga milinaryang kilusang nabanggit ay may pagkakatulad sa mga sumusunod na larangan: 1. ang paglitaw ng isang lider na pinaniniwalaang propeta, mesiyas, may angking kapangyarihan, may basbas ng Diyos o kaya’y “Diyos” o “Kristo” mismo; 2. ang mga kasapi ay dumanas/dumaranas ng kaapihan, kahirapan, kawalan ng katarungan mula sa mapaniil at mapagsamantalang mga pinuno ng gobyerno/institusyon (dayuhan man o mga Filipinong elit/mayayaman); 3. ang paniniwala sa darating na kawakasan, kaguluhan (*armageddon*), o araw ng paghuhukom sa masasama at pag-asa ng kaligtasan o katubusan naman para sa mga banal sa pagbabalik ng inaasahang “Tagapagligtas;” 4. ang pagpapahalaga sa kadalisan ng loob o magandang asal para maging karapat-dapat sa langit o paraiso; 5. ang paniniwala at paggamit ng anting-anting, talisman o agimat; 6. ang papel ng kabundukan bilang tirahan ng pagkilos; at higit sa lahat, 7. ang pagsisikap na balikan ang dating paniniwala dahil sa kahinaan/kakulangan ng galing sa “labas/dayuhang pananampalataya” o kaya’y pagsasama ng “labas/dayuhang pananampalataya” sa “taal/loob na paniniwala” upang iangkop at gawing makabuluhan ang kinagisnang pananampalataya.

Gayumpaman, nakasentro lamang ang mga pag-aaral na nabanggit sa mga milinaryang kilusang gumalaw at umalma sa loob ng Simbahang Katoliko.

Sa pagtalakay sa likas at uri ng mga nasabing kilusan, hindi nasakop ng mga pag-aaral na ito ang mga grupong milinaryang sumibol sa mga Protestanteng denominasyon gaya ng Iglesyang *Seventh-day Adventist* (SDA)⁵ sa Filipinas. Kaya naman ang pag-aaral kong ito sa Kilusang Propetikong Adbentista (KPA), isang milinaryang samahang lumitaw at lumabas sa Iglesyang SDA noong 1990s na naniwalang magwawakas na ang mundo at darating na ang inaasahang “Tagapagligtas” noong taong 2000-2002 ay panibagong kontribusyon sa kasaysayan ng mga milinaryang kilusan sa kapuluan.

Sesentro ang pag-aaral sa prinsipyo ng paninirahan sa kabundukan ng mga kasapi ng KPA. Magsisilbing gabay sa pag-unawa ng saliksik na ito ang sentral na tanong: *Bakit nilisan ng mga milinaryang SDA ang kanilang tabanan sa kapatagan/siyudad at nagpasyang manirahan sa kabundukan?* Upang masagot ang sentral na tanong na ito, nilalayon ng saliksik na mailahad at maunawaan ang mga salik kung bakit lumipat ng tirahan ang mga kasapi ng KPA mula kapatagan patungong kabundukan. Batay sa layuning ito, nabuo ang mga susog na tanong:

1. Paano nabuo ang KPA bilang isang kilusang milinaryan?
2. Ano-ano ang mga salik na nag-udyok sa mga kasapi ng KPA na manirahan sa kabundukan?
3. Paano natugunan ng mga kasapi ng kilusan ang pang-araw-araw nilang pangangailangan sa pananatili nila sa kabundukan?

Ang mga tanong na ito ay maisasalin sa mga sumusunod na tiyak na layunin:

- mailahad ang maikling kaligirang pangkasaysayan ng KPA bilang isang kilusang milinaryan;
- matukoy ang mga salik na nag-udyok sa mga kasapi ng KPA na manirahan sa kabundukan; at
- maipaliwanag kung paano natugunan ng mga kasapi ng kilusan ang pang-araw-araw nilang pangangailangan habang naninirahan sila sa mga kabundukan.

Nahahati ang pag-aaral na ito sa tatlong bahagi:

- Ang Maikling Kaligirang Pangkasaysayan ng KPA;
- Ang mga Salik na Nag-udyok sa mga Kasapi ng KPA na
- Manirahan sa Kabundukan; at
- Ang mga Gawaing Pangkabuhayan ng mga Kasapi ng Kilusan.

Ilalahad sa unang bahagi ang maikling kaligirang pangkasaysayan ng KPA at ang mga dahilan ng paghihiwalay nito sa kaniyang *madre iglesia* na *Seventh-day Adventist Church* noong 1990s.

Itatampok sa ikalawang bahagi ang mga salik na nag-udyok sa mga kasapi ng KPA na manirahan sa kabundukan gaya ng kanilang tinatangkilik na mga paniniwala at prinsipyo sa kabanalan, katapusan ng mundo, katuparan ng mga tagna o propesiya, at pag-aangkin bilang “nalabing bayan” ng Diyos.

Ipaliliwanag naman sa ikatlong bahagi ang mga gawaing pangkabuhatan ng mga kasapi ng kilusan na nakabase sa lupa, pagmamasahé (paghihilot), at paggawa ng mga halamang gamot at *food supplement* at kung paano naiangkop ng mga nagpatuloy na kasapi ang kanilang mga sarili sa mga kondisyon at hamon ng kabundukan at kalikasan.

ANG MAIKLING KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG KPA

Sa paglalahad ng kaligirang pangkasaysayan ng KPA, mainam na tunghayan muna ang maikling kasaysayan ng Iglesyang SDA, ang *madre iglesia* na pinagmulan ng kilusan. Sa pamamagitan nito, mapapadali ang ating pag-unawa sa kasaysayan at tunguhin ng KPA bilang isang milinaryang kilusan.

Maikling Kaligirang Pangkasaysayan ng Iglesyang SDA

Buhat sa Kilusang Adbentismo⁶ na pinangunahan ni William Miller⁷ ang Iglesyang SDA na noong Oktubre 22, 1844 ay may paniniwalang muling babalik sa lupa si Kristo batay sa interpretasyon ng tagna/propesiya ng Daniel 8:14.⁸ Kabilang sa pinakaprominenteng pigura nito ang mag-asawang James White at Ellen G. White (EGW), Joseph Bates, Hiram Edson at John N. Andrews na siyang kinikilalang mga tagapagtatag ng haligi ng katuruang SDA gaya ng doktrina ng “santuwaryo,”⁹ *investigative judgment*,¹⁰ *sabbath*,¹¹ “kautusan ng Diyos,”¹² mga “mensahe ng 3 sinugong anghel ng Apocalipsis 14,”¹³ at ang “espíritu ng tagna/propesiya.”¹⁴ Nagkaroon ng sentral na papel si EGW sa iglesyang ito dahil sa kaniyang mga “pangitain” na sa paniniwala ng mga SDA *pioneers* ay mga kaloob ng Diyos para sa kanila bilang “nalabing iglesya.” Isinulat ang mga “pangitaing”

ito ni EGW at inari ng mga kasaping SDA bilang “patotoo ni Jesus” o “espiritu ng tagna” na gumagabay sa kanilang iglesya. Sa mga SDA *pioneers*, si EGW¹⁵ ang “sugo” o “propeta” ng Diyos sa huling nalabing iglesya (Damsteegt 1977, 231-245).

May pitong (7) haligi ng pananampalatayang SDA na naipundar ang mga SDA *pioneers*; 1. makalangit na santuwaryo, 2. ikalawang pagbabalik ni Kristo, 3. *sabbath*, 4. mga mensahe ng tatlong (3) sinugong anghel ng Apocalipsis 14, 5. espiritu ng tagna, 6. kamatayan, at 7. milenyum.¹⁶ Taong 1874, ipinasya ng pamunuang SDA na magpadala ng mga mangangaral sa ibang bansa upang ipaalam ang kanilang mga mensahe gaya ng malapit nang pagdating ni Kristo, ang pangangilin ng araw ng *sabbath*, ang pamantayang espirituwal ng SDA, ang mensahe ng repormang pangkalusugan, at ang apokaliptikong mga mensahe ng tatlong sinugong anghel ng Apocalipsis 14 (Damsteegt 1977, 304-315). Kasabay nang pagbibigay ng mga mensahe, nagtayo sila ng mga simbahan, paaralan, *sanitarium*, ospital, at bahay-palimbagan na nagpalago sa kanilang gawaing misyonero sa labas ng Amerika. Noong 1905, dumating sa Filipinas ang kauna-unahang Amerikanong misyonerong SDA na si Robert A. Caldwell upang pasimulan ang pangangaral. Taong 1911, naitatag ang kauna-unahang Iglesyang SDA sa Sta. Ana, Maynila. Sa panahong ito, ang mga pangunahing mensaheng dala-dala ng mga misyonerong Amerikanong SDA ay may temang propetiko gaya ng malapit nang pagdating ni Kristo, ang bagong lupa, at ang kasaysayan ng daigdig sa tagna ng Bibliya.

Nakatulong sa paglago ng Iglesyang SDA ang mga institusyong pang-edukasyong naitayo nito sa iba't ibang panig ng kapuluan gaya ng: *Philippine Seventh-day Adventist Academy* sa Pasay, Rizal (ngayon ay Lungsod Pasay) na naitayo noong 1917; *Philippine Union College* sa Baesa, Caloocan (1932) na inilipat sa Putingkahoy, Silang, Cavite noong 1972 at ngayon ay *Adventist University of the Philippines*;¹⁷ *Mountain View College* sa Malaybalay, Bukidnon (1953); *Central Philippine Adventist Academy* sa Alegria, Murcia, Negros Occidental (1964); at *Philippine Union College – Naga View Campus* sa paanan ng Bundok Isarog sa Panicuason, Naga, Camarines Sur (1971). Kilala rin ang *Manila Adventist Medical Center and Colleges, Inc.* (dating *Manila Sanitarium and Hospital* na naitatag noong 1929) sa Lungsod ng Pasay bilang isa sa mahuhusay na pagamutan at kolehiyong medikal ng mga SDA sa bansa. Sa Silang, Cavite ay matatagpuan ang *Adventist International Institute for Advanced Studies* (AIIAS, 1987) na siyang sentro ng gradwadong pag-aaral ng denominasyong SDA sa rehiyong Asya-

Pasipiko. Idagdag pa rito ang *Philippine Publishing House*, bahay palimbagang SDA sa Lungsod Caloocan na naitayo noong 1946. Nakilala rin ang Iglesyang SDA sa mga programang pangkalusugan at pang-ebanghelyong napapakinggan sa mga radyo at napapanood sa mga telebisyon (Reyes 1982, 91-94).

Ngunit sa paglipas nang matagal na panahon ng paglago ng Iglesyang SDA sa Filipinas,¹⁸ sinong mag-aakala na ang mga muhon at pundasyon ng pananampalataya nito ay unti-unting mababago diumano nang hindi namamalayan ng mga kasapi ng iglesya kung hindi pa dumating ang malalayang mangangaral mula sa Estados Unidos noong 1990s (Urita 2014).

Ang Pagkatuklas ng Pagbabago sa mga Turo ng Iglesyang SDA, 1990s

Noong 1990s, nayanig ang maraming kasapi ng Iglesyang SDA sa kapuluan nang may dumating na malalayang mangangaral (repormador)¹⁹ na Filipinong SDA mula sa Estados Unidos at nagbigay ng mga tuwirang mensahe na ang iglesya, sa pamamagitan ng mga lider nito, ay tumalikod na diumano sa orihinal na mensaheng ipinagkatiwala ng Diyos sa kaniya bilang "huling nalabing iglesya."²⁰ Ibinalita rin ng mga mangangaral na ito na ang SDA na dating dalisay na iglesya ay naging "Babilonya" na—ibig sabihin, naging marumi at tumalikod nang iglesya (Urita 2014). Nakuha nila ang mga pananaw na ito sa mga SDA na repormador sa Estados Unidos na nauna nang nagsiwalat sa kabulukan at paglayo ng *madre iglesia* sa orihinal na pamantayang SDA at ang pagiging "Babilonya" ng iglesyang ito dahil sa pakikiisa diumano sa kilusang ekumenismo.²¹ May paniniwala ang mga SDA na repormador na ang kilusang ekumenismo ay kumakatawan sa larawan ng hayop sa aklat ng Apocalipsis na sa kanilang pakiwari'y isang "bitag" o "pambigkis" ni Satanas upang mailigaw ang mga SDA sa buong sanlibutan.

Sa pagdaos nang sunod-sunod na *camp meeting* ng malalayang mangangaral sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños na dinaluhan ng mga kaanib²² ng Iglesyang SDA, napansin ng huli na ang mga ibinahaging mensahe sa kanila ng mga mangangaral²³ na galing sa Amerika ay mga lumang mensahe na ngunit orihinal palang katuruang SDA na hango mismo sa mga aklat at sulatin ni EGW. Bagama't ang mga SDA dito sa Filipinas ay may kaniya-kaniyang nalalaman sa mga sulat ni EGW, lalong nadagdagan, napagtibay, at napalakas

ang mga kaalamang ito sa pagdating ng malalayang mangangaral mula Estados Unidos. Tinawag nila itong mga mensahe ng *revival* at repormasyon sa loob ng iglesya o kaya’y mga *present truths*²⁴ na kailangang malaman at maisabuhay ng bawat kaanib na SDA upang makapaghanda sa panahon ng kabagabagan²⁵ bago bumalik ang pinaniniwalaang Kristo. Kabilang sa mga *present truths* na tinalakay ay ang mga sumusunod: 1. Mga Pamantayan ng Tunay na SDA; 2. Ang Pagbabago sa Mensahe ng Tatlong Sinugong Anghel ng Apocalipsis 14; 3. Ang Babilonya ng Apocalipsis 18; at 4. Ang Pagbubuhos ng Espiritu ng Diyos sa Iglesya ayon sa tagna/propesiya ni Joel sa Lumang Tipan. Nanindigan ang mga repormador na ang mga *present truths* na ito ay dapat maunawaan at masundan upang ganap na maisakabuhayan ng mga tapat na kasapi ng iglesyang nalabi.

Di-mabilang na mga *elder, layman*, estudyante, at mga manggagawa ng denominasyon ang taimtim na nakinig at nag-aral sa mga mensahe. Sa pag-uwi nila sa mga iglesyang kinabibilangan, isa-isang ibinahagi ang mga napag-aralang mensahe sa dinaluhang *camp meeting* ngunit laking gulat nilang ang mga ministro at pastor ng bawat iglesya ay nagbabalang sa demonyo ang mga aral na ito at yaong mga mensaherong nagdala nito galing Amerika ay binansagang mga “manggugulo” at mga “bulaang tagapagturo” na walang ibang layunin kundi sirain at pabagsakin ang iglesya. Binalaan ng mga pastor ang sinumang makinig at tumangkilik sa mga mensahe ng mga ito na ititiwalag sa kanilang mga iglesyang kinabibilangan (Urita 2014). Ngunit sa kabila ng mga babalang ito, nagpatuloy pa rin sa pakikinig at pag-uusisa ang mga kasapi ng Iglesyang SDA.

Ayon sa kinikilalang lider ng KPA na si Bro. Jonathan R. Urita,²⁶ ang kilusan ay nagsimula noong 1994 sa Lian, Batangas at lumaganap ito sa iba pang bayan ng Batangas, Cavite, Laguna, Rizal, Quezon, Kamaynilaan at hanggang sa buong kapuluan kung saan may mga iglesya na SDA.²⁷ Tinawag itong Kilusang Propetikong Adbentista (*Prophetic Advent Movement*) dahil sentral sa mga mensahe nito ang pag-aaral ng mga propesiya o tagna gaya ng mga tagnang patalinghaga (*parabolic prophecy*), tagna ng tanda (*sign prophecy*), at tagna ng panahon (*time prophecy*).²⁸

Dahil sa pangangaral ng KPA sa mga mensahe ng repormasyon at tagna lalong-lalo na ang tagna tungkol sa pagiging “Babilonya” ng SDA, hindi lamang kinagalitan kundi itiniwalag pa sila ng pamunuang SDA. Ang mga itiniwalag na kasapi (naging KPA) ay kilala bilang mga SDA na masigasig sa pangangaral ng

ebanghelyo ni Kristo (doktrina ng SDA) at masunurin sa pamantayan ng iglesya na kanilang kinaaaniban. Bunga nito, nagtaka ang ilang kasaping SDA kung bakit yaong mga “seryoso” sa pagsunod at “nagpapakabanal” pa diumano na mga kasapi ang ititiwalag. Kaya naman kahit may utos pa mula sa pamunuan na hindi dapat pakinggan ang mga mangangaral na KPA, lalo namang nagningas ang hangarin ng mga interesadong kasapi ng mga Iglesyang SDA na makinig. Dahil sarado na ang mga simbahan sa mga mangangaral na KPA, binuksan ng mga interesadong SDA ang kanilang mga tahanan sa mga mangangaral ng kilusan. Sa pagkabatid ng pamunuan ng *madre iglesia* sa ginawang hakbang na ito ng mga kasapi, sila’y isa-isa ring itiniwalag sa mga iglesyang kanilang kinaaaniban. Sa pangyayaring ito, minabuti ng mga nahikayat na gawing “bahay-sambahan” (*home church*) ang kanilang mga tahanan.²⁹

Naninindigan ang KPA na ang grupo nila ay pinangungunahan ng Diyos at siyang “pinili” at “huling nalabing iglesya” upang ituro ang pagrereporma sa magiging kasapi ng “huling bayan” ng Diyos sa huling panahon. Yamang pinaniniwalaan nilang tumalikod na ang kanilang *madre iglesia*,³⁰ kanilang ipinangaral na kailangang lisanin na ng mga tapat na SDA ito upang maging lubos ang pagdadalisay ng kanilang mga buhay bago dumating ang pinaniniwalaang “Tagapagligtas.” Sa KPA, kailangan sa pagdadalisay ang mga sumusunod na pamantayan: 1. paninirahan sa kabukiran o kabundukan (*country or mountain living*); 2. repormang pangkalusugan (*health reform*); 3. tamang pangingilin ng *sabbath* (*sabbath reform*); 4. pag-iwan sa trabaho; 5. pagbenta ng mga ari-arian; at 6. pagpatigil ng mga anak sa pag-aaral upang makapaghanda sa pagdating ni Kristo. Naniniwala rin silang hindi na dapat mag-organisa bilang isang legal na samahan at katulad diumano ng mga alagad, wala silang kikilalaning pinuno maliban kay Kristo, dahilan upang hindi na nila hinangad na irehistro pa sa *Securities and Exchange Commission* (SEC) ang kanilang samahan (Urita, 2014).

Nanirahan sa mga kabundukan ang mga naging kasapi ng kilusan³¹ at iprinoklama ang pagtatapos ng sanlibutan noong taong 2000 at ang ikalawang pagbabalik ng inaasahang “Tagapagligtas.” Ibinenta nila ang kanilang mga ari-arian: mga lupain, mga bahay, palaisdaan, mga kalabaw, at mga sasakyan. Umalis sila sa mga trabaho at pinatigil na ang kanilang mga anak sa pag-aaral. Gayumpaman, sa kabila ng pagkabigo, nanatili sa kabundukan ang mga tapat sa simulain ng kilusan at doo’y nakagawa sila ng maliliit na pamayanang nakabase sa pagtatanim at panggagamot gamit ang mga natural na pamamaraan. Matutunghayan ang mga pamayanang ito sa Samil, Lukban,

Quezon; Alsam Ibaba, Tayabas, Quezon; White Cliff, Mulanay, Quezon; San Francisco, Aurora, Quezon; Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur; at Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac. May mga pamayanan din sa Romblon, Masbate, Mindoro, Negros, Palawan, Agusan del Sur, Surigao del Sur, at Davao. Tunghayan ang **Mapa 1** na nagpapakita ng mga nanatiling pamayanan/pulutong ng KPA sa Filipinas at ang **Tsart 1** na siyang *profile* ng nakapanayam na 25 prominenteng kasapi ng KPA sa tatlong mga pamayanan nito sa Luzon: 1. Alsam Ibaba, Lungsod Tayabas, Quezon; 2. Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac; at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur.



Mapa 1: Mga Nanatiling Pamayanan/Pulutong ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) sa Filipinas

- Tatlong Pamayanan ng KPA na Inobserbahan ng Mananaliksik
- Iba pang Nanatiling Pamayanan/Pulutong ng KPA

Tsart 1: Profile ng Nakapanayam na 25 Prominenteng Kasapi ng KPA

| | | | | | | |
|----|--|--|--|---|--|---|
| 1 | Lugar ng Kapanganakan | Luzon 10 | Visayas 15 | Mindanao 0 | | |
| 2 | 30-45 taong gulang 9 | 46-55 taong gulang 9 | | | 50-65 taong gulang 4 | 66-75 taong gulang 1 |
| 3 | Marital Status | May-asawa 23 | Walang-asawa 1 | Biyuda-Biyudo 1 | | |
| 4 | Pinakamataas ng Edukasyong Nakamit | Elementarya 6 | Sekundarya 10 | Kolehiyo 9 | Gradwado 0 | Post-Gradwado 0 |
| 5 | Kinagisnang Relihiyon Bago naging SDA | Roman Katoliko 10 | SDA 14 | INC 1 | Atbp. 0 | |
| 6 | Bilang ng Taon na Naging Kasapi ng Kilusan | 10 - 15 taon 1 | 16 - 20 taon 24 | | | |
| 7 | Trabaho Bago naging Kasapi ng Kilusan | Magsasaka 15 | Negosyante 1 | Nag-ooopisina 5 | Guro 1 | Mangangaral sa Iglesyang SDA 5 |
| 8 | Trabaho sa Kasalukuyan | Magsasaka 25 | Mangangaral 25 | Mangagamot (Gumagamit ng natural na paraan) 17 | | |
| 9 | Katungkulan sa Iglesyang SDA | Opisyal sa Iglesyang SDA 1 | Mangangaral o Lay Minister 8 | Karaniwang Kasapi 16 | | |
| 10 | Dating Tirahan Bago sa Kabundukan | Kapatagan/ Bayan sa Batangas 7 | Kapatagan/ Bayan sa Cavite 8 | Kapatagan/ Bayan sa Rizal 2 | Kapatagan/ Lungsod ng Maynila/ Makati 4 | Kapatagan/ Bayan sa Roblom/ Masbate 4 |
| 11 | Ugnayang Pang-institution Bago Namundok | Adventist International Institute for Advanced Studies (AIAS), Silang, Cavite 7 | Adventist University of the Philippines (AUP), Silang, Cavite 7 | Lian SDA Church, Lian, Batangas 5 | Manila Center SDA Church, Quezon City 1 | Mga Iglesyang SDA sa Roblom at Masbate 8 |

Mga Panayam:

- Lider ng Kilusan (Bro. Urita) sa tahanan nito sa Alsam, Tayabas, Quezon noong 26 Disyembre 2014—2 Enero 2015. Hanggang sa kasalukuyan, dumadalo ang mananaliksik sa mga *Sabbath Fellowship* at *camp meeting* ng KPA at patuloy na gumagawa ng mga panayam.
- Ilang Piling Kaanib ng Kilusan. Isinagawa ang mga panayam sa tatlong *country living sites* ng KPA: 1. Alsam, Tayabas, Quezon noong 26 Disyembre 2014—2 Enero 2015; 2. Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong 26 Enero—9 Pebrero 2015; at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur noong 22 Pebrero—8 Marso 2015.

Sa turing ng pinuno ng KPA, umabot diumano sa 10,000 ang kanilang kasapian noong kasagsagan ng repormasyon sa Iglesyang SDA mula taong 1996 hanggang taong 2000. Subalit dahil sa mga krisis ng pagkabigo noong 2000—2003, humigit kumulang 1,000 kasapi na lamang diumano ang nagpatuloy sa simulain ng kilusan at ang mga ito’y nagpasyang manatili na lamang sa paninirahan sa kabundukan hanggang dumating ang pinaniniwalaan nilang “Kristo.”³²

Tunghayan natin ang mga salik na nag-udyok sa mga kasapi ng KPA na lisanin ang kanilang mga tirahan at trabaho sa siyudad/kapatagan at magpasyang manirahan na lamang sa mga kabundukan.

Ang Mga Salik na Nag-Udyok sa KPA na Manirahan sa Kabundukan

Isa sa pinakamahirap na hakbang sa buhay ang lisanin ang kinagisnang tirahan at kabuhayan. Gayundin, napakalaking hamon sa sinoman ang lumipat ng iba at bagong tirahan lalo na kung sa pupuntahang lugar ay wala siyang tiyak na pagkukunan ng ikabubuhay na akma sa kaniyang propesyon o kaya’y kakayanang taglay. Ganito sa simula ang naging reaksiyon ng maraming kasapi ng KPA. Napakabigat na pagsubok sa kanila ang lisanin ang kanilang mga tahanan at mga trabaho sa kapatagan/siyudad upang tugunin lamang ang “panawagan” ng paninirahan sa kabundukan/kabukiran simula noong 1994. Ngunit noong naunawaan na nila diumano ang mga “pamantayan” ng Diyos sa kaniyang “huling nalabing iglesya,” naglaho na parang bula ang mga

pangambang naramdaman nila at napalitan ng pag-asa sapagkat malulubos na ang kanilang pagpapakabanal sa kabundukan. Para sa KPA, ang paninirahan sa kabundukan/kabukiran ay isa sa mga “pamantayan” na kailangang magampanan ng isang nagnanais makabilang sa “huling nalabing iglesya” ng Diyos. Inilalarawan nila ang “huling nalabing iglesya” bilang isang kilusan ng mga tapat na kasapi ng Iglesyang SDA at naging mga repormador na sa kanilang pagiging matapat sa pagsunod sa utos ng Diyos at patotoo ni Jesus (o espiritu ng tagna), sila’y itiniwalag ng kanilang *madre iglesia*. Ang “nalabi” diumano ay “mga banal na buhay na daratnan ni Kristo sa Kaniyang ikalawang pagbabalik, may bilang na 144,000 at hindi makararanas ng kamatayan” (Urita 2014).

Dapat mapagtanto na sa pasimula ng pormasyon (1994) ng KPA hanggang 2000, binubuo ang kilusan ng mga kasaping nasa iba’t ibang uri, edad, kasarian, antas ng edukasyon, at maging lalawigan.³³ Sa hanay ng mayayamang SDA-nariyan ang ilang negosyante at may malalawak na lupain, sa gitnang-uri-nariyan ang ilang mga propesyunal (tulad ng mga guro, mga bata o baguhang ministro/pastor, at mga manggagawa sa mga opisina), at mga manggagawang SDA na may posisyon sa mga kani-kanilang lokal na iglesyang kinaaaniban gaya ng *church elders*, *deacons*, atb. Sa mga ito, higit na nakararami sa bilang ang karaniwang mga SDA na nagmula sa sektor ng mga magsasaka at nakakuha lamang ng elementarya at sekundaryang edukasyon. Ang ilan ay mga mangingisda at kontraktuwal na mga manggagawa sa mga kompanya, pabrika, at opisina.

Dahil sa kabiguang naganap noong mga taong 2001 at 2002, halos ang karaniwang mga magsasaka at manggagawa na lamang ang naiwan sa kabundukan.³⁴ Lumabas din sa panayam na ang mga kasapi ng kilusan sa iba’t ibang *country living sites* ay magkakamag-anak.³⁵ Katulad sa Cofradia ni Hermano Puli na ang kasapian ay eksklusibo lamang sa mga indiyo, ang kasapian ng KPA ay eksklusibo lang din sa mga SDA na nagmula sa iba’t ibang panig ng kapuluan.³⁶ (Balikan sa unahan ang Tsart 1: Profile ng Nakapanayam na 25 Prominenteng Kasapi ng KPA).

Bukod sa mga katibayang inilatag ng malalayang mangangaral mula sa Estados Unidos hinggil sa mga isyu at suliranin³⁷ ng Iglesyang SDA, mabilis na tinangkilik ng mga miyembrong SDA na naging milinaryan (mga kasapi ng KPA) ang mensahe ng paninirahan sa kabundukan (kasama na ang iba pang pamantayang nabanggit sa pahina 7) dahil na rin sa mga nakita nilang *signs*

of the end-times na naganap noong 1990s. Noong Hulyo 16, 1990; naranasan ng Luzon sa Filipinas ang 7.8 na lakas ng lindol na sumira ng mga hotel, paaralan, bahay, daan at kumitil ng isang libo at limang daan buhay. Ang malaking trahedyang ito ay sinundan pa nang pagputok ng Bulkang Pinatubo noong Hunyo 15, 1991 na ipinalagay na pinakamalaking lindol sa ika-20 siglo.³⁸ Sariwa pa sa mga Filipinong SDA ang malaking papel na ginampanan ng Simbahang Katoliko sa pagpapataksik sa diktadurang Marcos na nagresulta sa Rebolusyong EDSA noong Pebrero 1986 na noon ay pinaniniwalaan nila na panahon ng pagbabalik ng kapangyarihan ng Simbahang Katoliko sa gobyerno.³⁹ Bagama't nagtagumpay ang kapangyarihang bayan sa diktadura, patuloy pa rin namang hawak ng mga Filipinong *elite* ang kapangyarihang pampolitika at pang-ekonomiya. Nagkaroon nga ng *democratic space* sa panahon ng administrasyong Aquino, ngunit hindi naman nito natugunan ang mga pangunahing suliranin ng bayan. Ang pagkakahati ng mga Filipino sa lipunan ay lalo pang lumawak.⁴⁰

Ang serye ng mga kaganapang ito ay nagpaapoy pa sa paniniwala ng mga SDA sa bansa na wala nang solusyon ang mga problema ng lipunan kundi ang pagdating ng Panginoong Jesus. Sa mga panahong ito, naniniwala ang mga SDA na ang pag-uusig sa kanila bilang “piniling bayan ng Diyos” ay napipinto na. Bago pa man ang panawagan ng mga repormador na manirahan sa kabundukan/kabukiran, may mga Filipinong SDA⁴¹ na naghanap na ng mga *country living site* para paghandaan ang inaasahang *Sunday Law*.⁴² Sa katuruan ng Iglesyang SDA, darating ang *Sunday Law* sa huling mga araw—ito ang panahon ng krisis at pag-uusig sa bayan ng Diyos. Isang bahagi sa magaganap na pag-uusig ay ang hindi makabili dahil walang “tatak ng hayop.”⁴³ Hindi magpatatatak diumano ang mga tunay na SDA sapagkat naniniwala silang ang “tatak ng hayop” ay magdadala sa kanila upang danasin ang mga salot at parusang kamatayan mula sa Diyos. Kaya bago dumating ang panahong ito, nararapat na naninirahan na sila sa mga kabundukan/kabukiran upang doon ay may makain sila at magkakaroon pa ng sapat na panahong makapaghanda sa pagtakas. Kung tutuusin, ang posibleng pagbabalik ni Kristo at ang pagwawakas ng sanlibutan ay inaabangan na rin daw nila noon pa lamang taong 1996 (Urita 2014). May pag-aaral ang mga SDA na ang 6,000 taon na “labanan ni Kristo at ni Satanas” ay matatapos sa taong 1996 gamit ang kronolohiya ni James Ussher na ang paglalang ng Diyos kay Adan at Eva sa halamanan ng Eden ay naganap noong 4004 BC.

Samakatuwid, lalong pinadali ng mga pangyayaring ito na tanggapin ng mga Filipinong SDA ang panawagan ng paninirahan sa kabundukan at iwanan ang

kanilang mga tirahan at trabaho sa kapatagan/siyudad upang maisagawa ang mga nararapat na paghahanda sa inaasahang krisis na darating. Sa ganitong kapanahunan, lumitaw ang KPA na kinasangkutan ng mga taimtim na miyembrong SDA na nagbabantay ng mga “tanda ng katapusan.”

Ang Katuparan ng mga Tagna o Propesiya sa Paghihiwalay sa *Madre Iglesia*

Sa mga repormador na SDA na humiwalay sa *madre iglesia*, kilala ang KPA sa kanilang *unique* na pag-aaral sa mga tagna o propesiya sa Bibliya kung kaya't binansagan ang grupong ito bilang isang kilusang propetiko. Para sa KPA, ang pagkabuo ng kanilang kilusan at ang naganap na pagtitiwalag sa kanila ng *madre iglesia* ay itinakda ng langit upang matupad ang mga tagna na tinagurian din nilang mga “bagong liwanag” gaya ng mga tagnang patalinghaga (*parabolic prophecy*) at tagna sa panahon (*time prophecy*). Napapaloob sa mga tagnang patalinghaga ang “talinghaga ng trigo at pansirang damo” ng Mateo 13:24-30, at ang “talinghaga ng ika-11 oras na manggagawa” ng Mateo 20:1-8. Sa mga tagna tungkol sa panahon, ang taong 1994 ay sentral sa katuruan ng kilusan sapagkat ang taong ito’y pinaniniwalaan nilang katuparan ng tatlong tagna rin: 1. tagna sa panahon ng pagliliglig o pag-aani, 2. tagna sa panahon ng malakas na sigaw ng ikatlong anghel, at 3. tagna sa panahon ng pagbubuhos ng huling ulan.

Sa kilusan, ang “talinghaga ng trigo at pansirang damo” ng Mateo 13:24-30 ay siyang katuparan ng tagna ng pagliliglig-ang paghihiwalay ng mga tapat na SDA sa kanilang mahal na iglesya dahil sa pagtataas nila ng mga pamantayan at paglakad sa mga ito taliwas sa inasal ng mga nanatiling SDA sa loob ng *madre iglesia*. Inilapat nila ang diskurso ng pagliliglig at pag-aani na walang iba kundi ang paghihiwalay ng “trigo” (masunuring SDA) sa “pansirang damo” (suwail na SDA) sa naging buhay at karanasan nila bilang mga kasaping humiwalay sa Iglesyang SDA upang ganap na masunod ang mga mensahe ng repormasyon. Samantala, matutunghayan sa Mateo 20:1-8 ang “talinghaga ng ika-11 oras na manggagawa” na para sa kapatirang ito ay katibayan na ang kanilang kilusan ang siyang tunay na kilusang repormatibo sa Iglesyang SDA sa huling panahon sapagkat ito’y nakatagna (Urita Jr. 1996, 11-14). Sa talinghagang ito, may limang (5) uri ng mga manggagawang tinawagan ang Panginoong Jesus upang gumawa sa kaniyang ubasan: 1. unang manggagawa-tinawagan nang umagang-umaga;

2. ikalawang manggagawa-tinawagan ng ika-3 oras; 3. ikatlong manggagawa-tinawagan nang ika-6 na oras; 4. ikaapat na manggagawa-tinawagan nang ika-9 na oras; at, 5. ikalimang manggagawa-tinawagan nang ika-11 oras. Sa pag-aaral ng kilusan, ang limang manggagawang ito ay kumakatawan sa limang mga iglesya/bayan ng Diyos na itinatag sa sanlibutan upang gampanan ang Kaniyang programa dito sa lupa. Ang limang “manggagawa” o bayan ng Diyos diumano ay ang mga sumusunod: 1. Israel (itinakwil ng Diyos noong 31AD), 2. Iglesia Apostolica (naging Iglesia Romana Catolica—itinakwil ng Diyos noong 1798), 3. Protestante (itinakwil noong 1844), 4. Iglesyang SDA (itinakwil noong 1994), at 5. Kilusang Propetikong Adbentista (KPA), ang huling nalabi na may bilang na 144,000 (KPA dito sa Filipinas ngunit sa paniniwala ng grupo, may katulad din na mga pulutong sa iba’t ibang panig ng daigdig, at pag-iisahin sila pagdating ni Kristo). Gayon na lamang ang paniniwala ng grupo na ang kanilang kilusan sa Filipinas ang siyang tanging napili ng Diyos na makakasama sa huling nalabing mga buhay na daratnan ni Kristo. Naging tatak ng kilusan ang pag-aaral sa mga tagna lalo na ang may kinalaman sa panahon at ang papel ng taong 1994 na pinaniniwalaan nilang panahong itinakda ng Diyos upang gampanan ng Kaniyang huling bayan ang huling gawain bago bumalik ang pinaniniwalaang Manunubos. Ganito na lamang ang pagpapahalaga ng grupo sa taong 1994 kung kaya’t ang pangalan ng kilusan sa kabuuan ay *Prophetic Advent Movement 1994 – SDA Church* (Urita 2014). Pinanghahawakan din ng kilusan na ang taong 1994 ay katuparan ng panahon ng pag-aani,⁴⁴ panahon ng malakas na sigaw ng ikatlong anghel ng Apocalipsis 18:4, at panahon ng pagbubuhos ng “huling ulan” o Banal na Espiritu.

May batayan man ang tag nang ito ng pag-aani o wala, para sa kilusan, ang pagkaalam ng katuparan nito ang magsisilbing susi upang mabuksan at maunawaan ang mga lihim at mga hiwaga ng darating pang mga “bagong liwanag,” tulad ng katuparan diumano ng “malakas na sigaw ng ikatlong anghel” ng Apocalipsis, ang pagbubuhos ng huling ulan, at ang pagwawakas ng daigdig. Maiaangkla ang argumentong ito ng grupo sa ideya ni Covar hinggil sa “Lihim na Karunungan” na sadyang may mapalad na tao na sa kaniya ang Diyos ay naghahayag ng mahihiwagang bagay gaya na lamang ng misteryo ng kadiyusan, pasimula o paglalalang, gahum o anting-anting, katapusan o kawakasan, at kaligtasan. Halaw lang din naman ang ideyang ito ni Covar sa ideya ni Melencio T. Sabino (1955) na masusumpungan sa kaniyang librong pinamagatang “Karunungan ng Dios.” Sa KPA, ang mga talinhagang ito na sinambit ni Kristo sa Bagong Tipan ay mga kapahayagan mula sa Diyos na

punong-puno ng moral na leksiyon. Bagama't ang mga kapahayagan ay hinango ng Diyos sa literal na buhay ng tao, ang mga aral nito'y hindi nauunawaan diumano ng mga taong makasanlibutan. Kung hihimayin nga naman ang salitang “talinghaga,” mabubuo rito ang dalawang salitang ipinagsama: 1. tali, at 2. hiwaga (may kinalaman sa Diyos). Kaya paliwanag ni Bro. Urita (2014), “yaong hindi nakatali sa Diyos na mahiwaga, ay hindi makakaunawa ng mga bagay ng Diyos. Ang pagkaunawa sa mga talinghaga ay eksklusibo lamang sa mga taong nakatali sa Diyos dahil sa kanilang pagpapasakop at pagiging masunurin sa lahat ng kaniyang mga iniuutos.”

Sa kabilang banda, ang tagna tungkol sa panahon ng “malakas na sigaw ng ikatlong anghel” ng Apocalipsis 18:4⁴⁵ na pinaniniwalaang natupad din simula noong 1994 ay ang panahon ng paglabas sa Iglesyang SDA ng mga kasaping tumugon sa panawagan ng repormasyon sa pagkaalam na naging “Babilonya” na ang nasabing *madre iglesia*. Bumagsak ang Iglesyang SDA at naging “Babilonya” hindi lamang dahil sa pagtalikod at pagtanggì ng iglesyang ito sa mga orihinal na pamantayan kundi sa pagsali nito sa kilusang ekumenismo -ang kilusan ng mga relihiyong Kristiyano na naglalayong magsasama-sama at magkakaisa sa gawa at paniniwala. Sa orihinal na katuruan ng Iglesyang SDA, ang pagsama-sama at pagkakaisa ng mga relihiyon sa pangunguna ng mga Protestante at Romano Katoliko ay daan upang mabuo ang isang malaking krusada laban sa “iglesyang nalabi” na tumutupad sa utos ng Diyos at may “patotoo ni Jesus.”⁴⁶ Tinatawag ito ng mga SDA bilang dakilang “Babilonya” na siyang pinaniniwalaang mag-uusig sa kanila. Pansinin ang pagtinging ito ng Iglesyang SDA sa kilusang ekumenismo:

On the basis of Bible prophecy and the writings of Ellen G. White, SDA's anticipate the eventual success in some form or another of the ecumenical movement, both in eliminating the divisions of Protestantism and in reuniting Christendom by bridging the gulf that separates non-Catholic communions from Rome. The ecumenical movement will then become a concerted effort to unite not only the Christians but also the entire world to secure universal peace and security by enlisting the power of civil government in a universal religio-political crusade to eliminate all dissent. Seventh-day Adventists envision this crusade as the great apostasy to which John the Revelator refers as “Babylon the great.” They understand also that God's last message of mercy to the world prior to the return of Christ in power and glory will consist of a warning against this great apostate movement and a call to all who choose to remain loyal to Him to leave the churches connected with it. (Romero 1998, 23-24)⁴⁷

Subalit dahil sa pagkatuklas ng mga repormador sa relasyon ng Iglesyang SDA sa samahang ito ng ekumenismo, isinigaw nila mismo ang babala ng ikatlong anghel sa kanilang sariling iglesya—“Naguho, naguho ang dakilang Babilonya

(tinutukoy ang Iglesyang SDA bilang ‘Babilonya’), at naging tahanan ng mga demonyo, at kulungan ng bawat espiritung karumal-dumal, at kulungan ng bawat karumal-dumal at kasuklam-suklam na mga ibon” (De los Reyes 1998, 1-11).

Maliban sa ang taong 1994 ay pinaniniwalaang katuparan ng panahon ng pag-aani, panahon ng “malakas na sigaw ng ikatlong anghel” o ang panahon ng paglabas sa iglesyang naging “Babilonya,” ang taong ito ay pinaniniwalaan din bilang katuparan ng pagbubuhos ng “huling ulan” (tumutukoy sa Banal na Espiritu) sa huling nalabi. Bunga ito ng pag-aaral sa tagna ng Joel 2:28-32,⁴⁸ na nagsasabing sa huling panahon, ibubuhos ng Diyos ang kaniyang Banal na Espiritu sa kaniyang mga tapat na anak. Sa turo ng kilusan, ang tagnang ito ay may dalawang bahagi o panahon: ang unang bahagi ay naganap noong 31 AD sa panahon ng *Pentecostes*⁴⁹ at ang ikalawang bahagi ay pinaniniwalaang magaganap sa kahuli-hulihang panahon sa pagtatapos ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa sangkinapal. Tinatawag ang unang bahagi ng pagbubuhos ng Banal na Espiritu sa panahon ng *Pentecostes* bilang katuparan ng “unang ulan” at ang huling bahagi sa pagtatapos ng pagbibigay ng ebanghelyo sa mga tao bilang “huling ulan” na sa paniniwala ng kilusan ay naganap at naranasan nila sa kanilang hanay simula pa noong 1994.

Sa KPA, nangangahulugan ang pagbubuhos ng “huling ulan” sa pagkakaroon ng pang-unawa sa mga kasalukuyang katotohanan (*present truth*) na dala-dala ng mga mangangaral na repormador. Panahon din ito diumano nang pagtataglay ng kapangyarihan ng mga kapatid (kabilang sa nalabi) na nabubuhay na may kadalisayan at kabanalan sa harapan ng Diyos. Dahil sa kalinisan ng loob at sa ganap na pagsunod sa buong mensahe at katotohanan, tatanggap sila ng “kalasag ng Diyos”—ang proteksiyon mula sa Banal na Espiritu sa panahon ng kabagabagan o pag-uusig. Taimtim ang paniniwala ng grupo na walang bisa ang mga bala at matatalim na sandata ng mga mang-uusig sa mga nakabilang sa mga banal na “nalabi.” Ayon kay Bro. Robert R. Urita, Jr. (1996, 22), isang mangangaral at nakababatang kapatid ng pinuno ng kilusan, ipinangako ng Diyos sa mga “nalabi” na sila’y hindi na mamamatay hanggang sa pagbabalik ni Kristo.⁵⁰ Samakatuwid, lalo pang naging matibay ang paniniwala ng grupo na humiwalay sa kanilang kinabibilangang *madre iglesia* at tugunin ang panawagang manirahan sa kabundukan sanhi ng mga tagna na sa kanilang pakiwari’y nangatupad sa panahong ito.

Ang Paninirahan sa Kabundukan Bilang Prinsipyo ng Diyos

Mahigpit ang mga pinanghahawakang prinsipyo ng KPA ugnay sa kanilang desisyon na mamuhay sa kabundukan/kabukiran. Naniniwala ang mga kasapi na sa lugar na ito, higit na mapapalago ang kanilang pangangatawan, kaisipan, at espirituwal na buhay. Naroon sa mga kabundukan ang malilinis na tubig at hangin, luntiang mga bukid, burol, at kakahuyan na makatutulong sa pagtamo ng malusog na katawan, isip, kapayapaang espirituwal, at sakdal na pananampalataya. Kung paanong sa panahon ng Lumang Tipan na ang mga anak ng Diyos diumano ay naninirahan sa mga kabundukan, naninindigan ang grupo na sa huling panahon, programa ng Diyos na ibalik ang sistema ng paninirahan sa kabundukan para sa kaniyang mga masunuring anak. Kailanman daw ay hindi naging kalooban ng Diyos na ang kaniyang mga anak ay manirahan sa mga siyudad na doon ay talamak ang imoralidad, patayan, kaguluhan at sari-saring makasalanang-gawi ng mga tao.

Gayumpaman, kailangang unawain ang pananaw na ito ng kilusan ugnay sa panawagan nilang lisanin ang siyudad at manirahan sa kabundukan/kabukiran. Sa turo ng Iglesyang SDA, darating ang *Sunday Law* sa huling mga araw—ito ang panahon ng krisis at pag-uusig sa bayan ng Diyos. Isang bahagi sa magaganap na pag-uusig ay ang hindi makabili dahil walang “tatak ng hayop.”⁵¹ Hindi magpatatatak ang tunay na mga SDA sapagkat naniniwala silang ang “tatak ng hayop” ay magdadala sa kanila upang danasin ang mga salot at parusang kamatayan mula sa Diyos. Kaya, bago dumating ang panahong ito, nararapat na naninirahan na sila sa mga kabukiran/kabundukan upang doon ay may makain sila at magkakaroon pa ng sapat na panahong makapaghanda at makatakas sa mga mang-uusig (White 1909, 367-368). Ngunit para sa líder ng grupo, ang pangunahing dahilan talaga kung bakit may mensahe ng paninirahan sa kabukiran/kabundukan ay ang pagtamo ng ganap na kabanalan at kasakdalan sa buhay (Urita 2014).

Noong taong 2003, dahil sa pagkatuklas sa mga “bagong liwanag,” nagkaroon na naman ng pagbabago sa paniniwala ng KPA sa papel na ginagampanan ng kabundukan sa kanilang buhay. Ang kabundukan at kalikasan para sa kilusan ay magiging “buhay na santuwaryo o tabernakulo” na pagdadausan ng kanilang mga pagsamba. Itinuturing ang pagdadaos ng pagsamba sa ilalim ng kalikasan bilang solemne sapagkat makikita at mararanasan diumano sa lugar na ito ang presensiya ng Diyos—ang kabanalan, kapangyarihan, at kadakilaan ng Maykapal. Bagama’t hindi tuwirang sinasamba ng mga kasapi

ng kilusan ang kalikasan sapagkat para sa kanila, ito ay likha lamang ng Diyos, ang kilalanin ito bilang isang sagradong lugar na pagdadausan ng kanilang pagsamba at papuri sa kinikilala nilang Makapangyarihang Diyos ay hindi nalalayo sa paniniwala ng mga sinaunang Filipino na ang kalikasan ay isang malaki at malawak na “simbahan” at ito ay isang “buhay na santuwaryo” (Lasco 2014, 124). Pansinin ang pagdadaos ng pagsamba ng KPA sa mga kabundukan at kalikasan sa susunod na mga pahina.



Larawan 1

Isang pagsambang ginagawa sa ilalim ng kalikasan sa *country living site* sa Sitio Malani, Brgy. Anupul, Bamban, Tarlac. (Kuhang larawan ng mananaliksik)

**Larawan 2**

Isang pagsamba sa ilalim ng kalikasan sa *country living site* sa Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur. (Kuhang larawan ng mananaliksik)

Nasaksihan ng mananaliksik ang kasagraduhan ng pagsamba ng KPA mapaaraw man o mapa-gabi kung saan sa kabundukan, ang mga puno at kalikasan nito ay nagsisilbing “buhay na santuwaryo” sa mga mananambang Propetiko. Sa lupa lamang sila lumuluhod kapag manalangin at kung kulang ang mga simpleng upuan, ginagamit nila ang mga bato, kahoy o kawayan bilang mga upuan. Walang bahid ng pandidiri sa dumi na maaaring makuha ng kanilang mga kasuotan mula sa lupa sapagkat sa pakiwari nila, maliban sa nakikipag-usap ang Diyos sa pamamagitan ng kalikasan, ang mabuhay na may ugnayan at matapat na pakikiisa sa mga natural na bagay na ito ay nagdadala sa kanila tungo sa kaluwalhatian ng Diyos.



Larawan 3

Mga kabataang mangangaral ng KPA na nakaluhod sa lupa habang nananalangin. Mula sa kaliwa: Bro. Jephthe Urita, Bro. Arnel Alaurin, at Bro. Layman “Tata” Talidong. (Kuhang larawan ng mananaliksik sa isang pagsamba na ginanap sa Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong 7 Pebrero 2015.)



Larawan 4

Mula sa kaliwa: Sis. Gigi Tornea-Urita at Sis. Noemie Urita-Dayan habang nananalangin nakaluhod sa lupa. (Kuhang larawan ng mananaliksik sa Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong 7 Pebrero 2015.)

Dahil dito, ang mga kabataang mangangaral ng kilusan ay tinuruan, sinanay, at hinubog hindi ng mga paaralang nasa siyudad at kapatagan kundi ng mga paaralang nasa kabundukan at kalikasan.



Larawan 5

Sa kabundukan, sa ilalim ng mga kakahuyan, idinadaos din ang pagsamba. Kuha sa isang *country living site* ng kilusan sa Tayabas, Quezon. (Larawang kaloob ng KPA)

Kung babalikan ang lumang tradisyon ng mga Filipino, sadyang kinikilala ang kabundukan bilang “espasyo ng pananampalataya” dahil pinaniniwalaan ito bilang tahanan ng mga anito at kaluluwa ng mga ninuno. Sa pag-aaral ni Lars Raymund C. Ubaldo sa mga pananda sa paglilipat-pulo at pagtatatag ng panahanang Austronesyano, kaniyang ipinakita ang kahalagahan ng mga lugar ng peregrinasyon sa mga sinaunang taong nanirahan sa Timog Silangang Asya at Pasipiko. Ang pagtatakda nila ng mga sagradong espasyo para sa mga rituwal ay naging batayan ng mga hangganang pag-aari ng kanilang pamayanan. Ang mga libingan ng mga ninuno na matatagpuan sa mga yungib ng kabundukan ang isa sa mga pinupuntahan ng mga taong Austronesyano para sa pana-panahong pagdalaw. Naging praktis din ito ng mga sinaunang Filipino sa kapuluan kaya may iba’t ibang grupong etnolingguwistiko sa Filipinas na kumikilala sa mga

kabundukan bilang banal na dako yamang dito nananahan ang mga anito. Kaya ang pana-panahong pagdalaw sa mga kabundukan ay upang mapatatag ang koneksiyon ng mga nabubuhay sa nakaraan—sa kanilang pinanggalingan na walang iba kundi ang kanilang mga namayapang ninuno (Ubaldo 2015, 7).

Sinusugan ni Vicente C. Villan⁵² na sa kosmolohiyang Filipino, ang taluktok na bahagi ng bundok ang hangganan sa pagitan ng gitnang bahagi ng sansinukob at kalangitan anupa't istrategiko at sagrado ang bundok sa kamalayang Filipino. Yamang inaari ng mga sinaunang Filipino na sa kabundukan nananahan ang mga kaluluwa ng kanilang mga ninuno, tinawag nila ang kabundukan bilang “Kagulangan” sa mga taga-Panay, “Kaguyangan” sa mga Romblomanon, at “Katalonan”⁵³ sa iba pang wika ng Visayas.

Sa tradisyong milinaryan, ang kabundukan ay naging saksi rin sa pagsasanib ng lakas relihiyoso at hinaing politikal ng mga Filipino. Ang bundok ang naghihiwalay sa mga mananampalataya sa kanilang “luma at maruming mundo tungo sa panibagong mundo ng paniniwala” (Ikehata 1990, 155). Noong 1834, sa unang pagkakataon, dala-dala ang kandila, watawat at matibay na pananampalataya, nagsagawa ng debosiyonal na paglalakbay sa Bundok Banahaw si Apolinario de la Cruz (kilala sa tawag na “Hermano Puli”). Sa daloy ng pagkilos ng mga sumunod na mga kapatiran, ang pilgrimahe o paglalakbay patungong kabundukan ay naging bahagi ng kamalayan at gawaing debosiyonal ng mga mananampalatayang Filipino. Sa kabundukan isinasagawa ang pag-aaral, pagsasanay, at paghuhubog ng tao ukol sa paniniwala, rituwal, at tanggap na pagkilos ng mga samahan. Sa kabundukan din nagaganap ang pakikipag-ugnayan sa “santong boses” ng mga pinaniniwalaang “sugo” o “mesiyas.” Naging sagrado ang kabundukan at nang lumao’y naging banal na tirahan at pamayanan ng mga deboto.

Katulad ng mga milinaryang Filipino, ang mga kasapi ng KPA ay naniniwala rin na ang kabundukan ay siyang “bagong mundo at pamayanan ng mga mananampalataya” na dito’y matatagpuan at mararanasan ang kabanalan sa/ng buhay. Wala at hindi sa siyudad matatagpuan ang tunay na “iglesya” o “bayan ng Diyos” kundi sa mga kabundukan gaya ng matutunghayan sa awiting ito ng kilusan na nagsasabing ang “banal na bayan ng Diyos” ay matatagpuan nga sa mga kabundukan.

Sa kabila ng mga kabundukan,
Naro'n ang ginawa ng Diyos na bayan;
Pag ang tuktok ng bundok natapakan
Walang hanggang bayan ay matatanaw.⁵⁴

Ang Mga Gawaing Pangkabuhayan ng Mga Kasapi ng KPA

Saksi ang mananaliksik kung gaano kabigat ang hamon ng kabundukan sa mga kasapi ng kilusan para lamang mabuhay. Lumabas sa ginawang panayam na ang pangunahing dahilan kung bakit ang ilang mga kasapi ay nagpasyang bumalik sa dati nilang mga trabaho sa kapatagan ay sapagkat wala silang gaanong karanasang magsaka kaya hindi nila nakayanan ang buhay na walang inaasahan kundi ang mga biyaya ng lupa, kalikasan, at pisikal na lakas. Bunga ng mga pagsubok na ito, napukaw diumano ang kanilang (mga kasaping nanatiling manirahan sa kabundukan) mga natatagong talento upang makagawa ng paraan kung paano nila matugunan ang kanilang araw-araw na mga pangangailangan. Maliban sa pagtatanim, natuto silang magmasahe (hilot), gumawa ng mga halamang gamot, at mga *food supplement* na siya nilang pinagkakakitaan.

Sa pagbubungkal at pagtatanim sa lupa, nagtutulungan at sama-samang gumagawa ang mga kabataan at magulang na miyembro ng KPA. Maliban sa pagbubungkal at pagtatanim, nagbabayanihan din ang mga Propetikong Adbentista sa mga panahon ng pagbubunot ng damo, pag-aani, paggawa ng mga bahay, at lalong-lalo na sa mga idinadaos nilang *camp meeting*, lakaran, at pagmimisyon. Sa kabilang banda, ang mga kapatid na nagmamasaha (naghihilot) ay nagkaroon ng mga regular na kustomer sa kapatagan, lungsod, o bayan (Alaurin at Glory 2015). Samantala, si Bro. Carlos “Boy” Romero, isang *naturopathist* ay gumawa ng isang klinika para sa mga pasyenteng may malulubhang karamdaman. Nakilala at dinadayo ang kaniyang klinika sa kabundukan ng Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur dahil sa napabalitang napagaling niya diumano ang isang pasyenteng may kanser at may taning na ang buhay. *Diet cleansing*, pagmamasaha (paghihilot), at pagbibigay ng seminar sa wastong kalusugan ang pinagkakaabalahan ng mag-asawang Bro. Carlos at Sis. Jessica Romero sa Ilocos Sur (Romero 2015).

Naging kabuhayan din ng mga kasapi ng KPA ang paggawa ng mga halamang gamot at *food supplement*. *In-demand* at mabentang-mabenta ang *powderized charcoal*, malunggay, at bawang. Ang ginagawa nilang mga *food supplement* na kilala sa tawag na *magic foods* (gawa sa *molasses*, darak, at pulot-pukyutan) ay nakilala na rin diumano na mahusay sa iba’t ibang sakit o karamdaman gaya ng *hypertension*, *insomnia*, *diabetes*, *obesity*, nerbiyos, at kanser. Sa kanilang kasipagan, nagawa pa nilang makabili ng motorsiklo at traysikel. Maliban sa

kanilang pagmimisyon, nagagamit nila ang mga sasakyang ito para madala ang kanilang mga paninda (mga gulay at prutas, mga halamang gamot, at *food supplement*) sa mga kakilala nila sa bayan at palengke (Urita 2015).

Mahalagang banggitin din ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaihang KPA hindi lamang sa pagpapalaganap ng mga mensahe, kundi lalo na sa kabuhayan ng kanilang mga pamilyang nasa kabundukan. Sa katunayan, sila ang higit na nakakaalam sa paraan ng natural na panggagamot. Bihasa sila sa mensahe ng repormang pangkalusugan (*health reform message*). Mahusay silang manghihilot o tagamasaha at tagagawa ng mga food supplement at natural na mga halamang gamot. Tila nabuhay ang diwang babaylanismo ng sinaunang bayan sa KPA sa punto na ang kababaihan sa dating panahon ang siyang mga dakilang manggagamot.⁵⁵

Saksi ang mananaliksik sa simple ngunit *sustainable* na pamumuhay ng KPA sa kabundukan. Bagama't ang maliliit na pamayanang nasaksihan ng mananaliksik ay may iba't ibang katangiang pangkabuhayan, (halimbawa, ang mga pulutong sa Ilocos Sur, Tarlac, at Tayabas ay pangunahing umaasa sa panggagamot at paghihilot (pagmamasaha), ang mga kapatiran naman sa Kabisayaan at Kamindanawan ay pangunahing nabubuhay sa pamamagitan ng pagsasaka dahil sa malawak ang kanilang mga lupaing mapagtataniman. Habang hindi pa dumarating ang pinaniniwalaang panahon ng katapusan na hinihintay ng kilusan, malaki ang posibilidad na magkakaroon pa ng “ebolusyon” sa gawaing pangkabuhayang ito ng mga aktibong kasapi. At dahil sa kanilang etika sa paggawa (katapatan, kasipagan, lahat ay alay sa Diyos), hindi imposible na mula sa hanay ng maliit na grupong ito, lilitaw ang isang bagong uri ng entreprenyur na maaaring maging huwaran ng mga taong nasa laylayan ng lipunang Filipino.

Kongklusyon

Siniyasat at inunawa ng saliksik na ito kung bakit lumipat ng tirahan ang mga kasapi ng KPA mula kapatagan/siyudad patungong kabundukan. Sa ginawang naratibo, napalitaw ang mga tiyak na layuning inihanay sa tatlong binalangkas na mga bahagi. Sa unang bahagi, inilahad ang maikling kaligirang pangkasaysayan ng KPA at ang mga dahilan ng paghihiwalay nito sa Iglesyang SDA noong 1990s sa paniniwalang tumalikod na diumano ang *madre iglesia* sa mga katotohanang ipinagkatiwala ng Diyos sa kaniya bilang “nalabing iglesya.” Ipinakita rin ang magkaugnay na mga pangyayari mula sa pagpasyang

iwanan ang mga trabaho sa kapatagan, ibenta ang mga ari-arian, patigilin sa pag-aaral ang mga anak para tunguhin ang kabundukan at doo'y mamuhay ng malaya, mapayapa, at may kabanalan habang naghihintay sa pagbabalik ng pinaniniwalang “Kristo” o “Tagapagligtas.”

Itinampok naman sa ikalawang bahagi ang mga salik na nag-udyok sa mga kasapi ng kilusan upang lisanin ang mga tahanan/trabaho sa kapatagan/siyudad at magpasyang lumipat sa kabundukan. Maliban sa paniniwalang isang pamantayan ng Diyos sa pagpapakabanal ang paninirahan sa kabundukan, nakapag-impluwensiya rin sa KPA na manirahan sa kabundukan ang kaganapan ng mga tanda ng katapusan noong dekada 90 (malalakas na lindol, pagputok ng Bundok Pinatubo, at mga sigalot sa gobyerno), ang katuparan ng mga pinaniniwalaang patalinghagang tagna (*parabolic prophecy*) na nagpapamalas ng prinsipyo ng Diyos sa paghihiwalay (talinghaga ng trigo at pansirang damo ng Mateo 13: 24-30 at talinghaga ng ika-11 oras na manggagawa ng Mateo 20:1-8) na pinaniniwalaan nilang kapwa natupad noong taong 1994. Mahalaga sa KPA ang 1994 sapagkat sa taong ito, pinaniniwalaan nilang natupad din ang iba pang kaugnay na tagna (panahon ng pagliliglig, pag-aani, malakas na sigaw ng ika-3 anghel ng Apocalipsis 18, at ang pagbubuhos ng huling ulan) sa paghihiwalay ng tapat/masunurin kontra sa di-tapat at masuwaying anak ng Diyos. Sa kaibuturan ng mga salik na ito, namamayani sa kamalayan ng KPA na ang paninirahan sa kabundukan ay sadyang prinsipyo ng Diyos dahil ito ay kaniyang programa upang ang kaniyang piniling bayan ay maging sakdal at handa sa darating na mga sakuna at kabagabagan. Lumitaw din sa bahaging ito ng pag-aaral na ang karamihang nagpatuloy sa paninirahan sa kabundukan ay nagmula sa hanay ng mga magsasaka at karaniwang kasapi ng Iglesyang SDA na katulad ng mga tradisyunal na milinaryang Filipino, naniniwala rin na ang kabundukan ay siyang “bagong mundo at pamayanan ng mga mananampalataya” na dito’y matatagpuan at mararanasan ang kabanalan at kaginhawaan sa/ng buhay.

Samantala, ipinaliwanag naman sa ikatlong bahagi ang mga gawaing pangkabuhayan ng mga kasapi ng kilusan na nakabase sa lupa, pagmamasaha (paghihilot), at paggawa ng mga halamang gamot at *food supplement*. Pinatunayan sa bahaging ito na ang kalagayang ekonomiko ay isang pundasyon ng pagkakabuo ng mga samahang relihiyoso sa punto na yaong karamihang nakapagpatuloy sa paninirahan sa kabundukan ay mga magsasaka at karaniwang kasapi ng Iglesyang SDA na sanay sa lupa at may malalim na karanasan sa mga pagsubok at hirap ng buhay. Ipinakita rin dito ang mahalagang papel na ginagampanan ng

mga kababaihan sa KPA sa aspektong pangkabuhayan ng mga pamilyang nasa kabundukan at sa kung paano naiaangkop ng mga nagpatuloy na kasapi ang kanilang mga sarili sa mga kondisyon at hamon ng kabundukan at kalikasan.

Umaasa ang may-akda na magkaroon pa ng mga pag-aaral patungkol sa mga kontemporaryong kilusang milinaryan (o mga kilusang panrelihiyon) sa bansa at tingnan hindi lamang ang kanilang *unique* na mga praktis at paniniwala kundi kung papaano sila tumutugon sa mga makabagong isyu at hamon ng globalisasyon, kontraktuwalisasyon, terorismo, materyalismo, karapatang pantao, kalusugan, kapaligiran, at kalamidad.

Mga Tala

- 1 Pormal na naisagawa ang panayam sa lider ng KPA na si Bro. Jonathan Urita noong 26 Disyembre 2014 hanggang 2 Enero 2015 sa tahanan nito sa Alsam, Tayabas, Quezon. Gayumpaman, patuloy na dumadalo ang kasalukuyang mananaliksik sa mga taunang *camp meetings* na idinadaos ng kilusan na kung saan ang paninirahan sa kabundukan ay isa sa mga pangunahing paksain.
- 2 Madalas itinuturing na mga “katutubong sekta,” “kulto” (na may tonong pagmamaliit), o “Rizalista” upang tukuyin ang sentral na ginagampanang papel ni Dr. Jose Rizal sa kanilang kaisipan, at minsan pa, simpleng “kapatiran” dahil sa katangian ng malalim na pagdadamayan na kanilang ibinibigay sa bawat kasapi.
- 3 Para sa mga detalye, basahin ang mga aklat nina F. Landa Jocano, ed., *The Philippines at the Spanish Contact: Some Major Accounts of Early Filipino Society and Culture* (Quezon City: Institute of Philippine Studies, Philippine Center for Advanced Studies, University of the Philippines System, 1975), 1-43; at William Henry Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994).
- 4 Ang pagsasakatutubo at pagsasakonteksto ng mga Filipino sa paniniwalang Katoliko/Kristiyano ay tinawag rin ni Prospero R. Covar bilang *Folk Christianity*. Ito ay gumagamit ng mga pamamaraang espiritismo at *faith-healing* at nagtataguyod ng makabayang oryentasyon na pinasisigla ng mga sinulat at katuruan ng mga dakilang bayani gaya nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, at iba pang mga bayani ng himagsikang Filipino. Para sa mga detalye, tunguhayan ang aklat ni Prospero R. Covar, *Philippine Folk Christianity*, 1975.
- 5 Isa sa mga denominasyong Protestante ang Iglesyang SDA na ang mga kasapi dito sa Filipinas ay kilala sa tawag na mga “Sabadista” dahil sa kanilang pagpapahalaga sa araw ng Sabado na itinuturing nila bilang *sabbath* (araw ng kapahingahan) at banal na araw. May pitong (7) haligi ng pananampalataya ang mga SDA: 1. makalangit na santuwaryo; 2. ikalawang pagbabalik ni Kristo; 3. *sabbath*; 4. mga mensahe ng tatlong (3) sinugong anghel ng Apocalipsis 14; 5. espiritu ng hula; 6. kamatayan; at 7. milenyum. Naitatag ang iglesyang ito sa Battle Creek, Michigan, USA noong 21 Mayo 1863. Taong 1905, nakarating sa bansa ang kauna-unahang Amerikanong misyonerong SDA ngunit noong 1911 lamang nakapagtatag ng kauna-unahang Iglesyang SDA sa Santa Ana, Maynila. Nakapagtayo ang denominasyong ito ng mga paaralan, ospital, palimbagan, at nagkaroon ng mga programa sa radyo at telebisyon.
- 6 Nagmula sa iba’t ibang denominasyong Protestante sa Amerika ang mga kasapi ng Kilusang Adbentismo gaya ng Metodista, *Baptist*, *Presbyterian* at *Congregationalist*. Tinawag na mga *Millerites* o *Adventists* ang mga tumugon sa pabalita ng ikalawang pagparito ng pinaniniwalaang

- Kristo. Sa pasimula ng kasagsagan ng pangangaral noong 1830's, tinatayang umabot sa bilang na 50,000 ang mga mananampalatayang Adbentista sa Amerika hanggang lumago pa ito sa bilang na 100,000 bago dumating ang "malaking kabiguan" noong taong 1844. Dahil sa kabiguan ito, naitatag ang Iglesyang SDA sa Amerika na nagmula sa nagkawatak-watak na mga kasapi ng Kilusang Adbentista o Millerite. Para sa mga detalye, tunghayan ang P. Gerard Damsteegt, *Foundations of the Seventh-Day Adventist Message and Mission* (Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 1977), 13-16.
- 7 Isang iginagalang na magbubukid at naging ministro ng Iglesyang Baptist buhat sa Hampton, Washington County, New York, USA. Ipinanganak sa Pittsfield, Massachusetts noong Pebrero 15, 1782, panganay sa 16 na magkakapatid ng mag-asawang William at Paulina Miller. Lumipat sa Low Hampton, Washington County, New York ang pamilya noong siya ay apat na taong pa lamang. Sa bayan ng Hampton nanirahan si Miller at nagdala ng mensahe ng Adbentismo sa iba't ibang bayan at estado ng New England kasama na ang Canada mula 1832 hanggang 1843. Tunghayan sa Joshua V. Himes, *Views of the Prophecies and Prophetic Chronology, Selected from Manuscripts of William Miller* (Boston: Joshua V. Himes, 1842), 7-14.
 - 8 Daniel 8:14 - "At sinabi niya sa akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario."
 - 9 Naniniwala ang mga SDA na ang umiral na santuwaryo ng mga Hebreo ay representasyon lamang ng makalangit na santuwaryo. Noong 1844, si Kristo bilang Dakilang Sacerdote ay pumasok diumano sa kabanal-banalang dako (*most holy place*) ng makalangit na santuwaryo upang gampanan ang tungkulin ng paglilinis sa kasalanan ng kaniyang bayan.
 - 10 Sa mga SDA, tumutukoy ang *investigative judgment* sa pagpasok ni Kristo sa kabanal-banalang dako ng santuwaryo sa langit upang hatulan ang kanyang bayan. Nagsimula ito diumano noong 1844 at pinaniniwalaang magtatapos hanggang sa ikalawang pagbabalik ni Kristo.
 - 11 Ang sabbath ay ang ikapitong araw na sa paniniwalang SDA ay walang iba kundi ang Sabado, ang araw na itinangi at binanal ng Diyos upang ipangilin. Ipinagbabawal ang pagluluto, pag-iigib, at anumang gawaing sekular. Biyernes ang araw ng paghahanda sa araw ng sabbath.
 - 12 Ang Sampung Utos ng Diyos na matutunghayan sa Lumang Tipan ng Bibliya (Kabanata 20 ng Exodus).
 - 13 Unang Anghel—ang pagdating ng araw ng paghatol noong 1844 (doktrina ng santuwaryo at *investigative judgment*); Ikalawang Anghel—babala na lisanin ang mga iglesyang naging Babilonya (kabilang dito ang Romano Katoliko, mga Protestante, atbp.); Ikatlong Anghel—may "babala" (huwag sumamba sa hayop—Kapapahan ng Roma); may "bandila" (ro Utos ng Diyos at Pananampalataya ni Jesus); may "kanang kamay" (repormang pangkalusugan); at may "bisig" (misyonerong medikal na nagtuturo ng pangagamot gamit lamang ang mga natural na pamamaraan).
 - 14 Kaloob sa nalabing bayan ng Diyos. Pinaniniwalaang matatagpuan hindi lamang sa mga sulat ng mga propeta sa Bibliya at kay EGW kundi maging sa kinikilalang huling "sugo" ng Diyos sa pamamagitan ni Bro. Jonathan Urita, ang lider ng KPA.
 - 15 Kung si EGW ang kinikilalang "propeta" ng mga SDA *pioneers* sa huling nalabing iglesya, si Bro. Jonathan R. Urita naman ang kinikilalang huling "sugo" o "propeta" ng KPA.
 - 16 Sa paniniwalang ang pagkakatuklas at pagkakaunawa sa mga "katotohanan" ay progresibo, walang ginawang kredo (opisyal na kapahayagan ng pundamental na doktrina) ang Iglesyang SDA sa Amerika mula 1846—1871. Naniniwala rin ang mga SDA *pioneers* na ang pagkakaroon ng kredo ay magiging daan lamang sa pagtalikod ng iglesya. Subalit noong 1872, pagkalipas ng dalawampu't anim (26) na taon, nagkaroon ng modipikasyon ang pitong (7) haliging ito ng pananampalatayang SDA dahil sa pagsusulong ng mga bagong lider ng Iglesyang SDA na

magkaroon ng kredo at opisyal na manwal ang iglesya na sasagot sa paratang ng ibang hanay na mga Adbentista (gaya ng *Evangelical Adventists*, at *Adventist Christian Church*) na ang mga itinuturo diumano ng Iglesyang SDA ay kontra sa Bibliya. Nasundan pa ang modipikasyon ng pitong (7) haligi ng pananampalatayang SDA noong 1931 dahil sa pagdadagdag ng mga katuruan upang ipakita sa mga Protestanteng denominasyon sa Amerika na hindi isang kulto ang Iglesyang SDA.

- 17 Ang *Philippine Union College* sa Silang, Cavite na naging *Adventist University of the Philippines* noong 1996 sa bisa ng Batas Republika Blg. 7722 at Resolusyon Blg. 132-96; Serye 1996 ang pinakamalaking pamantasang SDA sa Filipinas.
- 18 Noong nakaraang 2016, umabot na sa 20,008,779 ang kabuoang miyembro ng mga SDA sa buong daigdig. Sa Filipinas ay may bilang na 1,028,611 ang mga kasaping SDA. Ang estadistika ay matutunghayan sa *SDA Church 2017 Annual Statistical Report* (Silver Spring, Maryland: Office of Archives, Statistics, and Research, 2018), 4-7.
- 19 Ilan sa malalayang mangangaral/repormador na ito ay sina Bro. Bob Hernando na tubong Bulacan; Bro. Nat Fajardo ng Kalibo, Aklan; Bro. Diaz na isang Bisaya; ang milyonaryong mag-asawang sina Bro. at Sis. Baluyot; Bro. Tam Mateo na taga-Bulacan; Bro. Willie Manipol ng Mindoro; Sis. Winnie Kingdom na taga-Mindanao; at Bro. James Kurtley—ising Amerikanong nakapag-asawa ng Filipinang taga-Laguna. May kasamang ilang Amerikanong SDA na repormador ang mga Filipinong ito na galing Amerika: si Dr. Larson, isang SDang propesor at Bob Sisler ang mga nagiging tagapagsalita sa mga idinadaos na *camp meeting*.
- 20 Ang ideya ng “huling nalabing iglesya” ay batay sa Apocalipsis 12:17. Para sa mga SDA, simula noong taong 1844, ang huling nalabing iglesya na may hawak ng dalisay na mga katotohanan mula sa Diyos ay ang Iglesyang SDA.
- 21 Tumutukoy sa pagkakaisa ng lahat ng Kristiyanong iglesya at mga relihiyon sa buong mundo. Isa sa malaking samahan ng mga relihiyon sa mundo ang *World Council of Churches*. Sa orihinal na katuruang SDA, ang pagsasama-sama at pagkakaisa ng mga relihiyon sa pangunguna ng Protestante at Romano Katoliko ay daan upang mabuo ang isang malaking krusada laban sa iglesyang “nalabi” (pinaniniwalaang Iglesyang SDA). Tinatawag ito ng mga SDA na dakilang “Babilonya” na siyang mag-uusig diumano sa kanila sa panahon ng kabagabagan.
- 22 Ang mga kaanib na nagsidalo sa mga *camp meeting* noong 1990's ay mula sa hanay ng mga *church elder, layman*, estudyante, at mga manggagawa ng denominasyong SDA.
- 23 Ang malalayang mangangaral na ito mula sa Estados Unidos ay mga Filipinong SDA na naging mamamayang Amerikano. Ipinanganak sila rito sa iba't ibang panig ng kapuluan, mayroon sa Luzon, Visayas at Mindanao. Sa kanilang pag-uwi sa Filipinas, ibinahagi nila ang *revival* at repormasyon na mga mensaheng napag-aralan nila sa Amerika sa kani-kanilang tinubuang probinsiya. Nagdadaos sila ng mga *camp meeting* sa kani-kanilang probinsiya. Kasama rin nila ang ilang Amerikanong SDA na mangangaral mula Estados Unidos at naging mga tagapagsalita sa idinadaos na mga *camp meeting*. Ang pambansang *camp meeting* ng mga repormador ay isinasagawa sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Taong 1996, napag-alaman ng mga Filipinong repormador na ang mga tagapagsalitag Amerikanong SDA na ito ay itiniwalag sa kani-kanilang iglesyang kinabibilangan sa bansang Estados Unidos bunga ng dala-dala nilang mga mensahe.
- 24 Sa bawat panahon ng kasaysayan ng iglesya ng Diyos, may mga natatanging kasalukuyang katotohanan o *present truth* diumano na ipinagkakaloob ang Diyos sa kaniyang bayan. Sa mga repormador, iba ang *present truth* sa panahon ni Noe. Upang maligtas sa panahon ni Noe, kailangan lamang pumasok sa daong. Para maligtas sa panahon ni Kristo, kailangan lamang tanggapin si Kristo bilang Mesiyas at Tagapagligtas tulad ng ginawa ng mga apostoles. Iba rin ang present truth sa panahon ni Martin Luther, ni Miller, at maging sa mga SDA *pioneers*.

- 25 Ang panahon ng kaguluhan, kalamidad, sakuna, patayan, at pag-uusig na sa paniniwala ng mga SDA ay magaganap upang masubok ang pananampalataya ng mga tapat na anak ng Diyos bago bumalik si Kristo upang sila'y tubusin at dalhin sa kaniyang kaharian sa langit.
- 26 Noong pumutok ang repormasyon noong 1990s, si Bro. Urita, maliban sa pagiging *church elder* ng Iglesyang SDA sa Lian, siya rin ang nakaupong pangulo ng *Ministerial Association* ng *Western Batangas District* na binubuo ng 16 na lokal na iglesya. Panglima sa siyam na magkakapatid, siya ay isinilang sa isang pamilyang SDA sa Maolingon, Mandaon, Masbate ng mag-asawang Roberto Elepante Urita, Sr. at Maxima Vicentuan Romero noong Hunyo 24, 1957. Kilala ang kaniyang mga magulang sa Maolingon hindi lamang dahil sila ang nagtayo ng kauna-unahang Iglesyang SDA sa Mandaon, Masbate kundi sa kanilang pagiging matapat na mga SDA sa nasabing lugar. Siyam silang magkakapatid na pinalaki ng kanilang mga magulang diumano sa mataas na pamantayang espiritwal bilang mga SDA. Ang siyam na magkakapatid ay sina: 1. Fe Urita Burce, 2. Teresita Urita Marin, 3. Jessie Romero Urita, 4. Noemie Urita Dayan, 5. Jonathan Romero Urita, 6. Sally Urita Casidsid, 7. Robert Romero Urita, Jr., 8. Ladelle Urita Glory, at 9. Sarah Urita Caspe. Maliban sa panganay na si Sis. Fe Urita Burce na yumao noong 2008, ang magkakapatid ay nabubuhay pa at may kaniya-kaniya nang pamilya. Ang mga ito'y tumanggap ng mga mensahe ng repormasyon at naging tagapagbunsod ng mga layunin ng kilusan sa kani-kanilang mga lugar na kinabibilangan.
- 27 May 4 na yugto ang kasaysayan ng KPA: 1. Unang Yugto ng Pormasyon, 1994-1998; 2. Ikalawang Yugto—Paglago ng Kilusan sa Kabisayaan at Kamindanawan, 1998-2001; 3. Ikatlong Yugto—Pagharap sa Krisis ng Pagkabigo, 2001-2003; at 4. Ikaapat na Yugto—Pagpapatuloy sa Pagtuklas ng mga “Bagong Liwanag” sa Panahong Pinaniniwalaang Sarado na ang Awa, 2003—Kasalukuyan. Para sa mga detalye ng kasaysayan ng KPA, tunghayan ang disertasyon ni Palmo R. Iya, *Kilusang Propetikong Adbentista (KPA): Kasaysayan ng Milinaryang Kilusan sa Iglesyang Seventh-day Adventist (SDA)*, 1994 – Kasalukuyan (Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2016).
- 28 Tunghayan ang mga detalye sa disertasyon ng may-akda.
- 29 Ayon sa lider ng KPA, ganito ang naging senaryo sa mga Iglesyang SDA sa buong Filipinas sa panahon ng pangangaral nila ng mga mensahe ng *revival* at repormasyon. Naging “bahay-sambahan” ang mga tahanan ng mga kasaping SDA na nagpatuloy sa mga mangangaral ng KPA.
- 30 Tumutukoy sa SDA *Church Organization* na ang liderato ay hirarkikal. Pinangangasiwaan ng *General Conference* mula sa Maryland, USA ang lahat ng sangay ng denominasyong SDA sa buong daigdig.
- 31 Bagama't may pagkakahawig/pagkakatulad ang daynamiks ng KPA bilang isang kilusang milinaryang sa daynamiks ng tradisyong milinaryang Filipino sa mga aspektong nabanggit na sa pahina 8 ng papel na ito, hayag pa rin ang pagkakaiba nito sa kilusang milinaryang sumibol at lumabas sa *Iglesia Romana Catolica* dahil sa mga taglay nitong doktrina na galing sa Iglesyang SDA na isang denominasyong Protestante. Halimbawa nito ay ang pagtingin sa anting-anting. Sa KPA, hindi nananahan sa mga medalyon, panyo, librito o anumang bagay ang “gahum” o “anting-anting.” Ang kailangan lamang ay maging dalisay ang kalooban (puso, isip, at kaluluwa) at maging masunurin sa mga mensahe ng repormasyon (pamantayan at utos ng Diyos) at mga tagna/propesiya ng Diyos sa huling panahon. Tunghayan ang disertasyon ng may-akda sa ginawa niyang paghahambing at pag-uugnay ng milinaryang katangian ng KPA sa tradisyong milinaryang Filipino at gayundin ang pag-uugat ng nasabing kilusan sa sinaunang kalinangang Filipino.
- 32 Marami sa mga kasapi ng grupo ay bumaba sa kabundukan at nagpasyang bumalik sa dati nilang mga lugar at naghanap muli ng mapapasukang trabaho. May mga kasaping lumipat sa ibang grupo ng mga repormador gaya ng *Seventh-day Adventist Reform Movement* (SDARM) at

mga SDA Home Churches na may organisasyon o pamunuan. Ang iba naman ay bumalik sa kani-kanilang dating kinaaanibang Iglesyang SDA.

Sa kanilang pagkabigo, sinisi ng mga umalis at tumalikod sa KPA si Bro. Urita at ang iba pang mga mangangaral ng kilusan at tinawag silang mga “mandaraya” at mga “bulaang propeta.” Subalit sa mga naging tapat at nagpatuloy na mga kasapi, hindi mga “mandaraya” at mga “bulaang propeta” sina Bro. Urita at iba pa nitong mangangaral. Ang naranasan nilang pagkabigo diumano ay mga pagsubok lamang na ibinigay ng Diyos upang mahayag ang tunay na likas ng bawat isa. Sa kasalukuyan, itinuturing ng mga tapat na kasapi ng KPA si Bro. Urita bilang “sugo” o “Moises.”

- 33 Sa pasimula ng pormasyon (1994) hanggang taong 2000, tinatayang humigit-kumulang 7,000 mga SDA mula sa iba’t ibang Iglesyang SDA sa kapuluan ang sumali sa KPA. Hindi pa kasama rito ang libo-libong sumali rin sa repormasyon noong 1990’s na nagkaroon ng sariling pamunuan o organisasyon. Sa pagtataya ng pinuno ng kilusan, aabot sa mahigit 20,000 mga SDA ang sumali sa repormasyon noong 1990’s. Sa mga ito, humigit kumulang 10,000 ang naging kasapi ng KPA.
- 34 Bagama’t walang nakapagpatuloy sa mayayamang kasapi, may mga sumusuporta pa rin sa gawain ng kilusan mula sa mga propesyunal na bumalik sa kanilang trabaho sa kapatagan. Sa kasalukuyan, humigit-kumulang 1,000 kasapi na lamang ang nagpapatuloy. Gayumpaman para sa kilusan, ang ibang kasama nilang mga pulutong ay nasa ibang panig lamang ng mundo. Silang lahat ay may bilang na 144,000. Pagdating ng pinaniniwalaang “Kristo,” silang lahat diumano ay magsasama-sama sa bagong langit at bagong lupa.
- 35 Magkakamag-anak ang mga pamilya ng tatlong pamayanang aking nilahukan. Magkapatid sina Bro. Jonathan Urita at Bro. Robert Urita, Jr. ng Alsam, Tayabas, Quezon. Kapatid din nina Bro. Jonathan at Bro. Robert sina Sis. Ladelle Glory at Sis. Noemie Dayan ng Tarlac. Pinsang-buo naman nina Bro. Jonathan, Bro. Robert, Sis. Ladelle, at Sis. Noemie sina Bro. Carlos Romero, Sis. Elena Romero, at Sis. “Bingbing” Rosas ng Ilocos Sur. Ang kamag-anak naman ng ibang kasapi ay nasa ibang country living sites ng Visayas at Mindanao. Kung hindi man magkakamag-anak, magkakaibigan o magkakakilala naman ang mga kasapi ng kilusan noong sila ay nasa Iglesyang SDA pa.
- 36 Kung bakit galing sa Iglesyang SDA ang mga kasapi ng kilusan, ito ay sa dahilang ang gawaing ginampanan diumano ng grupo ay upang tawagan ang “144,000” mula sa loob ng Iglesyang SDA na naging Babilonya simula noong 1994. Ang pagtawag upang palabasin sa iglesya ang “144,000” ay katuparan diumano ng tagna ng “malakas na sigaw ng ikatlong anghel” na siya ring panahon ng pag-aani o pagliliglig sa Iglesyang SDA, pagbubuhos ng huling ulan, at pagtatatak sa mga makakabilang sa huling nalabing bayan ng Diyos. Gayumpaman, kung may ilan mang kasapi ang kilusan na hindi galing sa Iglesyang SDA (Katoliko, *Baptist, Born Again Christian, Pentecostal*, atb.), ang mga ito ay kusang tumanggap at nagsakabuhayan ng mga mensahe bagama’t sila’y hindi naman direktang inaralan ng mga mangangaral ng kilusan. Ang pamilya ni Bro. Mario (magsasaka) na sa kasalukuyan ay nasa Casiguran, Aurora ay dating *Born Again Christian*. Noong makita nila diumano ang isinasagawang *camp meeting* ng kilusan, bagama’t hindi sila inanyayahang makinig ay nakinig sila at nagustuhan nila ang mga mensahe. Dahil naniniwala rin silang malapit nang dumating ang Panginoon, buong pusong tumugon ang pamilya niya sa lahat ng mga pamantayan at mensahe ng kilusan. *Exemption to the rule* daw ang kaso ng pagtanggap ng kilusan sa pamilya ni Bro. Mario. Tulad ng Romanong si Cornelio, bagama’t ang mensahe raw ng mga alagad ni Kristo noong una ay para lamang sa mga Hudyo, hindi naman tinanggihan ni Pedro si Cornelio sa pagnanais nitong maging isang Kristiyano. (Salaysay ni Bro. Urita sa panayam noong 26 Disyembre 2014—2 Enero 2015 sa Alsam, Tayabas, Quezon).
- 37 Ang tinutukoy ditong mga isyu at suliranin ng Iglesyang SDA ay ang katiwalian sa paghawak ng pondo (mga handog at ikapu) ng pamunuan, ang makupad na pagganap sa pangangaral ng mga pastor at ministro ng *madre iglesia*, ang nakikita nilang karangyaan sa buhay na

- tinatamasa ng mga lider ng denominasyon, at ang isyu sa pagiging “Babilonya” (pagiging makasanlibutan) ng Iglesyang SDA.
- 38 Matutunghayan sa lathalain ng *New York Times* noong taong 1991.
 - 39 Ang pagbabalik ng kapangyarihan ng Simbahang Katoliko sa pamahalaan ay pinaniniwalaan ng mga SDA na magiging daan upang ipatupad ang *Sunday Law*. Ang batas na ito sa doktrinang SDA ang pipilit sa mga taong mangingilin ng araw ng Linggo at sinumang susuway ay ipapapatay. Samakatuwid, para sa mga SDA, ang pagkakaroon ng *Sunday Law* ay katuparan ng pag-uusig sa kanila yamang hindi sila tatalima dito.
 - 40 Nagpatuloy ang mga suliraning ito hanggang sa taong 2001 kung saan naulit ang diwa ng “1986 na Pag-aalsang EDSA” na naging simpleng “EDSA 2” na lamang para patalsikin ang Pangulong Joseph Estrada dahil sa kaso ng *graft and corruption*.
 - 41 Ang mga pamilya nina Sis. Belen at Sis. Cherie Mortel ay nakahanap ng *country living site* sa Cavinti, Laguna. Naging kasapi at tagapagbunsod din ng kilusan ang kanilang mga pamilya sa Dasmariñas, Cavite.
 - 42 Para sa mga SDA, ang *Sunday Law* ay batas na pipilitin ang lahat ng mga relihiyong mangilin sa araw ng Linggo. Naniniwala sila na pangungunahan ng Iglesyang Romano Katoliko at mga denominasyong Protestante sa pakikipagtulungan ng mga ito sa gobyerno tanging-tangi na ng Estados Unidos ang sapilitang pangilingin sa araw ng Linggo. Yamang ang mga tapat na SDA diumano ay hindi makikiisa sa batas na ito, sila’y huhulihin at ipapapatay.
 - 43 Sa paniniwala ng mga SDA, ang “tatak ng hayop” na binabanggit dito ay ang pangilingin ng Linggo. Para sa mga SDA, ang gobyerno, sa pakikipagtulungan ng mga iglesyang nangingilin ng Linggo (Romano Katoliko, mga Protestante, atbp.) ang gagamiting instrumento ni Satanas upang usigin sila bilang piniling bayan ng Diyos. Pinaniniwalaan din na ang pagbabatas ng pangilingin ng Linggo ay magsisimula sa Amerika at ipatutupad sa buong daigdig ng gobyerno ng Amerika sa tulong ng Papa sa Roma at mga iglesyang Protestante. Panayam sa pinuno ng KPA sa Alsam, Tayabas, Quezon noong 26 Disyembre 2014—2 Enero 2015.
 - 44 Gamit ang prinsipyo ng apat (4) na buwan ng pagpapatubo at pagkatapos nito ay ang pag-aani, nakabuo ng kakaibang paglalapat sa talinhaga ang mga mangangaral ng kilusan. Para sa kanila, ang pagpapatubo ay ang simula ng paghahasik o pangangaral ng SDA sa buong sanlibutan na naganap noong 1874. Upang makalkula ang tagna, kailangan munang isalin sa bilang ng araw ang apat (4) na buwan ng pagpapatubo. Sa tradisyong SDA, ang isang buwan sa tagna ay may katumbas na tatlung (30) mga araw, kung kaya’t ang apat (4) na buwan kapag iminultiplika sa tatlung (30) mga araw ay aabot ng 120 mga araw. Sa tagna, ang isang araw ay katumbas ng isang taon. Samakatuwid, kung may apat (4) na buwan sa pagpapatubo at pagkatapos nito ay ang pag-aani, nangangahulugan itong 120 mga taon. Kapag idinagdag ang 120 mga taon sa 1874, babagsak nga naman ito sa taong 1994.
 - 45 Apocalipsis 18:4 - “At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot.”
 - 46 Sa Apocalipsis 19:10, ang “patotoo ni Jesus” ay ang espiritu ng tagna. Sa mga SDA, ang espiritu ng tagna ay kumakatawan diumano sa lahat ng mga isinulat ni Ellen G. White (EGW), ang kinikilalang propeta ng Iglesyang SDA. Sa pasimula, ang kilusan ay may katulad ding paniniwala na lahat ng isinulat ni EGW ay siyang espiritu ng tagna na sa kanilang pagtingin ay wala ng kakulangan at wala ng kamalian. Ngunit sa pagpasok ng taong 2003, dahil sa patuloy na pag-aaral ng mga kasapi ng KPA sa mga tagnang nakasulat sa Bibliya, naniwala silang may mga “natatanging liwanag” na hindi ipinagkaloob kay EGW bilang propeta ng Iglesyang SDA na inihayag lamang sa kanila ng Diyos bilang “huling nalabing iglesya.”

- 47 Halaw mula sa Don F. Neufeld, ed., *Seventh-Day Adventist Encyclopedia, Commentary Series, Vol. 10* (Maryland: Review and Herald Publishing Association, 1976), 491.
- 48 Joel 2:28-“At mangyayari pagkatapos na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain:”
- 2:29-“At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking espiritu.”
- 2:30-“At ako’y magpapakita ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa, dugo, at apoy, at mga haliging usok.”
- 2:31-“Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon.”
- 2:32-“At mangyari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas, sapagkat sa bundok ng Sion at sa Jerusalem doroon yaong nangakatanan, gaya ng sinabi ng Panginoon, at sa nangalabi ay yaong mga tinawag ng Panginoon.”
- 49 Mula sa salitang Griyego na *pentekoste*, ibig sabihin panglimampung araw. Sa mga Kristiyano, ang Pentecostes ay panglimampung araw mula sa kamatayan ni Kristo. Sa araw ng Pentecostes, ang mga alagad ni Kristo ay pinaniniwalaang tumanggap ng Banal na Espiritu o kapangyarihan mula sa Diyos. Tunghayan ang ikalawang kabanata ng Mga Gawa sa Bagong Tipan ng Bibliya.
- 50 Hinango mula sa Ellen G. White, *Early Writings* (Michigan: SDA Publishing Association, 1882), 34. Ang orihinal na paniniwalang SDA hinggil sa kapangyarihang hindi na mapapahamak sa panahon ng pag-uusig ang sinomang napabanal dahil sa pagbubuhos ng huling ulan (Banal na Espiritu) ay siyang paniniwala rin ng kilusan. Subalit noong 2008, nagkaroon ng pagbabago sa paniniwalang ito ang kilusan dahil para sa kanila, wala nang darating na *International Sunday Law* na dati’y siyang pinaniniwalaang hudyat ng pasimula ng pag-uusig. Bunga ito ng kanilang pakiwari sa direksiyon ng kilusang ekumenismo na nagwawagayway ng pagsasama-sama at pagkakaisa ng mga relihiyon sa buong daigdig. Gayumpaman, patuloy pa rin ang paniniwala ng mga kasapi ng kilusan na wala nang mamamatay sa makakabilang sa 144,000—ang iglesyang nalabi dahil sila’y ililigtas ng Diyos sa anumang panganib at kapahamakan.
- 51 Sa paniniwala ng mga SDA, ang “tatak ng hayop” na binabanggit dito ay ang pangilingin ng Linggo. Naniniwala ang mga SDA na ang gobyerno, sa pakikipagtulungan ng mga iglesyang nangingilin ng Linggo (Romano Katoliko, mga Protestante, atbp.) ang gagamiting instrumento ni Satanas upang usigin sila bilang piniling bayan ng Diyos. Pinaniniwalaan din na ang pagbabatas ng pangilingin ng Linggo ay magsisimula sa Amerika at ipapatupad sa iba’t ibang panig ng daigdig ng gobyerno ng Amerika sa tulong ng Papa sa Roma at mga iglesyang Protestante. Panayam sa pinuno ng kilusan.
- 52 Pagdidiin ni Dr. Vicente C. Villan sa panahon ng pinal na depensa ng mananaliksik sa kaniyang disertasyon sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman noong 27 Hulyo 2016.
- 53 Katagang ginagamit ng mga Tagalog para sa babaylan.
- 54 *Mga Awit sa Pagsamba*, 182. Ang awiting ito ay natutunan pa ng mga kasapi ng kilusan noong sila ay mga dati pang kaanib ng Iglesyang SDA.
- 55 Panayam mula sa mga prominenteng kababaihan ng KPA.

Sanggunian

- Agcaoili, Aurelio S. 2000. "Apoism, Millenarianism, and Negotiation of Religious Truths: The Case of the King of Kings (KOK)." *21st National Conference on Local and National History, Millenarian Movements: Historical and Contemporary Perspectives for the New Millenium*. Ateneo de Naga University, Philippine National Historical Society, Inc., Philippine Social Science Council, Inc., at National Historical Institute. October 26-27.
- Bauzon, Leslie E. 1998. "Modern Millenarianism in the Philippines and the State: Focus on Negros, 1857-1927." *Philippine Social Sciences Review*, Special Issue, April.
- Canceran, Delfo C. O.P. 1993. *A Pagan Face of God: Toward a Semiotics of Early Christianization in the Philippines, 1521 – 1665*. Manila: Rex Book Store.
- Cohn, Norman. 1957. *The Pursuit of the Millennium*. Fairlawn, New Jersey: Essential Books, Inc.
- Covar, Prospero R. 1975. *Philippine Folk Christianity*. Quezon City: Philippine Social Science Council.
- _____. 1961. *The Iglesia Watawat ng Labi: A Sociological Study of a Social Movement*. MA Thesis, Graduate School, University of the Philippines Diliman.
- Damsteegt, P. Gerard. 1977. *Foundations of the Seventh-day Adventist Message and Mission*. Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company.
- De los Reyes, Leonito. 1998. *Ngayon! Ngayon din ang Oras ng Pagbahanda!* Manila: pribadong pinalathala.
- _____. 1998. *Tatlong (3) Hula ng Babilonya at Babala ng Ikatlong Anghel*. Manila: pribadong pinalathala.
- _____. 1998. *Ang Repormasyon*. Manila: pribadong pinalathala.

- Guerrero, Milagros C. 1967. "The Colorum Uprisings: 1924-1931." *Asian Studies*, Vol. 5, No. 1, April.
- Halili, Maria Christine N. 2004. *Philippine History*. REX Book Store.
- Himes, Joshua V. 1842. *Views of the Prophecies and Prophetic Chronology, Selected from Manuscripts of William Miller*. Boston: Joshua V. Himes.
- Hobsbawm, E.J. 1959. *Primitive Rebels: Studies in Archaic Forms of Social Movement in the 19th and 20th Centuries*. New York & London: W.W. Norton & Company.
- Ikehata, Setsuho. 1990. *Popular Catholicism in the 19th Century Philippines: The Case of Cofradia de San Jose*.
- Ileto, Reynaldo C. 1989. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Iya, Palmo R. 2016. *Kilusang Propetikong Adbentista (KPA): Kasaysayan ng Milinaryang Kilusan sa Iglesyang Seventh-day Adventist (SDA), 1994 – Kasalukuyan*. Lungsod Quezon: Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Jocano, F. Landa ed. 1975. *The Philippines at the Spanish Contact: Some Major Accounts of Early Filipino Society and Culture*. Quezon City: Institute of Philippine Studies, Philippine Center for Advanced Studies, University of the Philippines System.
- Lasco, Lorenz. 2014. "Mga Dahilan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo noong Dating Panahon." *SALIKSIK E-Journal* Tomo 3, Blg. 1, Agosto.
- Leacock, Saul. 2006. *The Early and the Latter Rain of the Holy Spirit*. Wisconsin: Truth for the Final Generation.
- Loarca, Miguel Lopez de. 1903-1909. "Relation of the Filipinas Islands of the Inhabitants of the Pintados Islands and Their Mode of Life." In Blair, E. H. and J. A. Robertson. *The Philippine Islands 1493-1898*, Vol. 5. Cleveland: The Arthur H. Clark Company.

- McAndrew, John P. ed. 1987. *Monks, Dreamers, Preachers, and Rebels: Religious Solutions to the Problem of Meaning in a Peripheral Capitalist Society*. Manila: Asian Social Institute, Inc.
- Mercado, Leonardo N. 1982. *Christ in the Philippines*. Tacloban City: Divine Word University Publication.
- Moore, Marvin. 2001. *How to Think About the End Time*. Nampa, Idaho: Pacific Press Publishing Association.
- Nelmida-Flores, Maria C. 2000. “Kasaysayan ng Kilusang Mesianiko sa Pangasinan: Isang Pag-aaral sa Crusaders of the Divine Church of Christ (CDCC) ni Rufino Magliba.” *21st National Conference on Local and National History, Millenarian Movements: Historical and Contemporary Perspectives for the New Millenium*.” Ateneo de Naga University, Philippine National Historical Society, Inc., Philippine Social Science Council, Inc., at National Historical Institute, October 26-27.
- Neufeld, Don F. ed. 1976. *Seventh-day Adventist Encyclopedia*, Commentary Series Vol. 10. Maryland: Review and Herald Publishing Association.
- Nida, Eugene A. and Charles R. Taber. 1969. *The Theory and Practice of Translation*. Leiden, Netherlands: E. J. Brill.
- Paluga, Myfel Joseph D. 2000. “‘Araw’ at ‘Gahum’ ng New Israel sa Mindanaw: Isang Pag-aaral sa Sekta ng Moncado Alpha and Omega sa Perspektibang Historiko-kultural.” *Bagong Kasaysayan (BAKAS)*, Lathalain Blg. 9.
- Peregrino, Jovy M. 2001. *Verbo: Sakramentalisasyon ng Wika – Diskursong Iglesia ni Cristo*. Lungsod Quezon: Dulaang Filipino.
- Phelan, John Leddy. 1967. *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aims and Filipino Responses, 1565 – 1700*. Madison, Milwaukee, & London: The University of Wisconsin Press.
- Plasencia, Juan de. 1903-1909. “Customs of the Tagalogs.” In Blair, E. H. and J. A. Robertson. *The Philippine Islands 1493-1898*, 7. Cleveland: The Arthur H. Clark Company.

Romero, Carlos D. 1998. *Confirmation of Present Truth*. Manila: privately printed.

Saint Clair, Michael J. 1992. *Millenarian Movements in Historical Context*. New York: Garland Publication.

Scott, William Henry. 1994. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Sturtevant, David R. 1976. *Popular Uprisings in the Philippines 1840-1940*. Ithaca & London: Cornell University Press.

_____. 1969. "The Lapiang Malaya Affair: Rizalistas, Contemporary Revitalization Movements in the Philippines." *Agrarian Unrest in the Philippines*. Athens, Ohio: Ohio University Center for International Studies, Southeast Asia Program.

Sabino, Melencio T. 1955. *Karunungan ng Dios*. Manila: Melencio T. Sabino.

Talde, Daniel C. 1999. "Kilusang Panlipunan at Ang Dios-Dios sa Samar at Leyte." *The Journal of History*, Vol. 45, Nos. 1-4.

Ubaldo, Lars Raymund C. 2015. "Mga Pananda sa Paglilipat-Pulo at Pagtatatag ng Panahanang Austronesyano." *SALIKSIK E-Journal*, Tomo 4, Blg. 1, Agosto.

Urita, Jonathan R. 2004. *Ang Apocalipsis ni Juan sa Pitong (7) Salot*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.

_____. 2003. *Ang Bagong Pangalan ni Jesus sa 144,000*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.

_____. 2013. *Ang Milinaryo: Mga Pangyayari sa Pagsara ng Kasaysayan ng Daigdig*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.

_____. 2007. *Ang Pagkagapos ni Satanas sa Loob ng 1,000 Taon*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.

_____. 2004. *Ang Pagsasara ng Awa*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.

- _____. 2008. *Ang Pag-uusig sa Nalabi at Ang National I.D. System*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.
- _____. 2004. *Ang Panahon ng Kabagabagan ni Jacob*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.
- _____. 2013. "Ang Seventh-day Adventist." *The End: Summary Report of 6000 Years*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.
- Urita, Jr. Robert R. 1996. *Review: Repormasyon*. Manila: pribadong pinalathala.
- _____. 2007. *2007 Kabuuang Ulat sa Paraan ng Awit ng 1994 End Time Prophetic Group*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.
- _____. 2008. *2008 Kabuuang Ulat ng mga Katotohanan sa Paraan ng Awit*. Lacawan, Tayabas: pribadong pinalathala.
- Villan, Vicente. C. 2013. "Ilub, Unong, at Amok: Pag-unawa sa Katatagan ng Buut ng mga Bayani sa Himagsikang Pilipino sa Panay, 1896-1898." *DIWA E-Journal*, Tomo 1, Blg. 1, Nobyembre.
- Wada, Motoe T. 1992. *Ang Kilusang Sakdal, 1930-1945*. PhD Disertasyon, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman.
- Wallace, Anthony F.C. 1966. *Religion: An Anthropological View*. New York: Random House.
- White, Ellen G. 1909. *Selected Messages*, Vol. 2. Michigan: SDA Publishing Association.
- _____. 1898. *The Desire of Ages*. Michigan: SDA Publishing Association.
- Wiley, Mark V. 1996. *Filipino Martial Culture*. Tuttle Publishing.
- Zaide, Gregorio. F. 1939. *Philippine History and Civilization*. Manila: Philippine Associated Publishers.

Mga Panayam

Lider ng Kilusan (Bro. Jonathan R. Urita) sa tahanan nito sa Alsam, Tayabas, Quezon noong Disyembre 26, 2014—Enero 2, 2015. Hanggang sa kasalukuyan, dumadalo ang mananaliksik sa mga *Sabbath Fellowship* at *camp meeting* ng KPA at patuloy na gumagawa ng mga panayam.

Ilang Piling Kaanib ng Kilusan. Isinagawa ang mga panayam sa tatlong *country living sites* ng KPA: 1. Alsam, Tayabas, Quezon noong Disyembre 26, 2014—Enero 2, 2015 (Sis. Normie Urita, Sis. Lenly, Bro. Arnel); 2. Sitio Malani, Bgy. Anupul, Dapdap, Bamban, Tarlac noong Enero 26,—Pebrero 9, 2015 (Sis. Ladelle U. Glory, Bro. Tata Talidong, Sis. Noemie); at 3. Kagutungan, Daligan, Sta. Cruz, Ilocos Sur noong Pebrero 22,—Marso 8, 2015 (Bro. Carlos Romero, Sis. Jessica Romero).

Iba pang Sanggunian

Ang Banal na Kasulatan. 1982. Philippine Bible Society.

Mga Awit sa Pagsamba ng KPA.

ANG HUWARANG PROTAGONISTA

Pagbasa sa Hangga't
Alat ang Dagat
(1989/2007)

CHUCKBERRY J. PASCUAL

College of Arts and Letters
University of Santo Tomas

ABSTRAK

Sa pagsusuri ng nobelang *Hangga't Alat ang Dagat* ni Joey Arrogante, hinihistorisa ng papel ang konsepto ng bakla sa Pilipinas at inilulugar ang nobela ni Arrogante sa tradisyon ng panitikang bakla sa Pilipinas. Sa dulo, inaasahang napalitaw kung paanong nagtangka si Arrogante na sumulat ng nobelang realista na kapag tinuos ay lumilitaw bilang modernong bersiyon ng ehemplo.

Panandang Salita: Nobela, panitikang bakla, kritisismong pampanitikan, queer studies

“Mangyari pa, sa harap ng mamahalin ngayong Diyos at mapagmataas na daigdig, magsilbi itong maringal na halimbawa ng marubdob at matiyagang pagpupunyagi sa pagwawagayway ng ipinagtatanggol na bandila.”

—Joey Arrogante (*“Hangga't Alat ang Dagat”* 103)

Bakit nga ba may mga nobelang pinaglalaanan ng panahon para suriin at gawan ng kritikal na papel? Ano ba ang nararapat na pamantayan para rito? Kapag ba bagsak sa pormal na pamantayan, i.e. “pangit ang pagkakasulat,” ay hindi na dapat suriin? Paano ang nilalaman? Dapat pa rin ba itong isama sa pag-unawa ng tradisyon sa nobela? O dapat bang isantabi ang mga nobelang hindi mahuhusay, dahil may implisitong pagtulak sa pagiging kanon ang anumang uri ng kritikal na atensiyon sa tekstong pampanitikan?

Binanggit ang mga tanong na ito, dahil ang mismong mga tanong na ito ang nakapagbunsod sa pagsulat ng papel na ito, at ang mga ito rin ang gumabay sa pagsulat ng kritisismo tungkol sa nobelang tatalakayin, ang *Hangga't Alat ang Dagat* ni Joey Arrogante. Magsisimula muna ako sa pagtatangkang ihistorisa ang konsepto ng bakla, saka magtutuloy sa paglulugar ng nobela sa tradisyon ng panitikang bakla sa Pilipinas, pagkuwa'y sa pagtalakay sa mga kahinaan nito, at sa posibleng halaga ng nobela sa tradisyon ng nobelang bakla. Inaasahan na sa pagwawakas ng kabanata, maipaliwanag kung paano nagtangka si Arrogante na sumulat ng nobelang realista na kapag tinuos ay lumilitaw bilang modernong bersiyon ng ehemplo (Mojares 80-83).

Sino nga ba Ang Bakla?

Ang kasalukuyang pagpapakahulugan sa bakla ay

1. lalaking parang babae ang kilos at pananalita: binabae
2. lalaking nagkakagusto, umiibig, at nakikipagtalik sa kapuwa lalaki (Almario 79).

Ibinigay rin bilang cross-reference ang mga salita sa ibang wika sa Pilipinas na tumutukoy sa bakla: agi, aginging, badap, bading, bantut, bayot at ang mga Ingles na salitang gay at homosexual. Ang homosexual naman ay binibigyang depinisyon bilang

- | | |
|------------|---|
| pangngalan | 1. bakla |
| | 2. tao na nagpapamalas ng homosexuality |
| pang-uri | 1. hinggil sa o nagpapamalas ng homosexuality |
| | 2. hinggil sa o nagpapahiwatig ng magkatulad na kasarian (Almario 340). |

Kung pagbabatayan ang dalawang kasalukuyang pagpapakahulugan na ito, ang bakla ay isang lalaking parang babae ang kilos at pananalita na eksklusibong nagkakaroon ng pagnanasa sa kapwa lalaki. Sa kanyang pag-aaral ng ebolusyon ng kultura ng bakla, binibigyang distinksyon ni J. Neil C. Garcia ang bakla at homosexual. Ang bakla, bilang isang indigenous na konsepto ay

...transvestites and probably...other effeminate homosexuals. (It) appears to require effeminacy to justify its use; homosexual behavior is not sufficient... (Sechrest and Flores in Garcia 52)

habang ang homosexual, na isang Kanluraning konsepto

...strictly refers to sexual object choice and hence it cuts across sexes. (And so, the term homosexual may be appended to either male or female, while bakla may not) (Garcia xviii).

Ang salitang bakla kung gayon ay kumakatawan sa isang kasarian—ibig sabihin, may inaasahang mga katangian tulad ng pagiging malamya at mahinhin, samantalang ang homosexual ay maikakabit lamang sa indibidwal, ayon sa kung sino ang kanyang nais makatalik. Mas may tuon sa identidad ang una, habang mas may tuon sa gawa naman ang huli.

Sa puntong ito, nais kong linawin na ang hinahanap na bakla ay hindi istriktong nakabatay sa mga pagpapakahulugan na ito dahil ang mga salita at konsepto ay hindi naman nakaukit sa bato sa pagtakbo ng panahon, dumaraan ito sa mga pagbabago, tulad ng makikita natin sa representasyon nito sa panitikan sa talakay sa ibaba. Kaya masasabing ang mga pagpapakahulugang ito ay posibleng hindi pa umiiral noong Panahon ng Kastila. Tingnan halimbawa ang depinasyon ng *bacla* sa Vocabulario dela lengua tagala nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar:

Enlabiar—tuksuhin, kunin, paglalapat ng labi
 Enganar con lustre o hermosura—linlangin, dayain, lokohin sa pamamagitan ng liwanag o kagandahan
 Sanar con palabras fingidas—gamutin sa pamamagitan ng huwad o nakapanlilinlang na kataga o salita
 Alteracion, espanto de cosa nueva—baguhin ang isang bagay na nakatatatod o nakasisindak (de Noceda at Sanlucar in Rodriguez 16o).

Malinaw na walang kinalaman ang salitang *bacla* noong ikalabingwalong dantaon sa salitang baklang alam natin ngayon. Pero tulad nga ng sinabi, hindi naman talaga istriktong salitang “bakla” ang hanap, isa lamang itong semantikong pamamaraan ng pagtukoy sa kasalukuyan, sa kung ano ang hinahanap sa nakaraan. Kaya mahalaga ang pagsasabing “personang bakla” ang hinahanap, dahil mas bibigyang pahalaga ang mga katangian at/o gawaing nagbibigay-gulugod sa konsepto ng bakla kaysa aktuwal na depinisyong nakasunod sa salitang “bakla.”

Ang Personang Bakla Bilang Bihis-Babae

Bago pa man dumating ang mga kolonisador, mayroon nang bakla sa Pilipinas. Makikita ang personang ito sa mga babaylan at catalonan o mga sinaunang pari.

Mahalaga ang papel ng mga babaylan sa sinaunang lipunang Pilipino dahil sila ang mga lider ng mga katutubong ritwal sa pagtatanim, pagluluwal ng sanggol, pagbibinyag, at pangagamot. Ang babaylan ang pinakasentral na personahe sa dating Lipunang Pilipino sa larangan ng kalinangan, relihiyon at medisina at sa lahat ng uri ng teoretikal at praktikal na kaalaman hinggil sa mga penomeno ng kalikasan. At isa sa mga kahingian para maging babaylan ay ang pagiging babae o pagkakaroon ng katiting na pagkababae ng isang nilalang (Salazar 2; de Arteda in Blair and Robertson vol. 3, 198; de Loarca in Blair and Robertson vol. 5, 131, 173; Diaz in Blair and Robertson vol. 38, 133; Colin in Blair and Robertson vol. 40, 49; de San Antonio in Blair and Robertson vol. 40, 344).

Ayon sa kasaysayan ng mga Bisaya na isinulat ng Heswitang si Ignacio Alcina,

If there was some man who might have been [a priest], he was *Asog*...” (Alcina in Cullamar 18).

Sa Bisaya, ang ibig sabihin ng salitang asug/asog ay kilos-babae (effeminate). Ginagamit din ang asug bilang pantukoy sa mga hayop o punong hindi nagbubunga. Singkahulugan nito ang mga salitang bayug o bantut. Ang bayug naman ay patungkol sa isang lalaking umaasta at nagbibihis tulad ng isang babae. (Alcina 489) Ayon kay Alcina, mga lalaki ang asug pero hindi tulad ng ibang lalaking Pintados, mahinhin sila at tulad rin ng mga babae, hindi naglalagay ng mga tattoo sa katawan. (Alcina 141)

Batay sa relasyong isinulat ni Juan de Plasencia na “Customs of the Tagalogs,” ang catalonan

...was either a man or a woman. This office was an honorable one among the natives, and was held ordinarily by people of rank, this rule being general in all the islands (de Plasencia in Blair and Robertson vol. 7, 192).

Kasama rin sa listahan ni Plasencia ng mga “pari ng demonyo” ang bayoguin, isang

...effeminate man [hombre maricon], inclined to be a woman and to all the duties of the feminine sex (de Plasencia in Blair and Robertson vol. 7, 345).

Kaya ayon naman sa relasyong isinulat ni Domingo Perez, ang pari ng mga Sambal na kilala bilang bayoc ay tulad din ng mga babaylan at catalonan ay nag-aasta at nagbibihis-babae:

This priest is called bayoc, and he dresses like a woman. He wears a tapis, or apron, and ties up his hair like a woman, although above the tapis he wears and girds his catan, on the left side, and on the right side, his yua as other men (Perez in Blair and Robertson vol. 47, p. 300).

Kung gayon, malinaw na mailalarawan ang personang baklang nadatnan ng mga misyonerong Kastila sa katauhan ng mga babaylan ay isang *transvestic* at *cross-dressing* na persona. Ibig sabihin, isinusuot nila ang mga damit ng ibang kasarian, sa kasong ito, sa babae. Pero ang ibig bang sabihin nito ay homosexual—ibig sabihin, nakikipagtalik sa kapwa lalaki—ang mga babaylan?

Tingnan sandali ang relasyong isinulat ni Francisco Combes ukol sa “kakatwang katangian” ng mga Subanon. Sa kanyang relasyon, idineklara ni Combes ang mga bido o labia, mga lalaking umaasta at nagbibihis-babae bilang mga eunoko o mga taong kinapon, kaya walang kakayahang makipagtalik. (Combes in Blair and Robertson vol. 40, 160-164) Pinakapuri-puri niya ang mga ito, lalo na ang nakilala niyang labia na may pangalang Tuto at nagpabinyag sa Kristiyanong pangalan na Martin:

Among this nation there is a class of men who profess celibacy and govern themselves by natural law, and they are very punctual and perfect in their observance of it; and such is the feeling of security in regard to them, that they are allowed to go about women without any fear or suspicion. Their dress is throughout like that of the women, with skirts of the same fashion. They do not use weapons or engage in anything else that is peculiar to men, or communicate with them. They weave the mantas that are used here, which is the proper employment of women, and all their conversation is with women (Combes in Blair and Robertson vol. 40, 160-164).

Pero ikinumpara naman ng talababa ang “asexual” na bido sa “sexual” na Manang bali ng Borneo. Ayon sa talababa, ang mga Manang bali ay kumukuha ng asawang lalaki (Combes in Blair and Robertson vol. 40, 160-164).

Ngayon, hindi naman malayong isipin na nagtatalik ang Manang bali at ang kanyang asawang lalaki. Isa pa, si Combes din mismo ay nagbanggit ng isang insidente ng “di-natural na krimen,” isang eupemismo ng salitang sodomy. Labis ang inilarawan niyang disgusto ng mga tao mga maysala, kung kaya sinunog pati ang kanilang mga ari-arian.

...the severity of the execution well shows their natural horror, for such people are burned, and...nothing that they possessed is allowed to escape from this rigor, as being contaminated. Or, having caged the offenders, they throw them into the sea, and destroy their houses and fields, by such punishment to make demonstration of their abhorrence (Combes in Blair and Robertson vol. 40, 160-164).

Bagaman ang sodomy noon ay patungkol sa iba't ibang gawain na lumilihis sa inirerekomenda ng simbahang Katoliko—tulad halimbawa ng simpleng pag-ibabaw ng babae sa pagtatalik—kung kaya hindi naman eksklusibong patungkol lamang sa mga pagtatalik na homosexual, walang dudang kabilang pa rin ang huli sa mga “di-natural na krimen.”

Isang ispekulasyon tungkol sa pagiging homosexual ng mga babaylan/ bido/ bayoguin/ bantut ang maaaring mabuo: hindi kaya ang ganitong marahas na pagtrato ng mga Subanon sa mga maysala (na malamang ay dulot lang naman ng kumbersyon nila sa Katolisismo. Ang argumento tungkol dito ay tatalakayin sa ibaba.) ang siyang dahilan ng takot ni Tuto sa paglabas-labas? Na para makita siya ni Combes mula sa pagtatago ay kinailangan pang magsinungaling ng prayle?

Without allowing them to talk, or to question whether he was there or not, or where, but assuming that it was a well-known thing, I turned to a relative of the governor, and said to him: ‘Go for him quickly, for I shall not move from this spot until he comes (Combes in Blair and Robertson vol. 40, 160-164).

Dahil wala namang binanggit sina Alcina, Plasencia at Perez tungkol sa pakikipagtalik sa kapwa lalaki ng mga mala-babaeng babaylan/bayoguin/asog, hindi kaagad masasabing ang babaylan ay isa na ngang homosexual. Hindi kaagad nangangahulugan ang pagdadamit-babae at pagkikilos-babae ng homosexual na pagtatalik dahil kung ikukumpara sa Kanluran, ang mga sikat na cross-dressers tulad nina Chevalier d’Eon at Joan of Arc ay hindi naman kinakitaan atraksyon sa mga indibidwal na kapareho ng kanilang kasarian (Hogan at Hudson 160).

Ngayon, maaaring sabihin na iba naman ang kultura ng mga katutubong Pilipinong inabutan ng mga misyonero. Totoo naman. At hindi rin dahil lamang sa kawalan ng komento ng mga misyonerong Kastila tungkol sa pakikipagtalik ng mga babaylan ay hindi na nga sila nakikipagtalik. Mayroon pa rin namang espasyo para sa ispekulasyon.

Ang masasabing siguradong katangian ng personang bakla sa unang paglitaw nito sa mga dokumentong isinulat ng mga misyonerong Kastila ay mahinhin, asal-babae, nagdadamit-babae at ginagampanan ang mga tungkulin ng isang babae. Sa madaling salita, ang personang bakla sa panahong ito ay isa nang kasarian, dahil tinutupad nito ang mga inaasahang gampanin niya sa lipunan, iyong bayolohikal na lalaki pero mistulang “babae.” Pero kailangan pa rin linawin kung tunay ngang sexual o mas eksakto—homosexual—ang personang bakla.

Ang Personang Bakla Bilang Sexual

Ayon kay John Leddy Phelan, kung pagbabatayan ang dami ng mga katutubong nagpabinyag, humigit kumulang limampung taon ang lumipas bago nailatag ang matatag na pundasyon ng Kristiyanismo sa Pilipinas. Taong 1604 pa lamang ay binanggit na ng isang Heswita na halos lahat ay gusto nang magpabinyag, kaya sinabi naman ni Phelan na dahil sa mayoryang ito ay “nawala na ang seryosong oposisyon.” (56-57)

Pero kung pagbabatayan ang mga relasyon hanggang ika-18 at ika-19 na dantaon, hindi pa rin lubos na “nawala ang seryosong oposisyon.” Patunay ang mga maliliit na pag-aalsa, na bagaman ang karamihan ay binyagan, iba naman ang naging pormulasyon ng “tinanggap” na bagong relihiyon. (Phelan 56-57) Mahalagang banggitin na ang ilan pa sa mga pagtutol sa kapangyarihan ng mga Kastila ay pinamunuan ng mga taong maituturing na kumakatawan sa personang bakla. Ang babaylan na si Tapar halimbawa, ay noong bandang dulo ng ika-16 na dantaon nag-alsa.

In the visita of Malonor there was at this time a malicious Indian, a noted sorcerer and priest of the demon, who lived in concealment in the dense forest; and there he called together the Indians, telling them that he was commanded by the nonos—who are the souls of their first ancestors who came over to people these Filipinas—in whose name he assured them that the demon had appeared to them in trees and caves. *This minister of Satan was named Tapar, and went about in the garb of a woman*, on account of the office of babaylan and priest of the demon, with whom they supposed that he had a pact and frequent communication (Dias in Blair and Robertson vol. 38, 218-219, akin ang diin).

Noong ika-18 dantaon, binanggit sa isang relasyon ng mga Agustinong misyonero na patuloy pa rin ang impluwensiya ng mga anitera sa mga katutubo.

Many persons desired baptism, but some were lured away by the devil, speaking through the priestesses (anitera) (Mozo in Blair and Robertson vol. 48, 126).

Isa naman sa mga nabanggit na pag-aalsa sa pag-aaral ni Alfred W. McCoy na “Baylan: Animist Religion and Peasant Ideology” ay pinamunuan ni Ponciano Elope, kilala rin bilang Buhawi. Tinukoy ni McCoy si Buhawi bilang isang “kilalang homosexual” at tradisyonal na manggagamot, “dalawang katangiang komplementaryo sa isa’t isa.” Tinukoy rin niya si Gregorio Lampino, isang “homosexual na magsasaka” mula sa Janiuay, Iloilo, na namuno sa mga pag-aalsa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kakayahang lumipad at maglaho. Gumagamit rin daw si Lampino ng mga sakripisyong babaylan sa kanyang pamumuno (McCoy in Wyatt and Woodside 374-376).

Mahalagang detalye ang pagsasabi ni McCoy na “kilalang homosexual” si Elope at ang pagtukoy sa kanilang dalawa ni Lampino bilang mga “homosexual.” Kung “kilala” si Elope bilang homosexual, ibig sabihin ay batid ng maraming mayroon siyang mga sexual na relasyon sa mga kapwa lalaki; gayundin si Lampino. Dahil pareho silang tagapagmana ng mga sinaunang babaylan, maaaring isiping kahit dati pa, mayroon nang mga homosexual na aktibidad ang mga babaylan/bayoguin. Maaaring isipin ito tungkol sa babaylan noong ika-17 dantaon na si Tapar at ang iba pang mga tulad niya na hindi na lamang nabanggit sa mga dokumento ng kasaysayan. Lalong magdudulot ng suspetsa ang isang tanong tungkol sa ika-anim na utos sa confesionariong isinulat ni Tomas Pinpin. Hindi kaya patungkol ito sa bayoguin? Kapag nagkataon ay isa itong rebelasyon dahil may kaalaman pa rin pala kahit ang binyagang si Pinpin tungkol sa mga gawain ng mga hindi binyagan at lalo na sa pag-iral ng mga bayoguin.

Dalaga caya yaong totoo, *na ualang bacas lalaqui*, ay ycao ang naonang nacasira nang pagcadalaga niya? (Pinpin, walang pahina, akin ang diin).

Ang salitang *Bululaque* naman, na gamit ng mga Kastilang pantukoy sa isang lugar sa Cebu, ay tinukoy ni Alcina bilang korupsiyon ng salitang *Bulilaku* na aniya, “isang napakasamang salita sa wikang iyon.” Ayon sa talababa ng salitang iyon, ang ibig sabihin ng unang bahagi ng salita na buli ay maaaring puwit ng tao o puwit ng banga. Ang salitang *nabuli* ay “kasalanan laban sa kalikasan” (Alcina 163, 176). Dahil mayroong salitang mula sa mga katutubo na patungkol sa pagtatalik na ginagamit ang puwit, hindi kaya patunay ito na ginagawa na ito ng mga katutubo noon? At kahit pa sabihing puwede naman itong gawin ng lalaki at babae, bukas pa rin ang posibilidad na ginagawa ito ng mga kalalakihan sa isa’t isa.

Ano kaya ang dahilan at hindi binanggit ng mga misyonero ang mga homosexual na gawain ng mga bayoguin dati? At itinanghal pa nga ng isa sa kanila, si Combes, ang mga bido bilang mga “tanging kislap ng mabuting asal sa kadiliman?” Ang pilosopong sagot, bagaman totoo: *wala naman kasi silang nasaksihan*. Pero hindi naman sapat isipin na dahil hindi nakita (o sinadyang hindi makita?) ng mga misyonero ay hindi na nagaganap.

Makikita ang kontradiksyon ng pagtingin ng mga Kastila sa sexualidad ng mga katutubo kahit noong umpisa pa lamang ng pananakop. Sa “Sucesos de las Islas Filipinas” ni Antonio de Morga, inilarawan niya ang mga Pintados bilang “mababagsik at senswal.” Dagdag pa, binanggit niya ang paggamit ng mga katutubo ng sagra, isang sinaunang uri ng erotica sa Pilipinas:

The men skillfully make a hole in their virile member near its head, and insert therein a serpent’s head, either of metal or ivory, and fasten it with a peg of the same material passed through the hole, so that it cannot become unfastened. They are very fond of this and receive much pleasure from it...These devices are called sagras... (de Morga in Blair and Robertson vol. 16, 130).

Malinaw na isang paglihis sa “natural na batas” ang paggamit ng sagra ng mga Pintados sa kanilang pagtatalik pero kataka-takang hindi maisip ni Morga na walang kakayahan ang mga katutubong maging “sodomitic.” Sa halip, itinuro niya bilang mga salarin na nagturo sa mga katutubo ang mga kapwa Kastila at ang mga Sangley.

As long as these natives lived in their paganism, it was not known that they had fallen into the *abominable sin against nature*. But after the Spaniards had entered their country, through communication with them—and still more, through that with the Sangleys, who have come from China, and are much given to that vice—it has communicated to them somewhat, both to men and women (de Morga in Blair and Robertson vol. 16, 130, akin ang diin).

Makikita rin ang paninisi sa mga Sangley sa sulat ni Santibanez kay Felipe II:

What is worse than this is, that the crime against nature is as prevalent among them as in Sodoma; and they practice it with the natives, both men and women (Santibanez in Blair and Robertson vol. 10, 150).

Tulad ng relasyon ni Morga, ang relasyon ni Sande ay noong ika-16 na dantaon din isinulat. Binanggit ni Sande ang sodomy bilang gawain ng mga katutubo:

They are a vile people, and are sodomites, as is affirmed by Spaniards who have seen young boys present themselves before the justice to ask the amount of the fine for the crime of violation and frankly pay it (de Sande in Blair and Robertson vol. 4, 51).

Dahil sa pagtawag sa kanila at kanilang mga gawain bilang “sodomites” at “pervert,” lumilitaw sa mga pahayag na ito hindi lamang ang pagiging sexual ng mga katutubo, kundi ang pagiging sexual nila na lumalabag sa mga batas ng simbahang Katoliko. Kasama sa mga paglabag na ito ang mga homosexual na gawain.

Panitikang Bakla sa Pilipinas

Sa *Philippine Gay Culture*, hinistorisa ni J. Neil Garcia ang kulturang bakla sa Pilipinas, at kasama nito, itinampok rin niya ang panitikang bakla. Ang ikalawang bahagi ng libro ay tumatalakay sa akda ng mga manunulat na tinagurian ni Garcia bilang “early gay writers”: ang *The Lion and the Faun* ni Severino Montano, ang *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* ni Orlando Nadres, at *Cubao 1980* ni Tony Perez. (237-318). Narito ang paliwanag ni Garcia:

First, the term ‘early’: in what way may Montano, Nadres and Perez be called ‘early’?

Actually, the qualifier is rather clumsy, and I don’t think it can be defensibly be argued for—except perhaps by citing how this study itself ‘early’ too? And by this, I mean that it is the first to undertake a project in local literary criticism with homosexual writings as the specific object of scrutiny. To be sure the fact that one is the first to do something may not be considered a source of singular pride, for it is always true that anything ‘first’ is necessarily dogmatic and hence subvertible...

Further, the temporalizing qualifier ‘early’ becomes more logical when taken against the newer homosexual works that have been (and will be) coming out these days... And so, the label ‘early’ becomes bothersome only perhaps because it has come to us so late in the day” (227-228).

Maingat ang naging pagtukoy ni Garcia sa mga akdang ito bilang “maaga,” kung hindi man “tagapanguna,” dahil sa kanyang babala na ang anumang maging una ay *palaging* dogmatiko at kung gayon ay dapat sagkain. Napatunayan naman ito ni Garcia sa kanyang pagsusuri sa tatlong akda. Hinatulan niyang kulang ang hindi tapos na nobela ni Montano, dahil sa paglalangkap ng Griyego at Kristiyanong kuwadro sa naratibo, ngunit walang representasyon ng bakla (271). Mas nagtagumpay naman ang dula ni Nadres, kahit na sa dulo, binanggit pa rin ni Garcia na ang posibleng dahilan ng popularidad nito ay dahil sa pagkiling sa pagbabansag (labeling) (296). Mas nagiging katanggap-tanggap ang polemiko ng dula dahil ikinakahon ang mga identidad at sexualidad, at ang mga kahong ito ay hindi masyadong hinahamon ang isipan at halagahin ng mga manonood at mambabasa. Pero ang *Cubao 1980* ang tumanggap ng pinakamatinding kritisismo mula kay Garcia, dahil sa kabila ng pangako ng

subtitulo nito (“Unang Sigaw ng Gay Liberation Movement sa Pilipinas”), tila iminumungkahi ng nobela na itinumbas ng nobela ang paglaya ng homosexual sa pagpapalaya ng homosexual na pagnanasa, kung kaya maaaring sabihing pagtatakwil rito (308). Dagdag pa ni Garcia, “The novella’s moralizing closure, for instance, says this much: homosexuality can only lead to tragedy” (308). Mahirap pasubalian ang naging pagbasa ni Garcia dahil problematiko naman talaga ang nobela ni Perez. Sa kabila ng militante nitong agenda, sa formal na desisyon pa lamang, pumapalya na ito: ang perspektibong pinagmumulan ay iyong galing sa isang straight na callboy.

1992 lumabas ang nobela ni Tony Perez. Ang pagiging “una” na tinutukoy sa titulo ay may kinalaman sa pagsusulat bilang isang lantarang politikal na proyekto, partikular iyong malay sa politikal na aspekto ng representasyon sa panitikan, at malay sa mga relasyong pangkapangyarihan at pangkasarian. Malayo na ang konsepto ng pagiging bakla ni Perez sa talakay sa itaas. Ang sunod na lumabas na mga akdang malay sa pagiging panitikang bakla ay ang mga antolohiya na ng *Ladlad* na pinamatnugutan ni Garcia mismo at ni Danton Remoto: 1994 lumabas ang unang antolohiyang *Ladlad*, at 1996 naman ang ikalawa.¹ Noong 1997, sa revised edition ng *Philippine Literature: A History and Anthology* ng mga Lumbera, napabilang ang maikling kuwentong “Geyluv” ni Honorio Bartolome de Dios (412-420). Mahalaga ang pagkakasama ng panitikang bakla (at panitikan ng kababaihan, dahil isinama rin ang mga akda nina Joy Barrios, Benilda Santos, at Lilia Quindoza-Santiago sa bahaging nagtatampok sa “Panitikang Post-Edsa”) sa antolohiya ng mga Lumbera dahil pagkilala ito ng mga kritiko sa noon ay hindi na maitatatwang paglaganap ng panitikan na may kinalaman sa kasarian. Maaari rin itong ituring na isang uri ng pagpasok ng akdang bakla sa kanon.

Noong 1998, inilimbag ang *Sa Labas ng Parlor*, isang koleksiyon ng mga kuwento ni De Dios nagtatampok sa mga baklang protagonista. Anim na taon na ang agwat nito sa *Cubao 1980* ngunit kung tutuusin, tila hindi pa rin nalalayo ang mensahe ng koleksiyon ni De Dios sa nobela ni Perez: ang pag-igpaw sa mga istiryotipikal na representasyon ng bakla, partikular iyong maingay, galawgaw, at hayok sa lalaki. Kung ihahambing kay Perez, mas matagumpay si De Dios na gawin ito, pangunahin dahil sa pagtatampok ng perspektibong bakla at ng mga protagonistang bakla sa kanyang mga kuwento. May pagkilala ang koleksiyon sa kung ano ang nais talikdan, i.e. ang baklang parloric, dahil mayroon pa ring mga ganitong klaseng bakla sa koleksiyon, pero sumasaliwa ang mga ito sa

mga heteropatriyarkal na inaasahan. Sa “Atseng,” halimbawa, parloric ang baklang si Atseng, ngunit marunong lumaban tulad ng isang “tunay na lalaki” (3-11). Parloric din si Bernie, ang protagonista sa “Giyera,” pero sa halip na maluoy lamang sa “kabaklaan,” naging kasangkapan ang pagiging parlorista para makapagsulong ng politikang lampas sa identidad: naging balatkayo ang makeup at pagbibihis-babae para makatakas ang mga rebelde (117-141).

Pero tulad din ng akda ni Perez, may nakapansin ng tendensiya sa karahasan sa panulat ni De Dios. Sa sanaysay na “Lampas sa Pita ng Laman,” pinuna ni Rodriguez ang tila simplistikong resolusyon ng kuwentong “Lalaki,” kung saan pinatay ng protagonistang bakla ang iniibig na abusadong lalaki. Bayolente at madugo ang pagpatay na ito, dahil sinaksak nang paulit-ulit ang lalaki habang nasa gitna ng pagtatalik. Basahin ang sipi:

Maliwanag na sa bahaging ito ng kuwento ang pagpatay sa lalaki ang *radikal* na panunuligsa sa isang sistemang patriyarkal. Ang pagpatay bilang imahe’t talinhaga ng pagpapalaya sa sarili ang nais gawing punto ng kuwento. Kung talinhaga man ito ng pagpatay sa patriyarka, hindi ito ganoon kadali. Kung tutuusin, dito maaaring ipaloob ang binabanggit na kamalayang bakla, subalit hindi pa rin ito malinaw sapagkat tinitingnan ang pamamaraan sa paglaya ng bakla sa pamamagitan ng marahas na paraan (Rodriguez in Evasco et al 178).

Sa nobela naman, ang *Orosa-Nakpil, Malate* ang maituturing na sumunod sa *Cubao 1980*. Kakaiba ang nobelang ito ni Louie Mar Gangcuangco sa mga nobelang bakla sa maraming dahilan: ito lamang ang independent publication, 19 na taong gulang lamang ang nagsulat, at bagaman mayroon ding litaw na politikal na layon, sa *Orosa-Nakpil, Malate* lamang unang beses isinangkot ang usapin ng HIV at AIDS sa nobelang baklang Pilipino. (May banggit na rin sa AIDS sa *Cubao 1980* ni Perez, pero hindi sa mismong nobela, kundi sa isang sulat na kasama sa koleksiyon. At ang tinutukoy na PWA ay nakatira sa Amerika. Tila malayo pa ang AIDS sa popular na kamalayan sa Pilipinas noon.)

Isinasalaysay sa nobela ang pagkamulat ni Dave, isang kabataang estudyante ng Intarmed sa UP Manila. Ang perspektibo ng nobela ay nagmumula sa ama ni Dave, na patay na. Nakabantay ito kay Dave, at nakikita ang lahat. Tampok sa nobela ang pagnanasa ni Dave, ang kanyang mga sexual at romantikong karanasan, at kung paanong nagkasala-salabid ito dahil sa HIV/AIDS. Romantiko ang bisyon ng nobela, ngunit nakababad sa medikal na diskurso: ang unyon ng mga katawan ay bunga ng pagmamahalan, bagaman hindi lamang nalilimita ang pagmamahalan na ito sa pagtatalik, kundi sumasaklaw rin sa pag-aalaga ng katawang may sakit. Nagkakaroon nga ng ibang dimensiyon ang

terminong “realistiko” kapag binasa ang mga itinuturong posibilidad ng nobela sa pag-unawa sa kalikasan ng tao. Tulad halimbawa sa siping ito mula sa isang kumbersasyon sa nobela:

“...*Ano ba talaga ang reason behind a man liking a man?*”

“*Well, the seat of the sex drive according to psychiatrists is in the part of the brain called the hypothalamus. Electric stimulation of a certain part of it called the pyriform cortex promotes hypersexuality in cats. Ang nangyari po sa mga pusa ay they practically copulating almost continuously with anything, as in with any object they grasp!*” (sic) (33).

Maliban pa rito, ibubunyag sa dulo na bakla rin ang Tatay ni Dave, ang tagapagsalaysay sa nobela, pero pinilit nitong “magpakadisente,” kaya minahal ang nanay ni Dave. Maaaring isipin na bisexual ang Tatay ni Dave, at ipinapahiwatig rin ng nobela na posibleng “minana” ni Dave ang pagiging bakla o hindi-heterosexual sa kanyang ama.

2006 pa inilimbag ang nobela ni Gangcuangco—“historikal” na ngang maituturing ang sexual na etnograpiyang matatagpuan sa *Orosa-Nakpil*—ngunit tila ngayon lang umiingay ang usapin ng HIV/AIDS sa nobelang bakla. Ang popularisasyon na ito ay epekto ng *Mga Batang Poz* ni Segundo Matias, isang nobelang YA, na nitong 2018 lamang nailathala. Tulad ng *Orosa-Nakpil*, tungkol ito sa pagkamulat ng tauhang kabataan, na may tuon sa kanilang mga sexual at romantikong engkuwentro. Pero sa halip na isa, buhay ng apat na kabataan ang itinampok sa nobela. Tulad rin ng *Orosa-Nakpil*, may pagka-grapiko ang paglalarawan sa mga eksena ng pagtatalik, at nagsisilbi ring babala ang nobela para sa unprotected sex at paalala para sa mapupusok na kabataan.

2011 naman inilimbag ang *Si Amapola sa 65 na Kabanata* ni Ricky Lee, halos dalawang dekada matapos ilimbag ang nobela ni Perez. Malayo na ang inilundag ng nobela ni Lee sa *Cubao 1980*, maging sa koleksiyon ni De Dios at sa *Orosa-Nakpil, Malate*. Una, hindi na ito realista. Ang protagonista sa nobela ay si Amapola, isang baklang manananggal na mayroong multiple personality disorder. Kaya kung tutuusin, maging ang nosyon ng iisang protagonista ay dinidistrunka ng nobela. Ikalawa, dahil nga umigpaw na sa pagkakaroon ng indibidwal na bida, mas malaki na rin ang isyung kasangkot sa nobela: naging ekstensyon ang Tomas Morato ng Rebolusyon ng 1896. At naganap ito sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga manananggal, ng mga pulis na kasapi ng grupong panatiko ni Nora Aunor, at matatandang babae nabuhay noong ika-19 na dantaon at bigla-bigla na lamang lumalabas mula sa inidoro.

Ang bida naman sa *Kagay-an*, ang nobela ni Jack Alvarez na lumabas noong 2018 ay isang bakla na taga-Cagayan, na tulad ng kanyang kinalakhang bayan ay dumaranas ng samu't saring karahasan. Pero ang sityo ng kanyang pagdurusa ang siyang sityo rin ng kanyang lugod: may ahensiya pa rin siya sa bayang dumaranas ng militarisasyon, ginahasa siya ng isang sundalo, ngunit nagkaroon sila ng romantikong sitwasyon pagkatapos ng krimen.²

At ang pinakahuling nobelang baklang lumabas ay ang *Kadenang Bahaghari* na inilimbag nito lamang 2019. Nagtatampok naman ito ng isang tauhang transgender, at ang malaking bahagi ng nobela ay bahagi ng kanyang pag-unawa at pagtanggap sa sariling kasaysayan. Tila sinasabi ng nobela na may pangangailangang ihistorisa ang katawan, dahil bunga at bunga pa rin ito ng kasaysayan. Realista rin ito, ngunit umiiba pa rin sa nobela ni Perez dahil isinasangkot ang usapin ng transgenderism.

Binanggit ko ang lahat ng ito bilang isang pagtatangka na ilatag nang mabilisan ang tradisyon ng panitikang bakla sa nobela. May partikular na pagtuon sa *Cubao 1980* bilang “maagang” nobelang bakla, dahil kontensiyon ng pag-aaral na ito ang ituro bilang mas maagang “sigaw” ng gay writing (kung hindi man gay liberation) sa pagkakalimbag ng *Hangga't Alat ang Dagat* ni Joey Arrogante. Dahil kaiba sa iminumungkahing pagkaalipin o pagkaduhagi na dapat igpawan sa *Cubao 1980*—ang istiryotipikal na representasyon ng kabaklaan, ang pagkahumaling sa mga straight na lalaki, ang pagtalikod sa pagiging malambot, etc—tila direktso na itong inigpawan ng protagonista sa nobela ni Arrogante. At sa katangiang ito ng nobela ni Arrogante maaaring makita ang lugar nito sa tradisyon ng pagsulat ng nobela tungkol sa bakla. Maaaring tingnan ang ebolusyon ng pagsulat ng bakla ng nobela mula sa *Hangga't Alat ang Dagat* patungo sa *Cubao 1980*, *Orosa-Nakpil*, *Malate*, *Si Amapola*, *Kagay-an*, *Mga Batang Poz* at *Kadenang Bahaghari*.

Pero ilang paglilinanaw muna tungkol sa taon ng publikasyon. Inilista ni Jurilla ang nobelang *Hangga't Alat ang Dagat* bilang nalimbag noong 1989 (88). Pero lumabas ito ulit noong 2007, katambal na ng isa pang nobela, ang *Isang Haligi ng Asin* na si Arrogante rin ang nagsulat. Nasa listahan rin ni Jurilla ang nobelang ito, na lumabas naman noong 1984 (87). Pero sa 2007 na tomo, kung saan magkasama na ang dalawa, mayroong subtítulo na “dalawang novelang gay.” Ngayon, kung susundin nang mahigpit ang kronolohiya, siyempre, ang ituturing na mas maagang “sigaw” kung hindi man tunay na “unang sigaw” ng nobelang

bakla ay ang *Isang Haligi ng Asin*. Pero ang punto ng papel na ito ay hindi naman sa kung sino ang una—inirereserba ko ito sa *Deo Misnomer*³ ni Arrogante—kung hindi sa pagtukoy kung ano ang mga preokupasyon ng nobelang bakla bago sumapit ang *Cubao 1980* at ang mga sumunod pang nobela. Kaya bagaman ang pangunahing nobelang tatalakayin ay ang *Hangga't Alat ang Dagat*, isasangkot pa rin ang *Isang Haliging Asin* sa pagtalakay.

Mga kahinaan

Ngayon, maaaring maisip ang tanong: bakit kaya hindi nahanap ni Garcia o ng sinumang iskolar ng panitikang bakla ang mga nobela ni Arrogante? Mukhang hindi naman naging problema ni Garcia ang pananaliksik, dahil mahirap makahanap ng kopya ng sinuri niyang *The Lion and the Faun* ni Montano. Inilarawan pa nga niya itong bilang bunga ng archival research. Gayundin, nagawa niyang magkaroon ng kopya ng *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* ni Nadres. Hindi rin madaling makahanap ng kopya ng dulang ito noong panahong isinulat niya ang *Philippine Gay Culture*. Maaaring isipin na hindi talaga ito nahagip ni Garcia dahil hindi naman prominenteng manunulat si Arrogante. Hindi katulad halimbawa ni Perez, na kilala nang manunulat nang lumabas ang *Cubao 1980*. Dagdag pa, mayroon ding malinaw na pagturing sa sarili ang nobela ni Perez bilang panitikang bakla, na sinuportahan pa nina Rogelio Sicat at Nicanor Tiongson.

Maraming maaaring maging ispekulasyon, pero sa palagay ko, kung sakali man na nakaengkuwentro nga ito ni Garcia o sinumang iskolar na naghahanap ng mga maagang teksto ng panitikang bakla, hindi rin ako magtataka kung hindi na nila pag-aaksayahan ng panahon ang mga nobela ni Arrogante. Mahirap kasing basahin ang nobela. At ang hirap na ito ay hindi dulot ng anumang eksperimentasyon o inobasyon sa pagsulat, kung hindi dahil sa mga kakulangang pormal.

Mahirap sundan ang pagbabanghay ng nobela, dahil mukha itong isang pinahabang maikling kuwento. Ang naratibong kasalukuyan ay ang kasalan sa pagitan nina Flor at Alena, at matatagpuan lamang ito sa una at huling kabanata ng nobela. Ang lahat ng mga kabanatang nasa gitna ay pagbabalik-tanaw. Patalon-talon rin ang pagsasalaysay, at pare-pareho ang tinig ng mga tauhan. Hindi rin ugali ni Arrogante na lagyan ng akmang pangalan ang palitan ng mga diyologo—at napakarami nito sa buong nobela—kaya hindi madaling matukoy kung sino ba ang nagsasalita.

Mapanghamon rin ang mga pangungusap ni Arrogante, dahil masyadong mahaba, mabulaklak, at kung minsan, nanganganib na sumablay ang balarila. Hindi mabilang ang mga pangungusap na tatlo o higit pa ang pinagdugtong-dugtong na sugnay, o hindi naman kaya, iyong malabis na nagdedetalye, at sa proseso ay isinasakripisyo ang kalinawan. Sa isang banda, makikita naman ang tatas ni Arrogante sa Filipino (kung hindi man Tagalog), at batay sa metikulosong pagdedetalye, ang pagkamamad ng kanyang estilo sa realismo.

Pero malaki ang posibilidad na hindi ito makasasapat sa isang iskolar na naghahanap ng mahusay na tekstong susuriin. Ang anyo ang unang nababatid ng iskolar, bago siya lumusong sa pagpapakahulugan. At sa anyo pa lamang, tila mapangtaboy na ang nobela ni Arrogante. Tingnan halimbawa ang pangungusap na ito:

Pa-roll call ang tonong iyon ng paring banat na banat ang buhok sa pomadang Brilliantine pataas-padapa-palayo sa noo at mukha sa pangalan ng ikinakasal na nakagilid naman sa kaliwa ang suklay ng nahuhulog sa kalambutan at kakulutan na para bang ikinahihiya ang kulay kastanyas nitong kinang (“Hangga’t Alat” 1).

Problematiko rin ang politika ng nobela, dahil hindi maitatangi ang taglay nitong misogyny. Pawang masasama, mahihina, makasarili, at walang konsiderasyon sa kapwa ang mga tauhang babae sa *Hangga’t Alat ang Dagat*. Sa aspektong ito, hindi nalalayo ang nobela ni Arrogante sa *The Lion and the Faun*. Ani Garcia,

The misogynist slant of the novel is rather unabashed, and it is spoken in/by both the two central homosexual characters, and by some minor characters as well...[I]t is evident that the novel is fiercely anti-woman in sentiment and tone. The stereotypes of the vain, female go-getter comes to mind... (249-250).

Ngayon, maaari ring itanong: bakit kinakailangang bigyan ng panahon ang isang nobelang katulad ng kay Arrogante? Kung hindi pala ito mahusay at problematiko ang nilalaman?⁴ Ang aking sagot: kung makakatulong ang pagsusuri sa nobela, gaano man ito kaproblematiko, sa pag-unawa sa tradisyon ng panitikan, baka hindi naman nasasayang nang lubos ang oras na gugugulin sa pagbabasa nito. At sa kaso ng *Hangga’t Alat sa Dagat*, mayroon pa ring mababanaag ritong mga katangian na makatutulong sa pag-unawa ng tradisyon ng panitikang bakla, at maging sa tradisyon ng nobela sa Pilipinas.

Ang Nobela Bilang Ehempla

Simple lang naman ang buod ng *Hangga't Alat ang Dagat*: si Florante o Flor ay guro sa isang paaralan sa probinsiya ng La Santisima. Ang paaralan sa La Santisima ay puno ng mga guro at administrador na walang puknat ang pag-iinggitan, pagsisiraan, pagpaparunggitan, at pagpapayabangan. May nakabutihang loob si Flor na kapwa guro, si Aura. Ngunit ipinagpalit siya nito sa ibang lalaki, kaya nagwala si Flor, at napahiya silang dalawa ni Aura sa paaralan. Umalis siya sa paaralan. Ngunit makalipas ang ilang taon, nahikayat siya ng kanyang matalik na kaibigan at dating kaguro na si Ellie na bumalik sa pagtuturo sa naturang paaralan. Nakilala niya ang isa pang guro roon, si Alena. Naging magkaibigan sila, hanggang sa umabot sa puntong napikot ni Alena si Flor. Napaalis ni Alena sa eksena maging ang matagal nang kasintahan ni Flor na si Ador. Humantong ito sa pagpapakasal ng dalawa, na naudlot sa dulo dahil sa biglang pagwawala ni Flor sa gitna ng mismong seremonya. Dahil sa kaguluhan, namatay ang ama ni Alena. Sa halip na si Flor ang tamaan, nabaril nito ang sarili.

Mula sa buod na ito, maaari pa ngang sabihin na ang simbahan, at ang mga isinusulong nitong mga heterosexistang halagahin at uri ng pamumuhay ang siyang kinakalaban ng bidang si Florante Obligacion. Nabibigyang-diin pa ito lalo dahil kasapakat ni Alena, isang guro ng relihiyon, ang pari na magkakasal sa kanilang dalawa, si Padre Viejo. Higit pang kahambal-hambal ang orkestrasyon ng dalawa na pikutin si Flor dahil mayroon silang sexual na relasyon. May alingawngaw ito ng *Noli Me Tangere*, partikular ang dinamiko ng relasyon sa pagitan ni Pia Alba at Padre Damaso.

Ngunit masyadong manipis ang karakterisasyon ng lahat ng tauhan sa nobela. Bagaman maituturing na kalakasan nito ang malinaw na pagkiling sa kamalayan ni Flor, kaiba sa naging desisyon ni Perez na ibigay sa callboy ang perspektibo ng *Cubao 1980*, hindi pa rin nito nagawang makalikha ng mga tauhan na reyalistiko. Kahit pa sabihing ang nobela ay ebolusyon lamang ng solilokwe, tulad ng asersiyon ni James Wood (31-41), kapos na kapos sa interyoridad ang mga tauhan sa nobela. Iisa lamang ang dimensiyon nilang lahat: masama. At ang kasamaang ito ay nakatuon lahat kay Florante Obligacion. Wala ni isang mabuting tauhan sa buong nobela. Maging si Ador na inibig ni Flor sa loob ng maraming taon, at siyang tanging binigyan ng mga kaaya-ayang katangian—aktibista si Ador, ang bukod-tanging tauhan sa nobela na may kakayahang

umigpaw sa pansariling interes at pagnanasa—ay lumitaw rin bilang duwag at makasarili sa huli. Naglaho na lang ito na parang bula nang wala nang maisilbi sa banghay: natapos ang papel ni Ador nang mapasakitan na si Flor ng biglaan at walang katwiran nitong pang-aabandona kay Flor at pakikipagsabwatan kay Alena.

Ang bukod tanging mababanaagan ng pagiging tao—at talaga namang mababanaag lamang, dahil hindi pa rin talaga “tao” ang depiksiyon, kahit pa solilokwe niya ang buong nobela—ay si Flor. Siya lamang ang may opinyon na tama, siya lamang ang nakakapangatwiran sa kanyang mga desisyon, siya lamang ang may karapatang magalit. At kung magalit si Flor! Tila laging bumubula sa poot ang kalooban ni Flor, kaya bawat sandaling nagkakaroon siya ng kahit munting dahilan para magalit, para siyang bulkan na sumasabog. At walang lumalabas sa bibig ni Flor kung hindi mga pangungusap na nagtatapos sa tandang padamdang, at ang mga pangungusap na ito ay nagtataglay ng samu’t saring panghuhusga, pagkasuklam, at panunumbat sa iba pang mga tauhan, mula kay Aura, Alena, Padre Viejo, Chief Samaniego, Ador, at ang lahat ng kanyang mga kapwa guro at maging ang mga administrador sa paaralan sa La Santisima.

Sa madaling salita, kung susukat in sa pamantayang realista, lagapak ang marka ng *Hangga’t Alat sa Dagat*. Ngunit kung titingnan ito bilang ehemplo, maaaring mas maunawaan ang nobela ni Arrogante. Sa *Origins and Rise of the Filipino Novel*, tinukoy ni Mojares ang mga ehemplo bilang isa sa mga pinagdaanang anyo ng nobela sa Pilipinas. Narito ang kanyang paglalarawan sa ehemplo/ehemplo/exemplum:

The exemplum (*salita, pananglitan*) usually takes the form of an abbreviated moralized anecdote whether historically true or fictitious, culled from Latin and Spanish books (chronicles, lives, exemplum-collections, lists of miracles). They are used as a device of illustration: “examples remain in the mind so that what is taught is not forgotten” (80).

Malakas ang impluwensiya ng pag-iisip at halagahing medieval sa exemplum, at ang nobela ni Arrogante, bagaman may preokupasyon din sa relihiyon, ay malinaw na sumusunod sa mga batas ng realismo. Sa unang tingin, maaari pa ngang sabihin na inanak ito ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* dahil sa pagiging nobelang realista na ang piniling maging isa sa mga obhetong pamumuna ay ang relihiyon. At tunay naman na kritikal ang *Hangga’t Alat sa Dagat* sa simbahang Katoliko. Pero tulad nga ng nabanggit sa itaas, bagaman sa paimbabaw na katangian ay isa itong nobelang realista, kapag sinuring mabuti, lumilitaw na hindi naman talaga. Isa itong modernong bersiyon ng ehemplo.

Kapag nagmula rito, magiging madali ang pagtanggap sa mga tauhan, dahil lumaya na ang mambabasa mga kahingian ng “makatotohanan” at “kapani-paniwalang” akda. Sadyang iisa ang dimensiyon ng mga tauhan sa akda ni Arrogante: mabuti lamang sila o masama. At talaga naman, ang lahat ng tauhan sa nobela ay masama, mapag-imbót, mapanlinang at iba pa. Si Florante Obligacion lamang ang mabuti. Ipinahihiwatig na ito sa pangalan pa lamang ni Florante na maaaring basahin bilang alusyon kay Florante sa *Florante at Laura*, na bidang laging inaapi, at mayroon ding kalambutan, tulad ng bulaklak: kung si Florante ang tanging bayaning laging lumuluha (paghihinagpis lamang niya ang matatagpuan mula saknong 1-65 ng awit ni Balagtas), si Florante Obligacion naman ang bidang bakla.

At hindi lamang basta-bastang bidang bakla, kundi isang protagonistang sakdal-linis, siyang tanging nakababatid sa moralidad, sa katwiran. Kaya maaaring tingnan ang mga pagwawala niya sa nobela hindi bilang simpleng karahasan na bunga ng paghihiganti, tulad ng naging puna ni Rodriguez sa protagonista ni De Dios sa kuwentong “Lalaki,” kundi ang pagpapataw lamang ng katarungan.

Maluwag rin ang pagtanggap ni Florante sa kanyang sexualidad. Sa katunayan, ni hindi nito pinoproblema kung bakit nagkakaroon siya ng pagnanasa sa babae (kina Aura at Alena) o sa lalaki (kay Ador). Tila lumaktaw ang nobela sa problematisasyon ng paglaladlad ng kapa at dumiretso na lamang sa agresibo at militanteng—ngunit nananatili pa ring mabuti at sakdal-linis!—buhay ng isang bakla sa modernong lipunan.

Halos ganito rin ang itinakbo ng *Isang Haliging Asin*. Mas magulo nga lamang ang nobelang ito, dahil tila nalilito sa kung ano gustong maging: nagsimula ito sa isang eksena ng halusinasyon, kung saan ang bidang si Deo Misnomer ay naging isang bangkay na nabuhay, na nagtuloy sa kanyang pagiging isang pasyente sa ospital, at nagpatalon-talon sa iba’t ibang bahagi ng kanyang buhay. Nariyang isalaysay ang kanyang kabataan na tigmak sa pagdurusa at kahirapan, kaya ipinaubaya siya ng sariling ina sa kamag-anak. Ang kanyang Tiya Merced ang nagpalaki kay Deo, at ito rin ang pumilit sa kanyang pumasok sa seminaryo. Relihiyosa ang kanyang tiyahin ngunit batid ng buong bayan na nakikiapid. Sa seminaryo naman, nakilala ni Deo si Padre Ovilla. Inabuso siya ng paring ito. Nagkaroon din ng relasyon sa mga babae si Deo, ngunit tulad ni Flor sa *Hangga’t Alat ang Dagat*, walang ibang nais ang mga kababaihan kundi

pagsamantalahan si Deo. Nagkaroon din ng lalaking minamahal si Deo, at ito ang tauhang si Fernan. Ngunit tulad ng nangyari sa relasyon nina Flor at Ador, walang nangyari sa relasyon nina Deo at Fernan.

Masasama rin ang lahat ng mga tauhan sa *Isang Haliging Asin*, maliban kay Deo. Ang pangalan rin ni Deo, gaya ng pangalan ni Flor, ay pahiwatig sa kanyang angat na estado: mala-Diyos. Ngunit ang diyos na ito, tulad ni Hesukristong Diyos ng Simbahang Katoliko, ay nagdurusa sa daigdig. Nagdurusa, nagagalit, ngunit nananatiling walang bahid ng anumang dumi.

Posibilidad ng Tradisyon ng Nobelang Bakla

Sa puntong ito, nais kong magbigay ng ilang obserbasyon sa nobelang bakla:

1. Nakaugat itong parati sa katawan at sa sexualidad. Maaari itong tumalakay ng ibang diskurso, tulad halimbawa ng usapin ng bayan at kasaysayan sa *Amapola* at *Kagay-An*, pero nakatuntong pa rin sa pananalinghaga sa katawan at sexualidad ng bakla.
2. Malakas ang romantikong udyok, iyong udyok mula sa mga metriko romanse na tinukoy ni Mojares, sa mga nobelang bakla. Makikita ito sa mga komplikadong naratibo at banghay ng pag-ibig sa *Orosa-Nakpil*, *Kadenang Bahaghari*, *Kagay-An*, *Hanggang Alat ang Dagat*, *Isang Haliging Asin*, at *Mga Batang Poz*.
3. May bakas pa rin ng mga manual de urbanidad—mga tekstsong dumidisciplina rin sa katawan ng sinakop—sa nobelang baklang Pilipino, at malakas pa rin ang impluwensiya ng Judeo-Kristiyanismo sa pagdidiskurso ng mga nobelista. Makikita ito sa mga *Orosa-Nakpil*, *Mga Batang Poz*, at maging sa mga nobela ni Arrogante.

Mula sa mga obserbasyong ito, maaaring makita ang kontribusyon ng mga nobela ni Arrogante sa tradisyon ng baklang nobela sa Pilipinas. Kung hahatiin sa panahon sa dekada ang mga nobela—dekada '80 kay Arrogante, dekada '90 kina Perez at Ganguangco at dekada '10 kina Lee, Matias, Alvarez, at Wigley—maaaring sabihin na ang *Hangga't Alat ang Dagat* at *Isang Haliging Asin* ang yugtong dumurugtong sa medieval na ugat ng nobela. Ipinagpatuloy na lamang ito ni Perez sa kanyang malagim na realismo, kung hindi naturalismo, itinuloy ng adbokasiya nina Ganguangco at Matias, inigpawan ni Lee sa

kanyang ispekulatibong akda, at muling binalikan at dinagdagan nina Alvarez at Wigley. Kaylayo sa pagiging perpekto ng mga nobela ni Arrogante, pero sa munti nitong paraan, nakapagbibigay ito ng higit na pag-unawa sa tradisyon ng panitikang bakla at ng tradisyon ng nobela sa Pilipinas.

Mga Tala

- 1 1992 rin lumabas ang *Closet Quivers*, ang koleksiyon ng mga tula ni Garcia. Nasundan ito ng *Our Lady of the Carnival* noong 1996. Pero ang bibigyang-tuon ng kabanatang ito ay iyong mga akdang prosa lamang. Tingnan ang Garcia, *Closet Quivers* (Manila: Kalikasan Press, 1992); Garcia, *Our Lady of the Carnival* (Quezon City: UP Press, 1996).
- 2 Hindi sapat ang espasyo rito para talakayin ang komplikasyon at mga implikasyon ng paglalarawan ng nobela sa usapin ng panggagahasa.
- 3 May isa pang nobela si Arrogante na lumabas noong 1982, na may titulong *Deo Bautista Misnomer: Nobela* (Jurilla 86). Pero ang aking sapantaha, iisa lang ang nobelang ito at ang *Isang Haligi ng Asin*. Pareho ang pangalan ng nasa titulo ng nobelang 1982 at ng nobelang 1984/2007: Deo Misnomer. Kaya dahil dito, at dahil walang kopya ng nobelang 1982 sa alinmang aklatang sinangguni ko, hindi ko na isasama sa pagtalakay ang *Deo Misnomer*.
- 4 Kung tutuusin, ganito rin ang itinanong ko sa sarili sa pagbabasa at pagsusuri ng nobelang *Sa Iyong Paanan* ni Edgardo Reyes. Problematiko rin ang nobelang iyon, hindi man sa anyo—madaling basahin ang nobela, dahil sa magaan na hawak sa wika ni Reyes, at dahil na rin siguro sa konsiderasyon na isa itong “popular” na nobela—kung hindi sa politika: maaaring basahin ang nobela bilang nagsusulong ng rape culture. Pinaikot kasi ang bidang babae at literal na hinayaan sa dilim kung sino ang talagang nagsamantala sa kanya. Pinaibig rin siya ng bidang lalaki sa kabila ng pagpapaaisip sa babae na umiibig siya sa nanggahasa sa kanya. Tingnan ang naging talakay sa ikalawang kabanata, at ang Edgardo Reyes, *Sa Iyong Paanan* (Quezon City: RB Filbooks, Inc., 1988).

Sanggunian

- Alcina, Francisco Ignacio. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands (Evangelization and Culture at the Contact Period)*. Manila: UST Publishing House, 2002. Print.
- Almario, Virgilio S. Punong Editor. *UP Diksiyonaryong Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, 2001. Print.
- Alvarez, Jack. *Kagay-an: At Isang Pag-ibig sa Panahon ng All-Out War*. Manila: PSICOM, 2018.
- Arrogante, Joey. *Hangga’t Alat ang Dagat at Isang Haliging Asin: Dalawang Novelang Gay*. Manila: National Bookstore, 2007.

- Blair, Emma Helen at James Alexander Robertson, Eds. *The Philippine Islands 1493-189*. CD-ROM.
- De dios, Honorio Bartolome. *Sa Labas ng Parlor*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1998. Print.
- Rommel B. Rodriguez, "Lampas sa Pita ng Laman: Mga Imahе at Talinghaga tungo sa Kamalayan at Kritisismong Bakla." Nasa Evasco, Eugene, Rommel Rodriguez at Roselle Pineda. Editors. 2003. *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining, Kultura, at Wika*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Ganguangco, Louie Mar. *Orosa-Nakpil, Malate*. Manila: Louie Mar's Publications, 2006. Print.
- Garcia, J. Neil. *Philippine Gay Culture The Last Thirty Years Binabae to Bakla Silabis to MSM*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Print.
- _____. *Our Lady of the Carnival: Poems*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Print.
- _____. *Closet Quivers*. Manila: Kalikasan Press, 1992. Print.
- Garcia J. Neil at Danton Remoto. Editors. 1994. *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.
- _____. *Ladlad 2: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Pasig: Anvil Publishing, Inc., 1996. Print.
- Hogan, Steve at Lee Hudson. *Completely Queer: the Gay and Lesbian encyclopedia* (New York: Henry Holt and Company, Inc., 1998. Print.
- Jurilla, Patricia May B. *Bibliography of Filipino Novels 1901-2000*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2010. Print.
- _____. *Tagalog Bestsellers of the Twentieth Century: A History of the Book in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008. Print.

- Lee, Ricky. *Si Amapola sa 65 na Kabanata*. Quezon City: Philippine Writers Studio Foundation, Inc. 2011. Print.
- Matias, Segundo Jr. *Mga Batang Poz*. Quezon City: Redline Media Publishing, 2018. Print.
- McCoy, Alfred W. "Baylan: Animist Religion and Philippine Peasant Ideology," nasa David K.
- Wyatt at Alexander Woodside eds., *Moral order and the question of change: essays on Southeast Asian thought*. New Haven, Connecticut: Yale University Southeast Asia Studies, 1982. Print
- Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1983. Print.
- Perez, Tony. *Cubao 1980 at iba pang katha: Unang Sigaw ng Gay Liberation Movement sa Pilipinas*. Mandaluyong: Cacho Publishing, 1992. Print.
- Phelan, John Leddy. *Hispanization of the Philippines (1565-1700)*. Madison: University of Wisconsin Press, 1959. Print.
- Pinpin, Tomas. *Librong pagaaralan nang manga Tagalog nang uicang Castila*. Bataan: por Diego de Talanghay, 1610. Microfilm.
- Salazar, Zeus. "Ang Babaylan sa Kasaysayan ng Pilipinas," *Bagong Kasaysayan 4* (Abril 1999). Print.
- Wigley, John Jack. *Kadenang Bahaghari*. Quezon City: Redline Media Publishing, 2019. Print.
- Wood, James. *The Irresponsible Self: On Laughter and the Novel*. USA: Farrar, Straus and Giroux, 2004. Print.

IMAGES OF CHILDHOOD IN INDIA:

A Glimpse of the
Disadvantaged
Child in Ber Sarai,
New Delhi¹

CARLOTA B. FRANCISCO

Ateneo de Manila University

ABSTRACT

The research is an exploratory study on the children of street families in Ber Sarai (New Delhi). It provides an observation on the use of public spaces, particularly the street and its physical structures, by the children. The study appropriated the paradigm of Childhood Sociology, especially its recognition of children's agency, the specificity of their socio-cultural context, and variations in childhood (James and Prout, 3-5). It visually attends to children's involvement in the construction of their realities and spaces on the streets of Ber Sarai. In this process, participant observation and photo-documentation were employed providing visual accounts of childhood in the area.

Keywords: Childhood, Social Space, Identities



The Research Process: The Researcher's Account

The journey I took on the streets of India in 2011 was inspired by an interest on disadvantaged children that began at the turn of the century and when studies of this topic as a social space was at its height. Like my previous research on childhood², this particular peregrination urged me to enter the familiar space of childhood, and focus my lens on children trying to navigate through idealized notions of youth and their realities in an attempt to answer the following questions: what images of childhood may be seen on the streets of India? What activities do the children engage themselves with on these streets? Which spaces of the street do they traverse? And how do they traverse these? Informed by the paradigms of the Sociology of Childhood, I approached these questions with the recognition of childhood as a social space, children's agency, and variations in childhood (James and Prout, 3-5 and 8). I have also learned to adjust my lenses and appropriate what Mendel calls the least adult role³. While it has been a practice in researching childhood to suspend all notions of superiority and appreciate the varieties of childhood, as a Filipino and fellow Asian exploring the world of the Indian child it is essential to be sensitive to the distance between the spaces that I as an adult, middle class, Catholic, Filipino woman from the academe share with children who are mostly Muslim coming from Bihar province in India, and to recognize the dynamism and complexities of their space. There is no one image of an Indian child, especially where variation in childhood has already been advanced (James and Prout, 1997).

The research process involved gradual but limited immersion, where the researcher entered the children's world in Ber Sarai, initially as a curious stranger—a foreign, female pedestrian crossing its streets, traversing the flyover's footpaths; a frequent visitor, and eventually a volunteer teaching assistant and street educator of Koj Foundation.⁴

While the fieldwork began in late March 2011, with street surveys and visual mapping of the streets of Delhi and New Delhi, the actual fieldwork in Ber Sarai started in May 2011 and ended in mid-November of the same year. The work is a process of cautious and spontaneous immersion into the children of street families' world, sensitive to the varieties of Asian personhood and guided by Filipino Psychology (Enriquez, 1992 and Pe-pua, 1982). It is characterized by a process of feeling one's way through the exclusivity, yet *familistic* (informal/

personal) orientation of Asian neighborhoods that demand the shedding of the stranger's "otherness" in order to partake of the communal experience. Sadly, my incompetence in Hindi, in addition to my Catholic identity, prevented full immersion with Ber Sarai's street families who are mostly Muslim and non-English speakers. While I was addressed as *didi* (Hindi for elder sister) by the children, I remained a foreign *didi* to them—a participant observer constantly feeling my way through the children's world with the teen-age girls as allies. I should say, my lack of competence in the Hindi language has put me in a much-compromised position to make full use of ethnography, which explains the decision to lean more towards participant observation. Fortunately, my research assistant, being himself a Muslim and coming from the same province as most of the research participants, facilitated my entrance into the community. It would be wise hence, to describe the research method as a gradual, yet limited, immersion through participant observation with photo-documentation. Photographs were taken with permission from the children's parents and on-sight guardians. Some scenes were even suggested by the children themselves, especially the teen-age girls and middle-aged boys, and a few requests from the elderly. Scenes were captured with the children's and their guardians' permission but had to be done with the necessary distance to protect the children's identities and to not obstruct the spontaneous construction of the social spaces and social realities in the instance of its production.

Changing Images of Childhood: A Brief Journey through Literature

The last quarter of the past century saw the active participation of children in both domestic and economic (predominantly informal economy) spheres bringing to fore the many abuses they suffered. This led to a paradigm shift which retrieved childhood and children's studies from the domains of developmental psychology and socialization theories that has become inadequate in articulating childhood realities and addressing children's needs. The sudden interest in children's everyday life and the eventual recognition of their world inspired attempts to develop culturally appropriate and child-sensitive methods of research. Such studies center on childhood in its specific cultural, social and economic contexts (Okuma, 2004; Protacio-De Castro, et al 2002; Ridge, 2002; Dela Cruz, et al 2001a; Dela Cruz, et al 2001b; Bautista, Roldan, And Bascal, 2000; Banaag, 1997; Arellano, 1996; Glauser, 1997; Kitzinger, 1997;

Solberg, 1997; Punch, 1991; Waksler, 1991; Burra, 1989; etc.). This venture took its height by the end of the twentieth century with the significant contribution of Alison James and Alan Prout (1990). Their work, a collection of research on children, defined a paradigm which enabled the emergence of the Sociology of Childhood, also known then as the New Social Studies of Childhood (1990 and 1997). Central to this paradigm's tenets is the treatment of children as social actors and the recognition of a variety of childhoods (James and Prout 1990 and 1997). The paradigm defined childhood as worthy of study in its own right and in this process proposed the employment of ethnography (James and Prout, 1990 and 1997).

Taking-on this direction, my research on the disadvantage children in the Philippines: "Sa Pagtatagpo ng Bata at Lansangan sa Sangandaan: Etnograpiyang Biswal sa Mundo ng Mga Batang Crossing" (2017), "When the Curtain Calls: Stories of Urban Poor Filipino Children in the Performing Arts" (2007), "Stories from the Streets: Childhood Realities and the Social Construction of Spaces and Identities in Crossing" (2005), and "Stories from the Streets: The Negotiations of Youth Realities in Crossing" (2003) accounts for the unnoticed, depreciated and neglected images of childhood. While children's resiliency received recognition by the turn of the century (Arellano, 1996; Banaag, 1997; Bautista, Roldan, And Bascal, 2000; and Marcelino-Protacio, et al 2000 to name a few) thus, the eventual trend for child-centered approaches on children's work and participatory action research (PAR) (Balanon, Puzon, and Camacho, 2003; Dela Cruz, et al 2001b; Marcelino-Protacio, et al 2000; Protacio-De Castro, et al 2002; Psychosocial Trauma and Human Rights Program-UPCIDS, 2003b; Solberg, A, 1995;), their creativity and capacity to create spaces for themselves were seen negatively and treated with brutality by some authorities. These later realities were accounted in the past research I conducted with some of the disadvantaged children in the Philippines. With the former's treatment of children as social actors and childhood a social space, the negotiations these social actors make within the spaces of Crossing, Shaw Boulevard in Pasig City and the streets surrounding the Amoranto Sports Complex in Quezon City became apparent (Francisco, 2003; 2005; and 2007). Not only were these spaces found *heterotopic*⁵ as alternate social spaces based on how the children transformed them, the children themselves were seen differently (Francisco, 2003; 2005; 2007; and 2017). In particular, the two earlier-research displayed the street as a destination, not just a thoroughfare, co-constructed by the *Batang Crossing*⁶ with other street characters. It was, in Foucault's

language, a ‘heterotopia’ with the spaces constructed and reconstructed by the negotiations the Batang Crossing make as they play, earn a living, and build an alternative family and community on the street. Hence, on the streets of Crossing one finds an alternative: 1.) playground/recreation site, 2.) informal economy, 3.) home, and even 4.) neighborhood/community (Francisco 2003; 2005; and 2017). These accounts were made available through the employment of ethnographic techniques (both verbal and visual) and the paradigm of the Sociology of Childhood (Francisco, 2003; 2005; 2007; and 2017). Instead of seeing the children as vulnerable, incompetent and irrational, their resiliency, resourcefulness and creativity surfaced.

Images of the Indian Child: An Attempt to Provide Context

Images of Childhood in Print. India’s long history, its diverse culture, as well as multilingual and multi-ethnic population prompted me to traverse its domain in search of children’s spaces, the local production of childhood, and appreciation thereof. While its ancient law (Laws of Manu) placed children near bottom of the social stratification system, its literature is informed with the significance of a child’s birth, especially of a son, in marriage for the spiritual merits it brings (Kakar 77, 78). For this reason, a child is longed for and his birth richly celebrated. However, much of India’s literature speaks of upper caste children and childhood, the longing for a son, and the anxiety for the possible birth of a girl-child. The latter case is much evident among the Indian Hindus where a strong preference for a boy seemed to come with the traditional practice of dowry and is suggested by the 682 sex-selective abortion ratio between 2001–2005 where 1,800–1,900 female fetuses were estimated to have been aborted everyday (UNICEF, 37). Comparing the children born to both Hindu and Muslim women from 1960 to 2006, Bhalotra, Valente, and van Soest observed lower preference for sons among the latter, especially where the higher caste Hindus are concerned. This is suggested by the lower sex ratio (male/female) at birth and the smaller gender gap in educational enrolment (8). However, no clear figure was provided.

Surveying India’s print media, the following images of children emerged: out-of school, working, on the streets, unregistered, missing, neglected, abused, engaged in sex trades, trafficked, socially and economically disadvantaged,

forced to become child brides, and child parents⁷. These children were portrayed vulnerable victims of: verbal, psychological, physical, sexual and economic abuse; invisible, burden and burdened, abandoned, deprived, distressed, at-risk, sodomized, traumatized, ticking time bombs; and their childhood depicted as compromised, negotiated, stolen, and lost (*My Name is Today*, 2001-2011⁸). These images however real, concrete and detailed provide a miserable, dark and gloomy picture of childhood lived by the seemingly passive children.

Street Children in India: A Slice of the Bigger Picture. India has the largest population of children in any nation of the world totalling about half a billion (UNICEF, 1). Under this category, differences exist between and within states, the subgroup of the population (e.g. religion, gender, etc.), scheduled castes, and scheduled tribes. In the census of children in Delhi, Bhaskaran and Mehta found three categories of street children namely: the street children who run away from their families and live alone on the streets; working street children who work and stay most of the time on the street but have a residence that they can regularly go home to; and children from street families who live on the streets with their families (7). The street children are estimated to constitute 1% (50,923) of Delhi's below 18 children population with children from street families ranking first, followed by working street children, and living street children (Bhaskaran and Mehta 8). Of these, half are born in Delhi and the other half from outside Delhi, with Bihar ranking first (21%), followed by Uttar Pradesh (15%) and Rajasthan (7%). Poverty and hunger (34%) were identified as the primary reason for this phenomenon, with the need to search for job coming next (30%), while some mentioned they were sent by their parents to the streets (17.7%). A number (9%) however, run away from home. Taking these data⁹ in mind, the current study sets its lens on the children from street families in Ber Sarai.





The Children of Ber Sarai: The Research Focus

Ber Sarai¹⁰: The Children's Physical Space. Nestled within India's capital, Ber Sarai is located in the Southwestern part of New Delhi, between Jawaharlal Nehru University (JNU) and Indian Institute of Technology (IIT) Delhi. Its wide road forms a link between the Outer Ring Road and areas of Outer Delhi such as Vasant Kunj. The area is approximately forty-five (45) minutes by car from the Indira Gandhi International Airport.



As a community, Ber Sarai shelters two distinct neighbourhoods: the Ber Sarai Village, which used to house wealthy Jats and a number of low-income families, and Ber Sarai Delhi Development Authority (DDA) where middle class families are housed. Apart from these neighborhoods, illegal dwellers reside beneath Ber Sarai's flyover, a phenomenon not unique to Ber Sarai since these may also be found in a number of flyovers within the State. However, certain characteristics like the absence of a fence, its elevated smooth-cemented footpath, and concealed appearance (due to the thick pillars, plants and plant boxes) make Ber Sarai's flyover more inviting as a destination for homeless migrant families and children.





Beneath the Flyover: The Invisible Community of the Street. In terms of its manifest function, Ber Sarai's flyover is just like any other flyover. The roads on top and around are as busy as any flyover. The footpath beneath is wide and cemented. Its sides are silhouetted by the plantboxes and pillars that give shade and a sense of security to pedestrians who, upon passing through, will see children loitering, adults hanging around, and garbage littered and dumped in the area. Viewed from within, one can see a struggling small neighborhood of migrant families.

The earliest settlers of the flyover came to Delhi twenty two years ago. In an interview facilitated by Ahmed, the informal settlers disclosed that they were encouraged to migrate by co-villagers from Madhubani (Bihar) who arrived ahead in Delhi and found jobs in the area (Usman, 2011). Reaching Delhi, they found the living condition relatively better. With prospects of work for both husband and wife, and education for their children, they encouraged the rest of their family to join them. Now, majority of the flyover's adult population are working in the nearby construction sites while most of their children receive informal education through Khoj Foundation's¹¹ basic education and skills training programs.

At the time of the research the flyover provides shelter to approximately eighteen migrant families with no less than 30 children. Majority of the children

are 10 years old and below, with males outnumbering the females by almost a third. Many of the informal settlers go back to their hometowns for festival celebrations and marriage related ceremonies. Others randomly stay in the tents provided for them by the local government. With the mobile character of the population, a definite number of and profile for children is difficult to provide. However, Khoj Foundation estimated the children in the area to be within 50 in numbers, detail of which they could not provide since they are still in the process of profiling the children when the fieldwork was reaching its last stage (Nautiyal in an interview facilitated by Ahmed, 2011).

The religion of the area is homogenously Muslim, with majority coming from the state of Bihar (Madhubani, mostly related by blood), two from Rajasthan and a single male dweller from Orissa. Their number however changes according to season. With the onset of winter, some families temporarily leave the flyover for the tents provided by the local government near the area. The same is true as summer reaches its peak. While a few leave only at night to sleep in the said tents, the majority stays beneath the flyover.





Borderless Neighborhood, Wall-less Homes. The flyover's neighbourhood has its own way of defining their territory. Apart from making use of pillars and plant boxes as fixed built-in concrete barriers, household boundaries are drawn using improvised demarcation. Where no walls may be built between household spaces, the settlers used mud like invisible walls that seem to define private spaces. Within these spaces, blankets and or bed sheets are used to define the sleeping area while stones and/or cement-made stoves designate cooking and dining spaces. For washing dishes, as well as clothes, some families use the soiled area of the plant boxes while others go to the nearby water faucets and pay as much as Ten Rupees (roughly Ten Pesos) just for washing clothes. Once washed, clothes are hung to dry on thin wire or nylon rope tied or nailed on flyover pillars.

Families sleep on floors covered with blankets or bed sheets. Some children prefer to sleep on the bench-like structure bordering the plant boxes, while an elderly man owns a folding bed, and two families own a small wooden bed. During winter and daytime summers, cartons are spread on the flyover's floor as insulators from the cold or hot temperature before covering it with a bed sheet or blanket. Cartons are also reused for storing clothes while bottles and liquid containers are refilled with drinking water.





The neighborhood moves in rhythm with time. As the adults and middle age children leave for work, the area settles down and becomes quiet from around nine in the morning until three in the afternoon. During this period, the space looks a bit empty with just the teen-age female children, the toddlers and babies, the elderly and some non-working men and women left in their defined territories attending to typical domestic activities such as cooking, cleaning and caring for infants and small children who play within the adults' view. In the afternoon the area bursts to life with the arrival of middle-aged children who roam the adjacent streets begging or ragpicking. A social worker from the Khoj Foundation arrives between 3:45-4:15 signaling the beginning of informal

education for mainly the younger children who are in attendance until 6:00 in the evening. The area is at its highest population at night with family members gathered in their respective spaces to have dinner and retire for the night.

Images and Spaces of Childhood in Ber Sarai. While the streets' sidewalks, islands, waiting sheds and the flyover remains a channel for the more integrated city populace (drivers, commuters, pedestrians, and traffic enforcers)—for the migrant families and their children, the whole city of Ber Sarai becomes a destination. Not only do these families find shelter in the flyover, their children also find within its spaces a playground, recreation sites, roaming areas, places to hangout, workspaces, and even spaces for solitude. Ber Sarai also becomes a venue for charity work, a scene exemplified not only by the giving of alms in the area, but by the arrival of concerned private individuals and religious and/or non-government organizations. Also, with the numerous children living in the flyover, the area often appears as a nursery or day-care center especially where infants and toddlers are concerned.

1. **Work Spaces and Working Children** - There are two ways by which children of street families in Ber Sarai earn money. One is by ragpicking and the other through begging. Teen-aged daughters perform household work. Even though this does not yield income, it enables their parents, especially the mothers, to perform income generating activities as the former frees them from their domestic responsibilities. The workspaces in the area, therefore, are the streets and sidewalks for both begging and ragpicking. The islands become additional spaces for begging, and dumpsites as well as trash bins become extensions for ragpicking, and the whole area beneath the flyover for domestic work.
 - **Begging.** Almost all of the children in Ber Sarai are engaged in begging. This is especially true on Saturdays when Hindus perform alms giving. Armed with their marigold-adorn oil cans children cluster around vehicles whenever the red traffic light flashes. Some even carry their infant sibling with them. While the young children seem to take begging as play, most middle-aged children understand the additional income it brings the family. There are cases of parents pushing their children to beg, a reality shared by a Khoj Foundation staff, who felt frustrated when few children show up for the informal education they offer.

A certain pattern may be observed with the children's begging activity who take cue from the nearby traffic lights. It looked more like a staged scene with memorized lines, and projected performances. When the green light is on, children play, tell stories, and share jokes. Their cheerfulness disappears as the yellow light appears. Once the red light is on, they approach vehicles with forlorn faces, pushing their faces against car windows or the entrance side of auto-rickshaws. When frustrated with rejection, they sometimes retaliate by banging their cans on car windows or hanging on the open windows of cars or the sides of auto-rickshaws as the vehicles move.





- **Ragpicking.** While begging seemed to be the primary activity, ragpicking appeals to a select number of children, mostly middle-aged males. This however is not gender exclusive as a few female children may be seen ragpicking in the area.

Like begging, ragpicking is also a structured activity that requires keen perception and organization. Not all waste should be disposed. Some may be recycled and reused. The latter items are what children look for as they roam around Ber Sarai, going through dumpsites and trash cans in search of items they could sell to junkshops or reuse for their own domestic needs such as empty bottles and plastic containers, cartons and scrap woods. While some children go directly to junkshops to sell their day's find, others go back to the flyover for sorting.





- **Domestic Work.** Some children's work involves caring for the younger siblings, cooking, cleaning and fetching water. These contribute directly to the domestic economy by permitting elder members of the family, mothers in particular, to assume paid work. While parents perform daytime jobs, elder children especially the daughters, take care of the home. Younger male children also help by looking after the very young ones (infants and toddlers). And where a number of them are related by blood, it is not surprising to see children taking turns in caring for a neighbor's child while playing or roaming the streets.





2. **The Nursery/Day-Care Center** - The spaces beneath Ber Sarai's flyover appear like a big nursery and a day-care center where children under five are gathered. This is especially true during daytime when most of the adult population and elder children are not around. While babies are often under the caring presence of protective elder females, some could be seen taking a nap in their respective family's territory as teen-age female children perform domestic tasks. Toddlers on the other hand are mostly seen playing on the wide spaces beneath the covered footpaths and even on its surrounding sidewalks.





3. **Play and Recreation Spaces and the Games Children Play** - Seen from the children's usage of the space beneath the flyover and the surrounding areas (including the road), Ber Sarai appears as a big playground where sidewalks, footpaths, plant boxes, the road, middle island and the small street structures become impromptu venues of children's games. These pictures of the said spaces are more evident in the afternoon as more and more children could be found playing in groups.

Children's games are often age and gender based. While the very young (infants and toddlers) tend to play alone or in small groups of mixed genders, older children play all-male games in bigger groups.

It is not surprising to find more males than female children in the area. Elder females are expected to care for their younger siblings and perform household chores, hence rarely does one find them playing. Only when they are done with their work could be seen watching the male children play or conversing with fellow females of their age.





4. **Roaming Areas** - It is very usual to find children roaming around Ber Sarai in groups, tagging or carrying their younger siblings with them. They could be seen walking along sidewalks, crossing streets, and tailing roads that lead to either the market, the Municipal Cooperation of Delhi (MCD) building which lends classrooms for the informal education of the street children, and the flyover. This is the usual path they traverse during daytime where they beg. However, some middle-aged male children could also be seen roaming the streets in the early evening. Toddlers, on the other hand, only roam the great expanse of the spaces beneath the flyover and its surrounding sidewalks especially when unaccompanied by elder siblings.



5. **Hang-out Places:** Spaces for Building Relationships and of Solitude - Other than roaming the streets of Ber Sarai and the spaces within the flyover, children could mostly be found hanging out on the former's sidewalks, island, the grounds of MCD after their informal education sessions, and the different structures of the flyover. This they usually do as a past-time or in-between begging, where they chat, and build and strengthen relationships with fellow children.

Contrary to the typical perceptions on childhood, Ber Sarai's children are not always playful. Neither are they constantly cheerful nor found in groups. They also have moments of solitude. This does not only happen among middle aged children. It may also be witnessed among the toddlers especially in the early afternoons where most middle-aged children are not around.



6. **Site for Works of Charity** - A typical feature of most Indian streets is almsgiving. Ber Sarai is not exempt from this. Yet other than almsgiving, the area attracts a number of non-government organizations, religious groups and private individuals who conduct charity projects. Every day I get to witness how Prashant¹² (sometimes with Maddy and in few occasions with Khoj's temporary local or foreign volunteers) fetches the children in Ber Sarai. Walking from the Khoj Foundation's office near the Ber Sarai market, Prashant tails the sidewalk that leads to the flyover calling every child he meets and brings them to MCD where basic education for street children are held. In MCD, children are taught fundamentals of pencil and crayon handling; skills in reading, writing,

drawing, counting, coloring, etc.; and are given the opportunity to play in MCD's playground. Through the foundation, the children also get to experience annual educational trips and workshops.



Tales of philanthropic deeds abound in Ber Sarai. This often occurs during what maybe called difficult seasons. One story involved an unknown man silently covering the sleeping migrants with blankets he brought one midnight in winter 2010. During the monsoon season, I particularly witnessed an organization distributing free meals to the residents.



At Home with the Flyover: Probing into the Local Production of Childhood and Children Spaces in Ber Sarai

The intertwining of childhood, street, and urban poverty in the experiences of the children of street families in Ber Sarai are negotiated not only according to these spaces' culture but also within the various identity markers that define them such as gender, class, birth order, ethnicity and religion. Each of these spaces has its defined social expectations which set both limitations and opportunities. Their everyday life is a constant navigation of their multi-layered social spaces and additional pressure is given by the need to address between these spaces' social expectations. Their families' status alone as illegal dwellers in Ber Sarai's flyover already place them in a very vulnerable position of having been raised in an environment not fit for children. Here, risk is a constant, violence is inevitable, and abuse—a looming threat. Yet the children still need to create their own spaces for work, play and building relationships. Although this runs in direct contrast to the street as a channel, it also complements the sense of home which their parents built for them in the area. The specific forms of these spaces exist on the occasion and purpose of its use by the children. It has no physical structures of its own and borrows only from that which is legitimately there. It could be seen as *spaces-in-construction* or an 'of-the-moment space.' One space may thus have several appearances according to use which finds articulation as the "other" spaces referred to as *heterotopias* by Foucault (1967 and 1986; also in Soja, 2003). In each instance, children are the main actors who play, beg, ragpicks, make friends/interact, perform domestic chores, etc., and manifest a variation of childhood images many of which we are familiar with, and which are not exclusive to Ber Sarai but may be witnessed wherever there are children who live or stay on the streets. These are the moments of childhood construction in Ber Sarai, which are also instances of space construction.





Living with Aggression and the Dangers of Street Life. Where to Agrawal the street is an anti-thesis of all a home stands for (1999) in the case of Ber Sarai street families' children, they have no choice. And with children socialized in an environment where aggression seemed to be everywhere and from which they could not be protected nor find any means to escape, it is not surprising to see them also exhibit aggressive behavior. However, not all acts of violence by the children are for them intentionally antagonistic or hostile. As may often be seen, children's playfulness at times just runs overboard. This for the very young ones might simply be a case of not knowing the difference or the boundary between playful and hurtful behavior—of right from wrong, especially where the street's culture is what they are consistently exposed to.

Apart from aggression, children are also faced with the dangers that come with street life. It is frightening to see children hang out and even play on sidewalks, islands, and most especially the streets. It is horrifying to witness toddlers playing and staying on sidewalks without adult supervision. I was relieved to know the absence of street-related accidents during the time of the research. However, hazardous the streets are for children, it seemed they have learned to live with it.



The Unrecognized Allies of Environmentalists. Like most street children, the condition of the children in Ber Sarai requires demonstration of resourcefulness and imagination. Children have to improvise from the limited resources and materials available to them in their immediate environment and make the most out of small stones, scrap wood, cartons, paper as toys or play materials and implements for their day-to-day needs. The need to improvise and innovate is central to their life so other people's refuse becomes meaningful to them. With the general appreciation of their living condition as mere survival, characterized by improvisation and innovation, *reusing* and *recycling* are at its highest. They are the unrecognized allies of local government and maybe even environmentalists' in this regard. While they are seen as the cause of more waste in the city, they collect and aid in the segregation of trash providing free labor to the city's local government.




On Gendered Roles and Domains: Living a Compromised Childhood.

Within the flyover and the spaces accessed by the children in Ber Sarai, gendered roles and domains may be observed. As elder daughters tend to be confined within the domestic spaces beneath the flyover, sons seem to have the liberty to roam around Ber Sarai to engage in ragpicking. The former are also rarely seen playing in the area, which the latter enjoy especially in the afternoon. Their domestic obligations tie them most of the time to their designated household territory. This could also explain the reason for teen-age girls' rare participation with Khoj foundation's education program. Contributing to the female children's invisibility is the smaller number of daughters in comparison to sons in the area, a reality reflective of the general unequal sex ratio in India.

While domestic work is predominantly the elder daughter's responsibilities, caring for infants and toddlers is gender neutral. A number of elder male children could be seen carrying and allowin their younger siblings to tag along. Prashant, one of the social workers, cannot be seen without a toddler so that their older siblings can participate in Khoj's activities. Aside from caring for infants and toddlers, begging is also a gender and age neutral activity participated by some of the adult female population of Ber Sarai's street families. While younger children seem to have the liberty on when to beg and where to use their alms money, elder children are obliged to share it with their family. Other than begging, children also engage in ragpicking, an activity dominated by male children.

The contribution of children to the domestic economy is evident not only through their performance of domestic related work, but also through their engagement with begging and ragpicking which contributes to the family income. Looking at their situation from the perspective of child's rights, one can say that it is a compromised childhood. In Ber Sarai's fly-over, a child's right to play/recreation, education, nutrition, care and nurturing, protection from abuse, neglect and discrimination of all forms, and an adequate standard of living is negotiated with the need to survive. And where both the state and the family could not guarantee nor safeguard the child's enjoyment of these rights, it is inevitable to find a child in the middle of multiple forms of marginalization.



Conclusion

Setting foot on Ber Sarai, I get to witness and experience the spaces carved by its children, and a world not readily available to its acknowledged members. Using the Sociology of Childhood lens, one discovers that the ordered reality of a thoroughfare blurs in order to pave the way for children's spaces. Varieties of childhood came to view, and the transformation of the street and its accessorial structures into a destination of spaces for recreation, work, charity, hanging out, roaming, solitude, childcare, and other expressions of family and community life. This brings memories of my experiences in Crossing at Shaw Boulevard in the Philippines between the late 90s to early 2000s with the area beneath the fly-over serving as a space of destination for some street families and children who ran away from home (Francisco, 2003; 2005; 2008; and 2017). One major difference is the reality that most of the Filipino street kids were permanent residents in the nearby cities of Mandaluyong and Pasig, and their presence in Crossing served more as a site of the informal economy, especially for the street families and a number of the teen-age street children involved in sidewalk vending. In Ber Sarai, the children were all members of a family who migrated to New Delhi for work and have no access, nor the resources to afford a decent dwelling space in the city. The street-mapping I did in the initial stage of my fieldwork in Delhi afforded me insight as to Ber Sarai's enticing characteristics for homeless migrant families. While informal dwelling is not

unique to the city, the flyover is fenced¹³ and accessible, and becomes of prime significance because of its elevation from the road. The pillars, plant boxes, and plants brings a certain level of invisibility as it screens the public eye from directly seeing the thriving community within. It is more likely for a public space like the area beneath Ber Sarai's flyover to become a dwelling place for migrant families displaced by dire poverty and the lack of employment opportunities in the countryside, especially where the local government seemed unmindful of illegal occupancy as implied by the temporary tent shelters they provide in nearby areas come winter (December-January) and summer (April-June) time. A family in Ber Sarai may opt to stay in the tents when the temperature beneath the flyover becomes unbearable and find the space they left behind in Ber Sarai waiting for them. Some families, however, prefer staying in Ber Sarai and sends female members and the very young children to the tents to sleep when the cold and heat reaches their peaks.

While both Crossing and Ber Sarai's "otherness" become more evident at night with the arrival of the families' working members and the need to retire, the latter's otherness becomes even more defined with the introduction of improvised physical structures in their appropriated domestic spaces. The presence of a makeshift stove, designated sleeping areas, sections for drying clothes, mud borders that designate each family's domestic space recreates the structure of a typical home, and consequently a neighborhood. Food is cooked on the street, clothes are left out to dry, and each household has its own private space. These cannot be found in the street families of Crossing (or in Philippine cities) where a cart, a bench, a portion of a sidewalk covered with cartons or newspapers are the only spaces a street family or street children could appropriate for themselves. And where majority of the informal settlers of Ber Sarai were in fact of the same locality, sharing the same blood lines and having the same religious affiliation, the area may appear as a recreation of the community they came from. A very striking feature of the street families in Ber Sarai is the fact that the children lives with the whole family under the fly-over, including a number of elderly, making the family composition of extended nature especially since most of them are related by blood. As a result, children in the area experience being raised by a community, similar to that of the Philippines, especially in rural areas. Another distinct characteristic is the structure of Ber Sarai children's family, where the children enjoy having an intact nuclear family and living within an extended family community. In contrast, children in Crossing are mostly living with single parents, a number

of absentee parents, and run-away teens who develop an alternative family through the elder members of the street (Francisco, 2003; 2005; 2008; and 2017).

For a Filipino participant observer who has experienced doing ethnographic research among the street children and street family in a Philippine city and whose lens has been informed by both the Sociology of Childhood and Filipino Psychology, I had a sense of having gone to a small Indian Village and caught a glimpse of the community life there. However, while a lot of similarities, in terms of the children's marginal status were observed, Ber Sarai's street children appears to have the advantage of living with a more structured family life in terms of having the nuclear and extended family with them, and the presence of community which they seasonally go back to for the observance of traditional rituals such as weddings, festivals, etc.

The street families in Ber Sarai may therefore be seen as a community in exile where members improvise domestic and neighborhood structures, live a daily domestic and community routine and perform seasonal rituals in their hometown. Like in Crossing, my visits to Ber Sarai is an opportunity to witness and experience the on-going construction of childhood particular to the Ber Sarai children, as well as the social spaces which house the activities and relationships they engaged with. Within these visits, I get to enter the otherness of the (1) flyover—its foot paths, plant boxes, and pillars; (2) sidewalks; (3) island; and, (4) the road which transforms into play/recreation spaces, work sites, home, nursery and day care centre, hang out places, roaming areas, places of solitude, and sites for charity. These are undoubtedly spaces of social interaction, and the physical space beneath Ber Sarai's flyover is a site of socialization. It is a living neighborhood, a community whose invisibility results, from both the space's manifest function as thoroughfare and the neighborhood's status as informal settlers whose reality is often ignored.



From the outside world that is Ber Sarai, a thoroughfare lays manifest with private and public vehicles running to and fro, and where commuters and pedestrians walk and cross. However, looking from within, even an outsider like me will observe the existence of what appears to be a struggling neighborhood of migrant dwellers whose children takes part in the social construction, not only of this seeming invisible community and its wall-less neighborhood but of their own spaces and childhood. To the outside and legitimate community, not only should this world cease to exist especially where it is, but that these children should not be there in the first place. For the Ber Sarai families in the flyover and its local government, however, it is a condition they are constantly negotiating on order to make the most of.

In Ber Sarai's flyover therefore are children whose childhood appears to be compromised by their multiple marginalized statuses being children of migrant homeless Muslim families on the street. The children's condition in Ber Sarai directly opposes that which their rights as children afford them. However, like children of a disadvantaged background, this does not mean that they have lost their childhood. They still manage to create their own space within the area so they can play, enjoy the company of their friends, siblings, parents, and relatives; spend moments alone, hang-out, roam, rest, earn, and socialize. Unlike their middle and upper-class counterparts who may be playing with toys and online and other electronic-mediated games in confined spaces, their play spaces—while not safe—is wider, and the games they play are more active

and interactive, which is something not experienced by fellow children in their hometown whose social and physical environment is probably more child-friendly (Mudhabani). And while I could not probe into their appreciation of their own childhood and the seeming freedom they have over their time and activities due to language constraints, their experience also runs counter to the rights of children which prescribe that they have to be under the care and protected supervision of adults, living in a safe space, receiving formal education, and adequately nourished. These, however, are a luxury their parents could not afford and which the children could not demand.



Endnotes

- 1 The research was funded by the Asian Scholarship Foundation through the Asia Fellows Award with support from the University of Pennsylvania Institute for the Advance Study of India (UPIASI) and the Navajbai Ratan Tata Trust. The fieldwork was made possible through the assistance of Mr. Syed Ishan Ahmed, a volunteer graduate assistant from the School of Management, Jamia Hamdard.
- 2 *Stories from the Streets: Negotiations of Youth Realities in Crossing—Philippines* (2003), *Stories from the Streets: Childhood Realities and the Social Construction of Childhood in Crossing* (2005), *When the Curtain Calls: Stories of Urban Poor Children in the performing Arts* (2007), *Stories from the Streets: Childhood Realities and the Social Construction of Spaces and Identities in Crossing—Philippines* (2008), and *Sa Pagtatagpo ng Bata at Lansangan sa Sangandaan: Etnograpiyang Biswal sa Mundo ng Mga Batang Crossing* (2017),
- 3 The least-adult role is conceptualized by Mendel as a membership role that involved the suspension of adults' notion of cognitive, social and intellectual superiority and minimized physical difference. It encourages adult researchers to closely follow children's ways and interact with them within their perspective. (in Waksler, 58).
- 4 Khoj Foundation is a non-government organization in New Delhi that provides basic education and skill trainings to street children.
- 5 Deducing from the works of Foucault, heterotopia are spaces of alternative social ordering that stands in contrast to the taken for granted idea of social order existing within society (Hetherington, 1997:14).
- 6 Batang Crossing is the name the children in Crossing (the intersection between two major streets in one of the Philippines' major city) gave themselves (Francisco, 2003 and 2005).
- 7 New Delhi's: The Times of India, The Hindustan, The Hindustan Times, The Tribune, The Indian Express, The Hindu, The Asian Age, Business Standard, Midday, Mail Today, Dainik Hindustan, Mint, The Pioneer, Business Baskar; Mumbai's The Hindustan Times, The Indian Express, and DNA; Kolkata's The Telegraph; Chennai's The Hindu; and Guwahati's Assam Tribune, and The Sentinel in My Name is Today 2001-2011.
- 8 My Name is Today: Children in News is a quarterly journal of Butterflies NGO where news articles on children and childhood are clipped from India's newspapers and compiled by the NGO in a volume (IX-IXVII), together with articles/research on children.
- 9 The data was based on the 2010 census of street children in Delhi conducted by Bhaskaran and Mehta for Save the Children and the Institute of Human Development (9).
- 10 Information on Ber Sarai was taken from google map and Wikipedia.com.
- 11 Khoj Foundation is a non-government organization in New Delhi involved with street education. They usually deliver their program on nearby parks, where they bring the children they gathered, for an average of two hours basic education tutorial. Fortunately, the public school in Ber Sarai (MCD/Municipal Corporation of Delhi) allocated one class room between 4:00-6:00 in the evening for the NGO's use. This became the venue for the latter's basic education program for the children of Ber Sarai's street families where they are taught pencil and pen handling, reading, writing, arithmetic and life skills. However, a number of the children, in particular the elder ones, opt not to participate in the program for various reasons, one of which is the teen-age girls' domestic responsibilities.
- 12 Prashant and Maddy are both social workers from Khoj Foundation assigned to street children in Ber Sarai, IIT (Institute of Indian Technology) gate and R.K. Puran.

- 13 A number of fly-over in both Delhi and New Delhi are caged and being caged to discourage homeless migrants from settling in the area. As of the study's fieldwork, the local government have started to put wires (referred as caging by the informal residents) on the leftmost side of the fly-over (a smaller island opposite to that where majority of the migrant lives).

Bibliography

- Adelman, Clem. "Photocontext". *Image-based Research: A Sourcebook for Qualitative Researchers*, edited by Jon Prosser, London: Falmer Press, 1998, pp. 149-161.
- Agrawal, Rashmi. *Street Children: A SocioPsychological Study*. Delhi: Shipra, 1999.
- Aries, Philippe. *Centuries of Childhood*. London: Jonathan Cape, 1962
- Balanon, Faye A.G., Marco Puzon, and Agnes, Zenaida V. Camacho. *Emerging Good Practices: A Documentations of the Experiences and Learnings of Save the Children UK's Program for Abused and Exploited Children*. Quezon City : Save the Children-(UK), 2003.
- Bhaskaran, Reshmi., and Balwant Mehta. *Surviving the Streets: A Census of Children in Delhi*. Delhi: Institute for Human Development and Save the Children, 2011.
- Burra, Neera. "Out of sight, Out of mind: Working girls in India." *International Labour Review*, 128, 1989, pp. 651-660.
- Chaplin, Elizabeth. *Sociology and Visual Representation*. London and New York: Routledge, 1994.
- Corsaro, William A. *The Sociology of Childhood*. Thousand Oaks, California: Pine Forge Press, 1997.
- Das, Veena. (Ed.). *Family, Kinship and Marriage in India*. New Delhi: Oxford University Press, 1993.
- De Benitez, Sarah Thomas (2007). "State of the World's Street Children: Violence." *Street Children Series*. Plymouth, Latimer Trend, 2007.

- De Guia, K. “Pagkataong Filipino: A Theory of Filipino Personhood.” *Kapwa: The Self in the Other (Worldviews and Lifestyles of Filipino Culture Bearers)*. Anvil Publishing, Inc., 2005, pp. 17-44.
- Deb, Sibnath. *Children in Agony*. New Delhi: Concept Publishing Company, 2006.
- DeMause, Lloyd. (Ed.). *The History of Childhood*, Northvale, New Jersey: Jason Aronson, Inc., 1995.
- Dreze, Jean. “Patterns of Literacy and Their Social Context.” *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, New Delhi: Oxford University Press, 2004, pp. 245-365.
- Enriquez, Virgilio. G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. University of the Philippines Press, 1992.
- Foucault, Michel. “Of Other Spaces.” *Diacritics*. Translated by J. Miskowiec, 16, 1986, pp. 22-27.
- Francisco, Carlota B. “Sa Pagtatagpo ng Bata at Lansangan sa Sangandaan: Etnograpiyang Biswal sa Mundo ng Mga Batang Crossing”. *KATIPUNAN: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, 1 (2017), 1-33.
- _____. “Behind Images and Spaces of Childhood: An Ethnographer’s Tale on the Challenges of Doing Research on the Streets Children in India”, *Social Science Information*, 38-39 (2010-2011), 4-7 (Accessed through: https://issuu.com/pssc/docs/ssi_2011_final).
- _____. “Stories from the Streets: Childhood Realities and The Social Construction of Spaces and Identities in Crossing.” *International Childhood and Youth Research Network (ICYRNet): Child and Youth Research in the 21st Century: A Critical Appraisal*, European University Cyprus, 27-28 May 2008.
- _____. *When the Curtain Calls: Stories of Urban Poor Children in the Performing Arts*. Unpublished thesis, Bangor University, 2007.
- _____. “Stories from the Street: Childhood Realities and the Social Construction of Spaces in Crossing—Philippines.” *The 6th Inter-University Post-graduate*

Conference: *Challenging the Boundaries in the Social Sciences*, University of Cambridge, 21-22 May 2005.

____. "Youth Realities and the Social Construction of Spaces in Crossing." *The 5th National Social Science Congress: What's with the Filipino Youth*, Philippine Social Science Council, 15-17 May 2003

Gupta, Dipankar. "Social Stratification". *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 2004, pp. 120-141.

____. "The Indian City." *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 2004, pp. 142-155.

James, Allison. *Childhood Identities: Self and Social Relationships in the Experience of the Child*. Edinburgh University Press, 1993.

James, Allison, Chris Jenks and Allan Prout. (Eds.). *Theorizing Childhood*. Polity Press, 1998.

James, Allison and Allan Prout. (Eds.). *Constructing and Reconstructing Childhood: Contemporary Issues in the Sociology of Childhood*. Falmer Press, 1997.

Kanth, Amod, and R. M. Varma. (Eds.). *Neglected Child: Changing Perspectives*. PRAYAS, 1993.

Kakar, Sudhir. *The Inner World: A Psycho-analytic Study of Childhood and Society in India*. 3rd ed., Oxford University Press, 2011.

Karlekar, Malavika. "Domestic Violence." *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 2004, pp.308-330.

Karve, Irawati. "The Kinship Map of India." *Family, Kinship and Marriage in India*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 1993, pp. 50-73.

Kanbargi, Ramesh. *Child Labour in the Indian Subcontinent*. Sage Publications, 1991.

Malone, Kaen. (Ed.). *Child Space: An Anthropological Exploration of Young People's Use of Space*. Concept Publishing Company, 2007.

Marcus, George. *Ethnography Through Thick and Thin*. Princeton University Press, 1998.

- McFadyen, Lori. *Voices from the Street: An Ethnography of India's Street Children – A Case of Delhi*. Hope India, 2005.
- Nieuwenhuys, Olga. "The Paradox of Child Labour and Anthropology." *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 2004, pp. 331-344.
- Panter-Brick, Catherine. "Street Children, Human Rights and Public Health: A Critique and Future Directions." *Annual Review of Anthropology*, 31, 2002, pp. 147-171.
- Panicker, Rita, and Kalpana Desai. *Street Girls of Delhi*. National Labour Institute, 1993.
- Panicker, Rita, and Praveen Nangia. *Working and Street Children of Delhi*. National Labour Institute, 1992.
- Pe Pua, Rogelia. (Ed.). *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 1982.
- Shah, Arvind M. (1998). *The Family in India: A Critical Essay*. Delhi: Orient Longman.
- Shamkar, Lara. *Midway Station: Real Life Stories of Homeless Street Children*. Penguin Books, 2006.
- Sinha, Durganand. *Socialization of the Indian Child*. Concept, 1981.
- Soja, Edward W. *Post Modern Geographies: The Reassertion of Space in Critical Social Theory*. Verso, 2003.
- UNICEF. *The Situation of Children in India: A Profile*. UNICEF-India, 2011.
- Uberio, Patricia. "The Family in India." *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena. Das, Oxford University Press, 2004, pp. 275-307.
- Urban Ethnographic Association. *Little Nomads: The Journey of Indian Street Children*. Urban Minds, 2002.

- Van Maanen, John. *Tales from the Field: On Writing Ethnography*. University Press, 1988.
- Waksler, Frances C. *Studying the Social Worlds of Children: Sociological Readings*. Falmer Press, 1991.
- Weiner, Myron. Migration. *Handbook of Indian Sociology*, edited by Veena Das, Oxford University Press, 2004, pp. 156-171.
- Wyness, Michael G. *Contesting Childhood*. Palmer Press, 2000.

Journals:

- Butterflies Annual Report: April 2009-March 2010*. Butterflies, 2010.
- My Name is Today: Children in News (A Selection of Articles and News Clippings on Children)*. Butterflies, vol., IX-IXVIII, 2001-2011.

Online Sources:

- Engineer, Asghar Ali. *On Upbringing of Muslim Children in India*. Muslim and Modern Age, Jul. 2004, www.irfi.org/articles/articles_201_250/on_upbringing_of_muslim_children.htm. Accessed 30 Aug. 2019.
- Barcaro, Carlotta. *Child Protection*. UNICEF.org., 2006 www.unicef.org/india/child_protection.html. Accessed 30 Aug. 2019.
- Bhalotra, Sonia, Christine Valente, and Arthur van Soest. *The Puzzle of Muslim Advantage in Child in India*. European Society of Population Economics Conference, Seville, 2009, www.efm.bris.ac.uk/ecsr/papers/JHE.pdf. Accessed 30 Aug. 2019.
- Dolan, Sabine. Empowering Girls through Education in India. UNICEF.Org., 4 Apr. 2005, www.unicef.org/education/india_25853.html. Accessed 1 Sept. 2019.

Miskowiec, Jay. (trans.). *Of Other Spaces: Utopias and Heterotopias*. Michel Foucault, Oct. 1984, web.mit.edu/allanmc/www/foucault1.pdf. Accessed 1 Sept. 2019.

Maps of India.com. *Locality Map of Ber Sarai*. MapsofIndia, 2008, www.mapsofindia.com/delhi/ber-sarai.html. Accessed 3 Aug. 2012.

Ministry of Women and Child Development. *The Indian Child: A Profile 2002*, 2002, wcd.nic.in/indianchild/Children.12.htm. Accessed 13 Jul. 2012.

Ber Sarai, New Delhi. Wikipedia, (?), en.wikipedia.org/wiki/Ber_Sarai. Accessed date 13 July 2011.

UNICEF. *Progress for Children Report: A Statistical Review 2007*. UNICEF India, Dec. 2007. www.unicef.org/india/media_3766.htm. Accessed 01 Sept. 2019.

UNICEF. *Statistics (India)*. UNICEF India, 28 Feb. 2003, www.unicef.org/infobycountry/india_statistics.html. Accessed 13 Jul. 2011.

Interview:

Usman, Mohammad. Personal Interview. New Delhi: Ber Sarai Flyover. June 27, 2011.

Nautiyal, Prashant. Conversations. New Delhi: Ber Sarai and Moti Bagh. July-November 2011.

Sharma, Pawan. Personal Interviews. New Delhi: Khoj Foundation and Prabhat Tara. June 25 and July 26, 2011.

PAGPAPALA O SUMPA:

Mga Tinig at
Pag-unawa ng
Damdaming Katutubo
Patungkol sa
Edukasyon Hatid ng
Simbahan sa
Hilagang Luzon

EARL ALAN C. CURA

UST Graduate School
Development Studies Cluster
University of Santo Tomas

ERIC B. ZERRUDO

UST Graduate School
CCCPET Office, TARC
University of Santo Tomas

ABSTRAK

Ipagdiriwang ng Simbahang Katolika sa Pilipinas sa 2021 ang ika-limang daang taon ng pagkakatatag ng pananampalatayang Kristiyano sa bansa. Tiyak maraming mga pagbabalik-tanaw, kuwento, at ala-alang patungkol sa mga gawain at ambag ng simbahan ang muling sasariwain. Hindi lingid sa kaalaman ng marami na naging kasangkapan ang simbahan sa paghahatid ng edukasyon sa iba't ibang panig ng kapuluan. Sa Hilagang Luzon, sa bulu-bunduking mga lalawigan ng Cordillera at sa mga karatig lalawigan ng Rehiyon 2, nagtatag ang mga misyonero ng mga paaralan at pamantasan sa mga pamayanan ng mga katutubo. Ano nga ba talaga ang naidulot ng mga paaralang ito na naghatid ng pagkatuto? Naparangalan ba ang kanilang angking karunungan at likas na pagkamalikhain; pinalalim ba ng edukasyon ang kanilang dangal bilang mga katutubo o tinuruan silang ikubli at ikahiya ang kamalayang ito? Ang pagsusuring ito ay pagsasalarawang nagmumula sa karanasan ng mga katutubong tumanggap ng edukasyon mula sa mga paaralang itinatatag ng mga dayuhang misyonero; mga kuwento ng pagpapaigting sa katutubong kamalayan, pagkilalang-dangal at mga karanasan sa sariling-pagpapasiya na sumasalamin sa mga tinig at damdamin nila na karaniwa'y isinasantabi at hindi pinapansin ng nakararami sa lipunan. Layunin nitong bigyang tuon ang kanilang mga saloobin at pananaw na siyang marapat na maging batayan ng anumang mapagpalayang edukasyon upang ang kaunlaran ng pamayanan at lipunan ay tiyak na mapapanatili hanggang sa mga darating pang mga salinlahi.

Pangunahing mga salita: Katutubo, Pagsasa-katutubo, Pagkilalang-dangal, Sariling-pagpasiya, Mapagpalayang edukasyon

Panimula

Sa pagtatapos ng ikalabing-siyam na siglo, nagwakas ang pananakop ng mga dayuhang Kastila sa Pilipinas sa pamamagitan ng isang makasaysayan at madugong himagsikan noong 1898. Nanindigan ang mga Filipino at ipinaglaban ang kanilang kasarinlan at ang kalayaan ng bayan. Napaalis man ang mga Kastila noon ay pinalitan naman agad ito ng pananakop ng mga Amerikano. Ang Estados Unidos naman ang siyang nagmay-ari sa bayang iniwan at ipinagpalit ng Espanya sa kabayaranang nagkakahalagang dalawangpung milyong dolyar. Dahil dito ay maraming mga kaparian at relihiyoso ang pinabalik sa Espanya na nagdulot din ng kakulangan sa mga mamamahala ng simbahan, paaralan at iba pang mga tanggapang pinamumunuan nila.

Kung noon ay hindi binigyang pansin ng Espanya ang edukasyon ng mga Filipino, lubusan naman itong pinagbuti ng mga Amerikano. Nagtatag sila ng mga pampublikong paaralan sa buong kapuluan, nagpadala sila ng maraming Amerikanong guro, at tinuruan ang mga karaniwang Filipino na magsalita gamit ang wikang Ingles. Dumating din ang mga protestanteng misyonero na nanghikayat sa mga Filipino na magpalit ng kanilang pananampalataya. Kaya't nanganib ang mga mananampalatayang katoliko at minabuti ng Simbahang Katolika sa pamumuno ng mga Amerikanong obispo sa Pilipinas na manawagan at anyayahan ang iba't ibang mga samahàn ng mga pari, madre at relihiyoso na tumugon sa malaking kakulangang ito.

Sa tulong at sa panawagan na rin ng mataas na pamunuan ng Simbahang Katolika sa Roma, maraming kongregasyon at kapatiran ang nagpaunlak sa paghámong ito. Kabilang na dito ang Kongregasyon ng Kalinis-linisang Puso ni Maria; isa itong samahàn ng mga misyonerong relihiyoso at kaparian na itinatag noong 1862 sa Belgium.

Taong 1907 nang dumating ang mga unang misyonero ng kongregasyong ito sa Pilipinas lulan ng isang barkong tumawid ng malalawak na karagatan sa loob ng mahigit isang buwan. Kalauna'y naglakbay agad sila patungong Hilagang Luzon (sa mga lalawigang noo'y nabibilang sa Montañosa' at mga karatig pang lalawigan ng Nueva Vizcaya at Cagayan) upang magpahayag ng ebanghelyo at mapalaganap ng lalong higit ang pananampalatayang Katolisismo sa mga katutubo (Verhelst at Pycke 1995).

Sa simula pa ay tinanggap na agad ng mga misyonero ang hámon ng panahon sapagkat mayroon silang pagtatanging paglingkuran ang mga katutubong hindi kristiyano na karamiha'y naninirahan sa bulu-bunduking Montañosa. Ito'y malinaw na nakalahad sa kanilang mga pormal at opisyal na mga kasulatan noon at magpahanggang ngayon.

Ayon sa kasaysayan ng kongregasyon, sa loob ng walumpu't anim na taon (1907-1993) nakapagtatag at pinamunuan ng mga misyonero ang halos isang daan at animnapung (160) mga paaralan; ang ilan sa mga ito ay naging malalaki at matatag na pamantasan (Depré 1992). Layunin nilang maghatid ng pagkatuto at edukasyon sa mga katutubong naninirahan sa malalayo't liblib na lugar upang makatulong sa pagpapabuti ng kanilang pamumuhay.

Bagamat naipagkaloob na sa mga lokal na Obispo at diyosesis ang pamamahala at pagmamay-ari sa karamihan ng mga paaralan ngayon, patuloy pa rin ang pagtutok ng mga misyonero sa mga katutubo ng rehiyong iyon. Anim pang mga paaralan ang pinamumunuan ng mga misyonero sa ngayon, ito ay ang: Saint Louis University sa lungsod ng Baguio (1911), Saint Mary's University sa Bayombong, Nueva Vizcaya (1928), Saint Louis College sa San Fernando, La Union (1964), University of Saint Louis sa Tuguegarao, Cagayan (1965), Saint Louis College sa sa lungsod ng Mandaue (1971), at Maryhill School of Theology sa lungsod ng Quezon (1972).

Pamamaraan ng Pananaliksik

Sa sanaysay na ito, ang ginamit na pamamaraan ng pananaliksik ay ang penemonolohiyang Pagsasalarawan (*Portraiture*) na kung saan iginuguhit ng may-akda sa pamamagitan ng mga titik at talata ang naging karanasan ng mga katutubong makailang ulit na kinapanayam sa kanilang pook-trabahuhan upang mapakinggan ang kanilang damdamin at pananaw tungkol sa natatangi at malalalim nilang mga karanasan ng pagkatuto mula sa mga paaralang itinatatag ng mga misyonero ng Kalinis-linisang Puso ni Maria sa Cordillera, La Union, Nueva Vizcaya, at Cagayan.

Ang Pagsasalarawan bilang isang uri ng kwalitatibong pananaliksik ay nagsisiyasat ng kagandahan at kabutihang naidulot ng isang kaganapan o katotohanan; ayon kay Lawrence-Lightfoot (1997) ang Pagsasalarawan

ay “nagpapahayag ng kabutihan bagamat ito ay lagi rin nababahiran ng kakulangan.” Bilang isang pamamaraan sa pagsasaliksik, sinisikap ng may akda na mapag-isa ang kaalamang hinango mula sa pagmamasid at ang makasining na pagguhit ng larawan gamit ang salita upang maipahayag ang “iba’t ibang suson ng kanilang karanasan at makapaghain ng pinaikling sanaysay mula sa maingat na etnograpiyang ipinapahayag sa pampanitikang pamamaraan” (Lawrence-Lightfoot at Davis 1997).

Nais ng pagsusuring ito, sa pamamagitan ng Pagsasalarawan, na pagkalooban ng pagkakataon at halaga ang tinig ng mga katutubong tumanggap ng edukasyon mula sa mga misyonerong paaralan hinggil sa bungang hatid ng pag-aaral sa kanilang katutubong kamalayan at paggalang sa sarili. Ang sanaysay na ito ay hango sa mga kuwentong nagmumula sa saloobin ng mga katutubong nakibahagi sa pananaliksik na ito. Marami sa mga nailathalang mga ulat at panitikan² ay isinulat ng mga banyagang misyonero; mga talaan na patungkol sa kanilang mga gawaing pang-simbahan, pampaaralan at ang mga naging bunga nito para sa mga katutubo. Iilan lamang ang naisulat at napakikinggan na mga tinig at pananaw na nagmumula mismo sa mga katutubo (Kibiten 2018).

Ibig tugunan ng sanaysay na ito ang dalawang pangunahing katanungan: una, kinilala at binigyang dangal ba ng edukasyong hatid ng mga paaralang misyonero, ang karunungan at mga kaalamang katutubo? Ikalawa, napalalim ba ng edukasyon ang kanilang katutubong kamalayan o nagdulot ba ito ng dahilan upang kanilang ikubli at ikahiya ang pagiging katutubo?

Ang mga kinapanayam dito sa pananaliksik ay pawang nagsipag-aral, magmula sa kanilang mababang paaralan hanggang sa kanilang pagtatapos sa pamantasan at maging sa kanilang pagkadalubhasa, sa mga paaralang itinayo ng mga misyonero kabilang ang Saint Louis University, Saint Louis College, Saint Mary’s University, at University of Saint Louis. Ito ay isa sa mga naging mahahalagang pamantayan upang makatiyak na ang mga katutubong kinapanayam ay may maraming mga taong ipinamalagi sa paaralan at sapat na karanasan upang makapagbigay ng kapani-paniwala at matibay na paglalahad. Mula sa kanilang mga kuwento at pahayag, isasalarawan ang mga magkakahalintulad na paksa ayon sa pagpapakahulugan ng may-akda. Ito ang siyang magbubuo ng bagong hugis at pinag-isang anyo na nagmula sa pagkakatagni-tagni ng mga paksang nanggaling sa kanilang kani-kanyang kuwento at karanasan (Lawrence-Lightfoot 1983).

Saklaw at Limitasyon

Ang pananaliksik na ito ay halaw at nakatuon sa mga pinagdaanan at kaganapan sa buhay ng mga katutubo noong mga taong sila'y nag-aaral sa mga nabanggit na mga pamantasan. Anim na mga katutubo ang kinapanayam dito, apat ay mga babae at dalawa ang lalaki. Sila'y pawang nasa apatnapu hanggang limampung taong gulang at may mahaba-habang karanasan na rin sa paghahanapbuhay. Ang mga naging trabaho nila ay pawang may kaugnayan sa edukasyon at paaralan; isa ang nagbalik sa pag-aaral noong mga nakaraang taon at kasalukuyang patapos na rin sa natatanging pagsasanay. Tatlo sa kanila ang may-asawa at pamilya. Sa iba't ibang bahagi ng Hilagang Luzon nakatira ang mga katutubong kinapanayam: sa lungsod ng Baguio, sa La Union, sa Nueva Vizcaya, sa Cagayan, at sa Maynila.

Mahalaga na kilalanin ang kanilang mga kaisipan at kabatiran hinggil sa epekto ng edukasyon sa kanilang pagkilalang-dangal³ upang higit na makatulong ito sa adhikain ng mga misyonero at ang kanilang mga paaralan gayundin sa iba pang mga institusyon, pribado man o pampubliko, na makapaglaan ng angkop, napapanahon at mapagpalayang edukasyon sa mga katutubong pangkat na kanilang pinaglilingkuran. Hindi sakop ng pananaliksik na ito ang paghalintulad, pagsusuri o pagkumpara ng kanilang ginamit na sistema sa edukasyon sa iba't ibang uri ng sistema, kurikulum at mga kaisipan o usaping patungkol sa pag-aaral. Hindi rin nilalayon ng sanaysay na bumuo ng panibagong balangkas o modelo na makatutugon sa pagpapahusay ng mga naunang mga pamamaraan. Sinisikap lamang maisalarawan dito ng matapat ang naging anyo at karanasan ng mga katutubo habang sila ay sumasailalim ng pagkatuto o edukasyon at ang naging kaugnayan nito sa kanilang pansariling kamalayan at dangal; gayundin ang kanilang mga pagninilay, kabatiran at katutubong karunungan hinggil sa mga naging karanasan nila noon.

Ang pagsasaliksik ay ginanap sa mga piling lalawigan lamang ng Hilagang Luzon kung saan ang mga misyonero ng Kalinis-linisang Puso ni Maria ay nagpalaganap ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagtatatag ng paaralan sa mga pamayanang katutubo. Ang mga kinapanayam ay nabibilang sa lipi ng mga Igorot (Ayangan, iLias, Mayoyao at Tuwali) mula sa Cordillera at iba pang mga katutubo (Gaddang at Itawis) ng Region 2 na pinaglingkuran ng mga misyonero. Hindi kabilang dito ang mga lalawigan ng Abra, Batanes, at Isabela

gayundin ang mga katutubong nagmula sa mga lalawigang ito na walang pakikipag-ugnayan sa mga misyonero ng Kalinis-linisang Puso ni Maria.

Mga Katutubo at mga Paaralang Misyonero

Taun-taon malalaking halaga ang iniuukol ng mga paaralang misyonero bilang kaloob at tulong sa mga mag-aaral (katutubo at di-katutubo) upang makapagtapos sila at ma-iyangat nila ang antas ng kanilang pamumuhay sampu ng kanilang mga kamag-anakan. Noong 2016, humigit kumulang limampung porsiyento (50%) ng mga mag-aaral sa Saint Mary's University ang tumanggap ng tulong pinansyal. Ganito rin halos ang katayuan ng iba pang mga paaralang pinamumunuan ng mga misyonero. Ito ay sapagkat may matimbang na pagpapahalaga ang mga misyonero sa kapakanan ng mga katutubo; kaya't bahagi ng mga alituntunin ng bawat paaralan ang maglaan ng kaukulang halaga para tustusan ang mga nangangailangan, nagsisikap, at karapat-dapat tulungang mga mag-aaral.

Ayon sa ika-14 na artikulo ng *UN Declaration on Rights of Indigenous Peoples* (UNDRIP) ang bawat katutubo ay may karapatan, lalo't higit ang mga bata at kabataan, sa lahat ng uri at antas ng edukasyong malaya sa anumang hindi kanais-nais na pagtatangi. Binibigyang tuon ng deklarasyong ito ang kahalagahan ng pantay-pantay na pagkakataon at kaparaanang tumanggap ng angkop, napapanahon at uring pag-aaral para sa ikauunlad ng buhay ng mga katutubo at ng kanilang pamayanan (UNDESA 2007). Halos ganito rin ang pangarap at pagkilos ng mga sinaunang mga misyonero bago pa man kilalaning lubos ng pamahalaan ang mga paaralang kanilang pinagpagurang itaguyod.

Tulad ng iba pang mga samahang namamahala ng mga paaralan sa loob ng simbahan, kinilala din ng mga misyonero na ang pagpapatupad sa mga takdang “pamantayan” ng edukasyon ang siyang tanging pakay ng pag-aaral; ito ang magiging susi para sa ikapagbubuklod ng mga katutubo sa hanay ng mga nakararami sa lipunan. Ang pag-aaral ang siyang maghahatid sa katutubo upang makapasok sa daigdig ng mga di-katutubo; ang pag-aaral ang daan para sila ay maging katulad ng mga karamihan. Itinuturing na “tagumpay” ang kuwento ng mga katutubong nakaliban mula sa kanilang kinaugaliang pamumuhay at nakatawid sa kultura ng higit na nakararami; sapagkat natunton nila ang paraang makapamuhay sa modernisado at kumplikadong pamayanan,

nakapagbibigay sila ng makahulugang ambag bilang mga mamamayan, at higit sa lahat sila’y pinakikinabangang lubos ng lipunan.

Ayon sa sariling pagsusuri ng mga pamantasang nabanggit, libu-libong mga katutubong nagsipagtapos sa mga paaralan ng mga misyonero ang naglilingkod ngayon sa iba’t-ibang kagalang-galang na tanggapang pribado at pampubliko bilang mga pinuno, sangguniang propesyonal, at dalubhasang may mga matataas na katungkulan sa loob at labas ng bansa. Marami sa kanila ay nakatira na sa mga pangunahing lungsod at kabayanan ng kapuluan.

Ang mga katutubong nakapanayam sa pananaliksik na ito ay ipinanganak sa mga taong napapaloob sa 1970 at 1980. Sila’y nagsipag-aral sa mababa at mataas na paaralan, maging sa pamantasan sa pagitan ng mga taong 1975 at 2000. Sa buong bansa, ang “*Revised Elementary Education Curriculum*” ang siyang ipinatupad na kurikulum sa mababang paaralan noong taong 1957 hanggang 1982; at ang “*New Elementary School Curriculum*” sa taong 1982 hanggang 2002. Samantalang sa mataas na paaralan naman ay ang “*Revised Secondary Education Curriculum*” (1973-1988) at ang “*New Secondary Education Curriculum*” (1988-2002). Sumailalim sa mga kurikulum na ito ang mga taon ng kanilang pag-aaral.

“Ingles ang gamit sa pagtuturo sa ‘min, paminsan-minsan Filipino⁴ din,” ang pag-amin ni Thelma, isang katutubong Mayoyao na nag-aral sa paaralan ng mga misyonero simula sa mababang paaralan hanggang makatapos ng kanyang pagiging dalubhasa sa larangan ng edukasyon. “Bawal kasi gamitin ang salita namin; may naglilista ng mga pangalan namin kapag hindi ka nag-Ingles at mayroon ding multa,” dagdag pa niya.

Halos may katulad na karanasan din si Andres na tubo namang Kiangnan at nabibilang sa tribo ng Tuwali. Siya’y isa sa mga maraming katutubong pinarangalan dahil sa kanilang katapatan at pananatili ng maraming taon sa paaralan ng mga misyonero. Mariing sinabi ni Andres na ang lahat ng kanyang natutunan sa paaralan ay itinuro sa kanila gamit ang wikang Ingles, maging ang pagdalangin ng taimtim sa Diyos. Ang lahat ng mga gawaing may kaugnayan sa kanilang buhay-panalangin sa paaralan man o sa pamayanan ay nagaganap sa wikang Ingles. Minsan na rin siyang nalito noong siya’y batang musmos at walang pang sapat na pangangatuwiran. Itinanong niya sa sarili— “maintindihan kaya ako ng Panginoon kapag nagdasal akong gamit ang sarili kong wika?” Nang lumaon ay naunawaan din niya na makapangyarihan ang

Lumikha at nakauunawa sa lahat ng wika, ngunit nasanay na lamang siyang manalangin gamit ang wikang banyaga; at parang alangan ang pakiramdam niya kung manalangin siya sa Diyos gamit ang katutubong wika.

Lalo naman itong pinaigting ng kanyang karanasan nang yumao ang kanyang ama. Nagkaroon ng mga “*baki*” (katutubong ritwal) na pinamunuan ng “*mumbaki*” (katutubong pari) na ginanap sa wikang Tuwali; at nang matapos ang “*baki*” ay ang mga panalangin at awiting katoliko naman ang sumunod na pawang isinagawa gamit ang wikang Ingles.

Pahayag naman ni Elsa, isang katutubong Gaddang na nagtapos din ng kanyang pag-aaral sa mga paaralan ng mga misyonero at ngayo’y may mataas na katungkulan sa isang kilalang pamantasan sa kanilang lalawigan, “wala kaming pag-aaral na ginanap sa wikang Gaddang kailan man; lahat ay sa wikang Ingles. Ginagamit lang namin ang Gaddang sa labas ng paaralan, pag naglalaro at nakikipagkuwentuhan. Umabot din ako sa puntong hindi ko natitiyak kung nauunawan ko nga ba talaga ang Ingles at nagduda na rin ako pati na sa’king kaalaman.”

Mahalaga ang papel ng sariling wika sa paghubog ng kultura at kaisipan ng mga tao, ayon kay Sherlyn na isang katutubong iLias ng Barlig (Mt Province). Paniwala niya’y dapat unahin ng mga katutubo ang pagpapahalaga sa sariling wika bago pa bigyang tuon ang mga wikang banyaga. Si Sherlyn ay nag-aral din mula pagkabata hanggang sa makatapos ng pagiging dalubhasang doktor sa mga paaralang itinatag ng mga misyonero.

Minsa’y ninais din niyang magpahayag ng damdamin at kaisipan sa sariling wika ngunit hindi ito naging katanggap-tanggap mula pa noong kanilang pagkabata. Ingles ang pamantayang wika ng pagkatuto sa paaralan; pilit na lamang niyang tinanggap na likas at nilunok ang patakarang ito sa usaping pang-edukasyon. Ito ang isa sa mga kadahilanang may mga panahong nangamba si Sherlyn na magsalita ng kanilang sariling wika noong siya ay mag-aaral pa lamang. “Takot ako kasi pagtatawanan nila ako at hahamakin,” malinaw niyang pagpapaliwanag. Hindi rin siya naging malaya sa pagtanggap ng kanyang kamalayang Igorot kahit pa siya’y inusig ng sariling budhi dahil sa pagkubli nito. Naging masalimuot ang daang kanyang tinahak sa paglalakbay bago niya nasambit ng may pagpupugay at dangal ang mga katagang: “Igorotak! (Igorot ako!)”

Karaniwang kinukutya ang mga kaalaman, pamamaraan, at karunungan ng mga katutubo; itinuturing din itong makaluma o mga mapamahiin na wala man lang batayan sa agham o katuwiran. Kung noon ay sa “*mumfuni*” (katutubong manggagamot ng mga Mayoyao) isinasangguni ang mga may karamdaman upang suriin at dasalan gamit ang ritwal ng kinatay na manok, dugo, yantok, apog, nga-nga at alak (mula sa bigas); dahil sa pagkakatuto sa paaralan—minamabuti na nilang sa mga sinanay at hutok sa maka-kanlurang medisina ng mga doktor na dinadala ngayon ang mga maysakit, dagdag na paliwanag ni Thelma. Pinatotohanan niya na ito nga ay bunga ng kanilang pag-aaral at pagpapahalaga sa mga siyentipikong paliwanag ng medisina. At ito’y buong puso din niyang pinaniniwalaan bagamat hindi naging madali ang naging pagsasabuhay nito sapagkat ang lolo niya ay isang kilalang *mumfuni*.

Ganoon pa man, para kay Elsa na nagtapos ng karagdagang mataas na pagsasanay sa *Information Technology* (IT) at isa ring doktor ng beterinaryo, patuloy pa ring nananatiling palaisipan ang pagpapagaling ng isang “*ko’fun*” (manggagamot ng mga Gaddang) sa kanyang sakiting nakababatang kapatid. Ito’y kanyang nasaksihang naganap gamit lamang ang itlog ng manok at pagpapalit ng pangalan ng bata ayon sa bulong ng mga yumaong ninuno. “Gumaling naman siya,” sabi ni Elsa na may buong pagtataka. Nahihirapan siyang tanggapin ang nangyari sapagkat natutunan niya mula pa ng kanyang pagkabata sa paaralan, na tanging agham at makabagong medisina ang tamang lunas sa mga karamdaman. Para sa kanya, ang mga pamamaraang maliban sa siyentipikong paggamot na itinataguyod sa pamamagitan ng katutubong lunas, ay mga pamahiin lamang at walang batayan sa katuwiran. Itinuturing ni Elsa na “*placebo effect*” ang naganap noon dahil para “gumaling” ang kanyang kapatid.

Salaysay naman ni Nelson, isang katutubong Ayangan, at ngayo’y patapos na sa kanyang pag-aaral ng pagpapari sa Maynila—hindi lubos maunawaan ng kanyang mga kaibigang taga-lungsod ang kanyang karanasan. Minsan noong siya’y nakabakasyon, biglaan siyang isinugod sa pagamutan matapos siyang makaramdam ng pananakit ng tiyan, panlalamig, at panghihina. Namalagi siya ng halos dalawang linggo sa pagamutan habang sinusuri ang lahat na maaring naging sanhi nito. Walang makitang dahilang ang mga doktor kung kaya’t hindi siya magamot ng wasto. Nabanggit niyang minsan bago sumamâ ang kanyang pakiramdam, siya ay nangaso sa kahuyang di kalayuan sa bahay ng kanilang mga pininsan. Tumawid siya ng sapa at naghanap ng mahuhuli; nang wala

siyang mahuli ay nagpasiya na siyang bumalik. Ayon sa kanya, hindi siya nakapagpaalam sa mga taga-pangalaga ng sapa at kagubatan. Kinaumagahan, agad namang nagbalik ang kanyang ama sa dako ng kahuyan, naghandog ng alay at humingi ng paumanhin sa mga sa maaring napinsala o nagambala ng anak; kinahapunan ng araw na ding iyon biglang gumaling si Nelson. Nanumbalik ang sigla at kalusugan sa kanyang pangangatawan. Natutunan niya sa paaralan, mula pa ng kanyang pagkabata, na ang mga bagay na ito ay hindi katanggap-tanggap sa agham at medisina sapagkat wala silang kakayahang ipaliwanag ang mga di pangkaraniwang kaganapan tulad nito.

Sa usapin naman ng mga nilalaman ng kanilang aralin, tapatan ding inamin ni Lisa, isang katutubong Itawis, na “hindi ko matandaan na mayroon kaming ginawang pag-aaral o pagpapalalim na naganap sa aming kamalayang katutubo. Kamakailan ko nga lang nalaman na katutubo pala ako. Walang naganap na pagkilala sa amin at sa aming kulturang Itawis noon; yung aming katangian at yaman? Wala talaga. Siguro kaya naranasan ko ang pakitunguhan ng hindi maganda ng mga kapwa kong kamag-aral na mga taga lungsod; hindi kami naturuan sa paaralan ng paggalang at papapahalaga sa magkakaibang kultura. Tinuruan kaming magsalita ng Ingles at Tagalog sa paaralan para maging katulad ng nakararami. Mataas ang tingin sa mga magagaling mag Ingles at kinailangan kong iakma ang sarili ko sa mga pamamaraan at kaisipan nila para hindi ako mapag-iwanan kahit hindi naman ito talagang likas sa amin. Mahirap talaga.” Bagamat batid niya na mayroon siyang pangkat na kinabibilangan, umabot na rin siya sa puntong hindi niya itinuring na mga katutubo ang kanilang pangkat. Natanim sa kanyang kaisipan, dala ng palagiang pakikilahok niya sa mga pampaaralang pagkilos, na ang mga katutubo ay ang mga Agta na naninirahan sa malalayo’t ilang na kabundukan na kanilang pinupuntahan at hinahatiran ng tulong; habang siya naman ay nabibilang sa grupo ng mga nakararami.

Aminado rin ang mga katutubong nakapanayam na mahalaga para sa kanila, lalo’t higit sa kanilang mga magulang, na sila ay makapagtapos ng pag-aaral. Iba’t iba man ang kanilang naging kadahilanan, kasaysayan at pagpapaliwanag sa kanilang mga piniling kurso, ngunit sa huli, ay iisa pa rin ang kinapupuntahang pakay. Ang pag-aaral ang siyang paraan para makaahon sa kahirapan. Ito rin ang daan para makatakas sila sa buhay-pagsasaka na kanilang kinagisnan. Pahayag ni Sherlyn: “Laging paalala ng tatay ko, ‘Dapat makatapos kayo ng pag-aaral.’ Ayaw niyang maranasan namin yung naranasan

niyang hirap dahil hindi siya nakapag-aral; alam lang niyang magsulat ng mga bilang at ang kanyang pirma.” Nawalan ng mga pag-aari, lupang binubungkal para sa kabuhayan, ang ama ni Sherlyn nang siya ay malinlang ng mga ilang nakapag-aral at nakuha nila ang mga pag-aaring iyon. Kaya’t ganun na lamang ang pagpapahalaga ng kanyang mga magulang sa pagtatapos nilang magkakapatid sa pag-aaral. Mayroon siyang mga kapatid na inhinyero at nars ngayon. Siya nama’y isang propesor.

Ayon naman kay Andres: “Mahalaga ang pag-aaral dahil pag nakatapos ka mas malaki ang pagkakataon na gumanda ang buhay mo! Hindi ka matatali sa pagsasaka o sa lupa. Noon simple lang nagtatanim, makakain ng tatlong beses isang araw at may kaunting pera, masaya na; pero nung nakapag-aral na, hindi na pagsasaka—pagmimina na. Dumami na rin yung pangangailangan dahil yumaman na. Tapos sa ibang lugar naman sila tumitira kasi wala naman masyadong trabaho sa probinsya. Kaya ipinagmamalaki ng mga magulang ang kanilang mga anak na nakatapos.” Dagdag pa din ni Andres na higit sana makatutulong kung ang mga napag-aaralan ng mga katutubo sa pamantasan ay mga kursong may kinalaman sa agrikultura, pag-aalaga ng hardin, gulay, pagpapalago ng binhi at palay; dahil ito ang ikinabubuhay ng mga tao sa kapaligiran.

Kinikilala ng mga katutubo na ang naghatid ng ginhawa sa kanilang pamumuhay sa kasalukuyan ay ang pag-aaral. Ito ang kadahilanan kung kaya’t nagkaroon sila ng magagandang pagkakataon na makapaghanapbuhay ng maayos, marangal at makamit ang mga bagay na dati-rati’y hindi nila makamit. Natutunan din nila ang iba pang kahulugan ng maginhawa at tagumpay na pamumuhay.

Para sa mga katutubong nakapanayam dito sa pananaliksik, naging kapansin-pansin ang isang natatanging karanasan nila sa edukasyon: ito ay ang laging may kaakibat na pangalan at katauhan ng mga banyagang misyonero sa tuwing napag-uusapan ang pag-aaral. Sa bawat pahayag nila ng karanasan sa pag-aaral, pagkatuto at paaralan kasunod na agad ang ala-ala ng isang pari, kanyang mga gawain, at mga kuwentong patungkol dito.

Ayon sa kanila, naging malaking bahagi ang papel ng mga banyagang kaparian sa kanilang pagkatuto at pagsasa-alang alang sa kanilang kamalayan. Sapagkat ang mga misyonerong nakasalamuha nila bagamat hindi nakakasalamuha sa

silid-aralan, ang siya namang mga punong namamahala ng mga paaralan at pamantasan; sila rin naman ang mga kaparian sa kani-kanilang mga parokya, mga kapilya at pamayanan. Kaya't ang pamayanan, ayon sa kanila, ay karugtong ng paaralan; ang mga gawain at pagkilos ng mga misyonero ay bahagi rin ng kanilang pagkatuto at aralin.

Halimbawa, bagamat itinuro sa loob ng silid-aralan na isang uri ng pamahiin ang pagsasagawa ng 'atang⁵'—makailang ulit na binanggit ng mga katutubong kinapanayam dito, na hindi ito pinapansin ng mga misyonero at pinababayaan lamang ang gawaing ito sa tuwing masasaksihan nilang ipinatutupad ng mga katutubo. Minsan pa ay sa mga tahanan ng mga taong malalapit sa simbahan o di kaya ay sa tahanan ng mga taong may katungkulan sa paaralan nakikita ang pagsasagawa ng mga ito. Madalas pagmasdan ng mga katutubo ang mga maaring maging tugon ng misyonero at may ilang okasyong sinadya rin nilang hingin ang palagay at kuro-kuro ng mga misyonero tungkol dito ngunit karaniwa'y hindi sila nagsasabi ng anuman patungkol sa mga bagay na ito. "Wala, ngumingiti lang sila," ayon kay Thelma na naglarawan ng karaniwang reaksiyon ng mga banyagang misyonero. Mas pinili naman ng ilang pari na manahimik at magsawalang kibo nang hingin sa kanila ang kanilang pananaw tungkol dito, sabi naman ni Elsa.

Sa tahasang katanungang patungkol sa kanilang karanasan—kung nabigyang pagpapahalaga ba ng edukasyon ang kanilang katutubong karunungan, kaisipan at kinaugalian—ayon sa mga katutubong kinapanayam, wala silang maalalang mga pag-aaral na ginanap para palalimin ang kanilang kamalayang katutubo; samantalang isa sa kanila ang nagpahayag ng kasalungatan at nagsabing nagkaroon din naman ng pagkakataon sa mga pag-aaral na pag-usapan at talakayin ang kanilang kamalayang katutubo. Bukod tangi siyang nagpahayag ng kakaibang pananaw.

Katipunan ng Magkakahalintulad

Halos iisang tinig at pintig ang mga maririnig mula sa mga katutubong nangungusap ng kanilang karanasan sa pag-aaral na ito: hindi mababakas sa nilalaman ng mga aralin, talakayan, at pagninilay ang pagpapahalaga sa kanilang katutubong kultura; wala rin naging natatanging paraan ng pagtuturo sa silid-aralan at mga gawain sa pamantasan na nagpalinaw at nagpalalim sa kanilang kamalayan.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga magkakahalintulad na sangkap ng kanilang mga pahayag:

Paggamit ng Sariling Wika

Ang paggamit ng wikang Ingles na paulit-ulit nilang binanggit sa panayam ay nagdulot ng pag-unawa, na bagamat hindi tahasang ipinahayag, ay banayad namang nagbaon sa kaisipan ng mga mag-aaral na ang sariling katutubong wika ay para lamang sa kuwentuhan, paglalaro, o pamamalengke at hindi para sa matatalinong talakayan sa paaralan. Ito ay kanilang pare-parehong naramdaman; ang pangimbabawan ng wikang dayuhan sa kadahilanang ito ay ang pamantayang wika ng edukasyon at sukatan din ng pinag-aralan. Naitanim sa kanilang kaisipan na ang pagiging mahusay sa wikang Ingles ay salamin ng katalinuhan at kagalingan. Wari nila sila'y nagkakasala at lumalabag sa pamantayang ito sa bawat pagkakataong sila'y gumamit ng sariling wika at pinagmumulta pa habang paulit-ulit ding pinapaalalahanan ng kahalagahan ng wikang dayuhan. Idinagdag pa nila na ang maraming mga karanasan sa paaralan na siyang nagpalawig sa kanilang kaisipan na tanggaping mas mahalaga ang Ingles kaysa sa kanilang sariling wika, tulad ng pagsasanay sumulat ng mga komposisyon at sanaysay gamit ang Ingles at hindi kailanman ang katutubong wika. Ito'y banayad na nagdulot ng pag-unawang ang kanilang katutubong pandama, paniniwala, at mga mungkahing ipinahihiwatig sa katutubong wika ay hindi makapagbibigay ng liwanag at di-kasing halaga ng wikang banyaga.

Pagsasaalang-alang sa Katutubong Kinaugalian

Ayon sa kanilang mga pahayag, ilan sa mga naging malaking hámon na kanilang kinaharap noong sila'y nag-aaral ay ang magkasalungat na kaisipan at pananaw na kanilang natutunan sa paaralan at ang kanilang kinagawiang pamamaraan. Kung dati ay malakas ang kanilang pagtitiwala sa mga lunas na naidudulot ng mga halaman, dahon, ugat o anumang sangkap na nagmumula sa kalikasan at mga mahiwagang mga orasyon ng katutubong mangagamot, natutunan na nilang maging mapanuri at mapaghanap ng mga katibayang magpapaliwanag ng katotohan sa mga kaganapan. Nahubog din sa kanilang kamalayan, hatid ng pag-aaral, na ang mga bagay, pangyayari o karamdaman na

may kaugnayan sa katutubong kinasanayan ngunit hindi kayang maipaliwanag ng makatuwirang pagmamasid at pagsisiyasat ng agham ay maituturing na pawang mga makalumang pamahiin. Bagamat hindi ito lubusang nawala o kinalimutan, unti-unti na nila naisaalang-alang ang mga kinagisnang kaugalian ng may pagdududa at pag-aalinlangan. May mga pagkakataong nakikilahok pa rin sila sa ilang katutubong ritwal at ito’y bilang pagpapakita lamang ng paggalang sa mga nakatatanda ng kanilang angkan.

Kahulugan ng Tagumpay

Ayon sa kanilang mga kuwento, dati ay sapat na ang magkaroon ng masaganang ani at malusog na pangangatawan bilang tanda ng ginhawa at tagumpay na pamumuhay. Dahil sa edukasyon ay nabigyan sila ng pagkakataong magkaroon ng panibagong pangangahulugan sa tagumpay. Tulad ng kanilang narinig at nasaksihan noong mga panahong sila’y nag-aaral pa—maraming mga katutubo ang itinuring na “tagumpay” sa buhay sa kadahilanang matapos makapag-aral ay nagkaroon sila ng magandang hanapbuhay at napabilang na sa hanay ng nakararami sa lipunan. Tumaas na rin ang antas ng pamumuhay at uri ng kanilang katayuang pinansyal; nakapagpatayo ng sariling bahay sa mga pangunahing lungsod at kabayanan, nakabili ng magagarang sasakyan, nakapaglakbay sa ibayong dagat, at nagkaroon din ng kakayahang makapakinabang sa marangal na pagpapagamot at makabagong edukasyon. Ayon sa kanila, ito ang kanilang mga naging pangarap at huwaran sa pag-unlad. Ito rin ang naging inspirasyon nila sa pagsusumikap makatapos upang makaahon mula sa pagiging mahirap.

Kuwento pa nila, ang ilan pa nga sa mga kamag-aral nila na nagmula sa angkang umasa ng mahabang panahon sa kinaugaliang pagsasaka sa lupang kabundukan, matapos makapag-aral, ay pumasok sa larangan ng pagmimina at paghuhukay ng kabundukang dati-rati’y kanilang sinasaka.

Pagkatútong Nagmula sa Misyonero

Naging malinaw din sa kanilang mga pahayag na ang kanilang pag-aaral ay may taglay na katangiang nakaugnay sa misyonero. Ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga misyonero ay umiinog sa pangkaraniwang buhay ng

mga tao sa pamayanan na siya rin namang mga kawani, guro, at mag-aaral ng paaralan. Ang mga makabago at maka-agham na natutunan ng mga katutubong mag-aaral sa paaralan ay nasusubukan sa pamayanan. Sa pamamagitan ng pagmamasid, inilabas at pinatunayan ng mga kinapanayam ang kanilang pinag-aralan sa silid-aralan at inihambing ang mga ito sa tunay na buhay. Nasaksihan nila na mayroon kapansin-pansing puwang ang ilang mahahalagang bagay na kanilang natutunan sa loob ng paaralan patungkol sa kanilang kultura at ang pakikiharap ng mga misyonero. Sa kabila ng hindi pagsang-ayon ng makatuwirang edukasyon sa mga kinagawian ng mga katutubo, nakita nila ang hindi paghatol o pagtuligsa ng mga misyonero sa mga katutubong kinasanayan at kultura; hindi nila ito ipinagbawal at lalong hindi rin naman nila ito kinatigan. Nagdulot ito, ayon sa kanila, ng isang palaisipan at bukas na katanungan upang hanapin ang mga nararapat na katugunan. Mas naging madali sana kung nagpahayag ang mga misyonero ng pagtutol o pagsang-ayon, ngunit wala silang iniwan o binanggit maliban sa kanilang katahimikan.

Pagnanais Maiwaksi ang Makapangyarihang Agos

Hindi man naging lantaran sa pagpapatibay ng kanilang katutubong kamalayan ang nilalaman ng mga aralin, ipinagpalagay nila na marahil ay mayroong mga sangkap sa programa ng pagkatuto na hindi tuwirang naihahayag; bagkus ay matahimik at hindi kapuna-puna itong ipinatutupad. Sapagkat ayon sa kanilang salaysay, hindi sila napasailalim sa ibang pangangasiwa maliban sa mga paaralang pinamahalaan ng mga misyonero. Kung kaya't ang paaralan din lamang ang maaring maging pook na pinagmulan at pinaglinangan ng mga kaisipang pahalagahan, kilalanin at bigyang pansin ang kanilang sariling tradisyon, pamamaraan, pananaw at paniniwala. Sa kanilang malalimang pagkakababad sa siyentipiko't maka-kanlurang pagkatuto sa paaralan nagdulot ito ng hámon at pagkauhaw na hanapin ang maituturing na yamang likas at lakas ng katutubong kaalaman.

Dama nila ang sidhi at layon na mabigyang diin ang paglikha ng pansariling pamamaraan sa pagkatuto. Iba't iba man ang salitang ginamit ng mga katutubong kinapanayam sa pagpapahalaga ng sariling kaalaman, iisa rin at buo ang kanilang pakay. Tinawag nila itong pagsasa-konteksto, pagsasa-katutubo⁶, pagsasa-lokal, at pagsasa-Filipino ng edukasyon.

Pagbibigay Kahulugan sa Karanasan ng Mga Katutubo

Ang kabutihang naidulot ng paaralang itinatag ng mga Simbahang Katolika sa pamamagitan ng mga misyonero ay ang pagbubukas sa kanilang mga kaisipang mangarap ng isang mapagpalayang edukasyon. Mapagpalaya sapagkat ito ay umuugat sa kanilang pagkakakilala sa sarili, pagbibigay turing sa kanilang karanasan, at pagpapahalaga sa kanilang karunungan. Ito rin ay mapagpalaya sa kadahilanang ang edukasyon din ang naging kasangkapan upang magkaroon ng mga kaparaanang magtaguyod at maipahayag ang katutubong sarili sa paraang mauunawaan ng mga di-katutubo at sumalungat sa pananaig ng maka-kanlurang pagkatuto. Ang pagsalungat sa makapangyarihang agos at makadayuhang pamamaraan ng edukasyon ang siyang magpapatibay sa kakayahang humanap ng mga katutubong kaparaanan upang maitatag ang pagkatuto na may kasarinlan at malaya sa banyagang balangkas ng kaisipan.

Hangaring Makilala Muli ang Sariling Katauhan

Batid ng mga katutubo na sa pamamagitan ng sariling pananalita't wika lubos na maipapahayag ng isang tao ang kanyang sarili sapagkat ito ay likas sa kanya; kaya't hangad nilang kilalanin ng iba ang kanilang natatanging katauhan at pakinggan ang kanilang mga tinig na nananawagan ng kalayaan para sa sariling-pagpapasya⁷. Sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang sariling wika, masasalamon din ang pagbibigay karangalan sa kanilang katutubong kamalayan.

Hindi maipagkakaila na mula noong dumating ang maka-kanlurang pag-aaral, ang karunungan, kinaugalian, at pag-unawang katutubo ay itinuring nang walang saysay at itinatangi rin na makatuwiran (Enkiwe-Abayao 2002, Enkiwe-Abayao 2003, Foley 2003). Para sa mga ibang pamilyang nakapagtapos ng pag-aaral, naging kasuklam suklam ang kanilang mga katutubong kinagawian sa pamayanan; ninais pa nga nila itong pigilan at wakasan (Kibiten 2018). Ang matagal nang mga iginagalang na “olog⁸” at “ato⁹” ay nawalan na rin nang nakalipas nitong mga saysay (Adonis at Couch 2017).

Magpahanggang ngayon sa kasamaang palad, ang karaniwang katanggap-tanggap lamang na mga aralin at may bisang pagkatuto ay pawang nagmumula pa rin sa maka-kanlurang edukasyon (Foley 2003, Battiste 2013). Ang Kanluran

ang siyang nagpapasiya sa mga wasto at di-wasto, sa mga makatotohanan at di-makatotohanan, mahalaga at di-mahalaga, karapat-dapat at di-karapat-dapat na mga kaalaman (Foley 2003). Sa larangan ng pananaliksik, ang balangkas at mga pamamaraang maka-kanluran ang siyang itinuturing na pamantayan; ngunit mayroon din namang katutubong pamamaraan ng pananaliksik kaya lamang ito’y hindi binibigyan ng sapat na pagpapahalaga at pagsasaalang-alang (Rigney 2001, 8).

Humantong sa kamalayan at pagkakatuto ng mga katutubo na hindi maaring sa iisa—sa Kanluran lamang, ang pinagmumulan ng kaalaman at karunungan; ang katutubong kaalaman ay may katotohanan din at mayroon kabuluhan na dapat igalang at pakinggan. Ang kakayahan ng mga katutubong unawain ang mga palatandaan sa hangin, ilog at kagubatan; damahin sa paglabas o pagkubli ng mga natatanging kulisap mula sa ilalim ng kalupaan na nagiging hudyat ng akma o di-akmang panahon ng pagtatanim at pag-ani—ay mga katutubong karunungan bunga ng mahaba at natatanging karanasang nagmula pa sa kanilang mga ninuno. Ito man ay nakaugat din sa patuloy na tinitipong pagninilay, mga hinabing pamamaraan, at proseso ng pakikipag-ugnayan nila sa sariling daigdig na kinagagalawan at sa buong kalikasan.

Ang kinagisnang pag-unawa sa “maginhawang pamumuhay” ng mga katutubo ay nakaugat sa matapat na pakikipag-ugnayan at paggalang sa kalikasan at kapaligiran (Rovillos 2002). Ito ang dahilan ng kanilang pagpapaalam bago pumutol ng kahoy, manguha ng bunga at mangaso. Kinikilala ng katutubo at iginagalang ang buhay ng kagubatan, ng look, ng batis, at ng kakahuyan maging ang mga “nagbabantay” sa mga ito. Para sa mga katutubo, nakikibahagi at nakikisama ang tao sa kanyang kapaligiran. Patunay ang mga burol at bundok, talon at ilog na pawang nananatiling ligtas sa pangangalaga ng mga katutubo. Ngunit ito ay iwinaksi ng maka-kanlurang pagpapahalaga at pinalitan ng makapangyarihang pagpapangibabaw sa kalikasan; siyentipikong pag-aaral na lumulupig sa mga kabundukan upang hukayin ang ginto at tanso, pagsakop sa kagubatan at pananamantala ng mga kakahuyan.

Para sa mga katutubo, ang ganitong mga gawain at pamamaraan kailanma’y hindi naging bahagi ng marangal na pamumuhay ng kanilang mga sinaunang pamayanan. Nararapat na gisingin muli at ibangon ang nahihimbing na kamalayan at pagpapahalagang ito sa pamamagitan ng katutubong pag-aaral; balikan ang pakikipag-ugnayan sa kalikasan na buhay sa kultura ng kanilang

mga ninuno. Ito ang magpapalaya sa pagpapangibabaw ng edukasyong maka-kanluran at nang mailagay din ito sa angkop at dapat niyang kalagyan. Nakalulungkot man isipin, ngunit ayon din sa kanila, ilan sa mga katutubong nakapagtapos ng pag-aaral sa mga pamantasan itinaguyod ng mga misyonero ang naghahanapbuhay at nagsusulong sa mga dayuhang tanggapan ng pagmimina na sumisira sa kabundukan, kagubatan, pagkakaibigan sa pamayanan, at pagmamahalan ng magkakamag-anak.

Ang panawagan ng mga katutubong kinapanayam ay ang mabawi muli ang katutubong pagkakakilala sa sarili na nahimbing dala ng pagkakayapos sa maka-dayuhang edukasyon; pag-alabin ang kinamulatan at ipinamanang karunungan ng mga ninuno na sa mahabang panaho’y naging bahagi ng kanilang pamumuhay at katutubong kamalayan. Paunlarin ito at pagyamanin lalo’t higit sa hanay ng mga kabataan.

Pagpapahalaga sa Katutubong Karunungan

Sa panig ng mga katutubong nanaliksik, ang mga balangkas, lohika at pangangatwirang katutubo ay natatangi sa kanilang ginagalawang kapaligiran at kasaysayan; ang katutubong katayuan ay bukod-tanging naiiba at mayroon itong malawak na pagitan sa kosmolojiya at kaayusan ng mga bagay-bagay sa Kanluran. Kung kaya’t hindi maaring ipilit ang mga maka-kanlurang pagpapahalaga, balangkas at pananaw sa buhay ng mga taong may kakaibang katayuan (Martin-Hill, 2000).

Ayon sa mga katutubong dalubhasa sa usapin ng pagsasa-katutubo ng edukasyon, ang dalawang pananaw, katutubo at maka-kanluran, ay hindi magkatulad at hindi rin maaring pagsamahin (Nakata 2007). Kaya lamang tulad din ng puna ni Nakata, sa kabila ng katotohanang hindi mapagkakasundo ang mga ito, iginigiit pa rin sa maraming mga pamantasan ang mga elemento sa kultura ng mga katutubo at ipinapasok sa kanilang balangkas na maka-kanluran at maka-aghams; habang patuloy naman itong itinuturing na payak, di makatuwiran, at salungat sa agham.

Maraming nagaganap sa mga pamantasan ng mga misyonero, maging sa iba’t ibang mga paaralan sa buong bansa, na mga pagkilos at gawaing nagtataglay ng paksang pangkatutubo. Karaniwan, isinasama ito ng mga guro at mag-aaral sa

kanilang aralin o kaya naman ay naglalaan sila ng pagkakataon sa talaarawan ng paaralan upang ang “araw ng mga katutubo” ay kanilang maipagidiwang. Ipinamamalas nila ang “kultura ng katutubo” sa pamamagitan ng pagtatanghal ng sayaw o himig at pagpapakita ng mga kagamitan at damit. Ayon sa ilang pagsusuri, ang mga gawaing ito na nakasanayan ng maraming paaralan ay nakapagpapalabnaw lamang ng tunay na kahalagahan ng katutubong kultura sapagkat ang binibigyan ng labis na pansin dito ay ang mga *bagay*¹⁰ na karaniwa’y salat din sa pagpapaliwanag ng kahulugan; dapat sanang bigyan at pagtuunan ng higit na pansin ang kultura ng mga katutubo bilang tao, ang kanilang mga kuwento at karanasan, mga tinig sa pakikibaka at mayamang kasaysayan (ECIP 2008).

Ang pagpapanatili ng halaga at kapitagan sa katutubong kaalaman at karunungan ay hindi nangangahulugan ng pagsasawalang-bahala sa maka-kanlurang kaalaman. Ayon sa mga katutubong kinapanayam sa pananaliksik ito, ang mga kaganapan at katayuan sa daigdig ngayon lalo’t higit sa napapanahong lipunan, ay malalimang nakalubog at nakaugat din sa kaalaman ng Kanluran: makatuwirang kasaysayan, mga pananaw at kaisipang pampulitika, mga pamamaraang pang-ekonomiya, kuro-kurong pangkalusugan, at iba pa. Pawang halaw ang mga ito sa kaayusan at katuwirang maka-kanluran. Naging katanggap-tanggap na ito sa pangkalahatan maging noon pang mga naunang siglo. Ito rin ang itinuring na pamantayan ng marami para maunawaan ang mga bagay-bagay sa mundo. Malinaw itong ipinaliwanag sa mga katutubong nakapanayam dito sa pamamagitan ng kanilang pag-aaral; kaya’t batid nilang malayu-layo pa ang daan at mahaba-haba pang paglalakbay ang kailangang tahakin patungo sa pagpapalaya ng kaalaman at karunungan mula sa maka-kanlurang balangkas.

Dalangin lamang nila’y matutunan din nawang salubungin ng may pagtitiwala sa mga paaralan at pamantasan ang natatanging mga pananaw sa pagbuo ng kaalaman, palagay, mga pagsisiyasat at pagtatanong na ginagamit ng mga katutubo.

Pinagkaisa’t Pinagsanib na Pagsisikap

Hindi madaling maisasakatuparan ang pagsasa-katutubo matapos ang napakalalim na pagkakahubog sa maka-kanlurang edukasyon. Kaya’t

dahan-dahan ding dapat gamitin ang mga maka-kanlurang kaalaman, mga pamamaraan, talino at kasanayang napag-aralan bilang kasangkapan upang buwagin at baguhin ang maka-dayuhang edukasyon at balangkas; ito ang magbibigay daan para makapagsimula sa pagpapaunlad ng sariling sistema ng pagkatuto, pagtuturo at pagbuo ng kaalamang napapaloob sa diwang sisibol mula sa katutubong karunungan (Rigney 2001).

Mahalaga rin na ang pagkilos patungo sa inaasam na pagpapanibago ay napapaloob sa pinagkaisang mga pagsisikap at pagkilos mula sa iba't ibang hanay ng lipunan. Ang mga lokal, panlalawigan at pambansang patakaran ang siyang maaring magkaloob ng simulain at puwang upang mabigyan ito ng pagkakataon. Halimbawa, sa mga bansang Ecuador (2008) at Bolivia (2009) sukduhan nilang ipinagtibay ang kahalagahan ng katutubong kultura nang hirangin ng kanilang mga pambansang pamahalaan ang panuntunang *Sumak Kawsay*¹⁷ bilang pangunahing batayan ng kanilang saligang batas. Ang *Sumak Kawsay* ay katutubong karunungan na sumasalamin sa antas ng kaghinhawahan ng mga tao at pamayanan bunga ng wastong ugnayan sa pagitan ng tao at ang kanyang likas na kapaligiran; ito ang nagdudulot ng kapayapaan, kalusugan, kasiyahan, kaunlaran at katarungan sa lipunan (Altmann 2017, Baez and Cortez 2012). Ang mga batas pambansa, na siya ring naging pamantayan ng pangkalahatang balangkas ng mga paaralan, ay inaasahang nagpapalaya at tumututol sa sistemang mapanakop, mapagsamantala at maka-dayuhan; ito rin ang diwa na kinapapalooban ng mga aralin at nilalaman na itinuturo ng mga guro at pinag-aaralan ng bawat mag-aaral (Pallasco 2012).

Pagtatapos at Mga Mungkahi

Ang pagbabahagi ng malalaking tulong-pinansyal na ipinaabot ng mga paaralan sa mga katutubo bilang pagtustos sa kanilang edukasyon ay hindi sapat na salamin ng tunay na pagtatangi sa ikabubuti at ikasusulong ng mga katutubo. Ito ay kanilang ipinahayag ng malakas at malinaw sa pakikipanayam. Higit pa ang maaring maiambag ng mga paaralan bukod sa pakay na maiangat ang katayuan ng mga katutubo sa pamamagitan ng paghahatid sa kanila sa uri at anyong pamumuhay ng nakararami. Ang kaunlarang pang-pinansyal ay mahalagang bahagi sa buhay ng mga katutubo; ngunit gayundin naman ang kanilang pagpapanumbalik sa kanilang katutubong kamalayan at pagpapatatag nito, na siyang pinagmumulan ng kanilang pagkilalang-dangal.

Matindi ang hámon para sa mga pamantasan ng mga misyonero na kilalanin ang katutubong kamalayan at maninidigan para sa kanila; ang maging bukas sa radikal at makabuluhang pagbabago tulad ng: pagpapalit ng mga kinasanayang patakaran at kaayusan sa paaralan, pagbibigay-puwang sa mga katutubong pagsasagawa na siyang magsusulong sa kanilang sariling-pagpasiya, at ang pagpapahalaga sa mga likas na kinagawian ng mga katutubong pamayanan.

Tahasan namang isinusulong ng pamahalaan maging ng Simbahan Katolika ang mga pagkukusang nagtataguyod ng kaisipang ganito; ang lumikha ng sistemang angkop at tunay na kumakatawan sa katutubong pamayanan sampu ng kanilang mga gunitáin, salaysay, sining, pamamaraang panlipunan at pulitikal, kinamulatang pananampalataya, maging ang mga kinagawian na pangangasiwang pang-ekonomiya at pang-kalikasan. Kung kaya't naglaan ang pamahalaan ng mga batas at alituntuning dapat gampanan para maisakatuparan ang pagpapahalaga sa mga katutubo. Matatag na nagpahiwatig ang mga nagdaang administrasyon ng saloobing maging bukas sa sistemang lilikhain at pamantayang bubuun ng mga katutubo ayon sa mga paraang pinaniniwalaan nilang higit na makabubuti sa kanila at makatutugon sa kanilang mga pangangailangan (Art. XIV Sec.27 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas 1987; Sec.30 IPRA 1997; Rule V Sec 4f-4g Chap VI NCIP 1998; DO 42 DepEd 2004; Art. 14 UNDRIP 2007; DO 62 DepEd 2011; DO 32 DepEd 2015; Goal 4.1 SDG-4 United Nations 2015). Gayundin naman, ang Simbahang Katolika ay nagpasimuno ng mga programa at proyekto sa pamamagitan ng *Episcopal Commission on Indigenous Peoples* (ECIP) tungo sa ikasusulong ng mga katutubo at ang kanilang mga karapatan.

Nagtala ang sanaysay na ito ng ilang mga mungkahi para sa maari pang pag-ukulan ng higit na diin ng mga pamantasang nabanggit gayundin ng ibang pang mga tanggapan sa hanay ng edukasyon. Ito'y para maipagpatuloy ang pagsisikap na makamit ang sariling-pagpasiya at pagsasa-katutubo ng mga aralin at pagtuturo tungo sa mapagpalayang edukasyon na maghahatid ng ibayong pagkilalang-dangal:

- Magtatag ang mga tinukoy na mga paaralan ng mga misyonero ng balangkas na magbibigay pagkakataon at puwang sa mga katutubong magpasiya at lumikha ng sariling pamamaraan, kaayusan sa pagtuturo't pagkatuto, at mga aralin para maipatupad ang katutubong edukasyon ng may masiglang pakikilahok ng katutubong pamayanan.

Maari itong maging halimbawa o huwaran ng iba pang mga institusyon ng pagkatuto na nagpapahalaga rin sa katutubong karunungan.

- Itaguyod at payabungin ang kakayahan ng mga guro sa paaralan na magturo gamit ang sariling katutubong wika at maipaloob ang katutubong pagpapahalaga ng pamayanan sa mga aralin; pagkalooban ng makatarungan at marangal na sahod na kapantay sa tinatanggap ng mga gurong hindi katutubo sa ibang lugar.
- Bigyan ng pagkakataong mapakinabangan ang mga katutubong pamamaraan sa pagkatuto, pagsusuri, pagpapaliwanag at pagpapahayag, na magamit sa pang-araw-araw na aralin ng may dangal at pagpapahalaga. Kilalanin ng mataas na edukasyon at mga pamantasan ang mga naiambag ng mga katutubo sa pamayanan at lipunan na nagmumula sa kanilang natatanging yaman at karunungan sa pamamaraang angkop at ayon sa katutubong kultura.
- Simulan ang pagpapakadalubhasa sa pagsasa-katutubo at patuloy isulong ang pagkilos na ito sa mga pamantasan at paaralang napapaloob sa kapaligiran ng mga katutubong pamayanan.
- Pag-aralan at suriin ang mga naunang mga pagkukusa ng iba't ibang organisasyon at samahan na nagsusulong ng katutubong edukasyon gamit ang katutubong pamantayan at pagsusuri.

Harinawa't manawari ang mga pangarap at kabayanihang layunin na isinusulong at ipinagpapakasakit ng mga katutubo ngayon; mangyari nawang tamasahin ng darating na mga salinlahi ang tunay na pambansang kaunlarang nakaugat sa mapagpalayang edukasyon at kamalayang katutubo ng mga Filipino.

Mga Tala

- 1 Ang Prelatura ng Montañosa ay kinabibilangan ng 5 lalawigan at isang lungsod: Benguet, Ifugao, Bontoc, Apayao, Kalinga at lungsod ng Baguio.
- 2 Ang *“Little Apostle of the Mountain Province”* ay buwanang paglalathala ng mga ulat, pag-aaral, pagninilay, at mga gawain sa iba't-ibang lugar na pinaglilingkuran ng mga misyonero ng Kalinis-linisang Puso ni Maria. Nagsimula ang paglilimbag nito noong mga unang taon ng dekada 1920. Ito ay ipinapadala sa mga kaibigan, tagasubaybay at mga sumusuporta sa kanilang mga pagkilos at misyon sa buong kapuluan at gayundin sa ibayong dagat.
- 3 Pagkilalang-dangal sa Ingles ay *dignification*.
- 4 Ang *Philippine Bilingual Education Policy* (DO 25, s. 1974) ay ipinalaganap ng Kagawaran ng Edukasyon noong 1974. Muli itong pinagtibay labintatlong taong makalipas sa pamamagitan ng bagong *Policy on Bilingual Education* (DO 52, s. 1987) na ipinalaganap noong 12 Mayo 1987.

- 5 Ang atang ay kinaugaliang pag-aalay ng pagkain at inumin para sa mga 'di nakikita' o mga kaluluwa ng kanilang mga ninuno. Karaniwa'y nagaganap ito tuwing may pagdiriwang o di kaya'y tuwing may bagong hain na katutubong alak; ang mga unang patak nito ay inaalay para sa mga kaluluwa na may kasamang taimtim na mga panalangin.
- 6 Pagsasa-katutubo sa wikang Ingles ay *indigenization*.
- 7 Sariling pagpapasiya sa wikang Ingles ay *self-determination*.
- 8 Ang olog ay katutubong "paaralan" para sa mga babae kung saan ang mga batan at kabataan ay natututo mula sa nakakatanda ng patungkol sa katutubong pamumuhay at pagpapahalaga ng tribo.
- 9 Ang ato ay katutubong "paaralan" para sa mga lalaki.
- 10 Pagbibigay pansin sa mga "bagay" ay maaring maunawaan bilang *objectification* ng katutubong kultura.
- 11 Maaring tingnan ang *Buen Vivir*.

Sanggunian

- Adonis, Digna and Couch, Jen. 2017. The 'trails to get there': Experiences of attaining higher education for Igorot Indigenous Peoples in the Philippines. *Australian Journal of Adult Learning*, (57) 2: 198-215.
- Altmann, Phillip. 2017. Sumak Kawsay as an Element of Local Decolonization in Ecuador. *Latin American Research Review*, (5) 52: 749-759. DOI:<http://doi.org/10.25222/larr.242> (retrieved on September 25, 2018).
- Batiste, Marie Ann. 2013. *Decolonizing Education: Nourishing the Learning Spirit*. Purich Publishing Limited: Saskatoon, SK Canada.
- Báez, Michelle and Cortez, David. 2012. Buen Vivir, Sumak Kawsay. <https://www.uni-> (retrieved on October 2, 2018).
- Department of Education Order No. 32, series of 2015. Adopting the Indigenous Peoples Education Curriculum Framework. <https://www.deped.gov.ph/2015/07/29/do-32-s-2015-adopting-the-indigenous-peoples-education-curriculum-framework/> (retrieved on September 25, 2018).
- Department of Education Order No. 62, series of 2011. National Indigenous Peoples' Education Framework. <http://www.deped.gov.ph/2011/08/08/>

do-62-s-2011-adopting-the-national-indigenous-peoples-ip-education-policy-framework/ (retrieved on September 25, 2018).

Department of Education Order No. 42, series of 2004. Permit to Operate Primary Schools for Indigenous Peoples and Cultural Communities. <https://www.deped.gov.ph/2004/06/15/do-42-s-2004-permit-to-operate-primary-schools-for-indigeneous-peoples-and-cultural-communities/> (retrieved on September 25, 2018).

Depre, Albert. 1995. *From A Tiny Shoot: History of the CICM Philippine Province 1907-1982*. New Manila: Quezon City.

Enkiwe-Abayao, Leah. 2002. Indigenous Peoples' Learning Systems: A Discourse on Indigenous Emancipatory Pedagogy. *Indigenous Perspectives*, V (2): 55-62. <http://www.tebtebba.org/index.php/resource-center-categories/8-journal/104-indigenous-peoples-learning-systems-a-discourse-on-indigenous-emancipatory-pedagogy> (retrieved on September 8, 2018).

Enkiwe-Abayao, Leah. 2003. Ifugao Knowledge and Formal Education—Systems of Learning in the Philippines. *Cultural Survival* <https://www.culturalsurvival.org/publications/cultural-survival-quarterly/ifugao-knowledge-and-formal-education-systems-learning> (retrieved on September 8, 2018).

Episcopal Commission on Indigenous Peoples. 2008. Indigenous Peoples Education: From Alienation to Rootedness. https://www.hurights.or.jp/archives/pdf/asia-s-ed/v11/13_Indigenous_Peoples_Education_Philippines.pdf (retrieved on September 10, 2018).

Foley, Dennis. 2003. Indigenous Epistemology and Indigenous Standpoint Theory. *Social Alternatives*, 2 (1): 44-52. https://www.researchgate.net/publication/256702869_Indigenous_Standpoint_Theory_An_Indigenous_Epistemology (retrieved on September 25, 2018).

Kibiten, Gaston. 2018. Laudato Si's Call for Dialogue with Indigenous Peoples: A Cultural Insider's Response from the Christianized Indigenous Communities of the Philippines. *Solidarity: The Journal of Catholic Social Thought and Secular Ethics*. 8 (1) Article 4.

- Lawrence-Lightfoot, Sara. 1983. *The Good High School: Portraits of Character and Culture*. Basic Books Inc: United States of America.
- Lawrence-Lightfoot, Sara and Davis, Jessica. 1997. *The Art and Science of Portraiture*. Jossey-Bass: San Francisco, CA.
- Martin-Hill, Dawn. 2000. Indigenous Knowledge as a Tool for Self Determination and Liberation. Paper presented to the National Association of Native American Studies Section of the Joint Conference of NAAAS, NAHLS, IAAS, and NANAS. https://www.researchgate.net/publication/234558133_Indigenous_Knowledge_as_a_Tool_for_Self-Determination_and_Liberation (retrieved on September 25, 2018)
- Nakata, Martin. 2007. The Cultural Interface. *The Australian Journal of Indigenous Education*. https://cdn.ymaws.com/www.weraonline.org/resource/resmgr/symposiamembermeetings/2010-siep-marti__nakata_ajie.pdf (retrieved on September 20, 2018).
- National Commission on Indigenous Peoples. 1998. Rules and regulations implementing RA 8371. <http://www.ncip.gov.ph/images/pdf/IRR%20-%20IPRA.pdf> (retrieved on September 29, 2018).
- UNDESA. 1997. United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples. <https://www.un.org/development/desa/indigenouspeoples/declaration-on-the-rights-of-indigenous-peoples.html> (retrieved on August 8, 2018).
- UNDESA. 2015. Sustainable Development Goals. <https://sustainabledevelopment.un.org/sdg4> (retrieved on August 8, 2018).
- Pallasco, Mariana. 2012. Educación y El Buen Vivir. *Educación y Buen Vivir: Reflexiones Sobre Su Construcción*. Primera Edición: 117-124. <https://biblio.flacsoandes.edu.ec/catalog/resGet.php?resId=55490> (retrieved on October 2, 2018).
- Philippine Government. 1987. The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines.

Philippine Government. 1997. RA 8371: Indigenous Peoples Rights Act (IPRA). <http://www.officialgazette.gov.ph/1997/10/29/republic-act-no-8371/> (retrieved September 29, 2018).

Rigney, Lester Irabinna. 2001. *A First Perspective of Indigenous Australian Participation in Science: Framing Indigenous Research Towards Indigenous Australian Intellectual Sovereignty*. A keynote address, Second National Indigenous Research Forum; Adelaide: Aboriginal Research Institute University of South Australia.

https://ncis.anu.edu.au/_lib/doc/LI_Rigney_First_perspective.pdf (retrieved on September 20, 2018).

Rovillios, Raymundo D. 2002. Mainstreaming Indigenous Education. *Indigenous Perspectives*, V (2): 45-54. <http://www.tebtebba.org/index.php/resource-center/8-journal/103-mainstreaming-indigenous-education> (retrieved on September 22, 2018).

Verhelst, Daniel and Pycke, Nestor. 1995. *CICM Missionaries Past and Present 1862-1987*. Leuven University Press: Leuven.

1890 - 1896:

Ang Diskurso ng Lahi at
Rasismo ng Kolonyalismo at
ang Suliranin ng Pambansang
Pagkakaisa sa *Anino ng
Kahapon* ni Francisco
Laksamana

CHRISTOFFER MITCH C. CERDA

Pamantasang Ateneo de Manila

ABSTRAK

Ang sanaysay na ito’y isang pagsusuri sa nobelang *Anino ng Kabapón* (1907) ni Francisco Laksamana na nagbibigay-tuon sa diskurso ng kolonyalismo, rasismo, at nasyunalismo. Babasahin ang *Anino ng Kabapón* bilang isang nobelang pangkasaysayang itinatanghal ang kolonyalismong Espanyol bilang pagtatambis sa lumalago noong kolonyalismong Amerikano. Bibigyang-tuon ng pagsusuri ang paniniil ng Guardia Civil, ang pangunahing institusyong represibo ng pamahalaang kolonyal na Espanyol, sa mga pangunahing tauhan ng nobela. Kakatawanin ng Guardia Civil ang paniniil at kawalang katarungan ng kolonyal na sistema ng mga Espanyol. Ngunit, bukod sa pagbasa a nobela bilang kritika ng kolonyalismong Espanyol, tataliwas din ang sanaysay na ito sa namamayaning pagbasa sa nobela bilang maka-Amerikanong nobela. Sa halip, babasahin ang pagtatampok sa Guardia Civil ng panahon ng kolonyalismong Espanyol bilang alegorya para sa Philippine Constabulary ng kolonyalismong Amerikano. Bibigyang-tuon, sa partikular, ang paralelismo sa pagitan ng Guardia Civil at Philippine Constabulary. Ipakikita ang rasistang pamamalakad sa Guardia Civil at Philippine Constabulary bilang kumakatawan sa rasistang pananaw at polisiya ng kolonyalismo’t imperyalismo ng Espanya at Estados Unidos. Gayundin, bibigyang-pansin ang paggamit ni Laksamana ng kabalintunaan o ironiya sa kaniyang panapos na liham kung saan makikita ang mga papuri ng pangunahing tauhang si Modesto tungkol sa Estados Unidos. Sa halip na basahin ito bilang tapat na papuri sa Estados Unidos, babasahin ang mga papuri na ito bilang patagong pagpuna sa hipokrasiya ng Estados Unidos, isang diumano’y demokratiko at malayang bansa na nagsasagawa ng isang imperiyalista’t mapaniil na pananakop sa Pilipinas. Sa huli’y iuugat ng sanaysay ang nobela sa kamalayang makabayang umusbong sa pagsiklab ng Himagsikan ng 1896, isang kamalayang pilit na sinisikil ng kolonyal na kaayusang ipinataw ng Estados Unidos sa Pilipinas.

Panandang Salita: nobelang pangkasaysayan, alegorya, rasismo, kolonyalismo, imperyalismo

Panimula

Sa dedikasyon ng kaniyang nobelang *Anino ng Kabapon*, iniaalay ni Francisco Laksamana ang kaniyang nobela sa kabataan. Ani Laksamana,

Ikaw, na siyang magiging pag-asa sa araw ng bukas ng Bayan mong sarili, ay marapat magkaalaala sa mga nagdaang panahon ng iyong mga magulang. Ang napagdaanan nang landas kung sinsay at mapanganib, ay di na dapat suysuying muli magpakailan man: ito ang paniniwala ko at ninanais sa paghahandog na ito sa iyo, Kabataang pinakaiirog.¹

Malinaw sa mga sinabi na ito ang kaniyang pakay kung bakit niya naisulat ang nobelang pangkasaysayan niya: upang maunawaan ng kasalukuyang mambabasa, ang kabataan, tungkol sa nakaraan upang mabigyan sila ng sapat na kaalaman bilang sangkap sa isang hinaharap na magkakaroon sila ng “bayang sarili.”

Mapangahas ang dedikasyong ito ni Laksamana lalo na sa konteksto ng panahon ng pagkakasulat at pagkakatathala ng nobela. Noong 1899 hanggang 1907, nanganganib pa rin ang hawak ng Estados Unidos sa Pilipinas. Idineklara nang tapos ang Digmaang Filipino-Amerikano mula pa noong 1901 ngunit nagkalat pa rin sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas ang watak-watak na kilos ng mga kilusang makabayan na tinatangkang ipagpatuloy ang sinimulan ng Himagsikan ng 1896. Pinakakilala na dito ang Republika ng Katagalugan ni Macario Sakay.

Ngunit bakit pipiliin ni Laksamana na magsulat ng nobela tungkol sa nakaraan sa halip ng nakatagpo ito sa kaniyang kasalukuyan? Ano nga ba ang nakaraang inilalarawan at muling nirerepresenta ng *Anino ng Kabapon*? Bakit ba ito kailangang malaman ng susunod na henerasyon? May radikal bang ipinagkaiba ang nakaraan na ito kumpara sa kasalukuyan? Inilathala noong 1907, wala pang dalawang dekada ang lumilipas mula sa panahong tagpuan ng nobela (1890) at sa taon ng pagkakatathala ng nobela. Anong kasalukuyan at hinaharap ang tinatalastas at binabatikos ng nobela? Ito ang tatangkaing sagutin ng pagsusuring ito.

Tungkol kay Francisco Laksamana²

Ipinanganak si Francisco Lakasamana sa Concepcion, Tarlac noong Abril 2, 1877 sa mga magulang na Pampango ngunit lumaki't nag-aral na sa Maynila. Bago sumiklab ang Himagsikan ng 1896, nagtapos siya ng pag-aaral sa Escuela Normal Superior de Maestros de Manila. Naging manunulat siya noong 1904, una, para sa *La Patria* at sumunod ay sa *Muling Pagsilang* hanggang 1909. Naging manunulat naman siya sa *Taliba* mula nang magsara ang *Muling Pagsilang* hanggang sa taong 1923. Magiging manunulat naman siya sa *Sampaguita* noong 1925-1933. Magiging miyembro din siya ng mga organisasyong tulad ng *Samahan ng mga Mananagalog* at *Aklatang Bayan*. Magsisimula siyang magtrabaho bilang tagasalin sa Surian ng Wikang Pambansa noong 1939 at magiging permanenteng kawani nito noong 1948. Isasalin niya ang ilang banyagang akda tungong Tagalog tulad ng *Dugo sa Dugo* (1921), *Timpalak ng mga Puso* (1921), *Taksil na Hukom* (1923), at *Bocaccio* (1924). Mamamatay siya noong Enero 23, 1966 sa edad na 89.

Buod ng *Anino ng Kabapon*

Nakatagpo ang *Anino ng Kabapon* sa bayan ng Ilaya sa isla ng Luzon. Magsisimula ang nobela noong Abril 1890. Sinusundan ng nobela sina Modesto o Intong, isang binatang taga-Ilaya't nakapag-aral sa Maynila, at ang kasintahang si Elisea o Seang. Isang Guardia Civil (GC), si Sarhento Mario Cruz, ang umiibig din kay Elisea. Dahil tinitingnan niyang isang karibal si Modesto, ginagawa ni Sarhento Cruz ang lahat sa kaniyang kapangyarihan bilang GC upang mawalan ng loob si Modesto tulad ng pangbabastos at panduduro. Ngunit sa halip na manghina ng loob ay nagalit si Modesto dahil tinitingnan niya bilang paninira ng puri't dangal ang ginagawa ni Sarhento Cruz laban sa kaniya. Pinatay ni Modesto si Sarhento Cruz dahil sa sobrang galit.

Dito magsisimula ang pag-uusig kay Modesto. Tatakas siya mula sa Ilaya at mapapadpad sa iba't ibang lugar at makakikilala ng iba't ibang taong nakararanas din ng kawalang-katarungan sa ilalim ng kolonyal na sistema. Sa bayan ng P... ay maaaresto si Modesto nang magkaroon ng isang kaguluhan dulot ng isang aksidenteng pagguho sa gitna ng misa sa simbahan. Doon niya makikilala ang ilang mga bilanggo't isasalaysay nila mga dahilan kung bakit sila nakakulong. Makatatakas si Modesto sa bilangguan matapos sumalabay

ang isang grupo ng tulisan sa bayan ng P.... at palayain ng mga tulisan ang mga bilango.

Habang wala si Modesto sa Ilaya'y binantayan nang mabuti ng GC ang pamilya ni Modesto at maging ang pamilya ni Seang. Ngunit sa gitna ng pagbabantay sa pamilya ni Seang ay iibig si Tenyente Roca kay Seang. Kasabay nito'y mamamatay si Kapitan Angel, ang ama ni Modesto, matapos magkasakit nang magpunta siya kasama ng kaniyang asawang si Aling Magdalena sa gubat upang masaksihan ang diumano'y naghihimalang imahen ng Mahal na Birheng Maria sa isang puno ng bangkal. Bibisita si Seang sa lamay ni Kapitan Angel at doo'y makakasabay na makakatagpo kay Tenyente Roca. Habang nag-uusap sina Seang at Kapitan Roca'y biglang magpapakita si Modesto. Dahil sa pagseselos ay sasaksakin ni Modesto si Tenyente Roca. Malubhang masusugatan si Tenyente Roca habang makatatakas si Modesto sa gitna ng gulo. Dahil sa ginawang ito ni Modesto kay Tenyente Roca, aarestuhin ang dalawang nakababatang lalaking kapatid ni Modesto. Tatakas din mula sa Ilaya si Seang at ang kaniyang pamilya upang hindi sila mapag-initan ng guwardiya sibil.

Nang malaman ni Modesto na inaresto ang kaniyang mga kapatid at maging ilang mga kababayang wala namang kinalaman sa kaniyang ginawa, umakyat si Modesto sa Bundok Banaba upang makipagtagpo sa mga tulisang pinamumunuan ni Abdul. Magkakapalagayang-loob sina Modesto at si Abdul dahil sa kanilang magkahawig na karanasan ng pang-aapi sa kamay ng Guardia Civil. Makukumbinsi ni Modesto si Abdul na salakayin ng kaniyang grupo ng tulisan ang Ilaya upang mapalaya ang kaniyang mga kapatid at kababayan. Isang malaking engkuwentro ang nangyari sa pagitan ng mga tulisan at ng GC. At bagaman may kakayahan at kapangyarihan ang mga tulisan na matalo ang mga GC, hindi nila ito nagawa dahil naging higit na interesado ang mga tulisan na magnakaw sa mga taga-Ilaya sa halip na tulungan si Modesto na mapalaya ang kaniyang mga kapatid at kababayan. Dahil dito'y mawawalan ng tiwala si Modesto sa mga tulisan at tatakas sa gitna ng labanan. Mananatiling nakakulong ang kaniyang mga kapatid at kababayan habang tatakas si Modesto patungong Maynila.

Samantalang tinatangkang palayain ni Modesto ang kaniyang mga kapatid at mga kababayan sa Ilaya, tatakas sina Seang at ang kaniyang pamilya sa tahanan ng kaniyang tiyuhin sa Maynila. Upang tuluyang makatakas mula sa mata ng pamahalaan ay plinano ng ama ni Seang na lumipat sila sa La Union at upang

magkaroon ng bagong buhay doon. Bago pa man sila makaalis ay masusundan ni Modesto ang pamilya ni Seang sa Maynila. Makapag-uusap sina Seang at Modesto tungkol sa kanilang hinaharap. Muli nilang ihahayag ang kanilang taos-pusong pagmamahal sa isa't isa. Ngunit dahil isang kriminal na hinahabol ng pamahalaan, pinili ni Modesto na mangibambayan. Samantalang sasama si Seang sa kaniyang pamilya patungo ng probinsiya ng La Union at hihintayin ang pagbabalik ni Modesto. Muntik nang mahuhuli si Modesto ng mga ahente ng pamahalaang kolonyal bago siya tuluyang makatatakas patungong Estados Unidos.

Makakausap pa rin ni Modesto si Seang sa pamamagitan ng mga liham. Sa isang liham na isusulat niya mula St. Louis, Estados Unidos, igigiit ni Modesto ang mga kailangan ng Pilipinas upang maging malaya mula sa kolonyalismong Espanyol. Gayundin, ilalarawan niya ang namamayaning kaayusang politikal sa Estados Unidos kung saan pantay-pantay at nagkakaisa ang lahat ng mga mamamayan. Magbabalik siya sa Pilipinas pagsapit ng 1896 nang magsimula na ang Himagsikan ng 1896.

Mga Paunang Puna sa Nobela

Ang *Anino ng Kahapon* ay ang kaisa-isang nobela ni Laksamana. Dugtungan itong malalathala sa *Muling Pagsilang* noong 1906 at ilalathala bilang isang libro noong 1907. Bagaman ito ang kaisa-isang nobela ni Laksamana, isa ito sa dose-dosenang nobelang ilalathala sa unang dalawang dekada ng kolonyalismong Amerikano at magiging isa sa mga tagapaghawan ng anyong nobela sa wikang Tagalog.

Nang unang inilathala ang *Anino ng Kahapon*, lumikha ito ng munting debate sa mga pahina ng pahayagang *Muling Pagsilang*. Pinansin na ni Maria Luisa Torres sa kaniyang tesis na “Panunuring Pampanitikan Hinggil sa Nobelang Tagalog” ang nangyaring debateng ito.³ Sa pangkalahatan ay uminog ang debate sa kakulangan at kagalingan ng nobela sa usaping estetiko nito. Maraming puna si B. ng S., sagisag panulat ni Manuel B. Francisco, tungkol sa nobela.⁴ Para kay Francisco, hindi talaga nobela ang *Anino ng Kahapon* kundi isang kuwento lamang. Pinuna niya ang mga motibasyon ng mga tauhan at ang halaga ng ilang eksena tulad ng eksena ng pagkaguho ng simbahan at ang pagkakakulong ni Modesto sa kabanata VII. Ipagtatanggol ni Ubaldo Manapat ang *Anino ng*

Kahapon sa mga paratang ni Francisco. Sa partikular, ipinagtanggol niya ang halaga ng eksena sa bilangguan dahil ipinakikita nito ang “injusticia” na dinadanas ng mga Filipino noon. Sa sagot ni Francisco kay Manapat, dagdag na pinuna ni Francisco ang pagkakatagpo ng nobela sa nakaraan. Dito na papasok sa debate ang pagiging “nobelang istoriko” ng *Anino ng Kahapon*. Ihahambing ni Francisco ang *Anino ng Kahapon* sa nobelang *La Hija del Cardenal* ni Felix Guzzoni. Pinuri ni Francisco ang *La Hija del Cardenal* sa paunti-unti nitong pagsisiwalat ng pagpapahirap na ginawa ng mga papa sa mga pangunahing tauhan.

Ipagtatanggol naman ni Perfecto Maka-araw, sagisag panulat ni Lope K. Santos, ang halaga ng pangkasaysayang lunan ng *Anino ng Kahapon*. Ani Santos,

Pinanganlan ng maykatha ng ANINO NG KAHAPON ang aklat na ito; at ang paghahandog sa KABATAAN ng tinurang aklat, ay ipinahayag ang kanyang marangal na nais, na pag-aralan ang nagdaan sa ikabubuti ng hinaharap. Sa ganitong adhika ay naglahad si G. Laksamana ng mga nangyari *kahapon*: ang mga huling taon ng kapangyarihang kastila ang kaniyang pinagkunan, sapagka’t kung lampas pa sa roon, marahil matawag nang *kamakalawa*, at kung napahuli naman, ay sukat nang matawag na *kangina* lamang (diin ng may-akda).⁵

Malinaw para kay Santos ang malaking ipinagkaiba ng kolonyalismong Espanyol at ng kanilang dinadanas na kolonyalismong Amerikano. At ang pag-aaral ng nakaraan ay nakatuon hindi para lamang malaman ang nakaraan kundi nakatuon sa bukas. Malinaw para kay Santos ang halaga ng kamalayang pangkasaysayan na nais ihayag ng nobela at ang mensaheng pampolitika nito para sa mga mambabasa.

Ngunit taliwas ito sa sinabi ni Gonzalo Malay sa isang liham na ipinadala’t inilathala din sa *Muling Pagsilang*. Ani Malay,

Kung sa anino po ng kahapon ay halaw na maituturing ang nasasaad sa inyong nobela ay huwag mo pong akalain na lumipas na ang panahong iyon, pagka’t sa lilim din naman ng mabituang watawat ay may malulubhang lupit at kapaslangang namasid, namamasid at pagkakataon pa’y mamamasid.⁶

Sa ganitong makataliwas na mga pahayag nina Santos at Malay makikita ang masalimuot na pagtingin sa nakaraan bilang iba o hiwalay na bagay kumpara sa kasalukuyan ngunit posibleng nagpapatuloy pa rin ang nakaraan sa kasalukuyan. Patungkol ba ang nobela sa nakaraan o alegoriko nitong pinag-uusapan ang kasalukuyan?

Tulad ng nabanggit na, malinaw para kay Torres na ang debateng uminog sa mga pahina ng *Muling Pagsilang* patungkol sa *Anino ng Kahapon* ay higit na

nakatuon ang usapin sa pagiging makasining ng nobela, kung kapani-paniwala ba ito pagdating sa paghahanay ng banghay at paglalatatag ng motibasyon ng mga tauhan. Malinaw din para kay Torres ang alegorikong kahulugan ng mga tauhan sa nobela.⁷

Ngunit hindi naging lubos na positibo ang husga ni Resil Mojares sa kaniyang *Origins and Rise of the Filipino Novel* tungkol sa *Anino ng Kabapon*. Pinupuna ni Mojares ang paghahanap ni Modesto ng pagkakaisa ng mga Filipino gayong napakainbidwalistiko ng kaniyang mga suliranin. Ani Mojares,

Banaag at Sikat and *Anino ng Kabapon*, both written in about the same time (1905-1906), suggest a basic indecision as to the real aims of the American occupation. Both novels avoid the imperative of directly confronting the issue (Santos, by focussing [*sic*] instead on the local ramifications of the Capital-Labor conflict; and Laksamana, by setting his novel in Spanish times); both novels introduce, obliquely, the image of the United States as a free society but both novels, by placing the problem of self-respect and freedom at the center, necessarily call into question American rule in the Philippines.⁸

Kahinaan para kay Mojares ang pagtatagpo ng nobela sa huling dekada ng kolonyalismong Espanyol dahil hindi nito tuwirang hinarap ag suliranin ng kolonyalismong Amerikano bagaman kinikilala niya ang posibleng kritikal na asta sa kolonyalismong Amerikano. Lito din ang nobela sa usaping makabayan nito dahil sa malinaw na indibidwalistiko't makasariling mga dahilan ni Modesto para labanan ang estadong kolonyal sa kabila ng mga pahayag at diskursong makabayan at pagpapahalaga sa kolektibong pagkilos.

Para naman kay Soledad S. Reyes sa kaniyang *Nobelang Tagalog*, pabor sa kolonyalismong Amerikano ang *Anino ng Kabapon* dahil sa positibo nitong paglalarawan sa Estados Unidos nang pumunta doon si Modesto.⁹ Ngunit kailangang punahin na nagkamali si Reyes sa pagsasabing nagtapos ang nobela sa pagdating mga Amerikano gayong malinaw na nagtatapos ang nobela noong simula ng Himagsikan ng 1896.¹⁰

Sa dalawang punang ito nina Mojares at Reyes tungkol sa *Anino ng Kabapon* kahit pa nga sa mga puna nina Malay at Santos, may partikular na tuon tungkol sa ano nga ba ang posisyon ng nobela tungkol sa kolonyalismong Amerikano. Pabor nga ba o hindi ang nobela para sa mga Amerikano? Maikakahon lamang ba ang bisyong pangkasaysayan ng nobela sa kolonyalismong Espanyol laban sa kolonyalismong Amerikano? Tulad ng pansin na ni Santos noon, ano nga ba ang bisyong panghinaharap ng nobela?

Ang Kolonyal na Estado at Ang Guardia Civil

Ang kawalang katarungan o katwiran sa ilalim ng pamahalaang kolonyal ang pangunahing tunggaliang iniinugan ng *Anino ng Kabapon*. At ang Gurdia Civil, sa pagkatao nina Sarhento Cruz at Tenyente Rosca, ang pangunahing institusyong naging katunggali ni Modesto sa kalakhan ng nobela. Ngunit bakit ganito ang relasyon ni Modesto, at maging ng ibang mga tauhan, sa isang institusyong dapat ay nagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan? Ano nga ba ang partikular na relasyon ng mga mamamayan sa pulisya? Para masagot ito’y kailangang balikan ang kasaysayan ng pulisya sa Pilipinas.

Isinalaysay sa *Crime, Society, and the State in the Nineteenth-Century Philippines* ni Greg Bankoff ang kasaysayan ng pamumulis sa Pilipinas noong ika-19 na siglo noong kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas. Sa pangkalahata’y nakasalalay sa lokal na mga pinuno, tulad ng mga alcalde mayor at gobernadorcillo, ang pagtatatag, pagpapatakbo, at pananatili ng isang puwersang magpapanatili ng kapayaapaan at kaayusan. Sa utos ng kapitan-heneral noong 1807 ay pasisimulan ang *cuervo de cuadrilleros* sa probinsiya ng Cavite upang labanan ang lumalakas na mga grupo ng mga tulisan. Unti-unting palalaganapin ang sistema ng cuadrillero sa iba’t iba pang mga probinsiya hanggang laganap na ang sistemang ito sa lahat ng mga probinsiya noong ilabas ang *Reglamento organico de cuadrilleros* noong 1855. Hango ang mga cuadrillero mula sa hanay ng lokal na populasyon at pinamumunuan ng lokal na principalia.¹¹

Ang sistemang cuadrillero’y isang sistemang nilikha upang bumuo ang lokal na mga pamayanan ng lokal na pulisya upang sagutin ang lokal na problema ng kriminalidad. Kaya’t ang lakas at dami ng isang lokal na lupon ng mga cuadrillero at ng kanilang armas ay nakabatay sa partikular na yaman, laki, at suliranin sa kriminalidad ng isang lugar. Halimbawa, sa Imus noong 1832 ay may 52 cuadrillero na may armas na 31 riple, 1 carbine, 4 na pistola, 6 na sibat, 34 na espada, 1 sable, at 50 kabayo. Sa kabilang banda, ang Bacoor ay may 32 cuadrillero subalit mayroon lamang 1 riple, 1 pistola, 1 sibat, 2 espada, 5 talibon, at 3 kabayo.¹² Kung ano ma’y sumasalalay sa mismong mga mamamayan ng isang bayan ang pagsuporta sa isang puwersang pampulis. Mamamayan ng isang bayan ang bumubuo’t pumopondo sa sarili nitong mga cuadrillero liban sa ilang mga nakatataas na opisyal nito.¹³

Ngunit mananatiling mahina ang lakas at kakayahan ng sistemang cuadrillero pagdating ng mga dekada ng 1830 hangang 1840 upang labanan ang suliranin

ng panunulisan sa iba't ibang lugar. Dahil dito'y magtatayo ang pamahalaang kolonyal ng isang higit na makapangyarihang puwersang pampulisya na may sakop na pamprobinsiya't pangrehiyon. Dito malilikha ang *tercios de policia* at nakabase sa mga kabisera ng bawat probinsiya. Bagaman higit na malapit sa pamamalakad sa militar ang *tercios de policia*, nakasalalay pa rin ang lakas at sandata nito sa lokal na suporta ng isang probinsiya o rehiyon.¹⁴

Maraming pa ring pagkukulang ang cuadrillero at tercio de policia upang labanan ang mga tulisan kaya't mabubuo ang *carabineros de seguridad publica* noong 1847. Muli itong irereorganisa noong 1853 at tatawaging *partidas de seguridad publica*. Kinuha ang carabineros o partidas mula sa hanay ng militar at pinamumunuan ng nakababata o mabababang opisyal at nasa direktang pamumuno ng kapitan-heneral. Pinansin ni Bankoff na may sariling problema ang carabinos at partidas na nakaugat sa tunggalian sa pagitan ng pamunuang sibil at pamunuang militar. Gayundin, hindi talaga sanay ang mga sundalong gawin ang responsibilidad ng pulisya at naging negatibo ang epekto nito sa mga sundalong bahagi ng carabineros at partidas. Kaya't lilikhain ang Guardia Civil noong 1868 bilang isang pulisyang hiwalay sa militar at maaaring maitalaga sa iba't ibang lugar kung kinakailangan.¹⁵

Makikita ang komplikadong sistemang itinalaga ng pamahalaang kolonyal na Espanyol sa maikling kasaysayan na ito ng pagpupulis sa Pilipinas. Nariyan ang cuadrillero at tercio de policia na nasa pamumuno ng lokal na principalia at pamahalaang pamprobinsiya habang ang GC naman ay nasa pamumuno ng pamahalaang kolonyal mula sa Maynila. Bagaman hindi ipinakita sa nobela ang mga cuadrillero, makikita ang pagiging hiwalay na institusyon ng GC sa lokal na pamayanan sa mismong pagkakalarawan ng kuwartel o himpilan ng GC. Matatagpuan ito sa labas ng bayan, sa tabi ng isang tulay na nasa daan patungo sa kabilang bayan. Pangingilagan ng mga taga-Ilaya ang mga GC mula nang pagmalupitan ng mga ito ang isang taga-Ilaya nang hindi ito sumagot sa *quien vive* ng mga GC.¹⁶ Ani ng nobela, "Iyan at di iba ang tanging pinanginginlan ng karamihan ng tao sa bayang Ilaya."¹⁷

Tanging ang kuwartel ang may kalagim-lagim na pagkakalarawan sa Ilaya. Inilalarawan ang bayang Ilaya na tila napakasaya at napakamatiwasay na bayan. Bagaman inilalarawan ang Ilaya bilang bayang "dukha," may sapat na yaman ang mayayamang pamilya ng Ilaya upang ipadala ang kani-kanilang mga anak sa kabisera, o sa Maynila kung mayaman talaga, upang makapag-

aral doon. Kasama na dito sina Modesto at Seang. May malinaw na epekto ang pagkakaroon ng karangyaan—lalo na ang edukasyong dulot ng karangyaang ito—sa pagtingin sa sarili ng mga mamamayan ng Ilaya, lalo na ng mga binata’t dalaga. Ani ng nobela, “Yaong mga anak o binatang kung mapaharap at kausapin ng isang magara ang tindig ay nagyuko-yuko, kakamot-kamot, kimi at di mapalagay, nangagbago na ng kilos, nagiging anyong makisig at marunong, maalam tumitig, at makipagharap nang tapatan sa kanino mang kausap.”¹⁸ Kinakatawan ng mga binata’t dalaga ng Ilaya ang pananaw nito sa sarili. Bagaman gumagalaw na tipikal na mga binata’t dalaga, nagkakantiyawan, nagloloikahan, at nag-iibigan, simbolo ang mga binata’t dalaga ng Ilaya ng kasalukuyan at hinaharap nito—matatag at sigurado tungkol sa sarili.

Kataka-taka ang pagkakatayo ng kuwartel ng GC sa gilid ng bayan ng Ilaya. Ulit, nilikha ang GC upang labanan ang kriminalidad at paglaganap ng panunulisan sa mga liblib na lugar. Ngunit kung matiwasay ang Ilaya, ano ang halaga ng GC sa lugar tulad ng Ilaya? Sa simula pa lamang ng nobela ay malinaw na wala sa lugar ang GC. At kung tutuusi’y mapanghimasok ang presensiya ng GC sa buhay ng mga mamamayan. Isa itong institusyong labas sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ang aparato ng kolonyal na pamahalaan na sinisiguro ang kapayapaan at kaayusan sa ilalim ng kolonyal na sistema. Ngunit bilang aparato ng pamahalaang kolonyal, maaari nitong gawin ang mga responsibilidad nito kahit na nilalabag na ng GC ang karapatang-pantao ng mga mamamayan, kung mayroon man nga silang karapatan.

Sa ganito’y kinakatawan ang tunggalian ni Modesto at ni Sarhento Cruz ng isang panlipunang dimensiyon bukod pa sa personal. Bagaman sigurado sina Modesto at Seang sa kanilang pagmamahal para sa isa’t isa, may kapangyarihan si Sarhento Cruz na harangin ang kanilang relasyon dahil sa posisyon nito bilang opisyal sa GC. Malaking kapangyarihan ang nasa kamay ng mga GC. At tulad ng inirereklamo ng mga Propagandista noong huling dalawang dekada ng kolonyalismong Espanyol, walang konsepto ng karapatang pantao ang pamahalaang kolonyal para sa mga katutubo o indio.¹⁹ Ito marahil ang nagbibigay kay Sarhento Cruz ng lakas ng loob upang ligawan si Seang at dustahin si Modesto. Ngunit kailangang linawin na walang ginawang labag sa batas si Sarhento Cruz. Ang tanging ginawa lamang niya ay dustahin at daudautin ang pagkatao ni Modesto. At naging sapat na ang panlalait na ito upang masaling ang dangal ni Modesto kung kaya’t sinaksak ni Modesto si Sarhento Cruz—upang ipagtanggol ang kaniyang dangal. Lilinawin ni Modesto na hindi

sa pagseselos ang dahilan ng kaniyang pagpatay kay Sarhento Cruz kundi ang pang-aaping ginawa ni Sarhento Cruz sa kaniya. Sa isang banda’y nasaling ang pagkalalaki ni Modesto at kinakailangan itong ipagtanggol. Ani Raquel Reyes tungkol sa pagkalalaki sa mga huling dekada ng kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas, “...men were expected to pursue thier desires by taking the initiative and to show an essential disposition of manliness characterized by courtly gallantry and chivalry. Even within the private, secret arena of an amorous romance, considerations of honor still governed.”²⁰ Sa ganito’y, bagaman wala pa ngang ginagawang kilos si Sarhento Cruz laban kay Modesto upang agawin si Seang, malinaw sa isip ni Modesto na kailangan na niyang kumilos bilang pagtatanggol sa kaniyang dangal, sa kaniyang pagkalalaki. Sa isang pagbasa’y personal ang dahilan ng pagpatay ni Modesto kay Sarhento Cruz. Ngunit sa pagpapatuloy ng nobela, iuugnay ang personal na pang-aapi na ito na dinanas ni Modesto sa isang pangkalahatan at malawakang pang-aapi na ginagawa ng kolonyal na kaayusan.

Sa isang alegorikong pagbasa, ang panghihimasok ni Sarhento Cruz sa pag-iibigan nina Modesto at Seang ay alegorya ng panghihimasok ng pamahalaang kolonyal sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamamayan. Kung wala doon sa Ilaya ang GC, walang mapanghimasok na institusyong manggugulo ng matiwasay na buhay ng mga mamamayan. Kung wala ang GC, walang Sarhento Cruz na mangdudusta at sasaling sa dangal ni Modesto at manghihimasok sa pag-iibigan nina Modesto at Seang. Sa ganitong paraan, ipinakikita ng nobela na hindi lamang ginagamit ang GC sa paglaban sa mga tulisan kundi upang makontrol ang personal na buhay ng mga mamamayan.

Hindi ko na sisinsinin kung makatwiran nga ba talaga ang dahilan ni Modesto sa pagpatay kay Sarhento Cruz tulad ng mga naging debate sa mga pahina ng *Muling Pagsilang*. At tulad na ng nabanggit kanina’y sapat nang dahilan ang pagkakasalang sa dangal at pagkalalaki ni Modesto upang dahasin niya si Sarhento Cruz. Gayundi’y ang nais kong linawin sa pagsusuri na ito ay ang alegorikong mga ugnayan ng mga tauhan sa panglahatang panlipunan kaayusan at relasyon ng institusyon ng GC sa pamayanan.

Magiging higit na detalyado lamang ang nobela tungkol sa relasyon ng GC at sa kalakhang lipunan sa kabanata tungkol sa pagkakakulong ng mga kababayan ni Modesto matapos niyang mapatay si Sarhento Cruz. Naghihintay sa labas ng kuwartel ang mga ina, asawa’t anak na babae upang magmakaawa

sa tenyente. Dito'y isasalaysay ng mga babaeng nasa labas ng kuwartel ang mga nangyari sa kanilang mga mahal sa buhay na nakabilanggo mula nang makatakas si Modesto. Dahil hindi mahuli si Modesto'y aarestuhin ang ilang lalaki ng Ilaya aakalaing kasabwat ni Modesto. Ang iba'y dadamputin nang basta-basta at nang walang ebidensiya laban sa kanila. Pagmamalupitan ng GC ang mga lalaki upang umamin ang mga ito sa pagkakasangkot sa pagpatay kay Sarhento Cruz gayong malinaw na mag-isa lang na ginawa ni Modesto ang krimen. Bagaman may malinaw na patakaran pagdating sa pag-aaresto ng mga kriminal o maging sa mga taong pinaghihinalaan lamang, hindi ito madalas nasusunod sa kabila ng pag-aayos ng batas noong 1888.²¹

Isang makapangyarihang aparato at institusyon ang GC upang labanan ang tulisanismo at sa pananatili ng kapayapaan at kaayusan. Ngunit ipinakikita ng nobela ang mga tensiyon at tunggalian sa pagitan ng mga mamamayan at ng estadong kolonyal. Malay ang nobela sa monopolya ng estado sa karahasan at kung paano napananatili nito ang bisyon nito ng kaayusan at katarungan ayon sa kakayahan nitong magsagawa ng karahasan.

Ang Guardia Civil at ang Rasistang Kolonyal na Estado

Isa pang tunggalian sa pagitan ng pangkalahatang lipunan at ng estadong kolonyal na tinatalakay ng nobela ay ang rasistang polisiya nito. Makikita ito sa mismong institusyon ng GC. Ani Bankoff tungkol sa estruktura ng GC,

Moreover, the authority of officers in these forces was further reinforced by a racial and social stratification that more closely mirrored the realities of colonial society. Spaniards were officers or noncommissioned officers, Spanish mestizos were sometimes officers but more generally noncommissioned officers, and Indios were consigned mostly to the lower ranks.²²

Ang rasistang estrukturang ito ng GC ay ipinakikita sa mga eksena ng mga indiong GC kasama si Tenyente Roca, ang Espanyol na hepe ng mga GC sa Ilaya. Laging inilalarawan ang mga eksenang ito sa isang nakatatawang paraan dahil sa kahirapan ng mga indiong GC at ni Tenyente Roca mag-usap. Hirap sa pag-e-Espanyol ang mga indio habang hirap naman si Tenyente Roca sa pagta-Tagalog. Bagaman komiko ang dating ng mga eksenang ito, tinatangka ng nobela na itakda ang pagkakaiba sa pagitan ng mga lahi gamit ng pagkakaiba ng wika. At tulad ng nabanggit ni Bankoff, ang rasistang herarkiyang ito na makikita sa loob ng GC ay sumasalamin sa rasistang lipunang ipinalaganap ng mga Espanyol sa

kabuuan ng Pilipinas. At kung ang GC ay hiwalay sa pangkalahatang lipunang Filipino, ipinakikita ng nobela na tila hiwalay at malayo ang rasistang etika ng kolonyalismong Espanyol sa lipunang Filipino.

Sa ganito'y bukod pa sa paglalalatag ng tunggalian sa pagitan ng estadong kolonyal at lokal na pamayanan ay ang paglalalatag isang tunggalian sa pagitan ng mga lahi. Makikita ito sa naging dahilan ng pagkakakulong ni Victor, isa sa mga nakasama ni Modesto sa bilangguan ng bayan ng P.... Ipinakulong si Victor ni Senyor Blanco, isang mestisong nagmamay-ari ng lupang pinagsasakahan niya, dahil sa laki ng utang na hindi niya mabayaran. Sa sariling tala ni Victor, tatlumpu't pitong piso at dalawampu't dalawang kabang palay ang utang niya. Ngunit sa tala ni Senyor Blanco, naging animnapu't dalawang piso at isang salapi at limanpung kabang palay ang utang ni Victor. Hindi mabayaran ni Victor ang kaniyang utang kaya't ipinakulong siya ni Senyor Blanco. Bagaman may bahid ng tunggalian sa pagitan ng mga uri sa nangyari kay Victor, nahahaluan ito ng bahid ng rasismo. Ani Victor, "...siya'y isang mayaman at isang mestiso, ako'y isang hamak na Tagalog at magsasaka lamang..."²³ Hindi lamang yaman at uri ang pinagkikilingan ng korte at pulisya, mga aparato ng estado, kundi kasama na rin dito ang lahi.

At hindi talaga pantay sa mata ng batas ang mga lahi noong panahon ng kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas. Ayon sa batas, iba't ibang kategorya ang mga indio, Tsino, mestisong Tsino, at Espanyol o mestisong Espanyol. Nakadepende sa kategoryang kinabibilangan ng mga sangkot sa isang nangyaring krimen kung anong mamamayaning batas. Gayundin, nakadedende sa lahing kinabibilangan kung ano ang mga pribilehiyo matatamasa ng isang tao at kung anong mga posibleng mga parusa ang kaniyang makukuha.²⁴ Ayon kay Bankoff, nanggagaling ang paghihiwalay na ito sa mga lahi sa kadahilanang nais ipagtanggol at mapangalagaan ng patakaran na ito ang karapatan ng mga katutubo. Ngunit sa paglipas ng panahon ay gagamitin ang paghihiwalay na ito upang patatagin ang isang rasistang pananaw.

Ang kawalang kapangyarihan ng mga indio sa harap ng isang rasistang sistema ay makikita din sa nobela sa karanasan nina Kabesang Tano at Ka Ines, ang tiyo ni Seang na nakatira sa Maynila, at sa nangyari sa anak nilang si Pelang. Nang dumating sina Seang at ang kaniyang pamilya sa Maynila matapos saksakin ni Modesto si Tenyente Roca, ikukuwento nina Kabesang Tano at Ka Ines na isang linggo nang hindi umuuwi ang kanilang anak na si Pelang.

Dalawang kapitan ng infanteria ang dumadalaw sa bahay nina Kapitan Tano. Upang hindi na magdulot ng gulo, sumama nang kusa si Pelang sa Espanyol na alferes. Gustuhin man nina Kabesang Tano at Ka Ines na mabawi si Pelang ay wala silang magawa. Tanging iniisip na lamang nila ang kaligtasan ng kanilang tatlo pang anak. Inilalahad ng karanasang ito nina Kabesang Tano at Ka Ines ang isang mapaniil na kalagayan kung saan walang magagawa ang isang indio o Filipino upang labanan ang isang mapang-abusong sistema. Inilalatag din ang Maynila bilang isang hindi lubos na ligtas na lugar para kay Seang at sa kaniyang pamilya. At ang pangunahing lungsod ng kolonyal na Pilipinas ay hindi lubos na ligtas para sa kahit na sinong indio o Filipino, mayaman man sila o hindi, hangga't namamayani ang isang rasistang sistema.

Tulisanismo at ang Kawalang Katwiran ng Sistemang Kolonyal

Sa ganitong konteksto ng kawalan ng kapangyarihan at kawalan ng katwiran para sa mga mamamayan kaya lumakas ang hanay ng mga tulisan. Ngunit mula nang dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay naging sagot na sa kolonyalismo ang pamumundok kahit pa na hindi ito tinatawag na panunulisan noon bago ng ika-19 na siglo.²⁵ Tulad ng pansin ni Renato Constantino, mayroong pagbabalik sa makalumang mga ugnayang panlipunan sa mga kilusan o pag-aalsang namundok. Ani Constantino tungkol sa matagal na pag-aalsa ni Dagohoy sa Bohol mula 1744 hanggang 1829,

We may surmise that in these mountain settlements there occurred a return to the old communal relations. Freed of the burden of the tribute and of forced labor and no longer subject to the abuses and exactions of corrupt officials and priests, the rebels were certainly better off than they used to be. All these considerations instilled in them a strong determination to defend their new freedom.²⁶

Sa isang pasaklaw na tingin, ang pamumundok ng mga tulisan ay isang paraan upang makatakas sa mapaniil na kolonyal na kaayusan at makamtan ang inaasam na kalayaan. Sa pagkakalawaran sa nobela, ang kuta't himpilan ng mga tulisa'y masagana sa pagkain na posibleng umabot ng isang taon.²⁷ Ngunit, bagaman inilalatag nito ang posibleng kaginhawaan at kalayaan ng mga tulisan sa kanilang kuta'y kinakailangan pa rin nilang bumaba paminsan-minsan at magnakaw sa mga bayan.

Sa kabilang banda naman, sagot ang cuadrillero at GC sa pag-usbong ng tulisanismo sa iba't ibang sandali ng paglakas ng mga ito noong ika-19 na

siglo. Bagaman bumaba ang aktibidad ng mga tulisan sa mga taon nang unang ipakilala ang mga cuadrillero at GC, hindi lubos na mawawala ang mga tulisan dahil hindi talaga sinusolusyunan ng pamumulis ang ugat ng pag-usbong ng tulisanismo. Sa halimbawa ng Cavite, malinaw na umusbong ang tulisanismo dahil sa mga sigalot sa mga karapatang panlupa ng mga indibidwal at ng isang komunidad.²⁸

Ngunit para sa *Anino ng Kabapon*, imbes na makatulong upang labanan ang tulisanismo, lalo pang pinalalala ng presensiya ng GC ang kalagayan ng mga mamamayan at dahil dito’y natutulak ang mga taong lumapit sa mga tulisan bilang alternatibo sa di-makatarungang lipunang kolonyal. Dalawa sa mga nakasama ni Modesto sa bilangguan sa bayan ng P... ay sumama sa mga tulisan ng Bundok Banaba, ang mga tulisang sumalakay sa bayan ng P... at nagpalaya kina Modesto. At ang parehong grupo ding ito ang lalapitan ni Modesto upang hingan ng tulong upang mapalaya ang kaniyang mga kapatid matapos niyang masaksak si Tenyente Roca. Makikilala ni Modesto ang pinuno ng mga tulisan na si Abdul at madali silang magkakapalagayan ng loob.

Isasalaysay ni Abdul ang kaniyang naging buhay. Ang ama ni Abdul ay isang bantog ding tulisan. Hindi nilinaw ni Abdul kung naging tulisan ba siya noong kaniyang kabataan ngunit isasalaysay niya ang pangaral ng kaniyang ama sa kaniya. Ani ng kaniyang ama, “Hindi sapagkat mahinang hindi makalaban ang tao... ay mamanginoon na’t ipayuyurak ang ulo sa kapuwa; makapupong mabuti ang magtago-tago sa panunulisan kaysa paalipin at manampalasan sa mga kalahing walang sala dahil lamang sa upang salapi o sa pagpapaibig sa panunuyuang panginoon.”²⁹ Tunggalian sa pagitan ng uri ang tinutukoy na dahilan ng pagtutulisan ng ama ni Abdul. At malinaw na “kalahi” ang idiniin ng ama ni Abdul na posibleng dahilan ng pang-aapi ng isang tao kaya’t siya’y dadanas ng kawalang katarungan at kakailanganing magtulisan. Sa ganitong para’y usapin ng uri ang nagtulak sa ama ni Abdul na manulisan.

Ngunit iba ang magiging karanasan at dahilan ni Abdul upang maging tulisan. Nang siya’y makapag-asawa’y ipipiit si Abdul sa kuwartel dahil sa mga maling paratang. Pasasakitan siya sa loob ng bilangguan upang mapilit siyang umamain sa kung ano mang ipinararatang sa kaniya. Ngunit pagkatapos ng dalawang araw at tatlong gabi ng pagpapahirap ay pakakawan na rin siya. Pag-uwi niya’y wala na ang kaniyang asawa. Malalaman na lamang ni Abdul na sumama na ang kaniyang asawa sa “punong-Kastila” ng mga Guradia

Civil. Hindi nilinaw ni Abdul kung kusa bang sumama ang kaniyang asawa sa pinuno ng GC ngunit mahihinuhang maaaring ginawa ito ng kaniyang asawa bilang kapalit sa kaniyang kalayaan dahil dumalaw daw sa ikatlong gabi niya sa kuwartel ang kaniyang asawa, ang parehong gabing palalayain si Abdul. Mula noo'y naging tulisan na si Abdul upang mapalayo sa kaniyang asawa at makapaghanap ng paraan upang makapaghiganti sa mga GC. Sa ganito'y hindi na lamang ang pang-aapi at pang-aalipin ng mga higit na makapangyarihang kalahi ang dahilan ng pagtutulisan para sa mga indio. Sa karanasan ni Abdul, ang institusyon ng GC, bilang aparato ng karahasan ng pamahalaang kolonyal, ang nagpahirap at nagpasakit sa kaniya. Ang institusyon din ng GC ang nagnakaw ng kaniyang kaligayahan, bilang isang lalaki, sa piling ng kaniyang asawa.

Higit na malalim at personal ang karanasan ni Abdul. Sa isang banda'y nasaling ang kaniyang pagkalalaki dahil sa pang-aagaw ng opisyal ng GC sa kaniyang asawa. Nariyan naman, sa isa pang banda, ang rasismong dinanas niya sa ilalim ng kolonyal na pamahalaan at ng institusyon ng GC. Nagagawang mang-agaw ng mga babae ang mga opisyal ng GC dahil sa rasistang sistemang kanilang tinatamasa. Katulad ng nangyari sa anak nina Kabesang Tano at Ka Ines na si Pelang, ipinakikita din ng kaniyang kuwento ang kapangyarihan ng GC upang labagin ang mga karapatang-pantao at gamitin ang kapangyarihan na ito para sa personal na mga kapritso ng mga GC. Ngunit sa halip na tanggapin na lamang ang kaniyang kalagayan tulad ng ginawa nina Kabesang Tano at Ka Ines, pinili ni Abdul na labanin at maghiganti sa sistemang itong umaaapi sa kaniya sa pamamagitan ng pamumundok at pagiging tulisan. Ulit, bagaman wala pang malinaw at kongkretong kilos si Sarhento Cruz upang gamitin ang kaniyang kapangyarihan bilang GC laban kay Modesto upang maagaw si Seang, maaaring maihambing ang karanasan ni Abdul bilang isang posibleng mangyari kay Modesto sakaling pinili ni Sarhento Cruz, at maging ni Tenyente Roca sa ikalawang bahagi ng nobela, na gamitin ang kapangyarihang ito laban kay Modesto at Seang. Ito marahil ang dahilan kung bakit naging mabilis ang pagkakapalagayang-loob nina Abdul at Modesto sa isa't isa hindi lamang dahil sa kanilang magkahawig na karanasan kundi sa posibilidad na ang nangyari kay Abdul ay posibleng mangyari din kay Modesto. Pareho silang mga lalaking bumangga sa kapangyarihan ng estado. At posibleng naging pareho ang kanilang kinahinatnan. Sa isang alternatibong mundo o hinaharap, maaaring naging isa pang Abdul si Modesto. Ngunit, hindi tulad ni Abdul, hindi na hinintay ni Modesto na maranasan niya ang dahas ng estado. Ginamit niya

ang kaniyang sariling kamay upang patayin sina Sarhento Cruz at Tenyente Roca bago pa man nila maagaw si Seang.

Ang Limitasyon ng Tulisanismo at ang Pangangailangan ng Pambansang Kilusang Mapagpalaya

Isang makapangyarihang puwersa ang grupo ng tulisanang pinamumunuan ni Abdul. Nang salakayin nila ang Ilaya upang mapalaya ang mga kapatid ni Modesto at ang iba pang nakakulong doon, nahirapan ang GC na ipagtanggol ang kanilang kuwartel. Halos abot-tanaw na ni Modesto ang kuwartel. Ngunit hindi natalo nina Modesto, Abdul at mga tulisan ang mga GC dahil, matapos magsimula ng labanan, ay nagsari-sarili na ang mga tulisan. Sa kabila ng pagtatangka ni Abdul na pamunuan ang mga tulisan upang salakayin angkuwartel ng mga GC, karamihan ng mga tulisa'y nagsimula nang magnakaw sa mga kabahayan ng Ilaya. Ang iba nama'y natakot na makipagpalitan ng putok sa mga GC.

Dito na pumapasok ang kritika ng nobela sa limitasyon ng tulisanismo bilang isang kilusan. Personal at magkakaiba ang dahilan ng mga tulisan sa pagsali sa grupo ni Abdul. Dahil dito'y hindi iisa ang kanilang loob. Maaaring ang iba'y may higit na makasariling mga dahilan upang sumali sa mga tulisan tulad ni Fabian, isa sa mga nakasama ni Modesto sa kuwartel ng bayan ng P.... Isa siyang sugarol na iniwan ang sariling pamilya dahil sa kaniyang bisyo. Nauna siyang umakyat ng Bundok Banaba at sumanib sa mga tulisan ni Abdul. Ngunit bagaman naging tulisa'y hindi nawala ang kaniyang pagiging sugarol. Gagamitin niya ang perang dapat nakalaan sa pagkain ng mga tulisan sa pagsusugal kaya't pinarusahan siya ni Abdul na maging giya o manguna sa mga lakad nila. Dito makikita ang kakulangan ng ideolohiyang makabayan at kamalayang panlipunan ng mga tulisan ni Abdul. Sila'y mga taong nasa laylayan ng lipunan, mga inapi ng sistemang kolonyal, ngunit hindi pa umaangat sa kamalayan ng mga tulisan mula sa personal tungo sa kolektibo't panlipunang kapakanan.

Naging malalim ang hinanakit ni Modesto sa kakulangang ito ng mga tulisan ng pagkakaisa at malasakit sa mga kalahi. Ani Modesto kay Abdul,

“Kung sa bagay, ngayon lamang ako napatulong at umasa sa mga piling kaibiga't kalahi, ngayon lamang ako nakarinig ng isang pangakong sinumpaang pa naman sa akin at inasahan kong kaya gayon ay sapagkat alam nilang isang mahalagang bagay

ang tungo, at isang kabalat o kababayan ang daramayan sa kaniyang mabigat na damdamin. Miminsan pa nga, kaibigang Abdul, ang pagkabigo ng pag-asa ko sa mga kababayan, ngunit ang minsang iyan ay katumbas na ng di matatapos kong pagkawalang-palad; ang pinananais kong malaon na ang siya pa namang nabigo: Dapat akong madala, dapat na mawalang lubos na lubos ang paniniwala ko sa mga unang kinaibigan, sa inyong inasahan kong tunay na mga kapatid, na nangasaktan din at dapat masaktan sa isang matinding sugat na aking ipinagkahirap.”³⁰

Ngunit kailangang balikan ang puna ni Mojares na hindi rin naman lubhang makabayan ang intensiyon ni Modesto dahil ang kalayaan ng kaniyang mga kapatid ang pangunahing nais niyang gawin kaya siya lumapit kay Abdul. Makasarili ito at makatwiran ang puna ni Mojares. Ngunit kailangang ilagay din ang tulisanismo na ito ayon sa sandaling pangkasaysayan ng nobela at kung bakit hindi nagtagumpay ang mga tulisan ni Abdul laban sa GC at kung bakit maging si Modesto’y nakakulong sa pansarili lamang niyang interes.

Dahil walang pangunahing prinsipyo’t ideolohiya na pinagkakapitan ang mga tulisan, wala itong kaisahan ng bisyon at programa upang kalabanin ang estadong kolonyal at itama ang mga maling palakad nito. Dito papasok ang halaga ng kasaysayan para sa nobela. Dahil nakatagpo sa taong 1890-1891, wala pang isang malawakang kilusan o organisasyong may bisyong politikal na maaaring pag-isahin ang mga tulisan at maging ang mga Filipinong tulad ni Modesto para labanan ang estadong kolonyal. Ito ang naging halaga ng Katipunan bilang kontrakolonyal na organisasyon. Inihayag ng Katipunan ang kolektibong hinanakit ng mga Filipino at naghain ng programang maaaring padaluyin ang hinanakit na ito tungo sa adhikain ng pagpapatalsik sa kolonyal na sistema at makamit ang kalayaan para sa Pilipinas. Dahil wala pang Katipunan nang mangyari ang nobela (1890 ginanap ang kalakhan ng nobela habang itinatag noong 1892 ang Katipunan), wala pang radikal at organisadong paraan upang maiugnay ang mga indibidwal at personal na hinanakit ng mga Filipinong tulad nina Modesto’t Abdul tungo sa isang higit na malawakang kilos at pakikibaka. Bagaman naroon na ang mga hinanakit dulot ng pang-aaping nakaugat sa kolonyal na kaayusan, wala pang malinaw na hubog sa kamalayan ni Modesto ang epektibong landas tungo sa pagbabagong panlipunan. Tanging abstraktong pagkakasaling ng kaniyang dangal at pagkalalaki ang ginamit ni Modesto upang labanan ang GC. Gayundin, hindi pa din malinaw para kay Modesto kung paano maisasagawa ang mga nais niya—ang kalayaan ng kaniyang mga kapatid sa personal na antas at ang pagpapatalsik sa kolonyal na kaayusan sa panlipunan na antas.

Bakit hindi pinangunahin ni Modesto ang pagtatatag ng isang radikal at rebolusyunaryong kilusan, kung ito nga talaga ang nais niya? Mga hula lamang ang maaaring masabi. Dahil kaya sa kaniyang uring kinabibilangan bilang isang miyembro ng lokal na *principalia*? Kailangang tandaan na naging kapitan ang kaniyang ama at may sapat na yaman ang mga ito para ipadala si Modesto sa Maynila. Dahil ba sobrang personal ng kaniyang hinanakit kaya't hindi niya maisip ang isang higit na panlipunang bisyon at kilos? Tila inilalarawan si Modesto bilang isang matampuhin at selosong lalaki bagaman may sapat na kamalayan at karanasan upang maunawaang hindi makatarungan ang lipunang kolonyal. Bakit hindi siya makatawid tungo sa pambansang kalayaan? Maaaring naging mahigpit ang nobela sa pagsunod sa kasaysayan kaya't ayaw nitong pangunahan ang tunay na pagtatatag ng Katipunan. Gayundin, ang pagiging masyadong makasarili ni Modesto at ng iba pang mga tauhan ang marahil nais ipabatid ng nobela na pagkakamali ng nakaraan. At kailangang matuto ang susunod na mga henerasyon upang lubusang magtagumpay ang kilos tungo sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas mula sa mga mananakop.

Ang Nakaraan Bilang Aral para sa Kasalukuyan

Tulad ng nabanggit na, ang pagiging masyadong makasarili ang isa sa pangunahing kahinaan ni Modesto at ng mga tulisan kung kaya't hindi ito nagtagumpay sa pagsalakay sa Ilaya. Maaari rin itong mabasa bilang alegorya ng pagiging makasarili ng mga Filipino sa paggigiit sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas laban sa Estados Unidos sa panahon kung kailan isinulat at inilathala ang nobela. Kung ilalagay sa konteksto ng taong 1906-1907, tila isang pasaring ang mga sinabi ni Modesto sa mga Filipino, lalo na ang mga pinuno, na nangakong itataguyod ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Tila kinakatawan ng tinig ni Modesto ang tinig ng mga Filipino na humuhingi ng tulong sa kaniyang mga “kalahi,” “kabalat,” at “kababayan” upang maibsan ang kanilang dinadalang “mabigat na damdamin.” Sa ganito’y ang hinaing ni Modesto ng pangangailangan ng pagkakaisa ay hindi lamang patungkol sa mga Filipino noong hindi pa namumulat sa tulong ng Katipunan kundi patungkol din sa mga Filipino na tila nakalimutan na ang mga prinsipyo’t ideal ng Katipunan.

Ulit, sa transisyon mula sa pagtatalaga noong 1902 ng pamahalaang sibil ng kolonyalismong Amerikano hanggang sa pagtatatag ng Philippine Assembly noong 1907, naging mahalaga ang pagtutulungan ng mga politikong Filipino

at opisyal na Amerikano sa pagpapatatag ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas. Sa simula ng kolonyalismong Amerikano, papaboran ng mga Amerikano ang mga Filipinong bumubuo sa Partido Federal—na nagtulak ng asimilasyon ng Pilipinas sa Estados Unidos sa halip na kalayaan at kasarinlan—bilang pagkilala sa suportang ibinigay ng mga politiko na ito, tulad nina T. H. Pardo de Tavera, Benito Legarda, at Gregorio Araneta, para sa pagtanggap ng pamamahalaang Amerikano sa kalakhan ng Pilipinas.³¹ Ngunit mananatiling malakas ang sangay ng makabayang Filipino lalo na ang moderatong sangay na sabay na tinatanggap ang pamamahalang Amerikano at itinataguyod pa rin ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas sa isang mapayapang paraan. Pinakaprominente sa mga moderatong makabayang Filipino ay ang mga manunulat at mamamahayag ng *El Renacimiento* na kinabiibilangan nina Rafael at Jose Palma, Leon Ma. Guerrero, at Lope K. Santos.³² Kailangang tandaan na nagsulat si Laksamana para sa *Muling Pagsilang*, ang dahong Tagalog ng *El Renacimiento*. Ani Michael Cullinane,

Without attacking the American political authorities directly, they [mga patnugot ng *El Renacimiento*] hoped to convince them that educated Filipinos did not desire statehood but preferred self-rule. They realized that the Federalistas had significant political advantages over them, but they appeared willing to wait for the times to change. Meanwhile, they saw as their role keeping alive their conception of the nationalist ideology in opposition to the Federalists.³³

At magkakaroon ng puwang para sa mga makabayang politikong Filipino pagdating ng 1906-1907. Nang maging higit na impluwensiyal ang mga politikong probinsiyano noong 1906-1907, parehong panahon kung kailan nasulat at nalathala ang *Anino ng Kabapon*, magiging mahalaga ang suporta ng maliit bagaman maingay na hanay ng mga makabayang politiko sa pagluklok kay Sergio Osmeña bilang tagapamahala ng pulong ng mga gobernador ng mga probinsiya noong 1906.³⁴ Itatanghal noong panahong ito si Osmeña bilang pangunahing makabayang politiko na magdadala sa kaniyang pagkakapili bilang Speaker ng unang Philippine Assembly noong 1907.³⁵ Maaaring basahin, kung gayon, ang mga hinaing ni Modesto tungkol sa pagtulong sa kalahi, kabalat, at kababayan ay isang pagpuna sa mga Federalista at pagsulong ng makabayang ideolohiyang kinakatawan ng mga moderatong makabayan.

Ngunit hindi lamang ito ang aral o mensahe ng nobela kung gagamitin ang alegoryang pangkasaysayan bilang pag-uugnay sa nakaraan at kasalukuyang Pilipinas. Sa eksena sa lugar na tinatawag na Bangkal, isang mala-kultong ritwal ang umusbong dahil sa inaakala ng mga taong naghihimala imahen ng

Birheng Maria na makikita sa isang puno ng bangkal. Mapagduda ang nobela sa mga ganitong uri ng paniniwala o pamahiin. Makikita ito sa puna ng isang lalaking bumisita sa Bangkal. Ani ng lalaki, “Aba, Aling kuwan, mabuti pa ang Hudyo kaysa atin a.... kung ganiyang....kaululan lamang ay sinasamba natin.”³⁶ Ipinamamalas nito ang pagkalat ng mga pamahiin at pangangailangan ng kamulatan at karunungan upang labanan ang mga pamahiin na ito.

Kailangang punahin na ang mga punang ito ng nobela sa kultura’t kamalayan ng Filipino sa nakaraan at kasalukuyan ay isang pag-uulit o pag-alingawngaw sa pangunahing mga dahilan kung bakit sinakop ng Estados Unidos ang Pilipinas. Ulit, nakapako ang argumento ng mga kolonyalistang Amerikano sa pagkukulang ng mga Filipino para sa pamumuno ng sariling nitong bayan. Una, watak-watak ang mga Filipino sa iba’t ibang mga “tribu” at wala naman talagang iisang bansang Pilipinas.³⁷ At pangalawa, hindi pa sapat ang kaalaman at edukasyon ng mga Filipino lalo na sa larangan ng politika.³⁸ Ngunit kailangang kilalanin na ang mga ideyang ito’y hindi naman pangunahing nanggagaling lamang sa mga Amerikano. Ito rin ay mga ideya’t pananaw na hango din mula sa mga nasulat at pananaw ng mga ilustrado ng henerasyong Propagandista. Para kay Jose Rizal, ayon sa pagsusuri ni Cesar Adib Majul, mahalaga ang edukasyon upang maabot ang kalayaan.³⁹ Ito rin ang dahilan kung bakit naniniwala si T. H. Pardo de Tavera na kinakailangan pa rin ng kolonyalismong Amerikano upang mawala ang “ignorantismo” ng mga Filipino.⁴⁰ Ngunit, sa kabilang dako, ang pagtataguyod ng edukasyong maka-Filipino ay nagpatuloy sa panahon ng kolonyalismong Amerikano. Makikita ito, halimbawa, sa mga gawa at kilos ni Felipe Calderon sa kaniyang pagtatag at pamamahala ng paaralan ng batas at nagtaguyod ng pagtatag ng mga paaralan para sa mga Filipino.⁴¹

Kung babalikan ang puna ng nobela sa mga pamahiin ng naghihimalang birhen sa Bangkal, makikita ang malinaw na pagkiling nito para sa pagbubuo ng isang rasyunal o makatwirang kamalayan at pag-iisip sa hanay ng mga mamamayan. Para saan ang rasyunal na pag-iisip na ito? Ani ama ni Modesto na si Kapitang Angel,

“...Magpakarunong ka, oo, datapwat, piliin yaong karunungan mahal at marangal sa ngalan ng mabuting pakikiugali at pakikiisang loob sa kapuwa may-bait na tao; subalit noong karunungan matatag na di mapaglalaruan ng iba, kapag sarili mong matwid ang maaapi; yaong karunungan maaaring puhunanin sa anumang gawang marapat at di maalam yumukod sa harap ng kahit sinong mapaghari-harian.”⁴²

Malinaw para sa nobela ang panlipunan at politikal na tunguhin ng rasyunal o makatwirang pag-iisip para sa isang tao. Panlipunan ito dahil lumilikha ito ng pagpapahalaga sa kabutihan at kabaitan ng kapwa. Sa ganito’y nagiging pundasyon ng lipunan hindi lamang ang mga personal na relasyon kundi isang higit na malawak at abstraktong pagpapahalaga sa katwiran. At politikal din ito dahil nabibigyan ng rasyunal at makatwirang pag-iisip ng kakayahan ang indibidwal na kilalanin ang kaniyang mga karapatan—ang kanyang matwid—at ipagtanggol ito sa mula sa pang-aapi. Inilalatag, kung gayon, ng nobela ang kinakailangan upang maihanda ang mga Filipino tungo sa pagtatatag ng isang lipunang malaya’t makatwiran. Ngunit kailangan nga ba ang mga Amerikano upang maabot ng mga Filipino ang rasyunal o makatwirang pag-iisip na ito, tulad ng itinaguyod ni Pardo de Tavera? O kailangan bang mabuo ito sa ilalim ng sariling kapangyarihan ng mga Filipino, tulad ng itinaguyod ni Calderon?

Ang Ideal na Estados Unidos at ang Rasistang Estados Unidos

Sa huling kabanata ng nobela’y matatagpuan ang isang mahabang liham ni Modesto kay Seang nang makatakas na siya sa St. Louis, Estados Unidos. Puno ng papuri ang liham ni Modesto sa mga nasaksihan niya sa Estados Unidos. Ani Modesto sa liham,

Nakasapit ako, Seang, at napasama sa bayang maginhawa’t malaya, dito sa bayang walang punong mabalasik ni pinagbabangisang kampon, walang masalaping maramot ni maralitaning pinagmamaramutan at nilalait, walang malakas na maninila, ni mahinang kakanin ng kasawiang palad. Ibig kong sabihin, dito sa bayan ng taong munti’t malaki, makapangyarihan at hindi, mayaman at dukha, ay pantay-pantay sa harapo ng mga karapatan nila’t matwid: bayang walang dinidiyos kundi ang banal na KATWIRAN (diin ng may-akda).⁴³

Sasabihin pa ni Modesto na hinihintay na ang panahon kung kailan magiging katulad ng Pilipinas ang Estados Unidos. Sa ganitong mga pahayag ni Modesto’y hindi kataka-taka na tingnan ang nobela bilang pabor sa pananakop ng mga Amerikano tulad ng mga naunang pagbasa ni Soledad S. Reyes.

Ngunit ang nais kong bigyang-pansin ang posibleng ambigwidad ng mga pahayag na ito ni Modesto kung lalapatan ng alegorikong pagbasa o kahit na simpleng mabalintunang pagbasa. Oo, maaaring basahin bilang pabor si Modesto para sa kolonyalismong Amerikano lalo na’t tila may mga pahayag si Modesto na dapat pumunta na doon si Seang upang matamasa din niya ang kalayaan. Ngunit may mga detalye din sa kaniyang sulat na maaaring

basahin bilang pasaring sa polisiya ng Estados Unidos ng kolonyalismo. Una, nariyan ang mga pahayag ni Modesto tungkol sa ugnayan ng “kalayaan” at “dangal.” Ani Modesto, “...bago ang lahat ay KALAYAAN na muna ang dapat pakanasain ng isang ibig mabuhay sa karangalan (diin ng may-akda).”⁴⁴ Malinaw para kay Modesto na kailangan munang nasa kalagayan ng kalayaan muna ang isang tao bago niya maabot ang dangal. Hindi ito nalalayo sa mga ideya ni Jose Rizal tungkol sa kalayaan ayon na rin sa interpretasyon ni Cesar Majul.⁴⁵ Nasa kalagayan lamang ng kalayaan makakamit ng mga Filipino ang karangalang hinahanap nilang indibidwal at komunidad dahil hindi na nila kailangang yumuko o magpaapi sa isang di-makatwirang sistema.⁴⁶ Isa itong pag-atake hindi lamang sa kolonyalismong Espanyol kundi pati na rin sa kolonyalismong Amerikano. Bakit kasama ang Estados Unidos sa deklarasyon na ito ng kalayaan? Dahil sumusunod si Laksamana sa halos kahawig na taktika na ginawa ng Pamahalaang Rebolusyunaryo ng Pilipinas noong ruruk ng Digmaang Filipino-Amerikano. May mga kaso kung kailan nagkalat ng mga polyeto ang Hukbong Rebolusyunaryo sa mga trentseria na maaaring mabasa ng mga sundalong Afrikano-Amerikano. Inihahayag ng mga polyeto na ginagamit lamang ang mga sundalong Afrikano-Amerikano sa ambisyon ng kanilang mga “master” at tungo sa ikasisira ng kanilang lahi. Binabanggit din ng polyeto ang pangangailangang ipaghiganti si Sam Hose, ang palayaw ng isang Afrikano-Amerikano na kinuyod at pinatay sa Georgia.⁴⁷

Sa mga pahayag ni Modesto tungkol sa pagkakapantay-pantay ng mga tao sa Estados Unidos, mabalintuna o ironiko si Laksamana na ipinakikita ang hipokrasiya ng Estados Unidos bilang lupain ng kalayaan sa dalawang paraan. Una, malay naman siya sa patuloy na di-pagkakapantay-pantay sa Estados Unidos sa usapin ng lahi. At pangalawa, ang di-pantay na kalakarang dadanasin ng Pilipinas sa ilalim ng Estados Unidos bilang isang kolonya. Ang mga pahayag tungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahat sa harap ng batas at sa kalayaan ng mga tao sa Estados Unidos ay pagpapakita kung ano nga ba ang mga pangunahing prinsipyo ng Estados Unidos na ngayo’y nilalabag nito.

Pangalawa, kailangang balikan kung saan sa Estados Unidos ipinadala ni Modesto ang kaniyang liham. Galing ito sa St. Louis. Hindi nilinaw kung anong estado sa Estados Unidos ang St. Louis na ito. Ngunit noong 1906, ang taong inilathala ng nobela sa mga pahina ng *Muling Pagsilang*, ang St. Louis, Missouri lamang ang maaaring maisip dahil sa naganap na St. Louis Exposition noong 1904. Ulit, naging kontrobersiyal ang eksposisyon sa St. Louis dahil sa

paggamit ng mga katutubo o “di-Kristiyanong” mga Filipino bilang bahagi ng eksibisyon. Nasa alaala pa ng mga Filipino noon ang naging eksposisyon noon sa Madrid na itinanghal ang mga “infieles” sa harap ng mga Espanyol. Itinulad ng mga Filipino ang ginawa ng mga Espanyol sa ginawa ng Amerikano sa mga “di-Kristiyano” bilang bahagi ng kampanya upang ipakita ang mga Filipino sa pangkalahatan bilang barbaro na bansa na kinakailangan ng kolonisasyon upang umunlad.⁴⁸ At kung St. Louis, Missouri nga ang lugar na napadpad si Modesto, paanong masasabi ni Modesto na lugar ito ng pagkakapantay-pantay?

Bukod dito’y kailangang balikan ang mismong kasaysayan ng St. Louis, Missouri pagdating sa karapatang-pantao. Dahil kung babalikan ang kasaysayan ng Estado ng Missouri, isa ito sa mga estado na pinayagan ang pag-aalipin sa loob ng teritoryo nito bago sumiklab ang Digmaang Sibil ng Estados Unidos. At kahit na ipinagbawal na ang pag-aalipin sa Estados Unidos pagkatapos ng Digmaang Sibil, ipinalaganap sa Missouri ang mga bersiyon nito ng Batas Jim Crow na nagtatalaga ng pagkakahiwalay ng lahing puti sa lahing di-puti. Mula pa noong 1875, nakasulat sa konstitusyon ng estado ng Missouri ang paghihiwalay ng mga lahi pagdating sa mga paaralan.⁴⁹ At bagaman lumaki ang populasyon ng mga Afrikan-Amerikano sa St. Louis sa mga dekada pagkatapos ng Digmaang Sibil ng Estados Unidos, naging lugar ng matinding segregasyon sa pagitan ng mga lahi ang lungsod hanggang sa kalagitnaan ng ika-20 siglo. Bukod pa sa edukasyon, makikita ang segregasyon sa St. Louis sa pagtatangkang makontrol ang mga lugar kung saan nakatira ang mga Afrikan-Amerikano at sa mga hotel at restawran na puwede o di-puwede silang pumasok. Ngunit kailangang kilalaning higit na mapagbigay ang mga batas ng Missouri, sa antas ng estado, at sa St. Louis, sa antas ng lungsod, pagdating sa pagtatanggol at pagtataguyod ng karapatan ng mga Afrikan-Amerikano tulad ng karapatang bumoto at karapatan sa akses sa pampublikong transportasyon. Ngunit sa kabila nito’y hindi pa rin masasabing nakuha ng mga Afrikan-Amerikano ang katumbas na mga karapatang natatamasa ng mga kalahi nila sa mga hilagang estado ng Estados Unidos o maging sa mga mismong pahayag ni Modesto sa nobela.⁵⁰

Kaya’t maaaring matanong, paano nga ba naging lupa ng kalayaan at pagkakapantay-pantay ang St. Louis, sa partikular, at ang Estados Unidos, sa pangkalahatan? Para sa mga nag-isip sa mga Batas Jim Crow, nakapaloob ang konsepto ng pagkakapantay-pantay sa pratika ng segregasyon sa ideya ng “separate but equal” o “magkahiwalay ngunit pantay.” Ngunit para sa mga Filipino na tumitingin sa relasyon ng mga lahi sa Estados Unidos, tulad

ng inihayag na ng polyeto ng Hukbong Rebolusyunaryo, ipinakikita lamang ng polisiya ng segregasyon ang pagpapatuloy ng rasistang pamamahala ng mga (puting) Amerikano sa mga Afrikano-Amerikano sa Estados Unidos at ipapataw ito sa mga Filipino sa Pilipinas.

Ang huling ebidensiya ng pagiging malay ni Laksamana sa mga isyu ng lahi't rasismo sa Estados Unidos ay ang pagsasalin niya ng *The Octoroon* ni Mary Elizabeth Braddon noong 1921 bilang *Dugo sa Dugo*.⁵¹ Isang popular at *sensational* na nobela na isinulat at inilathala sa Inglatera noong 1861, tungkol ang *The Octoroon* sa usapin ng lahi sa Estados Unidos sa tatawaging "American South" kung saan ligal pa rin ang pang-aalipin sa ilang estado doon noong panahong inilathala ang nobela. Nakikisakay ng nobela at si Mary Elizabeth Braddon sa isang napapanahong isyu tulad ng lahi at pang-aalipin sa Estados Unidos at pag-uusapan ito sa isang *sensationalist* na paraan.⁵² Interesante na pipiliin ni Laksamana na isalin ang nobelang ito bilang *Dugo sa Dugo* noong 1921, ang parehong taon kung kailan naganap ang karumal-dumal na pagpaslang sa mga Afrikano-Amerikano sa Tulsa, Oklahoma. 1921 lang ba naging malay si Laksamana sa mga isyu ng lahi at rasismo sa Estados Unidos? Higit sa malamang ay nabasa na niya ang *The Octoroon* bago pa ng 1921 at napili lamang niya itong isalin at lathala sa napapanahong pagkakataon noong 1921. Nabasa ba niya ang *The Octoroon* noong 1906 kung kailan unang nalathala ang *Anino ng Kahapon* sa mga pahina ng *Ang Muling Pagsilang*? Wala pa akong kongkretong patunay. Ngunit kataka-taka na bigla na lamang magiging interesado si Laksamana sa usapin ng lahi at rasismo dahil lamang sa nangyari sa Tulsa noong 1921. Tulad ng naging pansin ni Paul Kramer, matagal nang malay ang mga Filipino tungkol sa rasismo ng Estados Unidos. Ang tanong na lamang sa ngayon ay kung gaano kalalim ang alam ng mga indibidwal tulad ni Laksamana at kung paano ito posibleng maiugnay sa karanasan ng kolonyalismo ng Pilipinas sa ilalim ng Estados Unidos.

Ulit, maaari bang basahing tapat at walang kabalintunaan ang liham ni Modesto? Maaari. Ngunit mahirap sabihing walang alam si Francisco Laksamana sa tunay na kalagayan ng mga lahing di-puti sa Estados Unidos gayong nagtrabaho siyang *Muling Pagsilang/El Renacimiento* sa panahong ito ang naging pangunahing pahayagang Filipino na bumatikos sa St. Louis Expo at sa kaniyang paggiging malay sa nobelang tulad ng *The Octoroon*. Sa ganito'y higit na kapani-paniwala na naging mapaglaro si Laksamana sa mga pahayag ni Modesto upang punahin ang kalakarang kolonyal ng Estados Unidos sa isang di-tuwirang paraan.

Ang Philippine Constabulary at Ang Rasistang Kolonyal na Estado

Ulit, mahalagang balikan ang liham ni Gonzalo Malay sa *Muling Pagsilang* kung saan sinabi niyang hindi pa naman talaga “lumipas” ang mga pangyayari sa nobela dahil nauulit “lupit” sa ilalim ng mga Amerikano. Hindi tinukoy ni Malay kung anong mga lupit ito ngunit maaaring matukoy ito sa simpleng paghahambing ng pagpupulisya noong panahon ng kolonyalismong Espanyol at panahon ng mga Amerikano. Una na riyan ang ang pagtatatag ng mga Amerikano ng isang rasistang kolonyal na estado. Sa pamahalaang kolonyal ng Estados Unidos sa Pilipinas, malawakan din ang rasismo bagaman higit na naging bukas ang mga Amerikano sa pagpapaangat ng Filipino sa burukrasya ng kolonyal na pamahalaan bilang paraan nila upang mapatatag ang kanilang pamamahala. Ngunit nananatiling eksklusibo ang matataas na posisyon sa pamahalaang kolonyal tulad noong panahon ng mga Espanyol. Ang posisyong tulad ng gobernador-heneral at sa mga posisyon sa Philippine Commission, ang tumatayang sangay lehislatibo ng pamahalaang kolonyal bago itayo ang Philippine Assembly, ay hinahawakan ng mga Amerikano. At kahit na naging mabilis at malawak ang Filipinisasyon ng pamahalaang kolonyal noong unang dekada ng kolonyalismong Amerikano, nakaugat pa rin ito sa mga rasistang pananaw tungkol sa mga Filipino. Tatawagin ni Paul A. Kramer na “inclusionary racism” ang pananaw na naging gabay sa polisiya ng pang-aakit ng pamahalaang kolonyal na Amerikano para sa mga Filipino. Ani Kramer,

Inclusionary racism involved praise for Filipino capacity even while lamenting present ability; it hailed Spanish Catholic evangelization for its “civilizing” work while lamenting its “feudal” legacy. It placed Filipinos on a slow-moving track toward the future, identifying key social, cultural, and intellectual milestones toward this end, but constantly marking tragic insufficiency in the present.⁵³

Bagaman pupurihin ng pamahalaang kolonyal ang “galing” at “talino” ng mga Filipino, hindi pa rin ito sapat dahil hindi sila mga Amerikano. Lagi’t laging kulang ang mga Filipino at hindi nila mapapantayan ang mga Amerikano. Ngunit kailangang amuin ang makabayang sentimyento ng mga Filipino kaya’t kailangang sabihing posibleng maabot natin ang kahandaan “sa hinaharap.” Kung magiging mabuting “mag-aaral” sa larangan ng politika’t pamamahala ang Filipino baka puwedeng ibigay sa atin ang kalayaan sa hinaharap.

At bukod pa sa pagtatatag ng isang rasistang kolonyal na pamahalaan, lumikha din ang Amerikanong pamahalaang kolonyal ng pulisyang tulad

ng Metropolitan Police, para sa kalakhang Kamaynilaan, at ng Philippine Constabulary (PC), para sa mga probinsiya, upang sikilin ang mga makabayang kilusan at mga nagkawatak-watak na mga puwersa't hukbong patuloy na ipinaglalaman ang ideal ng isang malayang Pilipinas tulad ng ginawa ng pamahalaang kolonyal na Espanyol sa paglikha ng GC upang sikilin ang mga puwersang lumalaban sa kolonyal na estado. Bubuuin ang kalakhan ng herarkiya ng PC ng mga Filipino ngunit pamumunuan ng mga Amerikano.⁵⁴ Makikita sa mismong pamamalakad ng PC ang rasistang pamamalakad ng mga Amerikano. Bagaman pinapupurihan ng mga Amerikano ang tapang, gilad, disiplina, kalinisan, at katapatan ng mga Filipinong miyembro ng PC, nakaugat ang lahat ng mabubuting katangian ng mga Filipino hindi dahil sa taal nilang katangian kundi dahil sa pamumuno ng mga opisyal na Amerikano.⁵⁵ Bagaman mapapatunayan ng mga Filipino ang kakayahan nila bilang kabahagi ng mapaniil na aparato ng pamahalaang kolonyal, pinagdududahan pa rin ang kanilang lubos na katapatan sa pamahalaang Amerikano. Lagi't laging tinitingnan ang mga Filipino na constabulary bilang posibleng mga Filipinong manghihimagsik kung hindi sila babantayan ng mga Amerikano.⁵⁶ Kaya't hanggang sa taong 1931, bagaman lalawak na rin ang Filipinisasyon sa hanay ng mga mabababang opisyal ng PC, ang lima sa pitong nakatataas na opisyal na nakahimpil sa Maynila'y pawang mga Amerikano.⁵⁷

At tulad ng ginawa ng pamahalaang kolonyal na Espanyol, ginaya ng pamahalaang kolonyal na Amerikano ang pagbansag sa lahat ng mga hukbo't kilusang lalaban sa kanilang kapangyarihan bilang mga “tulisan,” “bandido,” “kriminal,” “ladrones,” at iba pa.⁵⁸ Makikita din ang pagpapatuloy ng mapaniil na taktika ng Amerikanong pamahalaang kolonyal sa mga probinsiya sa Timog Katagalugan noong 1905. Ito ang rurok ng operasyon ng Republika ng Katagalugan ni Macario Sakay. Dahil sa malalang kalagayan ng “tulisanimismo” at “ladronismo” sa Cavite, Batangas, at Laguna, lumikha ng mga concentration camps ang PC upang ilayo ang kalakhang populasyon sa pagsuporta sa iba't ibang grupo't kilusang kinakalaban ng pamahalaang kolonyal. Ang mga pahayagang tulad ng *El Renacimiento/Muling Pagsilang*, ang pahayagang pinagtatrabahuhan ni Laksamana noong mga panahong iyon, ay tututukan at magbabalita tungkol sa mapaniil na mga taktika ng PC, kasama ng Philippine Scouts, sa mga lugar na may aktibong armadong grupo. Tatanggalan ng karapatang *habeas corpus* ang mga probinsiya kaya't magiging madali para sa PC ang arbitraryong pag-aresto ng mga pinaghihinalaang “kriminal” o tumutulong sa mga “kriminal.” Sa halip na makatulong na mapalakas ang posisyon ng pamahalaang kolonyal ng mga

Amerakano, nagdulot ng krisis ang taktika ng paniniil ng PC at militar dahil sa maalab na pagtuligsa ng mga pahayagan tulad na nga ng *El Renacimiento/Muling Pagsilang*, sa malawakang batikos ng mga Filipinong elite na kaalyado ng pamahalaang kolonyal tulad ni T.H. Pardo de Tavera, at sa panlalamig ng kalakhang populasyon na naapektuhan ng mapaniil na taktika. Kalauna'y naging malinaw sa isip ng pamunuang kolonyal ang halaga at pangangailangang amuin ang mga Filipino, lalo na ang elite ng mga probinsiya na nagbibigay ng suporta sa iba't ibang kilusan kumakalaban sa mga Amerikano.⁵⁹

Sa ganitong konteksto ng paniniil ng PC sa mamamayang Filipino, paano ngayong masasabing “pro-American” si Laksamana dahil lamang sinabi ni Modesto na namamayani ang pagkakapantay-pantay sa St. Louis, Estados Unidos? Sa mga eksena ng paniniil ng GC sa mga Filipino sa nobela, may di-tuwiran o alegorikong paghahambing na ginagawa si Laksamana sa paniniil na ginagawa ng PC sa kaniyang kasalukuyan. Noon man hanggang ngayon, hindi na nawala ang paniniil at paglabag ng karapatan sa hanay ng pulisya. Ito ang daang dapat talikuran na tinutukoy ni Laksamana sa kaniyang pag-aalay sa mga kabataan.

Ang Anino ng Himagsikan ng 1896

Ang kalayaan ng Pilipinas sa hinaharap, para sa akin, ang pangunahing nais na ikatwiran ng nobela gamit ng naratibo nito. Bagaman tinangka ng nobela na maging tapat sa mga pagkukulang ng mga Filipino noong huling dekada ng kolonyalismong Espanyol, naging malinaw din para dito ang naabot nito pagdating ng taong 1896. Kailangang tandaan na nagtatapos ang nobela sa pagbabalik ni Modesto sa Pilipinas sa pagsiklab ng Himagsikan ng 1896 at nasa landas na ito tungo sa kalayaan at kasarinlan. Dahil sa pagsisikap ng mga Filipino mismo, nagawa nilang magkaisa tungo sa kolektibong adhikain na makamit ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Ngunit nalihis ng daan ang Pilipinas.

Maaaring sabihing masyadong naging mabilis at biglaan ang nobela sa ganitong pagtatapos. Ngunit sa mga susunod na susulatin ni Laksamana'y babalik-balikan niya ang alaala ng Himagsikang 1896 bagaman mahahaluan na ito ng usaping manggagawa. Sa dagling “Buhay at Kalayaan,” pinaghahalo ni

Laksamana pagkaalipin na nararanasan ng isang manggagawa sa pagkaalipin ng mamamayang Filipino.⁶⁰ Sa isang dagling pinamagatang “Ginugunitang Nagdaan,” inaalala ni Laksamana ang karanasan ng mga naghimagsik noong 1896.⁶¹ Paaalalahanan ni Laksamana ang kadakilaan ng adhikain tungo sa kalayaan. Sa “Mga Aral na Tutupdin,” isasalaysay ni Laksamana ang pagmumuni-muni ng isang taong nakinig ng isang talumpati na inihandog sa Bayani.⁶² Hindi pinangalanan kung sino ang Bayani. Si Rizal ba o si Bonifacio ang tinutukoy? Maaaring si Rizal dahil inilathala ang dagli noong buwan ng Disyembre. At pagmumunihan ng taong ito ang kaniyang aping kalagayan bilang isang alipin. Bagaman hindi tinutukoy sino ang nang-aalipin, mahihinuhang ito’y ang kolonyal na kaayusan at kapitalismong dala ng mga Amerikano. At mananawagan ang taong itong maging makatwiran at igiit ang kaniyang karapatan. Sa dagling “Kristong-Dios at Kristong-Tao” nama’y ginagamit ang tema ng Pasko at ang pagdating ni Kristo sa lupa upang ipaalala ni Laksamana ang pagkakapantay-pantay ng mga tao.⁶³ Sa dagling “Pag-asa at Pananalig,” pinangangaralan ni Laksamana ang halaga ng pagtutulungan at pagdadamay sa pagitan ng mga Filipino lalo sa panahon ng kagipitan.⁶⁴ Hindi man niya banggitin ay umaapela si Laksamana sa damdaming makabayan ng mambabasa niya. Sa “Ang tunay na paglilingapan,” gagamitin ni Laksamana ang nagtutunggaling karnabal, ang isa’y pinamamahalaan at pinopondohan ng mga Amerikano at ang isa’y pinopondohan ng mga Filipino.⁶⁵ Iginigiit ni Laksamana na, bagaman higit na magarbo at marangya ang karnabal ng mga Amerikano, magiging matagumpay pa rin ang isang karnabal na sinusuportahan ng mga Filipino. Sa “Dios at Katalagahan”, pupunahin ni Laksamana ang lohika ng mga nagsasabing “itinalaga ng Diyos” ang nangyaring pagsabog ng bulkan sa Taal.⁶⁶ Sa ganitong lohika’y kukutyain niya ang nagsasabing “itinalaga ng Diyos” ang dahilan kung bakit nasasakop at patuloy na nagpapasakop ang Pilipinas ng mga Amerikano.

Lagi’t laging pinaaalala ni Laksamana sa kaniyang mga dagli ang halaga ng pagkakaisa at ng pag-aalaala sa dakilang ambag ng Himagsikan. Tulad ng naging pansin na ni Eulalio R. Guieb III, malinaw na kinakatawan ng mga dagli ni Laksamana ang pagtuligsa sa ideya na ang Estados Unidos ang tagapagligtas ng Pilipinas.⁶⁷ Kritikal, kung gayon, ang asta ni Laksamana sa kolonyalismong Amerikano. Pinupuna niya ang lohika ng imperyalismo’t kolonyalismo na nagsasabihing hindi kaya ng mga Filipino ang magsarili at hindi natin maaabot ang mga ideal na pagkakapatiran at pagkakapantay-pantay sa Pilipinas. Gayundin, pupunahin ni Laksamana ang hipokrasiya ng Estados Unidos. Isang

pagpapatuloy, kung gayon, ang mga isinulat niyang mga dagli sa mga ideya niya sa *Anino ng Kahapon*.

Ngunit mababasa din ba sa nobela't mga dagli niya ang pagsisisi sa indibidwal na mga Filipino sa pagkasawi ng Himagsikan? Na dahil hindi nagkaisa ang mga Filipino'y nagkaroon ng puwang ang mga Amerikano upang manghimasok at makapasok sa Pilipinas? Posible pa rin ang ganitong pagbasa. Ngunit pinaaalala ng nobela, na kahit sa panahong iyon ng Himagsikan sa Pilipinas, ay nagawa ng mga Filipino na magkaisa para sa kapakanan ng bayan. Ito ang dahilan kung bakit nagtapos ang nobela sa pagsisimula ng Himagsikan ng 1896. Kinakatawan din ng Himagsikan ang mga ideal na halagahang kinakatawan ng Estados Unidos. Hindi nawala sa landas ang mga Filipino at ang Pilipinas. Sa halip, ang mga Amerikano at ang Estados Unidos ang tumalikod sa mga prinsipyo't paninindigan nito.

Ididiin ng *Anino ng Kahapon* ang halaga ng pagbabalik sa nakaraan upang maging gabay sa susunod na mga henerasyon. Ngunit hindi magiging tuwiran si Laksamana sa kaniyang puna sa kolonyalismong Amerikano at sa halip ay magiging malikhain siya sa pagpuna sa kolonyalismo. Ang pagtatampok sa mga huling dekada ng kolonyalismong Espanyol ay isang pagpapahalaga sa pag-unlad ng kamalayang makabayan bago pa man dumating ang mga Amerikano.

Pagkilala:

Binigkas ang naunang bersiyon ng sanaysay na ito sa kumperensiyang Emerging Voices in Filipino and Philippine Studies na inorganisa ng Center for Philippine Studies ng University of Hawai'i at Mānoa at ginanap sa Honolulu, Hawai'i noong Nobyembre 5-6, 2019.

Mga Tala

- 1 Francisco Laksamana, "Kabataan," sa *Anino ng Kahapon* (Maynila: s.n., 1971), w.p. Ikalawang limbang ng Unang Edisyon.
- 2 Hango ang datos sa buhay ni Francisco Laksamana sa Pablo Glorioso, "Pagpapakilala," sa Laksamana, *Anino ng Kahapon*, i-iii.
- 3 Ma. Luisa Torres, "Ang Panunuring Pampanitikan Hinggil sa Nobelang Tagalog, 1905-1941," M.A. Thesis. University of the Philippines-Dilliman, 1981, 100-114.
- 4 [Francisco, Manuel B.] B. ng S., "Ang 'Anino ng Kahapon': Ilang puna at pansin," *Muling Pagsilang*, 15 Mayo 1907, 1a.

- 5 [Santos, Lope K.] Perfecto Maka-araw, "Ang 'Anino ng Kahapon': Pag-uulat ng natatanging uri ng aklat na ito," *Muling Pagsilang*, 7 Hunyo 1907, 1a.
- 6 Gonzalo Cue Malay, "Ang 'Anino ng Kahapon': Liham mula kay G. Malay," *Muling Pagsilang*, 13 Mayo 1907, 1a.
- 7 Torres, "Ang Panunuring Pampanitikan," 109.
- 8 Resil B. Mojares, *Origins and Rise of the Filipino Novel* (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987), 220.
- 9 Soledad S. Reyes, *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982), 31.
- 10 Francisco Laksamana, *Anino ng Kabapon* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2002), 250-252. Ikalawang Edsiyon.
- 11 Greg Bankoff, *Crime, Society, and the State in the Nineteenth-Century Philippines* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996), 129-131.
- 12 Ibid., 131.
- 13 Ibid.
- 14 Ibid., 134.
- 15 Ibid., 135.
- 16 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 2-3.
- 17 Ibid., 2.
- 18 Ibid., 4.
- 19 Bankoff, *Crime, Society, and the State*, 138-143.
- 20 Raquel A. G. Reyes, *Love, Passion and Patriotism: Sexuality and the Philippine Propaganda Movement, 1882-1892* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2009), 30.
- 21 Bankoff, *Crime, Society, and the State*, 140.
- 22 Ibid., 146.
- 23 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 94.
- 24 Bankoff, *Crime, Society, and the State*, 94-97.
- 25 Francis A. Gealogo, "Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang pagpapakahulugan sa diskurso ng pakikibakang panlipunan," *Philippine Social Sciences Review: Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino, (1900-1992)* 51 (Enero-Disyembre 1994): 18.
- 26 Renato Constantino, *The Philippines: A Past Revisited* (Lungsod Quezon: Tala Pub. Services, 1975), 103.
- 27 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 173.
- 28 Bankoff, *Crime, Society, and the State*, 77-79.

- 29 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 180.
- 30 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 188-189.
- 31 Michael Cullinane, *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2003), 68.
- 32 *Ibid.*, 89-96.
- 33 *Ibid.*, 92.
- 34 *Ibid.*, 252.
- 35 *Ibid.*, 254.
- 36 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 74.
- 37 Philippine Commission, *Report of the Philippine Commission*, 12.
- 38 *Ibid.*, 41.
- 39 Cesar Adib Majul, *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution* (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1967), 29-30.
- 40 T. H. Pardo de Tavera, *The Legacy of Ignorantism* (Maynila: Bureau of Printing, 1920), 6.
- 41 Resil B. Mojares, *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006), 477-479.
- 42 Laksamana, *Anino ng Kabapon*, 79.
- 43 *Ibid.* 245.
- 44 *Ibid.*, 247.
- 45 Majul, *Political and Constitutional Ideas*, 22-32.
- 46 *Ibid.*, 248.
- 47 Paul A. Kramer, *The Blood of Government, Race, Empire, The United States, & the Philippines* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006), 129-130.
- 48 *Ibid.*, 249-250
- 49 Mary Faith Russell, "Segregated Education in St. Louis: A Study of Monetary Costs," *The Midwest Sociologist* 16, Bng. 1 (Winter, 1954): 22-27.
- 50 Lawrence O. Christensen, "Race Relations in St. Louis 1865-1916," *Missouri Historical Review* LXXVIII, Bng. 2 (January 1984): 123-136.
- 51 M. E. Braddon, *Dugo sa Dugo*, isinalin ni Francisco Laksamana (Maynila: Vanguardia Printing Co., 1921).
- 52 Kimberly Harrison, "Political Persuasion in Mary Braddon's *The Octoroon; or, The Lily of Louisiana*," sa *Victorian Sensations: Essays on a Scandalous Genre*, Kimberly Harrison at Rishard Fantina, mga pat. (Columbus: The Ohio State University Press, 2006), 212-224.

- 53 Kramer, *Blood of Government*, 192.
- 54 Alfred W. McCoy, *Policing America's Empire: The United States, the Philippines and the Rise of the Surveillance State* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2011), 82.
- 55 Kramer, *Blood of Government*, 318.
- 56 *Ibid.*, 317.
- 57 McCoy, *Policing America's Empire*, 92.
- 58 Gealogo, "Hermeneutika ng Pakikipagtungali," 33-34.
- 59 McCoy, *Policing America's Empire*, 126-158.
- 60 Francisco Laksamana, "Buhay at Kalayaan," sa *Ang Dagling Tagalog, 1903-1936*, Rolando B. Tolentino at Aristotle Atienza, mga pat. (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University, 2007), 119-122.
- 61 Francisco Laksamana, "Ginugunitang Nagdaan," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 19 (21 Nobyembre 1910), 26-27.
- 62 Francisco Laksamana, "Mga Aral na Tutupdin," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 22 (14 Disyembre 1910), 26.
- 63 Francisco Laksamana, "Kristong-Dios at Kristong-Tao," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 23 (21 Disyembre 1910), 23-24.
- 64 Francisco Laksamana, "Pag-asa at Pananalig," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 26 (14 Enero 1911), 32-33.
- 65 Francisco Laksamana, "Ang tunay na paglilingapan," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 28 (28 Enero 1911), 27-28.
- 66 Francisco Laksamana, "Dios at Katalagahan," *Renacimiento Filipino* Taon 1 Bng. 32 (28 Pebrero 1911), 30.
- 67 Eulalio R. Guieb III, "Journalismong Tagalog sa Renacimiento Filipino (1910-1913): Pagbibinhi ng Makabayang Sanaysay sa Panitikan ng Pilipinas" *Plaridel* 10, Bng. 1 (Pebrero 2013): 19-23.

Sanggunian

- Bankoff, Greg. *Crime, Society, and the State in the Nineteenth-Century Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996.
- Braddon, M. E. *Dugo sa Dugo*. Isinalin ni Francisco Laksamana. Maynila: Vanguardia Printing Co., 1921.
- Christensen, Lawrence O. "Race Relations in St. Louis 1865-1916." *Missouri Historical Review* Tomo LXXVIII Bng. 2 (Enero 1984), 123-136.

- Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Lungsod Quezon: Tala Pub. Services, 1975.
- Cullinane, Michael. *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2003.
- [Francisco, Manuel B.] B. ng S. “Ang ‘Anino ng Kahapon’: Ilang puna at pansin.” *Muling Pagsilang*, 15 Mayo 1907, 1a.
- _____. “Ang ‘Anino ng Kahapon’: Huling tugon kay G. Manapat.” *Muling Pagsilang*, 21 at 22 Mayo 1907, 1a.
- Gealogo, Francis A. “Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang pagpapakahulugan sa diskurso ng pakikibakang panlipunan.” *Philippine Social Sciences Review: Ang Kilusang Masa sa Kasaysayang Pilipino, (1900-1992)* Tomo 51. Special Issue (Enero-Disyembre 1994): 1-37.
- Guieb, Eulalio R. III. “Journalismong Tagalog sa *Renacimiento Filipino* (1910-1913): Pagbibinhi ng Makabayang Sanaysay sa Panitikan ng Pilipinas.” *Plaridel* 10, Bng. 1 (Peb. 2013): 1-29.
- Harrison, Kimberly. “Political Persuasion in Mary Braddon’s *The Octoroon; or, The Lily of Louisiana*.” Sa *Victorian Sensations: Essays on a Scandalous Genre*. Kimberly Harrison at Richard Fantina, mga pat. Columbus: The Ohio State University Press, 2006, 212-224.
- Kramer, Paul. *The Blood of Government: Race, Empire, The United States, & the Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006.
- Laksamana, Francisco. *Anino ng Kabapon*. Maynila: s. n., 1971. Ikalawang limbang ng Unang Edisyon.
- _____. *Anino ng Kabapon*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University, 2002. Ikalawang Edisyon.
- _____. “Buhay at Kalayaan.” Sa *Ang Dagling Tagalog, 1903-1936*. Rolando B. Tolentino at Aristotle J. Atienza, mga pat. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University, 2007, 119-122.

- ____. “Ginugunitang Nagdaan.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 19 (21 Nobyembre 1910), 26-27.
- ____. “Mga Aral na Tutupdin.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 22 (14 Disyembre 1910), 26.
- ____. “Kristong-Dios at Kristong-Tao.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 23 (21 Disyembre 1910), 23-24.
- ____. “Pag-asa at Pananalig.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 26 (14 Enero 1911), 32-33.
- ____. “Kawalan ng Pag-asa.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 27 (21 Enero 1911), 31-32.
- ____. “Ang tunay na paglilingapan.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 28 (28 Enero 1911), 27-28.
- ____. “Dios at Katalagahan.” *Renacimiento Filipino* Taon 1 Blg. 32 (28 Pebrero 1911), 30.
- Majul, Cesar Adib. *The Political and Constitutional Ideas of the Philippine Revolution*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1967.
- Malay, Gonzalo. “Ang ‘Anino ng Kahapon:’ Liham mula kay G. Malay.” *Muling Pagsilang*, 13 Mayo 13 1907, 1a.
- McCoy, Alfred W. *Policing America’s Empire: The United States, the Philippines and the Rise of the Surveillance State*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2011.
- Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987.
- ____. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006.

- Pardo de Tavera, T. H. *The Legacy of Ignorantism*. Maynila: Bureau of Printing, 1920.
- Philippine Commission. *Report of the Philippine Commission to the President* Tomo I. Washington: Government Printing Office, 1900.
- Reyes, Raquel A. G. *Love, Passion and Patriotism: Sexuality and the Philippine Propaganda Movement, 1882-1892*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2009.
- Reyes, Soledad S. *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982.
- Russell, Mary Faith. "Segregated Education in St. Louis: A Study of Monetary Costs." *The Midwest Sociologist* Tomo 16, Blg. 1 (Winter, 1954): 22-27.
- [Santos, Lope K.] Perfecto Maka-araw. "Ang 'Anino ng Kahapon': Pag-uulat ng natatanging uri ng aklat na ito." *Muling Pagsilang*, 7 Hunyo 1907, 1a.
- Tolentino, Rolando B. at Aristotle J. Atienza, mga pat. *Ang Dagling Tagalog, 1903-1936*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University, 2007.
- Torres, Ma. Luisa. "Ang Panunuring Pampanitikan Hinggil sa Nobelang Tagalog, 1905-1941." M.A. Thesis. University of the Philippines-Dilliman, 1981.

OF MALLS AND THE POLITICAL REORGANIZATION OF METRO MANILA

JOSEPH T. SALAZAR, PHD

Ateneo de Manila University

ABSTRACT

The paper explores the mall as a reengineered site for the continuation of old forms of colonial power. It focuses on a semantic analysis of the tourist gaze as a principal tool in structuring liminality, which fools the eye to see attractions that are neither here nor there, and eventually creating the rituals needed to demarcate the significance of nostalgic histories and a sense of progression to legitimize contemporary economic and political conditions brought about by globalization as essential in the maintenance of a globally competitive Southeast Asian society. Underneath the mall's sheen, however, is an incendiary economic and social structure harboring illusory forms of power for the elite classes and new forms of subjugation for the lower classes. Among the factors discussed here are the strategic erasure of local and marginalized cultures in favor of a poorly constructed and highly unsustainable cosmopolitan modernity, the legitimacy of subcontractual work, and the consequent emphasis on consumption activities as a false purveyor of economic progress.

Keywords: Consumption, Experience Economy, Mall, Metro Manila, Tourist Gaze

I argue in this paper that even though the processes are relatively new, the structured relationships created by the shopping experience still rests on old forms of colonial power. Applying the tourist gaze on something as mundane as shopping allows for some space in deepening the anthropological description of Philippine malls. To borrow from a widely accepted definition, the tourist gaze “presupposes a system of social activities and signs which locate the particular tourist practices, not in terms of some intrinsic characteristics, but through the contrasts implied with non-tourist social practices, particularly those based within home and paid work” (Urry & Larsen, 2011, 3). While contrasts can be made in order to situate difference between the tourist and the non-tourist as analogous to the experience of the shopper and the mall staff, I am more keen to explore the construction of the latter’s opposition as a product of rejecting cultural particularity in favor of asserting a sense of space that ignores local concerns in favor of a highly ornamented global order. The enactment of processes of globalization builds on centuries of colonial control, achieved through the constant resuscitation of an alienated labor force tasked to accept the inferiority of their own cultural systems in deference to the supremacy of a global order, the setting up of an experience economy whose inane spectacles overshadows context-specific needs, and the *mallification* of the urban landscape into an arena where class conflicts are maintained in order to modernize and legitimize subjugation.

Assimilating the Tourist Gaze

Urry and Larsen’s notion of the tourist gaze underscores the importance of how place can be commoditized for consumption. The tourist experience capitalizes on two important processes: first, the relentless pursuit of images grounded on the need to claim discovery; and second, the reconstitution of this desire into an efficient service that can be monetized and sold repeatedly. The selling of place becomes part of specific development strategies that hone in on the need to utilize entertainment and leisure as critical in augmenting incomes and transforming the mundane and day-to-day activities of a specific group into income generating spectacles. A couple of examples come to mind. First, the traditionally exclusive dance *cañao* of indigenous groups in Benguet, Philippines is now performed like clockwork outside of its religious contexts in order to attract outsiders paying significant amounts not only for its performance but also for a multitude of other products associated with it.

These products oversimplify connections to the agricultural nuances which the cañao celebrates. Likewise, the *Pahiyas* Festival celebrated annually during May in Lucban, Quezon Province sees the influx of visitors who get treated to the sight of houses throughout the city embellished with what are supposed to be the town's harvest. The festival has grown bigger than what Lucban can produce that the wealthier citizens have been rumored to purchase products such as garlic imported from other places as far away as China in order to supply the spectacle tourists came to see. These instances exemplify the value of transforming places into symbolic products, where recreational demand for cultural activities that can be photographed, talked about and remembered become desirable on their own.

These new forms of information and pleasure reveal a number of characteristics about the tourist gaze. For one, the creation of symbolic products has created a discrepancy between knowledge of the culture being disseminated and the specificity and historicity of the culture it is supposedly representing. The sense of time and place, their continuity and fostering of a sense of belonging are altered by how people and practices meet in the moment of a spectacle. The circulation of pleasure has become more profitable, and this has led to the abandonment of other activities that once provided the context for cultural practice. Boosts in the tourist economy has resulted to the shift of labor in several communities in Benguet that many have abandoned traditional farming in favor of dancing for tour groups. The tourist gaze is also indicative of the transformation of activities privileging middle class, cosmopolitan pleasure. Local communities are altered by tourism practices, and the very presence of tourists alone programs a new set of systems not really embedded in the traditions and rituals that tourists wish to observe. While the use of such activities readily supply a number of economic opportunities for the community, questions of sustainability particularly on whether directing a community's resources towards tourism can reap long-term benefits are seldom addressed. The *Pahiyas* Festival has now turned attention to the festival itself instead and has omitted responding to critical questions about the development of agricultural production, and whether the display of produce during the fiesta is commensurate to the actual production of the town or if it is all for show. Tied also to the the tourist gaze is a romanticized view of cosmopolitan pleasure which, according to Urry and Larsen, "produced the widespread taste for novelty which ensured the ethical support for continuously changing patterns of consumption" (Ibid, 104). Tourists searching for an "authentic" experience

force local populations to perform to the gaze, reinforcing cultural and racial stereotypes in order to benefit financially. What is produced is an attitude that lacks any form of acknowledgement of landscapes and experiences which depart significantly from normal life, emphasizing the importance of processes much more attuned towards the need of the tourist rather the needs of the community.

Similar to the tourist tasked to take only photographs and memories, the shopper's gaze treads through lightly as they actively create narratives and ways of life to rationalize needing or wanting carefully and meticulously positioned merchandise while simultaneously ignoring involvement in the affairs of the community. One can enjoy Italian pasta and New York-style pizza in a Parisian-styled café *al fresco* style in virtually any mall in the Philippines. Only, the outdoors are the large corridors of the mall brimming with artificial sunshine and air conditioners approximating—to mock the name of an annual mall-based film festival—“French spring in Manila”. Philippine malls remain a contentious space where environmental and economic degradation is sacrificed for comfort and the maintenance of class positions. And like the tourist whose transport to another place is contingent on a series of sensations that enable the complete blurring of time and space, the shopper will likewise find refuge in a box-like structure whose labyrinthine and windowless walkways make the hours go by unnoticed. There are things to discover: the trendiest items, food to taste, the latest movies, design ideas and all imaginable distraction the experience of which is never satisfied by encountering them in the mall but which also translates into some form of coveting and desiring.

This seemingly innocuous pastime of shopping, window shopping, hanging out and other forms of spending time and occupying the mall is made desirable by the lack of any clear reference that grounds events in their spaces, and spaces within specific moments. Pasta Carbonara loses its specificity by being served as a French dish, St. Patrick's Day is no longer an Irish holiday but an incongruous event among a string of beer-related events that can become interchangeable with Oktoberfest, Mardi Gras, Woodstock and the Brazilian Carnival. The specificity of indigenous cultures is lost as they are assembled together in an attempt to bolster tourism activities in their respective areas or to sell their crafts in a homeware fare. All have been subsumed under the demands of global consumption which no longer identifies affinity with product origins and their relationships to times and places, to histories and

societies. These instances demonstrate Leibniz's notion of time referring to a sequence of things, and of space signifying the relationship between things (2012). Things take precedence over events, and the tourist gaze—making itself legitimate even in the most mundane of situations—structures the logic of the extraordinariness of these events into things that have receded into the banality of our daily lives. Revolutionary ideas that once accompanied certain socio-political and economic transformations are rendered mute in light of the objects that no longer symbolize them. Che Guevara, Bob Marley, Mao and Philippine national hero Jose Rizal are no longer icons that changed the political landscapes of their respective places, their importance is defiled by the need to invigorate bags, shirts, caps, pins and the most random of objects with decorative emblems or motifs that is familiar enough to evoke nostalgia, commonality and a sense of connectedness, but distant enough as to not assault a consumer with the contentious thought they originally stood for.

While Urry and Larsen describe shopping as one of many experiences forming the larger, more complex and variable experience of tourism and leisure, I argue that the shopper's gaze magnifies and intensifies the tourist gaze. If tourism and its gaze is induced through the movement of tourists from one place to the next, shopping is capable of instantaneously shifting the consciousness of the shopper into re-experiencing place in a completely different manner even though the mall is located in close proximity to where a shopper resides. I take keen interest on this instantaneity as it recalibrates social relationships in far more distinct ways. If in tourism the divide between local and foreigner is demarcated by their geographic affinities, there exists in the shopping experience a starker and more accentuated social ordering that runs across socio-economic positions. Even if shopper and shop personnel both come from the same place, differences are made more pronounced by requiring the latter to reflect back the expectations and class stereotypes affirming the former's gaze. In this dynamic, boundaries appear simultaneously as fast as they are made to disappear. The social positions of shopper-as-tourist and service staff-as-tour performer are no longer demarcated by space, they are programmed by the roles they play in the mall complex where everyone with money to spend and/or time to window shop can enjoy the privilege of seeing, looking or gazing. Add to the privilege of the gaze is the experience of liminality where both shopper and shop personnel are transgressive figures of time and place. Both are *in* the mall, but neither are *of* the mall as the ties that ground them to the space are but momentary, and their relationship to many

of its objects unclear. The mall is both nexus and space whose function rests in the gazing eye of the shopper and the staff's toleration of their hegemonic docility in delivering the products and services the shopper needs. This will be discussed further in the next section.

This supremacy is enhanced by the inability of the gaze to recognize not only the staff's predicament but also a multitude of forms of subjugation embedded in the products and services in the mall. From electronic devices utilizing tantalum mined in Congo to a plethora of fashion items manufactured in Bangladesh and China, the mall is not just a space for the purchase of products but it also represents the culmination of a series of questionable production processes accumulated from all over the world. The diverse array of products and services are all structured around the need to present them in a way that is palatable, desirable and aspirational to the public. The sheen of lights, archways, airconditioning and the other tactics that seem to organize a mass of stuff displaces the reality of slaughter houses, sweatshops and other forms of mechanized production that every shopper would seem less interested to know about.

The Experience Economy

The mall must also be narrated as an incubator of a series of experiences that distort notions of place in order to soften the immersion with capitalist activity. The reinvention of space through the architectural and visual construction of the mall becomes critical in understanding strategies that have entrenched consumption activities in Southeast Asian and third world significations of modern life in countries like the Philippines. While malls in the West, particularly from the United States, have been declared dead (see Scharoun 2012, 108-119; Dallessandro 2015)—cities, municipalities and towns across the region have nestled their economic well-being on the presence of malls—now perceived necessary in propelling urban and regional progress. Integrated within these structures are increased patterns of consumption brought about by more specialized goods and services which are no longer reliant on mass forms of production, but through the induction of what Pine and Gilmore (1999) refer to as the 'experience economy'. The main enterprise of an experience economy rests on the delivery of specific services through ways that are more memorable and pleasurable for a consumer. It is no longer

enough to mount a product on a shelf, it has to be staged and incorporated within numerous performances and platforms. From advertising to the most intricate window designs, consumers no longer pay for the cost of a product but are also made to shoulder costs of an experience which may or may not be associated directly with what they are buying.

From its climate-induced architecture to the melding of numerous cultural emblems together in one seemingly inchoate text, the mall becomes the receptacle where the incoherent practices of the experience economy would first make sense. The labyrinth is not just a series of halls, walkways and corridors ushering passersby from stall to store and from cinema to skating rink, it is also a melding of signs meant to confuse the shopper while trying to navigate through oppressive class relations and the distinctions that once arbitrated between clearly delineated ideas of life and fantasy, pleasure and responsibility, and even practice and pretense. This labyrinthine quality is a central feature of the experience economy as it infuses monetary value in objects that are otherwise not really valuable. In tourist applications, the experience economy has been vital in presenting towns, cities and countries marked by significant lag in economic production as havens for sports, architecture, music and other forms of leisure that can command ludicrous amounts of money (Nyseth & Vikens 2009). Places are zoned into thematic activities that can allow one to navigate through one space multiple times using any combination of preset activities in labyrinth-like fashion. For example, one can take a heritage tour of the Philippine city of Baguio one day, delve into a food tour the next, and subsequently experience everything from art, architecture, history, botany, and even sporting activities all in the same space. By inundating space with multiple functions and possibilities for the tourist, different concepts and ideas are attributed to one singular form.

Just like tourism's layering of experiences in a given place, the mall functions in the multiplication of experiences through a number of processes. First is the sectioning and/or theming of its numerous areas in an attempt to organize activities that are meant to enhance individual experiences collectively. In *Libidinal Economy*, Lyotard (1993) describes the intensified exchange between individuals and capitalist processes through an appeal to libidos that are invested unconditionally to a desire or fantasy. The realization of such desires and fantasies happen through the promulgation of products aiding the demarcation of such themes and sections. Specific objects and activities

are peppered throughout dense areas in the hopes of capturing the attention of particular customers and suggesting ways of achieving aspirations or enhancing experiences. The toy section in many department stores are notorious for promulgating action figures, games and other merchandise both for children's movies and even movies classified as unsuitable for minors weeks or even months before the actual movie is released. Whether movies move merchandise or merchandising sells a movie (or both) is inconsequential to the calculations made by malls whose task is now oriented towards the identification of desire, and its concentration and displacement within a system of sexualities, nationalities, political affiliations, geographies, disciplines and—in the case of movie merchandise appearing in the toy section—ingraining choice and subjectivity in the socio-economic privilege afforded to children. All these are simulated through the propagation of seemingly individualized experiences all installed in the *mélange* that is the mall.

One such desire that has been alluded to in the previous section is the enhancement of the consumer's power. Not only are objects injected with desire, the process of acquiring them has become impartial to satisfying the consumer's position over the retail representative. However power is imagined, the retail process becomes a stage for demonstrating success and supremacy through material achievement. Wang & Waller (2006) explains this implicit consumer attribute as consumer vanity, where the actualization of socio-economic superiority and the attainment of success is spurred by non-functional or non-essential purchases. While the assertion of this power is not always directed towards mall personnel, the salesperson is the first witness to how such a construct is first embodied and internalized in the customer who may choose to assert related behaviors and attitudes emanating from these socially constructed power relations.

The stimulation of the senses is another focal point for examining the mall's sexual undertones. Products and services are displayed alongside different fetishes targeting all possible desires and fantasies. Following Castells (1989) assertion about the end of public space, the material of mall space is not the place itself but the flow of commodities whose economic exchanges are critical to the establishment of value and meaning. Inasmuch as the mall is a public space where one can practice seeing and being seen, it is also a receptacle that allows for the transmission of desire by participating in the exchanges of multinational capital. In the globalized, uncontextualized, liminal and

deterritorialized space of the mall, sex and shopping become interchangeable experiences. The gaze sifts through the space of a mall as it would the body, searching for ways to claim ownership of that which refuses to be owned. First dates, anniversaries, heartaches, the search for a wedding dress, and other events are all memorialized in some personal narrative set in the mall. Intimate as they are, none of these narratives matter in the scheme of flows and networks that overwhelm the mall, rendering any personal memory futile. And yet memories, sensations, desires and urges—no matter how intimate—are constantly evoked by the mall and used as an instrument for the seduction of the shopper. As increasing numbers of shoppers flock to the mall, they are forced to abandon old models of exchange and social conduct in search for new ways to satisfy the need to take control of individual choice in a sea of possible constructions brought forth by cultural, racial, gendered, national, religious and socio-economic differences.

To assert one's self, however, entails the submission to a torrent of capital flow. And as shoppers are satiated with more experiences, the surge of flows become more inordinately difficult to navigate. The investment in the propagation of a number of experiences continues in order to conceal hidden processes of production. While libidinal desires are gratified through a permutation of products and experiences, they are also utilized in order to distract shoppers from confronting products whose origins are entangled in contentious labor practices, problems of sustainability and ecological degradation and access to technology and capital. Even though the mall and the culture of consumerism has served as a catalyst for the propagation of individual identity, it has only aestheticized consumer corroboration into a system of passivity and lack of self-involvement. From this perspective, the tourist gaze is no longer applied to spectacular or extraordinary moments, but it has become a way of injecting gratification and satisfaction into contemporary routines, making products and services more memorable than what they really are. The tourist gaze elevates itself in the shopping experience. The practical or utilitarian value of an object is only secondary to the shopper, who is now being accorded opportunities to deny the experience of the commonplace through rituals that now hoists shopping into an experience.

Tolentino best describes the concealment of production processes in the Philippine mall in the Filipino essay "Malling, Subcontracting at Serbisyon ng Ekonomiya ng SM" (2004) where he identifies the culture of visuality as

a premeditated tactic essential in strengthening the experience economy particularly in SM, the largest chain of malls in the Philippines. For Tolentino, the culture of visibility is oriented towards two aspects: “*una, ang malling o ang pamamasyal at pamimili ng mamamayan sa iba’t ibang lunan ng mall; at ikalawa, ang subcontracting ng labor na nagpapaayos at nagpapatingin sa manggagawa sa kalakaran ng serbisyong ekonomiya*” (ibid, 33). The visual ordering of the shopping space becomes a representation of the internal mechanisms whose functions may not be articulated directly but are codified nonetheless through a system of hierarchies and relationships delineated in space and in time. In SM’s case, the systemic implementation of spectacles within its operations and across its chain of malls is accompanied by regimented and regulated work through the employment of subcontractual employees hired on 5-month terms, many of whom have no hope to land any form of regular, permanent work accorded with the proper benefits in the company. Many of these men and women are employed in the prime of their lives when they are supposed to go to college or take advanced studies, and have achieved a certain level of physicality. Skill, intellect and experience do not matter as preference is given to good looks. Women, in particular are reported to have been employed based on how they their legs look in short skirts. Because of this emphasis on appearances for the staff they employ, malls can be viewed as part of a long chain of industries circulating the fantasy of youth and good looks which can be easily associated with the products and services they provide. Tolentino adds:

Malaki ang tendensiya, samakatuwid, ng kabataang manggagawa ng informal na sektor na lalo pang dumulas tungo sa tinatawag na underground sector. Dahil sa stress sa pisikalidad at personalidad ng kabataang manggagawa, may ilang bilang na ng dating manggagawa ng SM ang lumipat na ng ibang mas mapagkakakitaang larangan.

May paggunita si Lorna, sales clerk sa SM Cubao, na may ilan sa mga kasabayan niyang lalaki ay nasa Japan at nagho-hosto o lalaking guest relations officer (GRO). Si Kristy naman ay may side-line na sex work bilang dagdag sa kanyang kinikita na P198 sa SM para “magbayad ng tuition fee ng kapatid.”³⁸ Mayroong kontak person na nag-uugnay sa kanya at sa iba pang mga babaeng manggagawa sa SM sa mga kostumer.

Si Ronald, na kontak ng mga babae—pumunta ng Japan, bumalik pagkatapos ng anim na buwan at nagtayo ng parlor na pinaggugupitan ng ilang manggagawa sa SM, kabilang si Kristy. Nakapasok din sa kultura ng panggitnang-uri si Kristy—may hinuhulugan itong alahas mula sa isa ring kasamahan sa trabaho, at paminsan minsan paggimik sa labas. Si Lester naman ay lumipat bilang GRO sa isang gay bar matapos ng kanyang kontrata sa SM Bacoor (ibid, 63-64).

Mall personnel are but extensions of the experience demanded for by the gaze. Tolentino's account reflected conditions from over a decade ago. Recently, the induction of fetishized sales staff in SM have not only honed their appearances for the sake of the shopper's gaze, they have also been coerced to sing and dance to the company's jingle shouting "Happy to serve!" at the end of what feels like an ill-rehearsed and not to mention inauthentic production number influenced by the virality of flash mobs. Employees have also reported receiving training in speaking which focuses mainly on correcting and standardizing diction for hospitality language and a specific way of applying make-up. The service afforded the shopper is symptomatic of the gaze's culturally explicit expectations of what it desires and therefore deemed worth viewing, resulting to the construction of appearances and behaviors around what it deems desirable.

While the rekindling of sexual fantasies is one experience supplied by such visual and performative tactics, it also reinstates the power of the shopper as part of a more vertically mobile socio-economic class. The dialectical and conflicting socio-economic roles are intensified through a service staff who are made to announce their willingness to serve and enhance their experience in more ways than one, and the shopper whose gaze upon them can vary from pathos to indifference to delight. The mall reifies the imagined disparity between customer and service provider, allowing the former to indulge in the fantasy of control, territorializing the many spaces of the mall as part of one's domain. This reterritorialization entails a number of significations. At the simplest level, it has instilled the subservience of the staff in any form of interaction between them and the shopper. The announcement of uninhibited service contributes to the erasure of the staff's visibility, rendering them as part of the mall's architecture whose goal is not just to keep shop but also to provide pleasure. The replaceability of the staff is also a critical signifier in this regard. The physical space of the mall becomes a more essential structure than the organizational make-up of team players whose roles and responsibilities become incendiary to the space that they occupy. There are no long-term investments on their tenure and welfare, and their use is only guaranteed by the maintenance of their youthful and docile appearance which needs to complement the energy being imbibed on the mall itself. Their installation in the mall's space is prohibitive of any form of ownership and agency. Instead, they must take a form that does not hamper or destabilize the quality of the gaze, which always seeks to be enhanced and whose power always needs to be reaffirmed.

Aside from nuances surrounding client-staff relations, the reterritorialization is also embedded in the manner the mall reclaims and changes the meaning of a number of references it utilizes in order to signify itself. If a mall can reference and make connections between disparate places, people, historic events and symbols into individuated narratives tailor-made for specific shoppers, it ignores the actual connections of these events to one another and to the contexts in which they belong. The German Oktoberfest is no longer a Bavarian celebration that featured horseracing in order to celebrate the union between Prince Ludwig and Therese of Saxe-Hildburghausen, it becomes a consumption strategy to sell more alcohol. Similarly, the term ‘Mangyan’ used to describe a number of indigenous groups coming from the island of Mindoro become an indigenous group itself and an adjective to describe a number of overpriced crafts and homewares culled from the island. Cebu’s Sinulog Festival, the central motif in the revelry surrounding the opening of SM Seaside in Cebu no longer makes the necessary connections to Cebu and is used as a way to move everything from tourist shirts to the careers of fledgling musicians. Although allusions are made to historical and cultural moments, the mall assaults the histories and cultures of any given place. It reconfigures collective memories into an idea, into a reusable concept whose best purpose is directed towards the production of experiences instead of shedding light on how we have arrived at the conditions of our time.

The Mallification of Manila

If the production oriented towards the experience economy leads to an assault of place, a number of other implications need to be examined. The mall’s logic of empowering the consumer gaze through the continuous supply of experiences can be scaled in larger and far more extensive operations as is reflected in the rapid commercialization of Manila. The stimulation of the gaze does not stop with the enactment of experiences that are confined to the mall, it continues within a network of structures such as monuments, parks, buildings, markets, informal settlements and other installations—occupied momentarily by subjects who utilize the same gaze in shopping to seek experiences that prop up their subjectivity and recreate social relations outside the mall. The city’s mallification—or, more acutely, the transformation of the city into a mall—can be approached in two ways: first, the transformation of public spaces in order to align them with the mall; and second, through the cultivation of services in the mall that traditionally belong to other institutions.

The transformation of public spaces and their subsequent reconfiguration as extensions of the mall has led to the loss of authentic spaces. Following separate analyses by Hannigan (1998) and Zukin (1995) on the impact of malls or suburban United States, similar patterns in spatial development can be observed in Metro Manila where commercial centers are now becoming the most accessible spaces for the public despite private control and ownership. The citywide establishment of the Metro and Light Rail Train systems (MRT & LRT), for instance, have seen both developments spreading the mall across each node and station. In a matter of two decades, each and every major stop along the MRT line traversing EDSA, a major thoroughfare connecting many cities and municipalities across Metro Manila, have seen the rise of malls in each and every station. Commuters traversing these areas are normally enticed to enter the mall especially before coming home from work, lured by the possibility of eating dinner out or window shopping. And because malls have now surrounded the train lines, each mall also becomes a node for public transport where jeeps, buses and vans queue to transport people from the train stations and malls to their respective suburbs. While Hannigan and Zukin point to developments in outer suburbs, the transformation in Metro Manila happens in the inner city itself. The movement is centripetal: regardless of whether commuters move out to their respective homes to retire for the night or to their places of work, they are drawn back to the shopping center, re-zoned and refocused to these nodes and networks visualized, first by the train lines traversing the major thoroughfares, and eventually nodes of smaller public transport vehicles that bring them from the mall and station to the places where they really need to go.

In these nodes of transport, one can notice multiple levels of the experience economy anywhere in between its most pleasurable and most abject of forms. On one hand, one is treated to the illusions of luxury: from the mall itself to billboards all over the Metropolis pre-selling units at a condominium complex by making comparisons to lifestyles of celebrities local and foreign celebrities alike. The luxury is somehow expressed in the preponderance of 'FX' and 'UV Express' public transport rides, names taken from the once popular Toyota Tamaraw FX that came out in the 90s and low-cost AUVs that now provide an airconditioned alternative to the iconic jeepney. However, the luxury is dubious as these vehicles have been overhauled to maximize seating capacity to gain more profits.

Closer towards the abject side, the immediate surroundings of the mall are filled with hawkers and other informal vendors who peddle an assortment of goods from food to toys, all of which are interchangeable with many of their counterparts displayed in the mall. Many times would you see parents calming children down with the purchase of a plastic toy car or a fake Barbie doll in the streets. Even more abject is the expansion of an experience economy revolving around more unregulated informal work as each shopping center evolves with satellite motels coming from chains notorious for their connections to prostitution. Except for the temperature-regulated structure made of steel, concrete and glass, nothing else separates the mall from the rest of the nodules of the city. All are unified by the collective gaze: focused inward, towards the satisfaction of the self, and comforting these individual selves' instincts towards a seemingly unified heterogeneity. In reality, however, the city is heterotopia, its the absence of any hegemonic order is illusory as it subsumes everyone into a cycle of consumption. Where people come from—both their past, the places from which they departed and their intended destinations—no longer matter. Time and space are compressed for the sake of this nodular assemblage of control and social differentiation.

A second layer and critical purveyor to citywide mallification is the eradication of traditional state and local government-funded development of urban centers. If in the past, there were clear socio-civic centers to go to in order to obtain a variety of amenities from church service to medical care, their disappearance from the city in favor of office branches in the mall speaks volumes about the provisions available for public services. Medical care, for instance, has seen a rising number of patrons who walk in retail clinics situated in malls, a practice condoned by the American College of Physicians who maintain that such a practice undermines longitudinal doctor-patient relationships which can adversely affect quality of treatment (Daniel & Erickson. 2015). Likewise, a number of government services from elections to the procurement of travel passports have slowly migrated towards the mall. The last national elections in the Philippines saw a lot of public clamor for bringing the elections to the malls as it was more convenient. Traditionally, the registration of voters was conducted in public schools with each classroom transformed into voting precincts. However, the months leading to the national elections saw voter registration being conducted in malls in order to encourage more people to vote. Some of the groups initially identified by the government to benefit from the 'mallification' of election procedures were the elderly and

persons with disability (PWD). In trial elections held in a mall in February 2016, however, blog of retired Filipino journalists VeraFiles.org reports that only one PWD was reported to have turned out in these mock elections (Imperial 2016). More malls now have devoted significant amounts of their spaces to government services. And while many people appreciate the delivery of these services in the mall itself, only a few question the redundancy in maintaining operations outside traditional government structures: how much does it cost the government—whether in tax breaks or actual expenditures—to maintain facilities in malls? What becomes of old facilities? If classrooms used as traditional voting precincts for voting are not equipped to handle the needs of persons with disabilities, what does it say about educational access in general? What level of commitment do malls have in offering these services to the public and do they curry any favors by assimilating government tasks within their confines? What are the implications of bringing public services into private space?

The dividing principle between public and private spaces culminate in the mall's assault on notions of time and space. Not only does the mall betray time and place by enabling transitory forms of leisure and order by repurposing cultural, historical and idealized details borrowed from specific groups, it also created a pronounced hierarchy premised on very rigid rules playing around ideas of inclusion and exclusion. The mall is still private space, and although access is usually granted to everyone, the private guards it has employed along with severe systems of surveillance and monitoring, it has developed an aversion towards the homeless, vagrants, the visibly drunk, and other citizens who may need to avail of certain services especially from the government. The placement of socio-civic tasks within its confines challenges the mall's cooptation of public space and how it deals with the marginalized. The challenge of attending to the margins and the disenfranchised problematizes a key feature in the shopper's gaze which gathers a number of people in the confines of one space and yet creates a semblance of inattention and even indifference to each other. The scopophilic pleasure derived from the act of looking is not truly liberating, on the contrary, it is bound by a set of rules of interaction that only exacerbates distances between individuals even though they are in proximity of one another. Embedded in the mall's physical design is a rigid notion of control, which carries out corporate management's rules and standardized behavior aimed at protecting the mall's image. Such a control relocates the problem of civic responsibility. In an era when notions

of belonging are constantly shifting, the gaze reanimates power constructs by calling attention towards who is given authority, who should work under such an authority, and who should be left out completely from the operations of contemporary society. The mall fosters interactions that are controlled and calculated in the hopes of not rousing contention given the very prohibitive definition of who can use the mall vis-a-vis who the members of society are.

The issue of citizenship becomes increasingly incisive when the shoppers in the malls in question form part of an unprecedented historical group of identities who are only beginning to come to terms with globalization. Very little has been said about the shifting time and landscapes of nations with a strong reliance on service economies that one easily forgets that aspirations of subjectivity and experience in the very gaze of shopping leans on the replication of European modernity and the disavowal of so-called “Third World” realities. The unique intertwining of identity, development, and culture in the mall has deeper roots than shopping alone, and the constant blurring of boundaries of time and space, of history and culture, speaks of a highly regimented order that has been revived time and time again through economic subjugation. The last 30 years marking the eminence of malls in Metro Manila has also been a period of increasing economic liberalization and privatization, one which has isolated those without capital from participating in the circulation of choice intensified by the differentiation brought about by elitist modes of consumption, displacement and alienation. In a city like Manila, this new kind of concentration and social activity centered around the mall not only encourages shoppers to become tourists, it also encourages citizens to become aliens. The craving for new and highly individualized experiences, and the gratification of the gaze has led to the demassification of Philippine identity, both individually and in far more collective ways. For one, the significance of and emphasis on diversity and differentiation no longer appear applicable to people as they are to products and it is difficult to ascertain the specificity of identities now except through the commodities they purchase. However, on a larger scale, the problem of identity in the shopping mall also denigrates the once significant social and cultural structuring of society through the manufacturing of a consciousness that is easily satiated by processes of acquisition rather than through an authentic engagement with the past, with the community and with more pressing concerns towards the how’s and why’s certain groups are afforded control.

REFERENCES

- Castells, M. (1989). *The Informational City: Information Technology, Economic Restructuring and the Urban-Regional Process*. Oxford: Blackwell.
- Dallessandro, A. (2015). *The Life and Death of an American Archetype: The Shopping Mall and the Suburbs*.
- Daniel, H., & Erickson, S. (2015). Retail health clinics: a policy position paper from the American College of Physicians.” *Annals of Internal Medicine*. 163 (November11)
- Hannigan, John. (1998). *Fantasy City: Pleasure and Profit in the Postmodern Metropolis*. London; New York, NY: Routledge.
- Imperial, MF. (2016). Zero PWD turnout in mock mall voting”. *VeraFiles.org*. (<http://verafiles.org/zero-pwd-turnout-in-mock-mall-voting/>),26 June 2016.
- Leibniz, GW. (2012). *Discourse on Metaphysics and Other Writings*. Toronto: Broadview Press.
- Lyotard, JF. (1993). *Libidinal Economy*. Bloomington: Indiana University Press.
- Nyseth, T. and Viken, A. (2009). *Place Reinvention*. Farnham: Ashgate.
- Pine, BJ and Gilmore, HJ. (1999). *The Experience Economy*. Boston, MA: Harvard Business School Press.
- Scharoun, L. (2012). *America at the Mall: The Cultural Role of a Retail Utopia*. Jefferson, NC: McFarland.
- Tolentino, R. (2004). “Malling, Subcontracting, at Serbisyong Ekonomiya sa SM.” *Kulturang Mall*. Pasig City: Anvil, 32-72.
- Urry, J., & Larsen, J. (2011). *The Tourist Gaze 3.0* (3rd Edition). London: Sage.

Wang, P. Z., & Waller, D. S. (2006). "Measuring consumer vanity: A cross-cultural validation." *Psychology & Marketing*, 23(8), 665-687.

Zukin, Sharon. (1995). *The Cultures of Cities*. Cambridge, MA: Blackwell.

ANG ESTETIKA NG DAYALOGO SA ADBOKASIYANG PANDULA NG PETA ARTS ZONE PROJECT

FREDYL B. HERNANDEZ

Artist-Teacher, Philippine
Educational Theater Association
(PETA)

Instructor, Department of Art
Studies, University of the Philippines
Diliman

ABSTRAK

Taong 2009 sinimulan ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang isang programang nasa ilalim ng institutional thrust na theater for development (TFD), ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children na mas kilala sa tawag na ARTS Zone Project. Ito ay isang adbokasyang pandula na nagsusulong ng karapatang pambata partikular ang karapatang maproteksyunan sa karahasang nakakubli sa disiplina gaya ng pamamalo, pananakit, paninigaw, pamamahiya, at iba pang korporal na pagpaparusa. Isinusulong ng adbokasiya ang positibong disiplina bilang alternatibo sa karahasan ng korporal na parusa.

Uusisain ng pag-aaral kung papaanong ang dula at dulaan ay nagiging daan upang buwagin ang kultura ng pamamalo at pananakit sa ngalan ng pagdidisiplina. Ang estetika ng pakikipagdayalogo ay lilimiin mula sa layuning makapagbukas ng mga posibilidad sa mga manonood at mga kausap ng proyekto sa kasalukuyang problematisasyon ng pagdidisiplina ng mga bata.

Ang estetisasyon ng dayalogo ay ikinokonstrast sa pamamayani ng kultura ng dahas sa Pilipinong lipunan. May lapit at ugnayan ang pamamalo at pananakit ng mga bata sa maalwang pagtanggap ng publiko sa karahasan bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Ang korporal na parusa ay walang dudang behikulo ng lehitimisasyon ng kultura ng dahas. Ang kapangyarihan ng dula at dulaan sa pagsusulong ng dayalogo ay naglalayon ng rekonstruksyon ng kulturang namanhid na ng dahas.

Palalamnan ang estetika ng dayalogo mula sa analisis ng banner play ng adbokasiya, ang *Rated: PG*, at ang dalawang bersyon nito na *Abh...Bakus!* ng Youth Advocate for Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City at *Si Al buda ang Tsinelas* ng Sining Banwa ng Legazpi City. Maliban pa sa *Rated: PG*, uusisain din

ang iba pang malilikhaing gawain sa kabuuang tinakbo ng ARTS Zone Project sa dayalogong iniaalok nito sa publiko.

Panandang Salita: adbokasiyang pandula, estetikang pandula, dayalogo, theater for development, karapatang pambata



Larawan 1

Rated: PG. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Panimula

Sino ba ang hindi nakaranas sa kaniyang kabataan ng pamamalo, pamimingot, o paninigaw bilang pamamaraan ng pagdidisiplina? Sino ba ang hindi dumaan sa intensyunal na pananakit ng katawan at/o damdamdami ng magulang o ng sinumang nakatatanda habang pinagagalitan o pinangangaralan? Kapag nabanggit ang tanong na ito sa alin mang pagtitipon, pormal man o simpleng umpukan ng kuwentuhan, malamang na makakakuha ng sagot na higit na mas marami ang dumanas ng disiplinang gumamit ng pamamalo, pamimingot, paninigaw, at iba pang dahas kumpara sa wala. Indikasyon ang karanasan ng karamihan sa pagturing ng lipunan sa pamamalo at pananakit bilang katanggap-tanggap na paraan ng pagdidisiplina sa mga bata.

Naging bahagi ng aking pagka-bata ang bigat ng kamay ng aking yumaong ama sa kaniyang pagdidisiplina sa aming magkakapatid. Natatandaan kong may mga beses na may mga latay ako ng sinturon o kaya naman ng tingting o manipis na patpat na nakatalagang pamalo kapag ako at ang mga kapatid ko ay naging malikot o “nagpasaway” sa aming mga magulang. Natatandaan ko rin sa murang isipan noong kinder pa lamang ako mula sa narinig kong pagkukuwentuhan ng nanay ko at nanay ng kaklase ko na naihi ang nasabing kaklase sa banig dahil sa ginawang pamamalo ng kaniyang tatay. Noong nasa elementarya naman ako, tila nangatwiran at nasagot ko yata nang pabalang ang aking lolo, ang tatay ng aking nanay, na naging dahilan para masampal niya ako. Sa labis na takot dahil sa tapang at agresyong ipinakita ng aking lolo, naalala kong kumaripas ako ng takbo paalis ng bahay, humahagulgol na nagtungo sa isang tindahang malapit sa amin para doon magtago. Naawa sa akin ang may-ari ng tindahan, pinakalma ako mula sa hingal ng pagtakbo at pag-iyak, ikinubli ako at saka lamang pinauwi nang makitang umalis na ang lolo ko lulan ng kaniyang motorsiklo. Ang mga kuwentong tulad nito ay karaniwan lamang na maririnig bilang bahagi ng isang normal na pagpapalaki ng mga bata sa probinsiyang kinalakihan ko. Sa bahay namin o kahit na sa kapitbahay na saglit na kumupkop sa akin mula sa galit ng aking lolo, ordinaryong bagay ang pamamalo at pananakit na kailangang pagdadaan ng mga bata. Sa wari ko, ganito rin ang nangyayari sa marami pang lugar sa buong bansa.

Naging maugong ang publikong talakayan hinggil sa pagdidisiplina ng mga bata nitong nakalipas na mga taon dahil sa mga panukalang batas na nagsulong na maproteksyunan ang mga kabataan sa karahasang nakapaloob

sa pagdidisiplina ng mga magulang, guro, at iba pang matatandang mga tagapangalaga. Unang naging laman ng mainit na debate sa mga paaralan ang Department of Education Order No. 40 na mas kilala sa DepEd Child Protection Policy dahil klarong ipinagbawal ng polisiya ang korporal na pagpaparusa at isinulong na ihalili ang positibong disiplina. Pebrero ng nakalipas na taon, ang Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 na may pamagat na “An Act Promoting Positive and Non-violent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor” na mas kilala sa popular na tawag na “Anti-palo Bill” ay hindi naging batas dahil sa veto ng Pangulong Rodrigo Duterte.¹ Kasama ang ARTS Zone Project sa network ng mga nongovernment organizations (NGOs) na nagsulong sa nasabing panukalang batas na tumakbo ng halos pitong taong panliligaw sa mga mambabatas. Ang pag-veto sa panukalang batas ay indikasyon na ang mismong pangulo ng bansa ay may agam-agam na iwaksi ang pagdidisiplina ng mga magulang na gumagamit ng pamamalo at pananakit.

Maraming mga pag-aaral ang nagpapakita sa negatibong epekto ng pamamalo at pananakit sa mga bata. Sa pag-aaral na ito, ang konsepto ng karahasan ay binibigyang-kahulugan alinsunod sa depenisyong nakasaad sa Artikulo 19 ng United Nation Convention on the Rights of the Child (UNCRC): *“all forms of physical, mental violence, injury and abuse, neglect or negligent treatment, maltreatment or exploitation, including sexual abuse.”* Ang eksposyur sa karahasan ng isang bata sa murang gulang nito ay sinasabing kritikal ang epekto sa kung paanong ganap na nabubuo ang utak kinalaunan. Sa kaso ng karahasang naranasan ng isang bata sa loob ng mahabang mga taon, kapagdaka’y mayroon itong negatibong implikasyon sa kaniyang sosyal, emosyunal, at intelektwal na kakayahan bilang indibidwal.² Bagamat nakatuon sa katawan ang konsepto ng korporal na pagpaparusa, umaabot ang saklaw nito sa paninigaw, pamamahiya, pagmamaliit, pangungutya, panghahamak, at iba pang berbal na parusa na ang epekto ay maaaring walang manipestasyon sa katawan gaya ng latay kundi nasa aspetong mental at sikolohikal. Ang latay ay maaaring mawala pagkatapos ng ilang araw pero ang sakit ng damdamin na kinikimkim sa kalooban ay maaaring magtagal sa loob ng mahabang panahon. May mga indibidwal halimbawa na kahit matatanda na ay naroon pa rin ang hinanakit sa kanilang mga magulang dahil sa tinanggap na negatibong pagtuturing. Ipinaliwanang ni Ma. Lourdes Carandang, isang Pilipinong sikolohista na ang espeyalisasyon ay sa mga bata at pamilya, ang negatibong pagtuturing o pagbibigay ng “label” sa mga bata

pati na ang pag-iinsulto sa kanila ay nagdudulot ng mahinang kalidad ng pagbibigay halaga at konsepto ng sarili kinalaunan.³ Sa ulat naman ni Paulo Sergio Pinheiro ukol sa isang pandaigdigang pag-aaral ng karahasan sa mga bata nakabuod ang mensahe sa pahayag na: “... *no violence against children is justifiable, and all violence against children is preventable.*”⁴

Ang mga inisyatibong pinamumunuan ng mga NGOs na nagsusulong ng karapatang pambata ay naglalayong higit na paigtingin ng gobyerno ang pagsasakatuparan ng mga probisyon ng UNCRC na pinagtibay ng halos lahat ng bansang kasapi ng United Nations noong 1989 bilang tugon sa kakulangan ng pandaigdigang artikulasyong titiyak sa kagalingan ng mga bata mula sa naunang deklarasyon ng mga karapatang pantao, ang Universal Declaration of Human Rights (UDHR). Ang Pilipinas na kasama sa mga pinakaunang bansang lumagda sa UNCRC ay patuloy pa ring humaharap sa hamon na pag-ibayuhin ang implementasyon ng mga probisyon nito. Ang estado ay marami pa ring kailangang tugunan na mga karapatang dapat na tamasahin ng mga bata alinsunod sa 54 na artikulo ng UNCRC na maaaring sumahin sa apat na kategorya—kaligtasan ng buhay (survival), pag-unlad (development), proteksyon, at partisipasyon.⁵ Sa Pilipinas, kabilang pa rin ang mga bata sa tatlong pinakamahihirap na sektor ayon sa pinakahuling Poverty Incidence for Basic Sectors na inilabas ng Philippine Statistics Authority noong 2015. Ang mga bata kasama ang hanay ng mga magsasaka at mangingisda ay konsistent na kabilang sa napakamahihirap na mga sektor.⁶ Ang mga pag-aaral na tulad nito ay higit na nagbibigay ng pangangailangan sa mga NGOs na isulong ang mga polisiya ng gobyernong tutugon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay ng mga bata. Ayon sa prinsipyo ng UNCRC, ang 54 na artikulo ay magkakaugnay, magkakawing-kawing, at hindi maaaring paghiwa-hiwalayin. Hindi puwedeng may sapat ngang pagkain at medisina ang mga bata pero kulang naman ang mga paaralan at mababa ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan, o kaya naman may mga itinayo ngang palaruan at pook-libangan ang mga bata pero hindi naman sila ligtas sa pangmamaltrato o pang-aabuso. Kinukunsiderang bata sa ilalim ng batas sa Pilipinas ang lahat ng hindi pa tumutuntong sa gulang na 18 at maging yaong tumuntong na sa ika-18 taon subalit hindi kayang mabuhay nang mag-isa dahil sa espesyal na kondisyon.⁷ Ang usaping maproteksyunan ang mga bata laban sa anumang uri ng dahas, kasama na ang dahas na idinudulot ng disiplina, ay isa sa mga kinakaharap ng pamahalaan upang pangkalahatang isakatuparan ang mga probisyon ng UNCRC.

Taong 2009 sinimulan ng Philippine Educational Theater Association (PETA) ang isang programang nasa ilalim ng institutional thrust na Theater for Development (TFD), ang Advocate Right to Safety (ARTS) Zone Project for Children, na mas kilala sa tawag na ARTS Zone Project. Ang nasabing programa ay isang adbokasiyang pandula na nagsusulong ng karapatang pambata partikular ang karapatang maproteksyunan sa karahasang nakatago sa disiplina. Nakatuon ang kampanya sa isyu ng pananakit sa mga bata sa ngalan ng pagdidisiplina tulad ng pamamalo, pananakit, at iba pang porma ng korporal na pagpaparusa. Isinusulong ng malikhaing kampanya ang positibong disiplina bilang alternatibo sa karahasang isinasagawa ng mga magulang at nakatatanda sa mga batang dinidisiplina. Instrumento ng popularisasyon ng kampanya ang iba't-ibang pamamaraan tulad ng produksyon ng dula, pagsasagawa ng mga palihan, pagbibigay-suporta sa mga lokal na inisyatibo, pag-oorganisa ng kumperensiya, paglilimbag ng mga aklat at module, produksiyon ng videos, animation, at mga teasers sa social media platforms.

Mayaman ang karanasan ng Children's Theater Program (CTP) ng PETA sa kampanya ukol sa karapatang pambata. Sa mga unang taon ng pagkakatatag ng kumpanya noong 1960s naroon na ang mga panimulang programang binuo upang hubugin ang mga bata na maging malaya at malikhaing makapagpahayag ng sarili. Sa sumunod na mga dekada, nangusap ang CTP ng naratibo ng mga batang nasa mahihirap na kalagayan gaya ng mga batang-lansangan, mga batang sangkot sa prostitusyon, pagkalulong sa bisyo, pagkakaipit sa kaguluhan ng gera, at pagiging biktima ng pang-aabuso.⁸ Ang ARTS Zone Project na nakatuon sa karapatang maproteksyunan ang mga bata sa karahasang nakapaloob sa disiplina ay hindi maihihiwalay sa halos limang dekadang programa ng PETA para sa mga bata at kabataan. Ang pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina ay hindi maikakailang porma ng pang-aabuso kung saan ang mga nakatatandang siya sanang magtitiyak sa kaligtasan ng mga bata laban sa anumang uri ng dahas ay siya na ngayong mga instrumentong tagapagdala ng dahas (perpetrators of violence).

Ang pisikal at emosyunal na pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina na nangyayari sa mga kabahayan, paaralan, at komunidad ay mawawaring kaugnay ng mas malawak na reyalidad ng karahasan sa lipunan. Ang pag-iral ng pananakit sa mga bata ay indikasyon kung papaanong sistematikong namamayani ang dahas sa mga ugnayang panlipunan. Ang mga espasyong pinangyayarihan ng disiplinang marahas ay maaaring ituring na maykrokosmo,

mga maliliit na lugar na sumasalamin sa mas malawak na reyalidad ng karahasan sa lipunan. Hindi kaila sa publiko ang kaliwa't kanang agresyon ng kasalukuyang pamahalaan sa pagtugon sa mga suliraning kinakaharap nito. Halimbawa, ang di-pormal, balbal, at ura-uradang pahayag ng Pangulong Rodrigo Duterte ukol sa mga bagay na hindi niya sinasang-ayunan, na kalimitang nagtataglay ng mura, marahas na mga komento, at babalang may pananakot, ay malaki ang kinalaman sa paglikha ng pampublikong persepsyon ukol sa katanggap-tanggap na pamamaraang tatahakin upang tugunan ang isang tensyon o hamon sa lipunan. Ganoon din, ang talamak na patayan na pangkalahatang tinatawag ng publiko bilang extrajudicial killings (EJK), bagamat itinatangi ng pamahalaan, ay isang klaro at matingkad na manipestasyon na pag-iral ng dahas sa kasalukuyan.

Ang PETA na matalas ang kritikalidad sa mga usaping panlipunan mula sa layunin ng kumpanyang patuloy na pag-ibayuhin ang kalagayan ng indibidwal sa pamamagitan ng teatro at mga sining, ay nagpasyang sumuong sa kampanyang itigil na ang pananakit ng mga bata sa ngalan ng disiplina. Katulad ng iba pang programa nito gaya ng CTP, Women's Theater Program, at mga proyekto ng School of People's Theater, ibig umambag ng PETA sa pagsugpo sa sistemik na pananatili ng dahas sa pamamagitan ng malikhaing pagsusulong ng mga kontemporaryong diskurso na magluluwal sa pagpapanibago ng panlipunang kamalayan.

Layon at Konteksto ng Pag-aaral

Ang pakikipag-ugnayan ng ARTS Zone Project sa mga indibwal, mga organisasyon, at komunidad na katulong nito sa programa ay nangyayari sa iba't ibang anyo ng transaksyong panteatro⁹ na pinamumunuan ng programa. Sa dinamiko ng mga transaksyong ito, sasagutin ang tanong na: Papaaanong ang dula at malikhaing kampanyang pandulaan ay nagiging daan ng pakikipagdayalogo upang mabuwag ang kultura ng pamamalo at pananakit sa pagdidisiplina sa mga bata? Ginagamit ng adbokasiya ang dula at iba pang masining na pamamaraan upang basagin ang pagtanggap sa korporal na parusa bilang isang normal na bahagi ng paghubog o pagpapalaki sa mga bata. Ang dula at iba pang mga moda ng malikhaing kampanya ay tinitingnan bilang mga ekspresyong kultural na naglalayong magpanibago sa mga pagpapahalagang panlipunan partikular ang pakikitungo sa mga bata sa konteksto ng disiplina.

Sa dahilang kultura ang nilalayan na buwagin, kultura rin ang siyang ginagamit upang makapagdala ng pagbabago. Ang kultura ng dahas na siyang nasa likod ng lehitimisasyon ng pamamalo at pananakit ng mga bata ay tinatapatan ng kultura ng pakikipagdayalogo sa mga magulang at iba pang nakatatanda sampu ng mga komunidad at institusyong nangangalaga ng mga bata.

Lilimiin ang estetisasyon ng pakikipagdayalogo mula sa dulang *Rated: PG*, ang banner play ng ARTS Zone Project, at sa mga naging bersyon nito sa dalawang siyudad sa probinsiya, ang *Abh... Bakus! (Abh... Sinturon!)* ng Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City, at *Si Al buda an Tsinelas (Si Al at ang Tsinelas)* ng Sining Banwa ng Legazpi City. Ang mga linya ng mga tauhan pati na rin ang mga akto ng pakikipagdayalogo sa dula ay lunsaran ng pagbubukas ng mga posibilidad sa mga manonood nang sa ganoon ay huwag manatili sa pagkakatali ang publiko sa isang sarado o walang-kawalang kalagayan sa kasalukuyang problematisasyon ng pagdidisiplina ng mga bata. Susuportahan ang pakikipagdayalogong ipinapanukala ng dula ng iba pang mga transaksyon ng pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project sa mga katuwang na stake holders ng adbokasiya.



Larawan 2

Rated: PG. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Kailangang palitawin ang lapit at ugnayan ng pamamalo, pananakit, at korporal na pagpaparusa sa mga bata sa mas malawak na pag-iral ng kultura ng dahas sa lipunan. Tutuntunin kung papaanong ang pananakit bilang pamamaraan ng paghubog sa mga bata ay nagsisilbing behikulo ng lehitimisasyon ng dahas sa lipunan batay sa sistema ng pagtatawid nito sa kamalayan ng nagpapalit-palit na mga henerasyon. Ang bayolenteng pagdidisiplina sa mga bata ay iuugnay sa malawak na pagtanggap ng lipunan sa reyalidad ng dahas tulad ng tila ‘di pagkagambala ng marami sa namayagpag na kampanya ng pamahalaan na lipulin ang mga pasaway sa komunidad. Sa dahilang sistemik ang pag-iral, makikita rin ang implikasyon nito sa kung paanong dahas ang pamamaraan ng pamahalaan, na sa maraming aspeto ay tumatayong magulang o lider ng lipunan, para bigyang solusyon ang mga suliraning may kinalaman sa panlipunang kaayusan at disiplina.

Isang mahalagang bagay na kailangang banggitin ay ang nilulugaran ko bilang mananaliksik at miyembrong artista-guro ng PETA. Ako ay bahagi ng ARTS Zone Project simula pa noong unang taon nito bilang isa sa mga pangunahing miyembro ng PETA na nagsanay para maging tagapagpadaloy ng mga palihan. Naging Associate Program Director ako ng ARTS Zone Project noong 2011-2013 at napabilang din sa curriculum committee na may tungkuling imonitor ang pedagohikal na komponent ng adbokasiya. Aktibo rin ako sa iba’t ibang programa sa theater for development sa loob at labas ng PETA. Layunin kong pangibabawin sa pag-aaral na ito ang aking boses bilang mag-aaral at iskolar ng sining na nagmumuni at nagsasa-teorya ng praktika ng isang adbokasiyang pandula. Ekstensiyon ang sulatin na ito ng aking direktang praktika bilang guro, tagapagpadaloy (facilitator), manggagawang pangkultura, artista sa teatro, at dating katuwang na tagapamanihala ng adbokasiyang pandula na siyang nilulugaran ng aking pag-aaral. Panghuli, wala akong anak subalit nagiging magulang naman sa maraming mga pagkakataon sa apat kong pamangkin na nasa gulang na dalawa hanggang 17 taon. Dagdag pa rito, alinsunod sa prinsipyo ng *locu parentis*, bilang guro at tagapagpadaloy ng mga palihan, tumatayong magulang din ako ng mga kabataang nasa ilalim ng aking superbisyon sa loob ng parehong pormal at di-pormal na set-up ng pag-aaral.

Panunuring Teoretikal: Kultura ng Dahas

May sapat na lohika ang lapit at ugnayan ng paggamit ng parusa bilang metodo ng pagdidisiplina sa reyalidad ng dahas sa lipunan. Ang kultura ng pamamalo o pananakit sa pagdidisiplina ay may malaking ambag kung paanong sinusuportahan ng publiko ang mga marahas o bayolenteng sistema sa lipunan. Katulad ng pamamalo na kinalakihan at kinikilala ng karamihan bilang mabilis at mainam na pamamaraan ng pagdidisiplina, ang paggamit ng puwersa upang tugunan ang mga hamon ng kaayusan sa lipunan ay tinatanggap din ng marami bilang isang bagay na resonableng gawin. Kung sa simula pa lamang ng pagpapalaki ng isang bata ay tinitingnan ang disiplinang gumagamit ng dahas bilang bagay na katanggap-tanggap, hindi kataka-taka kung marahas din ang paraan ng pagresolba sa mga kaso ng “nagpapasaway” sa lipunan. Malaking bagay sa pagkokondisyon ng pananaw ng karamihan ukol sa dahas ang paraan ng pagtingin at pakikitungo sa mga batang walang kapangyarihan, walang boses, sunod-sunuran, at literal na maliliit na tao lamang, isang *homunculus*¹⁰ sa pagtuturing ni Roland Barthes na tagatanggap sa kung anumang bagay na ibig ibigay sa kaniya ng nakatatanda.



Larawan 3

Isa sa mga Social Media Ad ng Adbokasiya. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Sa ilalim ng kulturang inilalarawan, walang dudang marahas nga ang pakikitungo sa mga walang kapangyarihan sa lipunan kung sakali man na may gawin silang mali o paglabag sa batas. Mula sa resulta ng mga sarbey hinggil sa kumpyansa ng publiko sa kasalukuyang administrasyon, hindi бага masasabi na sang-ayon ang marami sa bastang pagpatay ng mga pinaghihinalaang sangkot sa droga na karamihan ay nagmula sa mga nasa laylayan - mga maliliit na tao ng ating lipunan? Ang masaklap pa rito, may mga bata at kabataang kabilang sa mga biktima ng pagpatay na ito. Sa huli, napapanatili ang kultura dahil ang mga batang papalit sa henerasyon ng mga namumuno at nagpapatakbo sa lipunan ay nakondisyon na ng isang kulturang marahas. Manhid na nga yata ang marami sa reyalidad ng dahas sa ating lipunan. Hindi lamang marami ang sumasang-ayon kundi marami rin ang tila hindi na apektado ng kaliwa't kanang patayan. May sapat na dahilang sabihin na bahagi na nga ng pang-araw-araw na buhay ang hindi na ikinababahala ng karamihan na mga karahasang panlipunan.

Sa konsepto ng “disiplina at parusa” ni Michel Foucault kinakailangang takot ang pairalin upang mabigyan ng kaayusan ang isang lipunang nasa estado ng pagkaligalig. Isa sa mga ilustrasyong ginamit ni Foucault ay ang malikot o hindi mapakaling bata o “schoolboy”¹¹ na isa sa mga maaaring ilagay sa karsel upang magtanda at sistematikong matutunan ang mga bagay na kaniyang pinag-aaralan. Sa ilalim ng pamamatyag ng panopticon, may totoong tao man na nakatunghay o wala, inaasahang kikilos ang bata ayon sa ipinapagawa sa kaniya. Inilarawan ni Foucault ang mga problema sa lipunan na siyang nagdadala sa kondisyon ng pagkaligalig ay maiuugat sa mga indibwal na nagtataglay ng pagbabadya na makapaminsala o makapagsimula ng kawalan ng kontrol sa mga sistemang panlipunan. Kung kaya kinakailangang pagsama-samahin ang mga indibwal na ito, ilagay sa isang pasilidad na minamanmanan sa lahat ng oras at kailangang pamayanihin ang takot sa kanila nang sa ganoon ay maagapan at makontrol ang badya ng pinsala. Ang pisikal na katawan ay kailangang dumanas ng sakit at hirap tulad halimbawa ng pagkakakulong nito sa isang pasilidad dahil inaasahang magreresulta ito kapagdaka sa modipikasyon ng pagkatao. Ang katawan ay kailangang limitahan at pahirapan sa loob ng kulungan nang sa ganoon ay makamit ang ibayong pagbabago ng ugali ng isang indibidwal gaya ng nararapat na gawi ng bata sa paaralan.

Patuloy na nangyayari ang “pagmamatyag” sa mga bata sa kasalukuyang lipunan sa pagtingin na ang mga bata ay pag-aari ng magulang at ang anumang sabihin ng mga matatanda ay walang dudang dapat sundin ng mga bata.

Kung sakaling hindi sumunod, natural lamang na gamitan ng dahas. Kung may gulo mang dala katulad ng paglilikut ng binabanggit na “schoolboy” ni Foucault, katanggap-tanggap na gamitan ng pamamalo at dahas upang umayos, sumunod, at magtanda. Ang katawan ang unang-una na kailangang makaranas ng modipikasyong sisimulan sa pagpapataw ng korporal na parusa.

Sa kasaysayang pinagdaan ng lipunang Pilipino kung saan sumailalim ang bansa sa mahabang mga taon ng kolonyalismo, nalagay tayo sa mga yugto ng pagmamatyag upang “maturuan” ng mga bagay na maayos at kaiga-igaya sa mata ng nagmamasid na awtoridad. Pinamayani ang takot sa taong nagmamatyag ganoon din sa sakit ng parusang maaaring ipataw sa katawan ng minamatyagan kung sakaling hindi masunod ang mga inaasahan. Ang lubos na pagsunod ay nangangahulugan ng kasiyahan sa nagmamatyag na siyang tinuturingang nakakaalam ng mga bagay na mainam na magdadala tungo sa kaayusang panlipunan.

Sa isang lipunang may malalim na pinag-uugatan ang dahas bilang ordinaryong bagay na madalian at maaaring gawin ninuman, makikitang paulit-ulit lamang ang manipetasyon nito. Kung dahas ang kinamulatan, hindi malayong dahas rin ang magiging bunga kinalaunan. Sa mentalidad ng dahas, marami sa mga usapin ng kaayusang panlipunan ang direktang may kaugnayan sa mga pagpapahalaga ukol sa pagdidisiplina ng mga bata na ang institusyunalisasyon ay nagsisimula sa mga tahanan at komunidad. Halimbawa, hindi na nga maikakaila pa na dahas at armas, gaya halimbawa ng baril na siyang gamit ng mga nasa katungkulan upang bigyan nang mabilisang solusyon ang mga mabibigat na problema ng kaayusan ng lipunan kahit na humantong pa ito sa mabilisang pagkitil ng buhay ng mga pasaway. Ang paggamit ng sinturon, patpat, o walis bilang instrumento ng pagdidisiplina ay pinagtibay ang dahilang gumamit ng armas upang ipakita ang awtoridad. Ang anumang bagay, instrumento, o implement na ginagamit sa pagdidisiplina, sa bahay man o sa mas malawak na konteksto ng lipunan, ay armas ng kapangyarihan laban sa mga magugulo, maliligalig, o pasaway. Sa paglalarawan ni Slavoj Žižek, ang resulta ay isang sistematiko at organisadong reyalidad ng dahas sa lipunan.¹² Kung kaya, sa isang lipunang tanggap ang karahasan sa pagdidisiplina ng mga bata, asahang tanggap din ang marahas na pagresolba ng mga suliranin ng kaayusan sa lipunan.

Panunuring Teoretikal: Dayalogong Hahalinhin sa Dahas

Sa tila pagguho ng mga institusyong panlipunan gaya halimbawa ng pagkilala at paggalang sa karapatang-pantao, naniniwala ang ARTS Zone Project na kailangang patuloy na balikan ang dignidad na taglay ng bawat isa. Malaking bagay na simulan ito kung papaano tayo nakikitungo sa mga bata, lalong-lalo na kung papaano isinasagawa ng mga matatanda ang tungkulin ng paggabay at paghubog sa kanila na siya namang layon ng disiplina. Ang pagkilala ng dignidad ay mahalagang sangkap sa pakikipagdayalogo. Ang paglinang sa kultura ng dayalogong nagmumula sa pagkilala ng dignidad ng bawat isa, maging bata man o sinumang maliit na taong nasa laylayan ng lipunan, kahit na yaong mga “pasaway,” ay importanteng sangkap para palitan ang kultura ng dahas.

Sa dayalogong binubuksan ng dula at ng iba pang malikhaing metodo upang maganap ang isang rekonstruksyon ng kultura ay importante ang pagtatanong, panunuri, at pagiging kritikal sa mga pagpapahalagang nakamulatan o nakasanayan na. Kalimitang sinasabi na ang sining ay salamin ng lipunan. Pinapasubalian naman ng ilan ang pasibong paglalarawang ito ng sining na tagasalo lamang ng repleksyon ng kung anong nagaganap sa lipunan. Higit na binibigyang diin ng mga kritiko ng naturang pahayag ang aktibong kapangyarihan ng sining bilang mahalagang elementong sangkot o kalahok sa paglikha mismo ng reyalidad, hindi man ang kabuuan nito kundi mahalagang aspeto, bahagi, sampu ng persepyon ng reyalidad.¹³ Maaaninag mula sa pagbibigay ng diin sa kapangyarihan ng sining ang pagtuturing ng dramaturgong si Bertolt Brecht sa dula bilang martilyong pumapanday at nagbibigay-hugis sa lipunan.¹⁴ Sa Basic Integrated Theater Arts Workshop (BITAW) Manual na nagsisilbing gulugod ng pedagogikal na pilosopiya ng PETA, ang dula ay hindi lamang espasyo ng malikhaing plataporma ng mga isyung panlipunan bagkus ito ay “tagapaghatid ng pag-asa”¹⁵ tungo sa hinaharap. Hindi lamang inilalahad ng dula ang mga bagay sa lipunan na kailangang suriin kundi hinahanapan din ng dula ng alternatibo ang mga bagay na sinusuri upang maisakatuparan ang pagpapabuti ng panlipunang kalagayan.

Sa *Rated: PG*, hindi tumitigil ang pagkagusto sa dula sa lebel ng pagmumuning pang-estetika kundi may layunin itong imbitahan ang manonood na pumosisyon at kapagdaka'y dalhin tungo sa positibong pagkilos. Katulad ng mga dulang kabilang sa kategorya na theater for development, inilarawan ni

Helen Nicholson na ang karanasan ay hindi natatapos sa panonood bagkus ang ibig na marating ay ang pagkakaroon ng “... *emphasis on activity and involvement ... rather than passivity and uncritical consumerism.*”⁶ May tabingi, asiwa, o hindi akma sa pamamalo at pananakit sa mga bata kaya kailangan itong itigil—ang siyang inaasahang panimulang muni pagkatapos ng panonood ng dula.

Sa paggagalugad sa proseso ng dayalogo bilang panuntunan ng kasiningan makikita ang pagkawala sa tradisyunal na pagsusuring pang-estetika na nakatuon sa materyal o pisikal na aspeto ng likhang-sining. Sa *relational aesthetics* ni Nicolas Bourriaud, higit na binibigyang-diin ang interaksyong nakapaloob sa paglikha ng mga kahulugang nagmumula sa likhang-sining na tinutunghayan. Malaking bagay ang komunikasyon at pagpapalitan ng naiisip at kuro-kuro ng mga kalahok sa isang sining o proyektong mailalarawan bilang “... *perceptive, experimental, critical and participatory ...*, .”⁷ Kumakawala ito sa modelo kung saan ang mga manonood o konsyumer ng sining ay tagamasid lamang, sa halip sila ngayon ay mga aktibong kausap o kabalitaktakan ng likhang-sining na tinutunghayan. Ang ARTS Zone Project na nagsusulong ng rekonstruksyon ng kultura kung saan ang dula at ang mga malikhaing aktibidad nito ay pasok sa itinuturing ni Bourriard na likhang inilalatag bilang isang “... *proposal to live in a shared world, ...*”⁸

Katulad ng sinasabi ni Bourriard, inilarawan ni Grant Kester ang direksiyon ng mga likha sa kasalukyan bilang patungo sa isang “... *collaborative, and potentially emancipatory, forms of dialogue and conversation.*”⁹ Kaiba sa nakasanayang dayalogo sa sining na karaniwang nagsisimula bilang tugon sa isa ng tapos na likha, ang dayalogong tinutukoy ni Kester ay may mahalagang papel sa mismong proseso ng paglikha. Sa ARTS Zone Project, integral na bahagi ng kampanya ang pakikipag-usap. Sa gawain ng pagsalungat sa dahas, kinakailangang mahinahon, lohikal, at malikhain ang pakikipag-usap na iniaalok ng dula at iba pang mga kaugnay na gawain, mga bagay na maaaring ituring bilang lenggwahe ng adbokasiya. Hindi maaaring maisakatuparan ang minimithi ng adbokasiya kung iisa o iilan lamang ang kikiilos, kailangang malikha ang malawak na suporta ng publiko para sa adbokasiya lalo na’t kultura ang pinag-uusapan. Ang unang cycle ng ART Zone Project ay natapos sa deklarasyon ng mga institusyong ka-partner ng programa bilang mga “ARTS Zones” kung saan kinilala ang ‘di matatawarang paglahok nila sa isang proyektong naglalayon na mabigyang higit na proteksiyon ang mga bata sa lipunan. Ang proyektong ito ay nakatunghay sa paglaya ng mga bata sa pagiging biktima ng isang sistemik

na karahasan sa lipunan. Sa isang banda, lumaya rin ang mga magulang at mga nakatatanda na nakulong sa kaisipang okey lang na saktan ang mga bata. Inaasahang kakawala ang mga magulang at nakatatanda sa isang kalagayan kung saan hindi lamang lumalabag sa mga karapatang pambata kundi sa pagiging instrumento rin nila ng sistematikong pananatili ng karahasan sa lipunan.

Dayalogo sa Dula: *Rated: PG* ng PETA ARTS Zone Project, *Abh... Bakus!* ng YATTA, at *Si Al buda an Tsinelas* ng Sining Banwa

Naging halos kakambal ng ARTS Zone Project ang dulang *Rated: PG* lalo na sa mga unang taon ng programa. Ilinibot ang *Rated: PG* noong 2010 hanggang 2012 sa mga siyudad sa National Capital Region (NCR) kung saan naroon ang mga institusyong kapartner ng ARTS Zone Project. Karamihan sa mga institusyong ito ay binubuo ng mga pampublikong paaralan mula sa lungsod ng Caloocan, Makati, Maynila, Pasig, at Quezon—ang limang lungsod na kabilang sa may pinakamataas na bilang ng populasyon sa National Capital Region (NCR). Nadagdag naman ang mga lungsod ng Las Piñas at Valenzuela at ang bayan ng Cainta, Rizal noong 2013 sa mga lugar na tinungo ng dula.

Nang higit pang pinalawak ang sakop ng ARTS Zone Project sa mga probinsiya, ang Youth Advocates Through Theater Arts (YATTA) ng Dumaguete City ay nagdesisyon na magkaroon ng malapit na adaptasyon ng *Rated: PG* sa wikang Bisaya noong 2013. Inilibot ang lokal na bersyon ng YATTA, ang *Abh... Bakus!*, sa Central Visayas partikular sa Cebu City at sa probinsiya ng Siquijor. Nagkaroon din ng sariling adaptasyon ang Sining Banwa ng Legazpi City sa kanilang dula na *Si Al buda an Tsinelas*.



Larawan 4

Kumperensiya at Workshop ng mga Guro sa Positibong Disiplina sa Valenzuela City. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.



Larawan 5

Workshop ng mga Bata ukol sa Kanilang mga Karapatan sa Cainta, Rizal. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Maliban sa mobile tour ng *Rated: PG* at ng mga adaptasyon nito sa dalawang siyudad sa rehiyon, nagkaroon din ng video version ang dula. Layon nitong higit pang dumami ang bilang ng mga manonood na maabot ng dula bilang banner play ng kampanya. Ang video version²⁰ ay sagot sa limitasyon ng pagdadala ng isang buong produksiyon sa iba't ibang lugar para mapanood ng publiko dahil hindi biro ang perang kailangang ilaan para magpalipat-lipat ng lugar na pagtatanghalan ang isang produksyong kumpleto sa mga kagamitang teknikal at staff. Sa paggawa ng video, malaking kunsiderasyon ang pormang kinalabasan nito kung saan pinalitaw pa rin ang pakiramdam ng panonood ng isang dulang pagtatanghal sa halip na on-location shoot na ang resulta ay reyalistikong mga eksenang tulad sa karaniwang makikita sa isang pelikula o panoorin sa telebisyon. Naging katuwang sa popularisasyon ng video ang mga lokal na istasyon sa mga probinsiya tulad ng DCTV cable sa Legazpi City at ang CLTV³⁶ sa Gitnang Luzon, at ang Knowledge Channel ng ABS-CBN. May kalakip na discussion guide na madaliang magagamit ninuman na magpapadaloy ng talakayan pagkatapos ng palabas. Nagamit ang video at ang discussion guide sa mga parenting seminars, in-service trainings ng mga guro, palihan ukol sa karapatan ng mga bata, at maging isang konkretong leksyon sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) o Values Education sa mga paaralan sa elementarya at high school. Sa pamamagitan ng video, hindi na lamang nakatali sa ARTS Zone Project ang direktang pagtalakay sa publiko ng adbokasiya.

Naging katulong ang mga institusyong kapartner ng programa upang dumami pa lalo ang maabot ng proyekto. Ang aktwal man na pagtatanghal ng *Rated: PG* o ang video version nito, o maging ang mga adaptasyon nito sa dalawang siyudad sa probinsiya, ang nagsilbing pangunahing susi upang magbukas ng isang pampublikong diskurso ukol sa positibong disiplina sa iba't ibang lugar at mga komunidad.

Madaliang nasakyan ng publiko ang *Rated: PG* dahil simple at ordinaryo ang tinakbo ng kuwentong isinulat ni Liza Magtoto, isa miyembrong artista-guro ng PETA at premyadong mandudula. Ang karaniwang pamilyang Pilipino, tulad halimbawa ng pamilyang kinabibilangan ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan at mga pamilyang nasa kapitbahayan sa mga ordinaryong barangay sa matataong lungsod at bayan, ang pangunahing target na manonood ng dula. Umikot ang kuwento sa isang pamilyang ginagawa ang lahat ng diskarte para matugunan ang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Ang tatay na si Romy ay naghahanapbuhay bilang tagahatid ng iba't ibang mga bagay gamit ang kaniyang lumang jeepney. Si Joselle, ang may-bahay, ay tumutulong na matustusan ang mga gastusin ng pamilya sa pamamagitan ng pagtitinda ng mga ready-to-wear (RTWs), pagbubukas ng isang sari-sari store sa gilid ng kanilang bahay, at pagluluto sa kaniyang maliit na catering service. Sinusubukan din ni Joselle ang oportunidad na makapagtrabaho sa ibang bansa upang magkaroon ang pamilya ng mas malaking kita bilang paghahanda sa mga gastusin sa pag-aaral ng mga bata sa hinaharap. Karagdagang hamon ang kinaharap ng mag-asawa nang ang panganay na anak na si Rosalie na nasa hayskul na ay tila nagrebelde dahil sa hindi pagkakatulad ng kung anong gusto nitong gawin sa kung anong gustong ipagawa sa kaniya ng mga magulang. Ang bunsong si Tonton naman na nasa elementarya ay nagkaroon ng problema sa eskwelahan dala ng pakikipag-away sa kaklase nito. Ang dilema ng mga magulang, partikular ng nanay na si Joselle, ay kung papaano ang gagawing pagdidisiplina sa mga bata. Ayaw gawin ni Joselle sa sariling mga anak ang kalupitang dinanas sa kamay ng kaniyang istriktong nanay dahil takot ang nanatili sa kaniya at kalaunan nagbunga pa ito nang tuluyang paglayo ng kaniyang loob sa sariling magulang.

Ang pagdidisiplinang gumagamit ng pananakit ng katawan at damdamin ng mga anak ay kalimitang pinagdaanan din ng mga magulang noong sila ay mga bata pa. Dinanas halimbawa ni Joselle sa kaniyang nanay ang mailagay sa sako nang minsang may nagawa siyang mali. Si Romy naman ay pinakain ng

hindi kaaya-aya nang minsang marinig ng kaniyang tatay na magmura, kaya nang marinig ni Romy ang bunsong si Tonton na magmura ay tinakot ito sa pagpapapili kung sabon o sili ang ipapakain sa anak bilang parusa. Sa isang eksena naman sa paaralan matapos magsuntukan sina Tonton at ang kaklase nitong si Makmak, agad na pinaiskwat ang dalawa ng gurong si Mrs. Gulanta. Nang magharap sina Joselle at si Wilma, ang nanay ni Makmak, dahil sa gulong kapwa kinasangkutan ng mga anak, ipinanukala ng huli na ang kailangan nilang gawin ay ang parusahan ang dalawang bata at higit na maigi kung makikita nilang mga nanay ang pagpaparusang gagawin sa mga bata. Suhestiyon ni Wilma na mumurahin niya si Tonton mula ulo hanggang paa samantalang maaari namang tadyakan ni Joselle si Makmak, bagay na hindi na masama, ayon kay Wilma, dahil mas matindi ang parusang kaniyang ipinanukala sa sariling anak. Nakakatawa ang eksena pero nagpapakita lamang ito ng reyalidad ng pagiging awtomatik o ng pagkakaroon ng tila 'second nature' ng maraming mga magulang na manakit ng mga anak sakaling may pagkakamaling nagawa ang mga ito. Kung may pagkakamali ang bata, kailangang siyang saktan nang magtanda, at ang sakit na ipaparanas sa parehong katawan at damdamin ang magpapaalala sa kaniya na huwag nang ulitin ang pagkakamali.

Ang problematisasyon ng pagdidisiplina na nakasentro sa isang maliit na pamilya ay pinalawig ng mga eksenang nagpapakita sa mas malawak na kontekstong kinapapalooban ng mga bata sa lipunan tulad ng makikita sa mga paaralan at komunidad. Ibig lamang ihayag ng mga eksenang ito ang katotohanan na ang paghubog sa mga bata ay unang-unang ginagawa sa loob ng tahanan subalit hindi maisasantabi ang impluwensiyang nakukuha ng isang bata mula sa kaniyang komunidad. Ayon nga sa isang matandang kasabihan sa Africa: *"It takes a village to raise a child."*

Idinagdag ng YATTA at Sining Banwa sa kanilang adaptasyon ang mga isyu o reyalidad na popular sa kanilang lugar na kakawing ng usapin ng disiplina. Ipinakita sa adaptasyon ng YATTA ang problema ukol sa talamak na bentahan ng ilegal na droga kung saan nasasangkot ang mga bata dahil sa mismong kagagawan ng mga magulang at matatanda sa komunidad. Ang anak na si Malvin na nagnanais na makasali sa track and field ay sinabihan ng amang si Chuck na ang pagtakbo nang mabilis para maihatid ang 'bag' "*..., ang pinakanindot na training grounds nimo sa pagdalagan, ...*"²¹ (*..., ang pinakamagandang training grounds mo sa pagtakbo, ...*).” Nahimok ang bata na gawin ang iniutos sa kaniya dahil ang perang makukuha bilang bayad sa iaabot na bag ang siyang magiging daan

para mapalitan ang sira-sira niyang sapatos na ginagamit sa paligsahan sa pagtakbo. Ipinakita ng eksena ang malaking hamon sa pagdidisiplina ng mga bata sa mga pagkakataong ang mismong magulang o nakatatanda ang siyang pinagmumulan ng problema. Ayon nga sa isang popular na kasabihan, ang mali, sa mata ng bata, ay nagiging tama. Ito ay sa dahilang malaki ang pagtingin at tiwalang ibinibigay ng mga bata sa mga magulang at nakatatandang tumatayong tagabantay at tagagabay.

Sa bersyong *Si Al buda an Tsinelas* ng Sining Banwa naganap ang buong kuwento sa Biktori, pangalang halaw sa tunay na lugar na Victory Village sa Legazpi City. Binubuo ng dalawang magkalapit na barangay ang nasabing lugar na nasa tabi ng pantalan ng lungsod. Naging malaking isyu ang relokasyon sa Victory Village dahil kinailangang sirain ang maraming kabahayan at paalisin ang maraming mga pamilya nang tinayo ang Embarcadero de Legazpi, isang kilalang mall sa siyudad. Napagdesisyunang isama sa dula ang isyung ito upang ipakita na ang pakikitungo ng mga magulang sa mga anak ay naiimpluwensiyahan ng mga tensyon at pagsubok sa buhay na kinakaharap araw-araw. Madaliang napagbubuntunan ng galit ang mga anak dahil matindi at marami ang mga alalahanin at sakit sa ulong pinagdadaanan ng mga magulang. Marami sa mga magulang at nakatatanda ang hindi napangingibabawan ang mga hamong kinakaharap kaya dala ng iritasyon, pagod, at pagkabalisa ay madaliang napagbubuhatan ng kamay o kaya'y nasisigawan ang mga anak. Litaw na litaw ang kalagayang ito sa karakter ng Tatay na isa sa mga nagunguna sa pag-oorganisa ng mga magkakapitbahay para tutulan ang demolisyon. Isang buong eksena ang inilaan para ipakita ang saloobin ng mga tatay ng pamilya hinggil sa pagpapaalis sa mga taga-Biktori.²²



Larawan 6

Si Al buda An Tsinelas, Sining Banwa, Legazpi City. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Ang mga magulang at matatanda na may katungkulang mangalaga at tumiyak na tinatamasa ng mga bata ang kanilang mga karapatan ay ang siyang pangunahing ibig na maabot ng *Rated: PG* at ng dalawang adaptasyon nito. Isang kabalintunaan na ang mga magulang na siya sanang inaasahang magpoprotekta sa mga anak ay nagiging daan pa mismo ng pagpaparanas ng dahas sa kanila dala ng ginagamit na paraan ng pagdidisiplina. Ito ang dahilan kung bakit *Rated: PG* ang pamagat ng dula. Halaw ito sa ebalwasyong ibinibigay sa mga panoorin sa telebisyon at pelikula na nangangailangan ng paggabay ng magulang habang pinapanood ng mga bata. Ipinupunto ng dula ang pangangailangan na kailangang gabayan din ang mga matatanda sa pagganap ng kanilang papel ng pagiging magulang sa mga bata. Sa madaling salita, nararapat na gabayan din ang mga magulang, kaya naman “parental guidance (PG)” o paggabay na kailangan din ng mga magulang.

Tinutulungang tugunan ng *Rated: PG* ang probisyon ng UNCRC kung saan nakapaloob ang karapatan ng mga magulang na suportahan at alalayan sa pagpapalaki ng mga anak. Sinasabi ng Artikulo 18 at 19 na ang estado ay kailangan gumawa ng mga programa para matulungan ang mga magulang na gampananan ang kanilang tungkulin. Ang pagtulong na ito sa mga magulang ay pagtugon upang lubusang maisakatuparan ang karapatan ng mga batang Pilipino. Mayroong parenting module ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) at nahahagip din ng ilang programang pinangungunahan ng tanggapan ng Gender and Development (GAD) Office sa lokal na pamahalaan ang usapin ng mabuting pagmamagulang. Ang paglilibot ng *Rated: PG* ay pagbibigay-suporta sa napakalimitadong programa ng pamahalaan para tulungan ang mga magulang. Nagbabago na ang takbo ng panahon o iba na ang sitwasyon ngayon kaysa sa nakalipas kaya nangangailangan din ng pagbabago sa pamamaraan ng pagiging magulang. Pangkalahatan, ang istilo ng disiplina noon ay hindi na naaayon at epektibo sa sitwasyon ngayon. Maraming beses sa mga palihan, mismong ang mga kalahok na magulang ang nagsasabi na hindi na epektibong gawin sa kasalukuyan ang disiplinang mapanakit na kanilang pinagdaanan. Halimbawa, ang limang guro sa kindergarten mula sa Sangay ng Bayawan City sa probinsiya ng Negros Oriental na pawang mga magulang na rin ay nagsabing ang kanilang sariling karanasang maisilid sa sako at ibitin, gaya ng naranasan ng karakter ni Joselle sa dula, ay hindi na kailangang gawin para bigyan ng disiplina ang mga bata sa ngayon.²³

Ang pangunahing mga tauhan ng *Rated: PG*, ang mag-asawang sina Romy at Joselle, na siya ring mga pangunahing tauhan ng *Abh... Bakus!*, at ang hindi binigyan ng espesipikong pangalan na sina Papa at Mama ng *Si Al buda ang Tsinelas* ay kumakatawan sa mga magulang at nakatatanda sa lipunang Pilipino. Sila ang mga magulang na pangkalahatan ay may tunay at hindi matatawarang pagmamahal sa kanilang mga anak, pinapahalagahan ang mga bata bilang biyaya ng Maykapal, at itinuturing silang pinagmumulan o pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon sa pagharap sa mga kahirapan ng buhay. Sa isang banda, sila rin ang mga magulang na sa kabila ng nasabing pagmamahal ay naroroon naman ang madaliang pagbubuhay ng kamay sa mga anak. Kadalasan, normal lamang na maririnig sa mga magulang na ito na walang masama kung gumamit ng puwersa at dahas sa pagdidisiplina. Tila kasingkahulugan na nga ng salitang disiplina ang pamamalo at pananakit ng mga bata. Awtomatiko na kung kailangang disiplinahin, kailangang paluin o pagbuhay ng kamay. Mayroon din namang nagbabahagi sa palihan na may mga pagkakataong hindi maiwasang umabot sa pagkakahati ng damdamin ukol sa kung ano na nga ba ang nararapat—kung gagawin ang kinamulang paraan ng pagdidisiplina dahil nakikita pangkalahatan na okey naman ang sarili sa kabila ng katakot-takot na pamamalong dinanas sa mga magulang o huwag nang gawin dahil naroon din ang pagkilala sa reyalidad na nagbago na nga ang panahon at hindi na epektibong disiplina ang pamamalo sa kasalukuyang henerasyon ng mga bata. Isa sa mga pangunahing tunggalian sa dula ang dilema nina Joselle at Romy at mula rito napapalitaw ang pangangailangan ng pakikipagsabayan ng pagiging magulang sa kontemporaryong panahon. Ang pagkakatali sa nakalipas o ang pagsasabi na higit na mainam ang noon kaysa sa ngayon ay hindi magandang pagmulan ng epektibong pakikipag-ugnayan ng isang magulang sa kaniyang anak. Iba ang hamon ng buhay noon, at iba rin ang mga hamong kinakaharap sa ngayon. Ganoon din, ang labis na pagkontrol at pagpapalitaw ng awtoridad ay nagreresulta lamang sa pagkakimi ng mga bata, paglilihim, at pagsasara ng sariling kalooban. Sa kabilang banda, ang sobrang luwag naman ay nagreresulta sa pagiging abusado ng mga bata. Mahalaga ang pagkakaroon ng reknisyon sa reyalidad ng dilema dahil sa pagkilalang ito naitatakda ang ilang pangunahing hakbang tungo sa pakikipagdayalogo. Sa huli, patungo ito sa paghahanap o pagtuklas ng mga epektibong paraan ng pagdidisiplina.

Ang interes at paglikha ng mga kahulugan ng mga manonood ay nakakabit sa naratibo ng dula at nakasalalay sa pamamaraan ng paglalahad ng kuwento. Ang paggamit halimbawa ng mga awitin sa *Rated: PG* ay nagbigay nang maalwan

na pakiramdam upang magaan mapag-isipan at madaliang masakyan ang seryosong paksang pinag-uusapan. Ang mga nakakatawang eksena ay bumalanse naman sa mga tagpong madadrama na tumatampok sa kalidad ng ugnayan sa loob ng tahanan. Ang mga eksenang absurdo naman katulad ng tila pagtatawid-tawid ni Joselle sa mga pintuan o lagusan, isang representasyon ng mga pagpipiliang makatutulong sa pagiging mabuting magulang, kasabay nang madaliang pagpapalit ng ilaw at sound effects, ay nagdala sa manonood sa kondisyong hindi gaanong pumapaloob sa drama sa halip ay lumilikha ng distansiya upang higit na malikha o marating ang mas malawak na pagtingin at malalim na pag-aanalisa at paggagap sa eksena. Sa bersyong *Si Al buda ang Tsinelas* may eksena ng panaginip kung saan nabuhay ang mga tsinelas na sina Tsin at Ela at nakipag-usap sa batang si Al kung saan naglabas din ang mga ito ng kanilang saloobin. Pinaalalahanan nina Tsin at Ela na sumunod si Al sa kaniyang mga magulang. Nakisimpatiya rin ang dalawa sa pagsasabing nasasaktan din sila kapag ginagamit na pamalo sa puwet ni Al. Samantalang kakatwang habulan naman ang namagitan sa mga pulis, mga tatay, at batang nasangkot sa bentahan ng ilegal na droga sa bersyong *Abh... Bakus!* na nagpakita ng magaan presentasyon ng isang napakaseryosong isyu sa kasalukuyan.


Pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project Bilang Programa ng Adbokasiyang Pandula

Bagamat may mahabang karanasan ang PETA sa paghawak ng mga adbokasiyang pandula, masasabing naging mapangahas ang kumpanya sa desisyon nitong yakapin ang pagsusulong ng positibong disiplina. Ang panawagang itigil na ang pamamalo at anumang uri ng pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina ay isang bagay na hindi madaling ikampanya sa Pilipinong lipunan sa kasalukuyan. Sa isang bansa kung saan tanggap na tanggap ang pamamalo bilang lehitimong pamamaraan ng paghubog at pagpapalaki ng mga bata, hindi kataka-taka kung marami ang agarang tututol sa ipinapanawagan ng programa. Ang reyalidad na ito ng pagkakahati o pagkakaiba-iba ng opinyon ay isang bagay na patuloy na kinakakaharap ng programa. Sa kabilang banda, ang pagkilala, pagtanggap, at pagsuong sa reyalidad ng pagkakahating ito ay oportunidad upang umpisahan ang pakikipagdayalogo.

Ang pangunahing kausap ng programa ay ang mga magulang at iba pang mga indibidwal na tumatayong magulang o kahaliling magulang sa iba't ibang

konteksto gaya halimbawa ng guro sa loob ng klasrum, mga tagapagbantay gaya ng mga social workers at houseparents sa mga institusyong nangangalaga ng mga bata, mga opisyal at kawani ng barangay, at iba pang may tungkulin hinggil sa pangangalaga ng mga bata at kabataan. Ang mobilisasyon ng mga magulang ay nangangahulugan ng pag-oorganisa sa mga nangangalaga ng mga susunod na henerasyon. Ang pagmamagulang ay hindi lamang para sa kapakanan ng sariling pamilya at tahanan kundi may napakahalagang gampanin din ito sa pagbubuo at pagtitindig ng isang bansa.²⁴ Ang kailangan ng adbokasiya ay kausap na magulang dahil sa pag-uusap lamang maaaring buksan ang isipan, simulan ang pagtatanong, balikan ang anumang mga pagpapahalaga, magsuri ng sariling nakasanayan, at harinawa’y magkaroon ng resolbang baguhin ang anumang hindi nakakatulong, at sa huli’y tugunan nang mas may kapasidad ang kinakaharap na suliranin o hamon.

Ang pagmumuni sa mga kinalakhang istilo ng pagiging magulang ay hangad na magdala tungo sa praktika ng positibong disiplina. Hindi nanatiling abstrak na ideya ang alternatibo na positibong disiplina dahil mga praktikal na pamamaraan ng pagsasakatuparan nito ang kailangang ihalili sa korporal na parusa na bahagi na nga ng pang-araw-araw na buhay. Ginamit ng ARTS Zone Project ang saliksik ni Joan Durrant at ng Save Children International kung saan nakatuntong ang positibong disiplina sa tatlong pangunahing konsepto—karapatang pambata, child development, at mga pag-aaral ukol sa mabuting pagmamagulang.²⁵



Larawan 7

Ang Balangkas ng Positibong Disiplina Batay sa Pag-aaral ni Joan Durrant. Larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Sa dinamiko ng isang kampanya sa lipunan kung saan may isyung kinakaharap na ibig hanapan ng alternatibong kasagutan, hindi makakatulong kung magtuturo o maninisi sa kung sino ang may sala o direktang responsable²⁶ sa dahilang malalim ang pagkakaugat sa kamalayang panlipunan ng sistema ng pananakit at pamamalo. Maaaring sabihin na ang bawat isa ay may partisipasyon sa patuloy na pag-iral ng kwestyunableng pagpapahalaga sa isang marahas na sistema. Kaya sa halip na ang mga indibidwal o ang grupo ng mga magulang, guro, at iba pang nakatatanda ang idiin bilang pangunahing tagapaghatid ng dahas, higit na makakatulong kung malawak na titingnan ang pananatili ng dahas bilang isang bagay na sinusuportahan ng mga istrukturang kultural. Kultura ang naging salalayan ng pag-iral ng dahas. Sa kultura rin mahahanap ang kasagutan, at sa lente ng adbokasiya, ang kultura ay hindi kailan man tinitingnan bilang natural na resulta ng interaksyon sa lipunan kung kaya't walang anumang dapat na gawin maliban sa ito ay hayaan at danasin lamang. Ang kultura ay patuloy na aktibong nililikha at binibigyang-hugis sa kasalukuyan at ang konstruksyon at rekonstruksyon nito ay maaaring panimulan ng mga makabuluhang pagbabago sa lipunan.

Ang positibong disiplina ay pagpapalawak ng mga posibleng pagpipilian maliban sa kung ano ang nakasanayan. Ginamit sa *Rated: PG* ang imahen ng mga pintuan bilang biswal na representasyon ng mga maaaring buksan o simulan na alternatibo. Natapos ang paghaharap nina Joselle at Wilma sa hamong ibinigay ng guro na si Mrs. Gulanta na makapag-isip ng iba pang paraan kung saan maisasagawa pa rin ang tungkulin ng mga magulang na makapagturo ng leksyon sa mga bata sa paraang hindi nakapananakit. Sa dulo ng eksena binuod ng isang awit ang mensaheng ibig iparating. Kasama sa liriko ang linyang: “... *At kung mas marami ang bubuksan, mas marami tayong mapagpipilian...*”²⁷ Ang pamamalo, pamimingot, pananampal, pagsasabunot, paninigaw, pagpapahiya, at iba pang pisikal at emosyunal na pananakit sa mga bata ay kalimitang bahagi ng mga reaksyong hindi napag-iisipan, awtomatikong nailalabas dahil sa mahabang mga taon ng pagkakondisyon na katanggap-tanggap ang mamalo. Sang-ayon ang marami na okey lang na manigaw, okey lang na mamahiya ng bata dahil sa mga paraang ito magtatanda sila sa mga kamaliang nagawa. Kinakailangang lumabas ang publiko sa pagkakakondisyon o pagkakataling ito. Kailangang magbukas ng mga pintuang mapagpipilian na maghahatid tungo sa mas nakabubuting pasya.



Larawan 8

Sa taas, mahigit sa Libong Manonood ng Rated: PG sa Cainta, Rizal. Sa ibaba, mga Nanay sa Komunidad kasama ang Kanilang mga Anak sa Panonood ng Rated: PG. Mga larawan mula sa PETA ARTS Zone Project.

Ang malalim na pagtanggap sa dahas bilang lehitimong pamamaraan ng pagdidisiplina na tila nagreresulta sa isang kolektibong kawalang-malay (collective unconscious) kung saan ang karahasan ay tinitingnan na hindi na nahuhubog sa loob ng sariling karanasan kundi direkta nang namamana buhat sa praktika ng mga naunang magulang at nakatatanda ay mainam na tingnan bilang bagay na kailangang tugunan, at ang dayalogo ay may malaking gampanin sa proseso ng pagtugon. Halimbawa, ipinapanukala sa pag-aaral ni Rhodora Nicdao hinggil sa paglikha ng positibong disiplina sa loob ng klasrum ang pangangailangan na maging matalino sa aspetong emosyon ang mga guro.²⁸ Ang mga hamon ng disiplina na kinakaharap sa mga mag-aaral ay hindi dapat ituring na personal na pag-atake ng mga bata sa mga guro bagkus ay obhektibong tingnan at suriin ang mga ito. Mahirap gawin ang positibong disiplina kung nakalubog sa emosyon ang mga guro sa paraang pinepersonal ang mga hamon ng disiplina at hindi nabibigyan ng distansiya sa sariling pakiramdam. Hindi lamang para sa mga guro ang ginawang pag-aaral ni Nicdao kundi para rin sa mga magulang na kinakailangang unawain ang sariling emosyon at kung paano gagamitin ang pakiramdam upang epektibong matugunan ang hamon ng pagdidisiplina sa mga anak.

Bago pa man magpasya ang mga kadayalogo ng programa na gumawa ng sariling mga resolba pagkatapos ang panonood, ang mga pangunahing tauhan mismo sa bandang dulo ng dula ay humarap sa hamon ng pagbuwag sa kanilang mga kinamulangang prinsipyo ng pagmamagulang. Itinanong ni Romy kung ang ibig sabihin ba ng pagpapabuti sa kanilang papel ay paghingi ng tawad sa anak dahil ayon sa mga naituro sa kaniya noong siya ay bata, ang anak ang dapat na humingi ng patawad sa magulang. Ang sagot ng asawang si Joselle ay: “*Kung kailangan.*”²⁹ At kung lumaki at nasanay man sila pareho na hindi pinakinggan ng mga magulang, ang mungkahi ni Joselle ay baka dapat magkaroon silang mag-asawa ng higit na pakikinig sa kanilang mga anak. Sa pakikinig nagsisimula ang dayalogo dahil naroon ang paglalaan ng oras para unawain ang sinasabi ng iba. Sa video version ng *Rated: PG*, idinagdag ang eksenang *Nego Rap*³⁰ na nagpakita sa isang miting ng pamilya nina Romy, Joselle, Rosalie, at Tonton upang ipunto ang kahalagahan ng pag-uusap sa loob ng tahanan. Wala ito sa orihinal na isinulat ni Magtoto pero napagtantaong mahalaga na klarong maipakita sa entablado ang bukas na komunikasyon lalo na ang pakikinig ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Naipagpapatuloy ng ARTS Zone Project ang kampanya sa loob ng halos isang dekada dahil hindi nag-iisa ang programa. Sa network na naitayo ng mga stakeholders ng adbokasiya nabuo ang isang “... *community of duty bearers* – *advocates, believers, and practitioners* – ...”³¹ isang alyansa ng mga kaagapay na magulang, guro, opisyaes ng komunidad, at may mga katungkulan sa pamahalaan na siyang titiyak na lalaki ang mga batang ligtas sa karahasan. Sa lente ng karapatang pambata, tinitingnan ang mga bata bilang “rights claimer” samantalang ang mga magulang, matatanda, at lalong-lalo na ang estado ay ang mga “duty bearers” na magsisigurong natatamasa nga ng mga bata ang kanilang karapatan. Hanggang sa ngayon, buhay ang network ng mga paaralan, barangay, NGOs, lokal na pamahalaan, at iba pang mga organisasyong nakakatulong ng programa.

Konklusyon

Sa personipikasyon ng pagiging magulang batay sa pinagdaanan ng mga karakter nina Romy at Joselle, mahihinuha na ang sarili ay isang proseso. Ang sarili ay patuloy pang nagbubukas upang dumiskubre at matuto ng marami pang mga bagay. May mga bagong bagay na kailangang matutunan at mayroon din naman na kailangan nang iwan o palitan. Maaaring magsimula ang proseso sa pagtatanong sa sarili, pagdududa, kritisismo sa sarili at sa iba, o kaya nama’y pagka-alangan sa mga bagay na kinamulatan. Mahihinuha kapagdaka na hindi lahat ng nakasanayan ay dapat na umiral. Mapagtatanto rin na ang proseso ng pagkawala sa alinmang sistemang kinamulatan tulad na mga mapaniil na istruktura ng dahas ay may kaakibat na pagtataya.³² Kung hindi nakakatulong ang pagdidisiplinang gumagamit ng dahas, walang dudang kailangan na nga itong iwan at palitan, at maaaring ang hinihinging itaya rito ay ang pagbasag sa mga kinagawiang pagdidisiplina ng mga bata.

Marahil nasasalamin ng kasabihang “*Anak na ‘di papaluin, magulang ang palulubain*” ang malawak na pagsuporta ng publiko sa pamamalo at pananakit bilang paraan ng pagdidisiplina. Kultura ang ibig na baguhin ng adbokasiya, at katulad nang nabanggit na, ang kultura ay hindi nababago nang basta-basta lamang. Panahon ang binibilang sa pagbuo at pagtanggap ng mga pagpapahalagang umiiral sa lipunan sampu ng pagsasabuhay ng mga ito. Hindi nakukuha sa bastang pagtuturo ang pagpapalit ng mga pagpapahalaga. Ang pagtuturo ay umpisa lamang kung saan nabubuksan ang kamalayan. Ang *Rated:*

PG ay halimbawa ng isang lunsaran ng panimula. Ang dula at ang iba pang malikhaing pakikipagdayalogo ng ARTS Zone Project ay mga kasangkapan ng pagpupunla ng mga pagpapahalaga na maaaring hindi pa ngayon mamalas ang resulta kundi sa hinaharap. Kung kaya masasabing ang kabuuang pagsapul sa estetika ng adbokasiyang pandula ay hindi tumitigil sa agarang karanasan ng pagtunghay sa dula o paglahok sa iba pang malikhaing gawain kundi nasasaklaw ng ilang mga taon. Ang karanasang pang-estetikang iniaalok ng adbokasiya ay maaaring ilarawan bilang "durational rather than immediate" batay sa konsepto ng dialogic aesthetics ni Kester.³³ Kailangang alalahanin na ang positibong disiplina ay "*pagtama ng kaugalian ng may pagmamahal*" kung kaya ito ay isang "*pangmatagalang proseso*."³⁴

Sa puntong ito, maiging balikan ang kabuuang latag ng dayalogo sa adbokasiya na siyang punlaan ng pagbabagong kultural. Sa *Rated: PG*, unang-una itong makikita sa mga pangunahing tauhan, ang mga magulang na sina Joselle at Romy. Makikita rin ito sa relasyon ng nasabing mga magulang sa kanilang mga anak na sina Rosalie at Tonton. Matingkad rin itong ipinakita sa pagitan ng mga magulang ng mga estudyante at ng gurong si Mrs. Gulanta, at sa marami pang mga eksena. Sa parte naman ng manonood at kausap ng programa, nagsisimula ang pagpapaloob sa dayalogo sa pagmumuning nagaganap habang pinapanood ang palabas. Dinadala ang mga manonood pagkatapos sa isang konkretong pag-uusap sa pamamagitan ng isang talk back o debriefing session. Ang karanasan ng panonood at maiksing talakayan hinggil sa pinanood ay higit pang pinalalawig sa pamamagitan ng isang araw na palihang nilalahukan ng ilang piling mga guro at lider na mga magulang sa paaralan at komunidad. Sinusundan ito ng iba pang mga aktibidad na inoorganisa ng ARTS Zone Project.

Sa ilalim ng institusyunal na kolaborasyon ng ARTS Zone Project at ng iba pang stakeholders, ang dayalogo ay maaaring magbunga ng mga programa at polisiyang higit na titiyak na ligtas sa karahasan ang mga bata. Isang halimbawa nito ang nabuong student handbook para sa lahat ng pampublikong paaralan sa Sangay ng Lungsod ng Pasig. Sinasalamain ng mahalagang dokumentong pampaaralan na ito ang mga adhikain at prinsipyo ng positibong disiplina. Kinilala at pinuri ng Central Office ng Department of Education ang proyektong ito bilang natatangi sa lahat ng mga sangay sa buong Pilipinas. Maaari rin namang ang bunga ay isang inisyatibo gaya ng pagkakabuo ng Positive Discipline Advocates of the Philippines (PDAP) na pinangunahan

ng punongguro ng si Gng. Zenaida Padullo kasama ang mga lider fakulti ng Holy Spirit National High School sa Sangay ng Lungsod Quezon. Sa ngayon, ang grupo ay naiimbitahan nang magsanay ng mga guro at personel ng iba pang mga paaralan sa paksang positibong disiplina. Isa pang halimbawang resulta ng dayalogo ay ang pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan tulad ng *Sining Aruga Para Pamilyang Valenzuelano* (2019) na binuo sa ilalim ng pakikipagkolaborasyon ng Valenzuela City Local Council for the Protection of Children. O kaya naman, ang resulta o bunga ng dayalogo ay maaaring hindi na direktang nakikita o namomonitor ng programa dahil nagaganap ang mga ito sa loob ng mga bahay at mga pribadong espasyo.

Batay sa mismong apirmasyon ng mga magulang at ng mga guro mula sa kanilang pagbabahagi sa palihan, mas madaling makuha ang kalooban ng mga bata sa panahon ngayon kung ang mga magulang at nakatatanda ay naituturing bilang mga kaibigan. Ibig sabihin, maaaring hindi pagluha ang dulot ng hindi pamamalo sa mga anak bagkus mga kaibigang kapalagayan ng loob at handang makinig, makipagkuwentuhan, at makipag-usap. Katulad ng reyalisasyon ni Joselle na baka ang kailangan ay hindi imposisyon ng kung anong gusto ng magulang batay sa kung anong kinukusiderang tama sa pagpapalaki ng mga anak bagkus higit na pakikinig sa mga bata, higit na paglalaan ng oras para unawain ang mga bata, dahil kapag naramdaman ng mga bata na sila ay pinakikinggan, nararamdaman nilang may nagbibigay ng halaga sa kanila at dahilan ito upang sila’y magbukas ng kalooban. At ang pagbubukas ng kalooban ay maituturing na isa ring hudyat sa kagustuhan ng mga batang pumasok sa isang pakikipagdayalogo.

Sa pagkakaiba-iba ng posisyon at konteksto ng ginagawang pagmumuni hinggil sa kultura ng dahas sa Pilipinong lipunan kung saan malaki ang kinalaman ng kultura ng pamamalo at pananakit ng mga bata, baka naman higit na may mapulot sa isa pang salawikain—“*Kung ano ang itinanim ay siya ring aanibin.*” Kasama sa nasabing pagpupunla ang maayos na pakikitungo sa mga bata lalong-lalo na sa mga pagkakataon at oportunidad ng pagdidisiplina at pagtuturo. Ang mga bata ay hindi mga tau-tauhan o pag-aari ng mga magulang o nakatatanda na maaaring gawin kung anuman ang naisin tulad ng karahasan bagkus mga indibwal na may sariling dignidad, mga ganap o “buong tao na ang bata.”³⁵

Higit pa sa konsepto ng pagpupunla, ang pangangailangang isakatuparan ang adbokasiyang ay hindi lamang nagmumula sa pagkakatunghay nito sa hinaharap. Totoong malaki ang epekto ng mga inisyatibo ng pagpapabuti ng kultura para sa kalidad ng buhay ng henerasyon ng mga bata at kabataan sa susunod na mga taon at dekada, pero liban pa sa romantikong aspeto ng pagtingin sa mga bata bilang hinaharap, bilang mga tagapagmana ng kung anumang binubuhusan ng atensiyon, pagod, at yaman sa kasalukyan, ang mga bata ay mga indibidwal na may pangangailangang dapat na tugunan. Ang mga bata ay mga mamamayan na may mga karapatang patuloy na kailangang bantayan kung ang mga ito ay naisasakatuparan. Hindi makapaghihintay ang mga bata, kailangang ngayon na tugunan ang kanilang mga pangangailangan, at ang dula at iba pang gawain ng adbokasiyang pandulaan ng ARTS Zone Project ay mga malikhaing estratehiya upang tawagin ang pansin ng publiko, magmuni, at gumawa ng mga hakbang upang matamasa ng mga bata ang kanilang mga karapatan.

Hindi man sa nalalapit na hinaharap makikita ang bunga ng adbokasiyang pandula, isang bagay ang tiyak, na ang tumigil at mawalan ng kumpansiyang baguhin ang kulturang mapaniil ay magdadala lamang sa patuloy na pag-iral ng dahas. Kung kaya, mahaba-haba pa ang babagtasin ng adbokasiya. Marami pa ang kailangang maabot, mangusap, at lumahok sa dayalogo, hindi lamang ang mga magulang at mga nakatatanda sa mga komunidad, pati na rin ang estado, ang pamahalaan, na may napakahalagang papel sa implementasyon ng pagsasakatuparan ng mga karapatang pambata kasama na ang dimensiyon ng pagiging magulang nito sa lipunan kung saan ang pamamaraan ng pakikitungo sa kaniyang mga “pasaway” na anak ay bagay na tinitingnang halimbawa ng karamihan bilang manipestasyon ng pakikitungo sa iba.

Mga Tala

- 1 Rodrigo R. Duterte, “Veto Statement on Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 “An Act Promoting Positive and Nonviolent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor,”” 23 Pebrero 2019, pdf.
- 2 Paulo Sergio Pinheiro, *World Report on Violence Against Children*, (Geneva: United Nations, 2006), mp. 13-17.
- 3 Ma. Lourdes A. Carandang, *Self-worth and the Filipino Child*, (Manila: Anvil Publishing, Inc., 2010), mp. 26-37.
- 4 Pinheiro, *op.cit.*, p. 3.

- 5 United Nations International Children's Emergency Fund (UNICEF), "Convention on the Rights of the Child," (<https://www.unicef.org/child-rights-convention/convention-text>).
- 6 Philippine Statistics Authority, "2015 Poverty Statistics for Basic Sectors," (<https://psa.gov.ph/content/farmers-fishermen-and-children-consistently-posted-highest-poverty-incidence-among-basic>).
- 7 Republic Act 7610, An Act Providing for Stronger Deterrence and Special Protection Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination, Providing Penalties for Its Violation, and for Other Purposes, (https://www.pcw.gov.ph/sites/default/files/documents/laws/republic_act_7610.pdf)
- 8 Laura L. Samson *et al.*, *A Continuing Narrative on Philippine Theater: The Story of PETA* (Lungsod ng Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2008), pp. 353-368.
- 9 Tim Prentki at Sheila Preston, mga ed., *The Applied Theatre Reader* (London: Routledge, 2009), p. 10.
- 10 Roland Barthes, *Mythologies*, salin sa Ingles ni Annette Lavers, ika-25 limbag (New York: The Noonday Press, 1991), p. 53.
- 11 Michel Foucault, *Discipline and Punishment, The Birth of Prison*, salin sa Ingles ni Alan Sheridan (New York: Vintage Books Random House, 1977), p. 216.
- 12 Slavoj Žižek, *Violence, Six Sideways Reflections* (New York: Picador, 2008), p. 2.
- 13 Patrick D. Flores, "Film in Culture," *Art and Society* (Quezon City: University of the Philippines, 1997), p. 206.
- 14 McLaren, Peter at Peter Leonard, mga ed. *Paolo Freire: A Critical Encounter* (London: Routledge), p. 80.
- 15 Brenda Fajardo *et al.*, *Basic Integrated Theater Arts Workshop (BITAW)*, PETA Workshop Manual Series No. 1 (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association), p. 13.
- 16 Helen Nicholson, *Applied Drama, The Gift of Theatre* (Palgrave Macmillan, 2005), p. 10.
- 17 Nicolas Bourriaud, *Relational Aesthetics*, salin nina Simon Pleasance at Fronza Woods at paglahok ni Mathie Copeland (Le presses du réel, 2002), p. 12.
- 18 *Ibid*, p. 22.
- 19 Grant Kester, "Conversation Pieces: The Role of Dialogue in Socially-Engaged Art," *Theory in Contemporary Art Since 1985*, Zoya Kucor at Simon Leung, mga ed., (Wiley Blackwell, 2005), http://cam.usf.edu/CAM/exhibitions/2008_8_Torolab/Readings/Conversation_PiecesGKester.pdf, p. 2.
- 20 Maribel Legarda at Liza Magtoto, "Rated: PG," Philippine Educational Theater Association, 2013, (<https://www.youtube.com/watch?v=mGoOptDrchE>).
- 21 Junsly Kitay, "Ahh ... Bakus," halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto, Microsoft Word File, p. 7.
- 22 Roe Jalimao, "Si Al buda ang Tsinelas", halaw sa Rated: PG ni Liza Magtoto, pdf, pp. 8-11 at 22-23.
- 23 Ang pagbabahagi ay naganap sa Training of Trainers on Positive Discipline na ibinigay ng PETA ARTS Zone Project sa pakikipagtulungan ng YATTA noong Disyembre 17-19, 2019. Inorganisa

- ang palihan ng Character First! Bayawanihan Coordinating Center ng lokal na pamahalaan ng Bayawan City kung saan layuning gawing institusyunal na programa ang pagsasanay sa positibong disiplina ng mga magulang ng mga batang magsisimulang tumuntong sa paaralan. Ang mananaliksik ang tumayong punong tagapagpadaloy sa nasabing pagsasanay.
- 24 Carandang, *op.cit.*, mp. 103-110.
 - 25 Tingnan ang: Joan E. Durrant, *Positive Discipline in Everyday Parenting*, ikaapat na ed. (Ottawa: Save the Children Sweden, 2016), mp. 4-6. Joan E. Durrant, *Positive Discipline in Everyday Teaching: Guidelines for Educators* (Bangkok: Save the Children Sweden, 2010), mp. 13-15.
 - 26 Alberto Cacayan, "Foreword," *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign*, ni Faye G. Balanon (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012), p. ix.
 - 27 Liza Magtoto, *Rated: PG*, ikawalo at panghuling borador, 2010, pdf, p. 38.
 - 28 Rhodora F. Nicdao, *PD+School Module, Positive Discipline at School* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016), mp. 15-22.
 - 29 *Ibid*, p. 44.
 - 30 Michelle Ngu at Roi Paolo Calilong, "Nego Rap." *Rated: PG Discussion Guide Adults*, ni Marie Therese Galang (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2014), mp. 38-41.
 - 31 Rachael Morala, *A Journey to Change* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016).
 - 32 Michael Etherton, "South Asia's Child Rights Theatre for Development: The Empowerment of Children Who are Marginalized, Disadvantaged and Excluded," *Theatre and Empowerment, Community Drama on the World Stage*, Richard Boon at Jane Plastow, mga ed. (Cambridge: Cambridge University Press, 2004), p. 200.
 - 33 Kester, *op cit*, p. 3.
 - 34 Faye G. Balanon, *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign* (Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012), p. 31.
 - 35 Magtoto, *op cit*, mp. 50-51.

Sanggunian

Aklat

Balanon, Faye G. *Rated P3G Pamilya, Paaralan, at Pamayanan: A PETA Cultural Campaign*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2012.

Barthes, Roland. *Mythologies*. Salin sa Ingles ni Annette Lavers. New York: The Noonday Press, 1991.

- Boon, Richard at Jane Plastow, mga ed. *Theatre and Empowerment, Community Drama on the World Stage*. Cambridge: Cambridge University Press, 2004.
- Bourriaud, Nicolas. *Relational Aesthetics*. Salin nina Simon Pleasance at Fronza Woods at paglahok ni Mathie Copeland. Le presses du réel, 2002.
- Carandang, Ma. Lourdes A. *Self-worth and the Filipino Child*. Manila: Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2010.
- Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Parenting*. Ikaapat na ed. Ottawa: Save the Children Sweden, 2016.
- Durrant, Joan E. *Positive Discipline in Everyday Teaching: Guidelines for Educators*. Bangkok: Save the Children Sweden, 2010.
- Flores, Patrick P. tagapamanihalang editor. *Art and Society*. Lungsod Quezon: University of the Philippines, 1997.
- Foucault, Michel. *Discipline and Punishment, The Birth of Prison*. Salin sa Ingles ni Alan Sheridan. New York: Vintage Books Random House, 1977.
- Galang, Marie Therese. *Rated: PG Video Discussion Guide*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2014.
- Kester, Grant. "Conversation Pieces: The Role of Dialogue in Socially-Engaged Art." *Theory in Contemporary Art Since 1985*. Zoya Kucor at Simon Leung, mga ed. Wiley Blackwell, 2005. http://cam.usf.edu/CAM/exhibitions/2008_8_Torolab/Readings/Conversation_PiecesGKester.
- Morala, Rachael. *A Journey to Change*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016.
- Nicdao, Rhodora F. *PD+School Module, Positive Discipline in School*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2016.
- Nicholson, Helen. *Applied Drama, The Gift of Theater*. Palgrave Macmillan, 2005.
- Pinheiro, Paulo Sergio. *World Report on Violence Against Children*. Geneva: United Nations, 2006.

Prentki, Tim at Sheila Preston, mga ed. *The Applied Theatre Reader*. London: Routledge, 2009.

Samson, Laura L., Brenda V. Fajardo, Cecilia B. Garrucho, Lutgardo L. Labad, at Ma. Gloriosa Santos-Cabangon. mga ed. *A Continuing Narrative on Philippine Theater: The Story of PETA*. Lungsod Quezon: Philippine Educational Theater Association, 2008.

Žižek, Slavoj. *Violence, Six Sideways Reflections*. New York: Picador, 2008.

Sangguniang Elektroniko

Duterte, Rodrigo R. “Veto Statement on Senate Bill (SB) No. 1477 / House Bill (HB) No. 8239 “An Act Promoting Positive and Nonviolent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefor.” 23 Pebrero 2019. pdf.

Legarda, Maribel at Liza Magtoto. "Rated: PG." Philippine Educational Theater Association, 2013. <https://www.youtube.com/watch?v=mGoOptDrchE>.

Philippine Statistics Authority. “2015 Poverty Statistics for Basic Sectors,” 30 Hunyo 2017. <https://psa.gov.ph/content/farmers-fishermen-and-children-consistently-posted-highest-poverty-incidence-among-basic>.

United Nations International Children’s Emergency Fund. “Convention on the Rights of the Child.” <https://www.unicef.org/child-rights-convention/convention-text>.

Di Nalathalang Materyales

Jalimao, Roe. “Si Al buda an Tsinelas.” halaw sa “Rated: PG” ni Liza Magtoto. 2013. pdf.

Kitay, Junsly. “Ahh...Bakus!” halaw sa “Rated: PG” ni Liza Magtoto. 2013. Microsoft Word file.

Magtoto, Liza. “Rated: PG.” Ikawalo at panghuling borador. 2010. pdf.

TATLONG TULA

PAOLO MIGUEL G. TIAUSAS

Ateneo de Manila University

Memento

Gusto kong isiping mabagal ang pag-ikot ng mundo kahit hindi talaga. Ang mga kwitis ng bagong taon sa kabataan nagiging lagás na bulaklak sa tuwing kaharap ko na ang matinding init ng tanghali ngayong Mayo. At ang ukit ng iyong alaala. Saka matutunaw ang yelo sa tinimplang tsaa. Sa pagsibol ng mga bagong sakuna, pinipilas natin ang mga kalendaryo hanggang maharap sa dingding na tayo mismo ang nagtayo't nagsemento. Pilit tinatanaw ang katiting na pagbabagong-asal ng ibon sa pasamano, kuyom-kuyom ang bulong ng mga liham na hindi na natin pinadala pa. Paano na ang mundo sa susunod na siyam na buwan, sa labing-siyam, at sa dalawampu't siyam? Sino na ang tauhan? Maaalala pa kaya kita?

Bitin

Kung sa ibang sulok ng mundo sana,
 ang unang umaga ng niyebe ang tatanggap
 ng hiling niya na gawing mala-alikabok
 ang kalbaryong mga dekada ng pagtanda,
 kakalma ang pasmadong kamay sa manibela
 pagkatapos ng apat na oras na maneho
 sa bawat gabing natatapos sa pagsilang
 ng isa na namang buwang-liwayway,
 dahil oo, hindi patas o sapat ang tinapay
 na pinalamanan ng itlog at pimiyento,
 hindi wasto ang panunulay ng kuwento
 kung hanggang sa kabanata ng pagretiro
 bumubulyaw pa rin ang walang hubog
 na puwersang nandidikta ng respeto,
 samantalang ang alaala ng kabataan
 malalayong simoy na lamang ng mantika,
 tambutso, at alimuom sa lumang kalsada
 na ngayon larawan na lang sa telebisyon,
 ilang praktisadong ulat sa daloy ng trapiko,
 saka ang mga gusaling kumukupas ang kulay
 sa pintura at naaalala, sa kahapon at ngayon,
 dahan-dahan nang binabawi ang mga ruta
 papunta sa lumang paaralan ng mga anak,
 ang mga opisinang tinaya na habambuhay
 subalit nauwi sa pagtanggap ng mga paskil
 sanang retrato ng kaibigan at pamilya,
 at ang mga paalala, ang mga paninita,
 mula sa hinanakit ng dila nagiging itim
 na pagkabog sa dibdib, saka ang balita,
 saka ang notipikasyon sa cellphone sa umaga,
 saka ang walang-patumanggang pagtakas
 ng buhangin sa orasan, saka ang rayuma,
 saka ang pagkislot ng pagkakapantay-pantay
 ng hulog sa mga rabaw nitong bahay,
 saka kumikirot ang mga hawakan ng pinto

sa bawat loob-labas, sa bawat labas-pasok,
saka ang napipintong pagkapasó ng lisensya,
saka ang mga butil ng pawis kahit sa silid
na todo ang buga ng aircon at bentilador,
at sa takwil na sandaling ito, paumanhin,
alam kaya ng mundo ang lihim na hardin
sa limót na sulok ng magâng puso?

Ang Himala ng Paghihiwalay

Hindi totoo ang mga ugat na nakapulupot sa lalamunan. O ang dumagsang pagmamahid ng panga. Gayunpaman, hinagod nila ang likod, binulungan ako ng *sige iiyak mo lang*. Dito sa mahinahong paglagaslas ng liwanag sa aming silid, apat kaming binata na walang muwang sa landas ng sakit at ang laberintong tunggalian sa tuwing tatatakasan ito, lalong tanga sa ganitong pag-aalaga na hindi na mauulit. Sapagkat paano nga ba uulitin? Kailan ang huling pagluha na hindi tinangkang tipirin at ipiit sa pribadong kuwarto, ang pagluha na matapang, ang pagluha na daig ang palabas ng paulit-ulit na kathang-isip at gawa-gawang pag-ibig? Natahimik kami. Hindi lang kami ang nasa retreat center. Hindi ko na alam kung nakatakas ba sa siwang ng pinto ang mga hinanakit. Subalit may malinaw sa naganap: hindi na maaari at hindi na mauulit ang tulad ng dati.

Hindi na maaari at hindi na mauulit ang tulad ng dati: sa mahahabang lakad sa umaga nababalewala ko ang araw sapagkat walang kinalaman ang pawis at hingal sa nakaraan. Sa hapon, radio static na lamang ang mga huni ng kuliglig. Habang naglilibot nang mag-isa sa mall biglang tumatalas ang pandinig at naririnig ko ang mga dating pag-aalintana, ang hindi mabuo-buong alingawngaw, ang mga katapusan na nilagdaan na lamang tila isang patay na walang katawan. Napagawi ako sa ruta ng mga lumang kainan at tambayan upang madatnan ang kinahinatnan: kumupas ang ningning ng kubyertos at may bahagyang alikabok sa mga bumbilya. Balang-araw, inaamin ko, hinihiling ko, magkakasaysay din itong mga panata ng pag-iisa at itong napapatid na sinulid pabalik sa kasama. Sapagkat nais ko na ang muling maluha. Sapagkat sa paglabas ko ng mall ay totoong gabi na pala.

TATLONG TULA

MIRICK PAALA

University of the Philippines -
Diliman

Safe House

1

Inabot niya sa iyo ang kaniyang pangalan at inipit mo ito sa pitaka paminsan-minsang sinisilip binubuklat tinutupi paulit-ulit hanggang tuluyang mapunit. Sa clinic

2

ibinigay mo sa nurse ang hindi pangalan bago niya pinabuka sa iyo ang bibig. Itinuturo mo sa kaniya ang masakit. Ang lungsod na binubuo

3

ng mga silid. Ang mga silid na pinupuno ng pag-iisa. Sa loob ng pag-iisa ay mga posibilidad na itinutulad sa pag-unlad. Ang daan ay tanda ng pag-unlad nagkrurus

4

at nagsasanga-sanga hanggang manghimasok at hati-hatiin itong katawan. Nakatali

5

ang susi sa kamay. Kung makikipagpalit ba ng kamay mag-iiba rin ang silid? Itinuro ng estranghero kung saan maaaring

6

maghugas. Hindi mo maamin sa kaniya na hindi ito ang unang beses na kayo ay nagkita. Hindi rin ito ang pangalawa pangatlo. Kung bakit iniiwasan ang tunay na pangalan hindi ka na nagsalita. Hinayaan mong magpakilala

7

ang iyong haplos at halik.
Ang sabi ng estranghero: may mata

8

ang pinto may tainga ang dingding. Pinapanood mo ang sarili

9

sa kisame habang dahan-dahang hinuhubdan ng estranghero. *Gusto mong pinapanood ang sarili, nob.* Ang nasa

10

isip: parang droga ang katawan. Panoorin: ang mga kamay na umiiwas

11

ng tingin mga kamay na iminumulat mga kamay na hubo't hubad mga kamay na iniisa-isa mga kamay na sinusunod sumusunod pumupulupot mga kamay na binabali binibili pinaliliit saka itinatali inihahalili pinanghahalili. Sa dilim hindi mawari kung alin

12

ang kaharap. Kung dingding o estranghero. Kung dingding, kung nasa dulo o simula. Kung estranghero, kung ano ang kaniyang pangalan. Kung dulo, kung magpapatuloy o maghihintay. Kung simula, kung maghihintay o magpapatuloy. Kung maghihintay, ano ang kaniyang pangalan. Kung magpapatuloy, hindi mawari kung alin ang kaharap. Habang hindi ka nakatingin isinubo

13

ng estranghero para mas madali ka na niyang mamahalin. Noong sinabi niyang “ano ang iyong pangalan” ang ibig

14

niyang sabihin ay “magtiwala.” Ang sabi ng karatula: “Binabantayan ng monghe ang bawat galaw.” Isinubo sa iyo ng inay ang relihiyon

15

na gamot sa iyong sekswalidad. Hindi mo alam

16

kung para saan ang susi pero itatago mo ito saka-sakaling may hindi na mabuksan. Sa puso ng laberinto,

17

kundi sarili ay
wala. Kung sarili, kundi gumagapang ay nanunuot sa
mga bitak. Kung gumagapang, kundi hagdan ay isipan.
Kundi hagdan, pinto. Kundi pinto, bintana. Kundi
bintana, bunganga. Kung bunganga, kundi puting
estatwa ay dila. Kung dila, kundi binubura ay natutulog

18

na bomba. Hindi maamin na gustong maging birhen

19

at maging puta
at maging tama itong langit itong panganib nang hindi
nagiging silid. Hindi maamin kung saan nagtatapos

20

ang ilusyon saan nagsisimula ang rebolusyon at saan sila
nagtatagpo saka iginagapos

21

ng estado.
Hindi maamin na lumalawak nang lumalawak ang
pagkakahati-

22

hati ng katawan
na parang daan iniisa-isa ang pag-iisa

23

saka binabari. Noong sinabi niyang “huwag buksan”

24

ang ibig niyang sabihin ay “may mata

25

ang pinto.” Sa clinic ang unang tanong ay kailan. Hindi mo na alam kung saan babalik kung sa halik haplos

26

pagkakagapos. Kung maaari lang sanang makipagpalit ng silid baka hindi isinusubo sa iyo ng itay

27

ang pantubos sa iyong kalayaan baka hindi

28

ipinalululon sa iyo ng estado

29

ang iyong pribadong kamatayan. Noong sinabi niyang “kailan”

30

ang ibig niyang sabihin ay “ituro mo kung alin

31

sa mga pintong ito.”

Isinubo niya sa iyo

32

ang kaniyang pangalan na parang susi sa lalamunan.

33

Ikaw ay binuksan.

Kolateral

- i.* Bumabangon ako na parang sawang naghuhunos ng balat.
Natutulog ako na parang ospital.

- ii.* Hindi ako kung ano ang peligroso sa iisang aparato.

- iii.* Gaya ng diyos, natawid ko na ito— ragasa
ng mga halik mula sa mga hindi kilalang posisyon.

- iv.* Bakit ang laging nakikita:
phalanx 1, phalanx 2, phalanx 3.
Kung saan-saan namumugad ang desperasyon.

- v.* Sa likod ng isip, nasusunog
sa kaligayahan
kung hindi man sa kolonyalismo.

Magagamot daw ang depekto
ng akademya
kung hindi man ng opisina.

- vi.* Paano kita titingnan
nang hindi nakikita
ang sariling nakatingin
sa iyong bitamina—
nakabayubay sa krus.

vii. Humigit-kumulang eksakto ang kalkulasyon.

Hinugot sa aking tagiliran ang itim at mahabang proseso.

viii. Mahal gising na, naguwang lang ang mukha ng ekonomiya.

ix. Ibinabaon ang pako sa palad na parang hindi rekomendasyon. Ang gusto ko lang naman ay maging maganda.

x. Nang maglaro ang liwanag, napigtal na pakpak ng disenyo.

Umuulan ng bala at pruweba sa bawat direksyon.

Rotonda

Sa iyong bersyon, nananatili akong tahimik. Hindi ba ito ang gusto mo, ang bersyon kung saan nabasag ang mababasag at naiwan akong yumuyuko pinupulot ang mga bubog nang hindi dumudugo ang mga kamay. Walang nakatingin kahit nakatutok sa atin ang pulang ilaw, walang nakapansin kahit patuloy tayong nilulunod ng musikang paulit-ulit palakas nang palakas hanggang wala na tayong marinig kundi desperasyon patuloy tayong sasayaw na parang hindi nagkalat ang bubog sa sahig na parang hindi bumabaon sa talampakan ang ating mga nagawang kasalanan.

*

Sa aking bersyon, nakatanim na ang iyong dila sa bibig ng estranghero habang ako ay nanonood na parang hindi naiinggit gusto ko rin maging salamin kung ito ang ibig sabihin na maging maganda perpekto pagnanasahan mo rin ba ako tulad ng iyong pagkagat sa labi ng estranghero magdedeliryo rin ba ang iyong mga daliri sa paghaplos sa aking katawan kung pinalilibutan tayo ng mga bintana at tuluyan nang pinatay ang paulit-ulit na musika, kung nalulunod na tayo sa liwanag ng umaga, pagnanasahan mo rin ba ako kung alam natin ang pangalan ng isa't isa.

*

Sa bersyong hindi mo gusto, hinahalikan ko ang estranghero at mabububog ang aking labi. Pag-uwi sasalubungin mo ako ng halik at malalasan mo ang dugo. Mauunawaan mong may mga sugat na hindi madadaan sa pagligo. Marahil ito ang bersyon na pareho tayong magiging masaya. Marahil ito ang bersyong pinalilibutan tayo ng salamin.

*

Ito ang bersyong inuulit nang inuulit bagaman bahagyang nagbabago sa bawat pag-uulit. Minsan ako ang nananahimik kaya minsan ako ang mahal mo. Ilang beses ding ako ang musikang paulit-ulit kaya kabisado na ako ng estranghero. Ito ang bersyong binabanat nang binabanat pero hindi napipigtal, hindi mapipigtal. Minsan ito ang langit na isang bintana na isang maskara kaya hindi tayo magiging masaya. Minsan ito ang maskara na isang bintana na isang langit kaya lagi tayong mapipiit sa silid. Madalas hindi na lamang tayo magpapanggap— bigla na lamang tayong mawawala.

*

Sa bersyong hindi mo alam, hindi tayo magkakilala kaya hindi ko pa alam kung paano isuot ang maskara. Pinapanood ko ang sarili sa salamin habang naliligo sa pulang ilaw saka asul saka dilaw. Hindi pa mahalaga ang gusto nating dalawa. Hindi pa natin iniisip kung ano ang mahalaga kaya sinasayawan natin ang mga estranghero kahit hindi natin alam ang kanilang pangalan kahit hindi natin kabisado ang musika. May nakapansin sa iyo pero ito ang bersyong hindi ako lilingon. Ito ang bersyong mabuti ako sa aking sarili. Hindi kita mababasag at hindi ako maiiwang mag-isa.

*

Sa ibang bersyon, tinatawid ko ang pumapagitan sa dalawang magkaibang bersyon. Hindi ba hindi ito ang gusto mo, ang bersyon kung saan nakahubad ang maskara, kung saan hindi mo malunod-lunod ang musikang nagsasabing mas masahol ka pa sa hayop. Hindi tayo makasabay sa kanilang langit na isang proyekto na isang proseso. Ito ang bersyong hindi sapat ang tunay na pangalan. Hindi sapat ang magtago sa dilim. Lagi't lagi tayong mababasag at maiiwang yumuyuko, pinupulot ang mga bubog, at hindi man lang tumutulo ang dugo.

*

Sa bersyong kailangan natin, pareho na nating nalasahan ang dugo. Isang silid ang bibig at nakasindi ang mga ilaw. Sumasayaw tayo kahit walang musika at hindi tayo nabububog. Ito ang bersyong sabay tayong naliligo at laging sapat ang banlaw. Sinasabon ko ang iyong mukha at sabay tayong mapapapikit na parang malayo na tayo sa panganib ng isa't isa. Sa bersyong ito, ihihiga mo ako sa kama at mamahalin bilang estranghero.

DAMA

DE

NOCHE

Mga Tula

BEN AGUILAR

Bang-sak

Binigyan tayo ng kalayaang may hangganan:
 ang pangatlong bilang: ang panahon para
 ilihim ang katawan. Katawan na pilit ikinukubli
 sa likod ng mga niyog at kawayan, sa kanto ng
 dingding, sa agwat ng pinto at pintuan,
 paano nakikilala ng mata ang hiwa
 ng kapwa mata? *Tapusin mo na.*
 Bigkasin ang pangalan
 at patayin ang isa't isa. Pangalang
 nakamamatay. Hindi nakapagsisi-
 nungaling ang patay na, ang matagal nang natawag
 ang pangalan—
 ang matagal nang napangalanan,
 ‘di ba. Nadadagdagan ang mga naisasawalat ang pagkukulang
 sa pagtabon ng sariling balat. Mga kamaong walang kuwenta.
 Habang tayong mga nadadagdagan
 nang nadadagdagang nagsisitaguan sa mga ka-
 tuwirang may agwat na mapagkakasiyahan ng
 naka-kamaong kamay na may hawak na patalim
 na may tamang haba lamang ngunit may ga-
 atomong nipis, na hindi nakikita,
 na nakapapatay din
 kapag nalapat sa naaangkop sidlan:
 ligaw na dibdib,
 o sa laman sa pagitan ng hintuturo’t hinlalaki.

Stoplight

Masdan ang lampara, tukmol, at tularan:
ni isang beses hindi tumitigil sa pagkindat sa mga paparating
na mga mukha ng sasakyan hanggang sa mamula ang kanyang
iisang mata, at siyang sinimulang tutukan nang walang patid ang
daan-daang mapaghusga na nag-aabang sa kanyang pagpalit-
loob, hanggang sa bumigay siya bunga ng panahon o bigat
ng mga nakatitig nang walang patawad, walang malay na
ang tanging nagpapapatuloy sa kanya araw-araw ay
hindi ang tungkulin sa bayan, hindi mga paslit na nakasalalay,
kundi ang nakakikiliti
na kuryente na umaakyat mula sa kanyang talampakan
paakyat sa kanyang makinis at payat na katawan.

Dame de Noche

Alinsunod kay Louise Glück

Hindi ko matabunan
ang aking halimuyak.
Sa pagbukas ko, kumakawala

ang amoy ko na parang kaluluwa
ng bayani
na kamamatay lang, gustuhin ko man o hindi.

Hindi ko ito gusto. Wala
akong balak mang-*akit*
ng mga bubuyog,

nagbabahay sa ilalim ng kisame
ng balkonahe; o ng mga langaw,
may mga gatas pa sa labi,

mga damit na pinaglabasan
nila nagkatag sa palibot
ng pinagkanaan nilang papaya

na nabubulok sa paahan
ng puno. Sino naman ang
gustong langawin siya,

o putaktihin, kahit sa gabi na nga ako
lumalabas para magsampay ng
aking talulot dinudumog pa rin ako

ng mga pesteng
hindi ako tinatantanan hanggang sa makaloob
sila. Sino ba sila

na papasok kung saan lang nila gusto,
na walang paalam.
Lahat naman kaming bulaklak kahit anong

saya ang suotin pinepeste pa rin, kahit anong simoy, selan
ng sampagita o laman ng raplesya. Sa ganitong kalagayan
sino ba ang hindi mapapadura.

Pagtuklas

Nang mabigyan ka ng dugo,
babawasan ka ng dugo. Mas marami ang ibibigay sa iyo
kaysa sa kukunin. Tutusukin ka
para sa parehong gawain. Sa ugat.
Tutusukin, at iiwan ang karayom sa loob ng iyong braso.
Matapos ka abonohan, kukunan ka muli. Dagdag
bawas lamang ito. Walang itong halong tukso. Ikabubuti mong
pasukan ka ng tubo sa ilong na ipapaabot sa sikmura, para
hindi ka masuka. Para makita ang laman ng iyong bituka.
Para rin hindi ka makakain ng bawal sa iyo.
Ang nagbabawal sa iyo
ang siya lamang na makapagpapakain sa iyo.
Maaaring sa pagpasok ng tubo mararamdaman mo
na nabibilaukan ka, o nauubo,
o nasusuka.
Tiisin mo ito. Ikabubuti mong
lumulon nang lumulon hanggang umabot sa sikmura
ang tubo. Malalamang nasa sikmura mo na
kapag binombahan ng hangin ang tubo
at marinig ang kulo ng bula sa tiyan mo.
Maaari kang masuka sa gawaing ito

pero sa tubo na lalabas ang laman.

Sakaling ubuhin ka nang ubuhin habang nasa lalamunan

mo na ang tubo, huwag mag-alala. Maaari iyang ayusin.

Huminga ka lang nang malalim

at hayaan mong pasukin ang iyong pagkababae.

Para malaman kung ano ang iyong nilalaman, anak man

o nalaglag na anak.

O nalaglag na matres.

Maaaring wala ito sa iyong sinapupunan.

Nang mailabas ang anak, kailangan punitin ang supot

na sumisilid sa kanya. Nang magkaroon ka ng saysay,

kailangan kang mabawasan ng isang tao, maging

mata ng karayom

na dadaanan ng mayaman at makasasala.

Nang malasap ang iyong paraiso, kailangan ipagbawal

ang pagpasok ng kungsinuman.

AYON

M.J. CAGUMBAY TUMAMAC

Orihen

Hindi maaari ang mga salita
o ang lupa
ayon sa mga Tboli ng Maitum.
Maaaring hindi sapat
ang hiram na *kabayo* mulang Kastila
kaya inangkin
ng mga Bisayang
dumayo noon sa timog Mindanao
ang nadatnang *kuda* o *kura*,
ang maliit na kabayong
pinanggalugad ng mga Tboli
sa kanilang lupain.
Hindi na naibalik
ng mga dayo ang hiram
na lupain at kanilang ginalugad
ang karagatan
sakay ng nalikhang bangkang
tinawag na *pakura*,
ang kabayo ng katubigan.

Lungsod marahil ang General Santos

ayon sa “Treasures for a Lifetime” ni Niccah T. Carillo

at “Portrait of a Young Man as a Banak” ni Jade Mark Capiñanes

ng lumilisan: ikaw,
labingwalo, tintera ng goto, mulang Polomolok.

Ng mga lagalag sa magdamag: mga tsuper
na tumitigil madalas
sa gotohan katabi ng gasolinahan.

O tuntungan tungong mga totoong
lungsod: madalas, Davao.
Ang tanong lamang: kailan at alin
doong totoong gotohan?

Ikaw: hindi nga makitang
lungsod sa dilim. O maaaring hindi lamang
kilala gaya ng nakakakita
ng tilamsik ng alikabok pagpatak ng ulan.

Pananaginip

ayon kay Ramon Kabil sa “Kemokul Laendo Nga Logi”

I.

Siya, ang kugon: itak na karayom
ang talim.

Ako, dilat
na nananaginip na sana nananaginip gaya niya
ng mga salaysay.

Ako, sa Sbù, *saan*
ang babay ni Ramon Kabil,
nagaawit ng Tudbulul?

Walang Kabil; Kabil lamang,
sila. (Tala: tila kugon ang kanilang dila.)

Nang matunton
siya, mga puting kugong karayom
ang kaniyang bumbunan.

2.

Siya, sa ikailang dalaw,
pinapanday ang napanaginipang
itak. Sa kaniya,
ang isa niyang anak, *kausapin ka daw.*

Ako, *pagkatapos lang.*

Matagal pa, siya, at mag-ulan na.

(Tala: karayom ang bawat patak.)

Sa kanilang bahay, siya, katabi ako, kaharap
ang kape at tinapay,
ngumiti bago humingi ng paumanhin.

Madami na na nagpunta pero hindi na
nagbalik. Ako,

napalunok ng laway bago ng tinapay
na isinawsaw sa kape.

3•

Sa isang panaginip: iniluwal ang isang kabayo, gong, kalasag,
at si Tudbulul.

Ang ina, turuan munang sumuso ang sanggol
nang dinadala na
ng ama upang turuang
mangaso. Sa gubat, iniwan
ang sanggol sa bato upang mahuli
ang baboy-damo. Nakatakas.
Wala na
ring sanggol.

4•

Ako, nangambang hindi na makababalik
si Tudbulul, kahit lagi namang
nakauuwi, *paano pala nagsimula
ang mga panaginip?*

Ramon Kabil, bata pa
nang dinadalaw ng diwata at matagal na panahong
hindi bumabangon.

*Hindi lang importante na alam, siya.
Dapat magaling magkuwento.* (Tala: bihira nang
may panahon para sa mga pag-awit.)

5•

Ako, sa isang piyesta, hindi siya
nakita. Sila,
may sakit 'guro.

Ako, nanonood na lang ng budots,
nang may tumabi.
Siya.
Ako,
may sakit ka daw?

Siya, walang
pinakawalang salita.
Kindat lamang.

ASUPRE AT IBANG MGA TULA

ALLAN POPA

Panitikan at Malikhaing Pagsusulat
Ateneo de Manila University

Ang Tagulaylay

Narinig nila ang himig
bago nila nakita ang liwanag
ng kubo sa gitna ng kahuyan.
Ang mailap na awit
na matagal na nilang gustong
mailimbag bago tuluyang mawala.

Ngunit nang makalapit sila
tumigil ang pag-awit.
At kahit na anong gawin nilang
pakiusap at paliwanag
nanatiling tikom
ang bibig ng mang-aawit.

Naunawaan nilang tagulaylay ito
para gumaling ang may sakit.
Mawawalan ng bisa
kapag may ibang nakaulinig.

Nagpatuloy sila sa dilim
at sa layong ito, kung saan tayo
nakatayo, maririnig ang muling
pagsimula ng awit.

Marawi

Ang huli kong alaala
ay putok ng baril
sa hindi kalayuan
sa kalaliman ng gabi
(laging nasa hindi kalayuan
ang putok ng baril)
at ang matagal kong pagtitig
sa dilim kahit wala
o dahil walang ibang
matititigan kundi ang dilim.
Kung gaano katagal
hindi ko na namalayan.
Tapos, basta na lang,
gumising ako sa tawag
upang magdasal
mula sa hindi kalayuan
(laging nasa hindi kalayuan
ang tawag para magdasal).
At pagkaraan,
isa pang panawagan
na nagmula sa ibang panig
hanggang magsanib-sanib
ang mga tagulaylay
at naging iisang dalangin
sa madaling araw.

Qatar

Kailangang buksan ang ataul
at turukan muli ng pormalin
ang pinaglalamayan.

Hindi pa makakauwi ang anak
na naninilbihan sa Qatar,
hindi pa pinapayagan ng amo.

Saan dudukot ng pambayad?
Kailangang wisikan ng tubig
ang nalalantang mga bulaklak.

Nananamlay ang patak
ng tong sa pasugal.
Walang madukot kundi guwang.

Malapit nang masaid
ang kapeng abuloy ni kapitan.
Magtusta ng bigas, sabi ni manang.

Dumarami ang mga langaw
na nakadapo sa salamin ng kabaong.
Bakit humihirap na sila'y bugawin?

Sinlalim ang kanilang gutom ng patay
na bituin na sa sariling bigat nailibing.

Asupre

Isang araw, aabot din sa mga sanga
ang pagkaagnas na nagpapataba

sa lupa. Kikislot sa mga silid
ng prutas ang makremang mga uod.

Nabulok bago pa man mahinog.
May asupreng hindi na mapatatamis

ng pananahimik. Nabubuhay tayong
mulí sa panahon ng mga alamat.

Ang iyong napipitas ay hindi bunga
kundi bungo ng mga pinaslang.

Ang kinakain mo ay mga salaysay
ng hindi mabigkas na libong pangalan.

Iniluluwa mo ang kanilang mga buto.

Komedi

Kasabay ba nilang namatay
ang dalisay nating halakhak?

Panchito, Chiquito,
Chichay, Palito, Babalu.

Pinagtawanan natin
ang ating mga kasawian.

Ang kapalarang tila
hindi mabago-bago.

Nakabitin pa rin ang tuyo
sa ibabaw ng mesa

upang amuyin, hindi nauubos.
Nariyan pa rin ang pinto

patungong veranda
na hindi nabubuksan.

Nakaguhit sa dingding.
Sa hindi natitinag na dingding.

Ngunit ang ating tawanan
delatang mga guwang.

Magsumikap ka, sabi ni Dely
kay Dolphy sa libingan.

ANG MGA KONTRIBUTOR

Ben Aguilar nagtapos ng BS Health Sciences, Minor in Creative Writing (Poetry) sa Ateneo de Manila University, kung saan nagawaran siya ng Loyola Schools Awards for the Arts: Poetry. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho sa isang pampublikong ospital sa Cagayan de Oro. Miyembro siya ng Nagkahiusang Magsusulat ng Cagayan de Oro (NAGMAC). Nailathala na ang iilan sa kanyang mga tula at pagsasalín sa *Heights*, *Kritika Kultura*, *Asymptote*, *Rambutan Literary*, *Poetry City USA*, *Slippery Elm*, *Watershed Review*, at *Ubod* ng NCCA. May isa siyang nalimbag na chapbook, *Into the Earth* (independently published).

Christoffer Mitch C. Cerda ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng BFA Creative Writing at MA Panitikang Filipino sa parehong pamantasan at kasalukuyang nag-aaral ng Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman. Inilathala ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at Ateneo Institute of Literary Arts and Practices (AILAP) bilang bahagi ng *UBOD New Authors Series II* ang kaniyang chapbook ng mga maikling kuwento na pinamagatang “Paglalayag Habang Naggagala ang Hilaga at Iba Pang Kuwento”. Tubo siyang San Pablo City, Laguna. Tinatangka niyang maging mabuting asawa kay Reina at maging mabuting ama kina Yumi at Laya.

Earl Alan C. Cura, CICM ay tubong Las Piñas City. Siya’y nagtapos ng Pilosopiya sa Saint Louis University, Baguio City. Siya’y patuloy na nakikihalubilo’t nakikipamuhay sa mga katutubo ng Hilagang Luzon magmula noon hanggang sa kasalukuyan. Nagtapos ng MA sa Maryhill School of Theology at MED sa Marymount University. Siya’y nag-aral at naglingkod bilang guro sa China, Taiwan, Hong Kong, at USA ng mahigit sampung taon. Naging bahagi siya ng pamunuan (Ikalawang Pangulo) sa Saint Mary’s University; (Assistant Director)

sa Saint Andrews School; (Rector) sa Maryhill School of Theology; at propesor sa Saint Paul University, Quezon City. Siya'y kasalukuyang nagtatapos ng PhD sa University of Santo Tomas.

Eric Babar Zerrudo is the Director of the University of Santo Tomas (UST) Graduate School Center for Conservation of Cultural Property and the Environment in the Tropics (USTGS-CCCPET). He is also an Associate Professor of the UST Graduate School for Cultural Heritage Studies and National Coordinator of the Catholic Bishops' Conference (CBCP) Episcopal Commission for the Cultural Heritage of the Church. He serves as a Philippine Resource Person of ICOMOS World Heritage Advisory and UNESCO Bangkok Project on ASIAN Cultural Heritage Competency Framework. He was the former UNESCO Philippines Commissioner for the World Heritage Convention and the Focal Person for Intangible Cultural Heritage Convention of the Philippines. He has conducted cultural heritage mapping projects all over the country and continues to facilitate value-based interdisciplinary Philippine approach and applications in heritage conservation.

Carlota B. Francisco obtained her MPhil in Sociology and Social Policy from the University of Wales-Bangor (Prifysgol Cymru-Bangor), in the United Kingdom through the Ford Foundation International Fellowship Program and her Bachelor in Sociology from the University of the Philippines, Diliman. She has been teaching for more than twenty years, first under the discipline of Sociology and eventually the school of Humanities where she found the passion to teach Literature, Filipino Language and Culture. Her research, *Images of Childhood in India* received funding from both the Asian Scholarship Foundation (ASF) and the University of Pennsylvania Institute for the Advance Study of India (UPIASI) thru the Najbabai Ratan Tata Trust (NRTT).

Fredyl Hernandez Visiting Faculty siya sa PHSA, at lektiyurer sa De La Salle—College of St. Benilde sa Teatro, Art History, at Art Appreciation. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang MA Art Studies (Art Theory and Criticism) sa University of the Philippines Diliman. Kinukuha rin siyang consultant ng Bureau of Curriculum Development ng Department of Education sa mga programa sa teatro at sining. Taong 2019, nakalahok siya sa 2nd Next Generation Program, isang theater residency na inorganisa ng Pakistan National Centre of Theatre for Children and Young Audience (ASSITEJ). Fellow rin siya para sa taong 2019 ng Arts for Good Fellowship ng Singapore International Foundation na ginanap sa Singapore at New Delhi, India.

Palmo R. Iya, Ph.D. Kasalukuyang direktor ng Cavite Studies Center at propesor ng Kasaysayan sa De La Salle University–Dasmariñas (DLSU-D), isa sa mga Board of Directors ng Cavite Historical Society, Inc. at kasalukuyang Pangalawang Pangulo ng Kapisanan ng mga Bahay-Saliksikan sa Bansa (KABANSA), Inc. Nagtapos siya ng BSE Social Science at Graduate Diploma in Teaching History sa Philippine Normal University at ng PhD History sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakapagsulat ng mga artikulo sa mga reperidong dyornal gaya ng *Journal of Humanities Vol. 3, 2009* (DLSU–Dasmariñas); *Philippine Association for the Sociology of Religion (PASR) Journal Vol. 2, No. 1, 2016*; at *MALAY Journal Tomo XXXI Blg. 2, Hunyo 2019* (DLSU Manila).

Mirick Paala ay kasalukuyang mag-aaral ng MA Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas—Diliman. Nagsusulat siya ng mga akda na sinisiyasat ang interskesyon ng sekswalidad at danas-bakla sa pulitika at lipunan at kabilang na rito, ang pagtulak at pagbasag sa anyo at paglihis sa kumbensyon. Dati nang naging fellow si Mirick sa Ateneo National Writers’ Workshop. Lumabas na ang kaniyang mga tula sa mga sumusunod na publikasyon: High Chair, Heights, transit online at Katipunan Journal.

Chuckberry J. Pascual ang awtor ng *Kumpisal: mga kuwento* (USTPH, 2015) *Pagpasok sa Eksena: Ang Sinehan sa Panitikan at Pag-aaral ng Piling Sinehan sa Recto* (UP Press, 2016) at *Ang Tagalabas sa Panitikan* (USTPH, 2018). Ang kanyang koleksiyon na *Ang Nawawala* ay nagwagi bilang Best Book of Short Fiction in Filipino sa National Book Awards 2018. Nagtuturo siya sa UST Faculty of Arts and Letters, at naglilingkod bilang Resident Fellow sa UST Center for Creative Writing and Literary Studies at Research Fellow sa UST Research Center for Culture, Arts and Humanities.

Allan Popa nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Ateneo de Manila University. Awtor siya ng sampung aklat ng mga tula kabilang na ang *Damagan* (UST Publishing House, 2018) at *Narkotiko at Panganorin* (Ateneo de Manila University Press, 2018). Nagwagi siya ng Academy of American Poets Graduate Prize at Norma Lowry Memorial Prize noong nag-aaral siya ng MFA in Writing sa Washington University in Saint Louis. Ginawaran na rin siya ng *Philippines Free Press* Literary Award at *Manila Critics Circle* National Book Award. Nagtapos siya Ph.D. in Literature sa De La Salle University. *Autopsiya ng Aking Kamatayan* ang pinakabago niyang aklat na inilabas ng Tala Antala.

Joseph T. Salazar is an Assistant Professor of Filipino Literature at the Ateneo de Manila University. His most recent works have been published in *Cha: Asian Literary Journal*, *Tomas* and *Kritika Kultura*.

Paolo Tiausas ang may-akda ng chapbook na *my heart is an edge / ang puso kong hiwâ* (self-published, 2019) at ng koleksiyong *Tuwing Nag-iisa sa Mapa ng Buntonghininga* (UP Press, darating sa 2020). Nailathala na ang ilan sa kaniyang mga tula sa *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, 聲韻詩刊 *Voice & Verse Poetry Magazine*, *Cha: An Asian Literary Journal*, *Kritika Kultura*, *The Philippines Free Press*, at iba pa. Napabilang na rin ang mga tula at pagtatanghal niya sa online art gallery na Curare Art Space. Kasapi rin siya ng Ang Sabi Nila, isang pangkat na naglalayong itaguyod ang pagbasa at pagtatanghal ng tula sa pamamagitan ng mga poetry night at online shows. Kasalukuyan siyang kabilang ng sangay ng patnugutan ng Ateneo de Manila University Press.

M.J. Cagumbay Tumamac ay isang manunulat at tagapagsulong ng pagbabasa mula sa katimugang Mindanao.



ISSN 2545-9368



9 772545 936007